

# Liabona

## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Tumawag ng mga Bagong  
Pitumpu at Sunday School  
General Presidency





© HOWARD LYON, HINDI MAAARING KOPYAHIN

### *Isang Pastol, ni Howard Lyon*

*Dito dumadalaw si Jesus sa mga Nephita sa lupain ng Amerika bilang katuparan ng propesiyang ibinahagi Niya sa mga nasa Jerusalem: “Mayroon akong ibang tupa na hindi sa kawang ito: sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang diringgin ang aking tinig; at magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol” (Juan 10:16; tingnan din sa 3 Nephi 15:21).*

## SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Pagbati sa Kumperensya  
*Pangulong Thomas S. Monson*
- 6 Ang Halaga—at mga Pagpapala—  
ng Pagkadisipulo  
*Elder Jeffrey R. Holland*
- 9 Ang Masayang Pasanin  
ng Pagkadisipulo  
*Elder Ronald A. Rasband*
- 12 Si Cristo ang Manunubos  
*Elder Carlos H. Amado*
- 15 Proteksyon Laban sa  
Pornograpiya—Tahanang  
Nakatuon kay Cristo  
*Linda S. Reeves*
- 18 Mga Espirituwal na Buhawi  
*Elder Neil L. Andersen*
- 22 Isang Walang-Katumbas  
na Pamana ng Pag-asa  
*Pangulong Henry B. Eyring*

## SESYON SA SABADO NG HAPON

- 26 Ang Pagsang-ayon sa mga  
Pinuno ng Simbahan  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 28 Ulat ng Auditing Department ng  
Simbahan, 2013  
*Kevin R. Jergensen*
- 28 Ulat ng Estadistika, 2013  
*Brook P. Hales*
- 29 Ipakita ang Inyong  
Pananampalataya  
*Elder Russell M. Nelson*
- 32 “Kayo’y Binigyan Ko  
ng Halimbawa”  
*Elder Richard G. Scott*
- 35 “Kung Ako’y Inyong Iniibig, ay Tutu-  
parin Ninyo ang Aking mga Utos”  
*Elder Robert D. Hales*
- 39 Huwag Nating Tahakin ang  
Maling Landas  
*Elder Claudio D. Zivic*
- 41 Ano Ba ang Nasa Isip Mo?  
*Elder W. Craig Zwick*
- 44 Mga Ugat at mga Sanga  
*Elder Quentin L. Cook*

## SESYON NG PRIESTHOOD

- 49 Ang mga Susi at Awtoridad  
ng Priesthood  
*Elder Dallin H. Oaks*
- 53 Anong Uri ng mga Tao?  
*Elder Donald L. Hallstrom*

- 56 Ang Piling Henerasyon  
*Randall L. Ridd*
- 58 Kabahagi Ba Kayo sa Gawain  
ng Panunumbalik?  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 62 Ang Lalaking May Priesthood  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 66 Ikaw ay Magpakalakas at  
Magpakatampang na Mabuti  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 70 Nagpapasalamat Anuman  
ang Kalagayan  
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*
- 78 Pag-Follow Up  
*Elder M. Russell Ballard*
- 81 “Huwag Kang Matakot;  
Ako’y Sumasaiyo”  
*Jean A. Stevens*
- 84 Ang Inyong Apat na Minuto  
*Bishop Gary E. Stevenson*
- 87 Mabata Nila ang Kanilang mga  
Pasanin nang May Kagaanan  
*Elder David A. Bednar*
- 91 Pag-ibig—ang Pinakadiwa  
ng Ebanghelyo  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 94 Ang Saksi  
*Pangulong Boyd K. Packer*
- 97 Mamuhay nang Tapat sa  
Pananampalataya  
*Elder William R. Walker*
- 100 Pagsunod sa Pamamagitan  
ng Ating Katapatan  
*Elder L. Tom Perry*
- 103 Ang Propetang Joseph Smith  
*Elder Lawrence E. Corbridge*
- 106 Kung Saan Naroon ang  
Iyong Kayamanan  
*Elder Michael John U. Teh*
- 108 Kung Kayo ay Nagkukulang  
ng Karunungan  
*Elder Marcos A. Aidukaitis*
- 111 Ang Pagkabuhay na Mag-uli  
ni Jesucristo  
*Elder D. Todd Christofferson*
- 115 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita  
*Pangulong Thomas S. Monson*

## PANGKALAHATANG PULONG NG KABABAIHAN

- 116 Ang Pagtupad sa mga Tipan  
ay Nangangalaga, Naghahanda,  
at Nagpapalakas sa Atin  
*Rosemary M. Wixom*
- 119 Kapatiran ng Kababaihan:  
Ah, Kailangang-Kailangan Natin  
ang Isa’t Isa  
*Bonnie L. Oscarson*
- 122 Wanted: Mga Kamay at mga  
Puso na Magpapabilis sa Gawain  
*Linda K. Burton*
- 125 Mga Anak na Babae sa Tipan  
*Pangulong Henry B. Eyring*
- 72 Mga General Authority at Pangka-  
lahatang Opisyal ng Ang Simbahan  
ni Jesucristo ng mga Banal sa mga  
Huling Araw
- 129 Indeks ng mga Kuwento sa  
Kumperensya
- 130 Nagsalita Sila sa Atin: Gawing  
Bahagi ng Ating Buhay ang  
Kumperensya
- 132 Mga Balita sa Simbahan



# Buod para sa Ika-184 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya

## SABADO NG UMAGA, ABRIL 5, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder Carl B. Cook. Pangwakas na panalangin: Elder W. Christopher Waddell. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47; “Magpunyagi, mga Banal,” *Mga Himno*, blg. 43, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Liwanag sa Gitna Nitong Dilim,” *Mga Himno*, blg. 53, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Piliin ang Tama,” *Mga Himno*, blg. 145; “A New Commandment I Give unto You,” Gates, inilathala ng Jackman; “Halina, Hari ng Lahat,” *Mga Himno*, blg. 32, isinaayos ni Murphy, di-inilathala.

## SABADO NG HAPON, ABRIL 5, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder Ian S. Ardern. Pangwakas na panalangin: Linda K. Burton. Musikang handog ng pinagsamang koro mula sa Orem Utah Institute; Ryan Eggett, tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: “Luwalhati sa Ating Diyos,” *Mga Himno*, blg. 37, isinaayos ni Manookin, inilathala ng Jackman; “Sa Langit Ako’y Nanirahan,” *Liahona Okt. 2010*, loob ng pabalat sa likod, isinaayos ni Beebe, inilathala ng Larice Music; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15; “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4, isinaayos ni Duffin, inilathala ni Duffin.

## SABADO NG GABI, ABRIL 5, 2014, SESYON NG PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder LeGrand R. Curtis Jr. Pangwakas na panalangin: Russell T. Osguthorpe. Musika ng koro ng priesthood mula sa Brigham Young University-Idaho; Randall Kempton at Kevin Brower, mga tagakumpas; Andrew Unsworth, organista: “Saints, Behold How Great Jehovah,” *Hymns*, blg. 28, isinaayos ni Kempton, di-inilathala; “Dalanging Taimtim,” *Mga Himno*, blg. 86, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; “Panginooy Hari,” *Mga Himno*, blg. 33; “Manatili sa Piling Ko” *Mga Himno*, blg. 97, isinaayos ni Kempton, di-inilathala.

## LINGGO NG UMAGA, ABRIL 6, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring.

Pambungad na panalangin: Elder L. Whitney Clayton. Pangwakas na panalangin: Neill F. Marriott. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: “Halina, mga Nagmamahal sa Diyos,” *Mga Himno*, blg. 66; “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64; “Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148, isinaayos ni Elliott, di-inilathala; “Turuang Lumakad sa Liwanag,” *Mga Himno*, blg. 192; “Panalangin ng Isang Bata,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 6, isinaayos ni Perry, inilathala ni Jackman; “Gabayan Kami, O Jehova,” *Mga Himno*, blg. 45, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

## LINGGO NG HAPON, ABRIL 6, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Bishop Dean M. Davies. Pangwakas na panalangin: Elder Benjamín De Hoyos. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: “Kaylugod ng Gawain,” *Mga Himno*, blg. 89, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “O, Makinig Lahat ng Bansa!” *Mga Himno*, blg. 165; “Come, Let Us Anew,” *Hymns*, blg. 217, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

## SABADO NG GABI, MARSO 29, 2014, PANGKALAHATANG PULONG NG KABABAIHAN

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Bonnie L. Oscarson. Pambungad na panalangin: Emri Elizabeth Smith. Pangwakas na panalangin: Ofa Kaufusi. Musikang handog ng pinagsamang Primary, Young Women at Relief Society choir mula sa mga stake sa Wasatch Front; Emily Wadley, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “O, Makinig Lahat ng Bansa!” *Mga Himno*, blg. 165; “Daughters in His Kingdom,” Creamer, di-inilathala, sinaliwan ng organo, plauta, biyolin, at cello; “Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189, isinaayos ni DeFord, di-inilathala; medley, isinaayos ni Mohlman, di-inilathala: “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164, at “Mahalin ang Bawat Isa,” *Mga Himno*, blg. 196; “Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148, isinaayos ni Huff, di-inilathala.

## MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bumisita sa conference.

lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha ang mga audio recording sa mga distribution center.

## MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING

Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

## SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Christina Smith. Likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

## MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Ang mga tagpo sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kinunan nina Welden C. Andersen, Cody Bell, Randy Collier, Weston Colton, Scott Davis, Craig Dimond, Nathaniel Ray Edwards, Lloyd Eldredge, Ashlee Larsen, John Luke, Leslie Nilsson, Christina Smith, at Byron Warner; sa Gilbert, Arizona, USA, ni Jamie Dale Johnson; sa Highlands Ranch, Colorado, USA, ni Rebecca Morgene; sa Mexico City, Mexico, ni Israel Gutiérrez; sa Norcross, Georgia, USA, ni David Winters; sa Palmyra, New York, USA, ni Brent Walton; sa Pleasant Grove, Utah, USA, ni Jeremy Hall; sa Raymond, Alberta, Canada, ni Rhonda Steed; sa Saint Petersburg, Russia, ni Vladimir Egorov; sa São Paulo, Brazil, ni Lauren Fochetto; sa Sydney, Australia, ni Colin Ligertwood; sa Vienna, Austria, ni Frank Helmrich; at sa Washington, Utah, USA, ni James Iliff Jeffery.



## MAYO 2014 TOMO 17 BLG. 5

LIAHONA 10985 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

### Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon

**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonso, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner

**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson

**Asistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr

**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Jennifer Grace Fallon, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekir, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson

**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty

**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick

**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalain:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa [liahona.lds.org](http://liahona.lds.org); sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org)

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshalese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: [cor-intellectualproperty@ldschurch.org](mailto:cor-intellectualproperty@ldschurch.org).

### For Readers in the United States and Canada:

May 2014 Vol. 17 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



## INDEKS NG MGA TAGAPAGSALITA

Aidukaitis, Marcos A., 108  
Amado, Carlos H., 12  
Andersen, Neil L., 18  
Ballard, M. Russell, 78  
Bednar, David A., 87  
Burton, Linda K., 122  
Christofferson, D. Todd, 111  
Cook, Quentin L., 44  
Corbridge, Lawrence E., 103  
Eyring, Henry B., 22, 62, 125  
Hales, Robert D., 35  
Hallstrom, Donald L., 53  
Holland, Jeffrey R., 6  
Monson, Thomas S., 4, 66, 91, 115  
Nelson, Russell M., 29  
Oaks, Dallin H., 49  
Oscarson, Bonnie L., 119  
Packer, Boyd K., 94  
Perry, L. Tom, 100  
Rasband, Ronald A., 9  
Reeves, Linda S., 15  
Ridd, Randall L., 56  
Scott, Richard G., 32  
Stevens, Jean A., 81  
Stevenson, Gary E., 84  
Teh, Michael John U., 106  
Uchtdorf, Dieter F., 26, 58, 70  
Walker, William R., 97  
Wixom, Rosemary M., 116  
Zivic, Claudio D., 39  
Zwick, W. Craig, 41

## INDEKS NG MGA PAKSA

Adiksiyon, 15, 58  
Aklat ni Mormon, 18  
Awa, Habag, 91  
Awtoridad, 49  
Banal na Kasulatan, mga, 29, 56  
Buhay na walang-hanggan, 22  
Disiplina sa sarili, 84  
Diyos Ama, 81, 94  
Espiritu Santo, 22, 94, 100  
Family history, 44  
Gawaing misyonero, 32, 78  
Halimbawa, 32, 62  
Integridad, 29, 66  
Jesucristo, 6, 9, 12, 18, 22, 29, 32, 35, 39, 58, 70, 87, 94, 103, 111  
Joseph Smith, 22, 39, 66, 103  
Kababaihan, 49, 119  
Kabaitan, 91  
Kabutihan, 6  
Kalayaan, 35, 56, 100  
Kamatayan, 12, 111  
Kapatawaran, pagpapatawad, 91  
Kapatiran ng kababaihan, 119, 125  
Karunungan, 103, 108  
Kasal, pag-aasawa, 18, 41, 49  
Kasamaan, 29  
Katapatan, 62  
Katarungan, 111  
Katotohanan, 29, 94, 103, 108  
Komunikasyon, 41  
Lakas-ng-loob, Tapang, 6, 18, 66  
Member missionary, mga, 78  
Ordenansa, mga, 94  
Pag-asa, 22  
Pagbabayad-sala, 12, 15, 18, 87, 111  
Paghahayag, 103, 108  
Paghihirap, 9, 18, 70, 81, 87, 106  
Pag-ibig sa Kapwa-Tao, 91  
Pagiging magulang, 94  
Pagkabuhay na Mag-uli, 12, 111  
Pagkadisipulo, 6, 9, 18, 122  
Pagkamakasariili, 58  
Pagkamarapat, 53  
Paglilingkod, 9, 32, 53, 58, 62, 119, 122  
Pagmamahal, pag-ibig, 6, 32, 41, 58, 91, 115, 119  
Pagpapakumbaba, 106  
Pagsisisi, 39, 84  
Pagsunod, 6, 18, 35, 84, 100  
Pamilya, 44, 49  
Panalangin, 15, 56, 62, 81  
Pananampalataya, 29, 78, 81, 97, 100, 108  
Pangalan ng Simbahan, 78  
Pangkalahatang kumperensya, 4, 115  
Pang-uusig, 6  
Panunumbalik, 58  
Pasasalamat, 70  
Patotoo, 94  
Pioneer, mga, 70, 97  
Pornograpiya, 15, 53, 58  
Prayoridad, mga, 58, 106  
Priesthood, 49, 53, 62  
Propeta, mga, 97, 103, 108  
Sakripisyo, 97  
Teknolohiya, 44, 56, 108  
Templo, mga, 4, 44, 97, 116  
Tipan, mga, 22, 84, 87, 116, 122, 125



Ni Pangulong Thomas S. Monson

## Pagbati sa Kumperensya

*Tayo ngayon . . . ay nagkakaisa sa ating pananampalataya at sa hangarin nating makinig at matuto mula sa mga mensaheng ibibigay sa atin.*

Mahal kong mga kapatid, malugod ko kayong binabati sa pandaigdigang kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Natitipon tayo ngayon bilang isang malaking pamilya, higit pa sa 15 milyon ang dami natin, nagkakaisa sa ating pananampalataya at sa hangarin nating makinig at matuto mula sa mga mensaheng ibibigay sa atin.

Mabilis na lumipas ang anim na buwan habang sumusulong nang walang balakid ang gawain ng Simbahan. Nagkaroon ako ng pribilehiyo, mahigit isang buwan na ang nakalipas, na ilaan ang Gilbert Arizona Temple, isang kahanga-hangang istruktura. Noong gabi bago ang paglalaan, isang kultural na pagtatanghal ang idinaos sa kalapit na Discovery Park. Labindalawang libong kabataan ang nagtanghal sa 90-minutong programa. Ang mga sayaw, pag-awit, at mga musikal na pagtatanghal ay napakaganda.

Ang lugar na ito ay nakakaranas ng tagtuyot, at naniniwala ako na maraming panalangin na sinambit

patungong langit nitong mga nakaraang linggo para sa kinakailangang ulan. Sa kasamaang-palad, dumating ito bago pa magsimula ang programa at patuloy na umulan sa buong pagtatanghal! Sa kabila ng pagkabasa ng mga kabataan dahil sa ulan at ginaw na nadama nila sa malamig na temperatura, nadama naming lahat ang Espiritu ng Panginoon. Ang tema ng programa, “Mamuhay nang Tapat sa Pananampalataya,”—isipin ninyo iyan: “Mamuhay nang Tapat sa Pananampalataya,”—ay ganap na nakita sa nakaingiti at masisiglang kabataang lalaki at babae. Sa kabila ng lamig at ulan, ito ay karanasang puno ng pananampalataya at inspirasyon na pahahalagahan at ikukuwento ng mga kabataan sa kanilang mga anak at apo sa mga darating na taon.

Kinabukasan, ang paglalaan ng Gilbert Arizona Temple ay ginanap. Ito ang ika-142 gumaganang templo sa Simbahan. Hindi tulad nang nagdaang gabi, maganda at masikat ang araw sa maghaponing iyon. Ang mga sesyon ay tunay na nagbigay-inspirasyon.



Kasama ko roon sina Pangulong Henry B. Eyring, Elder at Sister Tad R. Callister, Elder at Sister William R. Walker, at Elder at Sister Kent F. Richards.

Sa Mayo ang Fort Lauderdale Florida Templo ay ilalaan. May iba pang mga templo na nakaiskedyul na makukumpleto at ilalaan sa taong ito. Sa 2015 inaasahan nating matatapos at mailalaan ang mga bagong templo sa



maraming panig ng mundo. Magpapatuloy ang prosesong ito. Kapag tapos na ang lahat ng dating ibinalitang mga templo, magkakaroon tayo ng 170 mga templong gumagana sa buong mundo.

Bagama't nakatuon ngayon ang ating mga pagsisikap sa pagtapos sa mga dating ibinalita nang templo at hindi na muna magbabalita ng anumang bagong templo sa malapit na hinaharap, patuloy pa rin tayo sa

proseso ng pag-alam sa mga pangangailangan at paghahanap ng mga lugar para sa mga templo na itatayo pa natin. Magbabalita tayo ng iba pa sa mga darating na pangkalahatang kumperensya. Tayo ay mga taong laging nagtatayo ng templo at mga taong mapagdalo sa templo.

Ngayon, mga kapatid, nasasabik tayong makinig sa mga mensahe na ibibigay sa atin ngayon at bukas. Ang

mga magsasalita sa atin ay hiningi ang tulong at patnubay ng langit habang inihahanda ang kanilang mga mensahe.

Nawa tayo—lahat tayo, dito at saanmang dako—ay mapuspos ng Espiritu ng Panginoon at mapasigla at mabigyang-inspirasyon habang nakikinig tayo at natututo. Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Halaga— at mga Pagpapala— ng Pagkadisipulo

*Maging matatag. Tapat na ipamuhay ang ebanghelyo kahit hindi ito ginagawa ng ibang nasa paligid ninyo.*

**P**angulong Monson, mahal namin kayo. Ibinigay ninyo ang inyong puso't kalusugan sa bawat tungkuling ipinagkaloob sa inyo ng Panginoon, lalo na sa sagradong katungkulan ninyo ngayon. Nagpapasalamat sa inyo ang buong Simbahan sa inyong matatag na paglilingkod at walang-maliw na katapatan sa tungkulin.

May paghanga at panghihikayat sa lahat ng kakailanganing maging matatag sa mga huling araw na ito, sinasabi ko sa lahat at lalo na sa mga kabataan ng Simbahan na kung hindi pa kayo natatawag, balang-araw ay kakailanganin ninyong ipagtanggol ang inyong pananampalataya o tiisin pa ang ilang harapang pang-aabuso dahil lamang sa miyembro kayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga sandaling iyon ay mangangailangan kapwa ng tapang at paggalang ninyo.

Halimbawa, isang sister missionary ang sumulat sa akin kamakailan: “Nakita namin ng kompanyon ko ang isang lalaki sa isang upuan sa

liwasang-bayan na nanananghalian. Habang papalapit kami, tumingin siya at nakita niya ang aming missionary name tag. Bakas ang galit sa kanyang mukha, lumundag siya at umakmang sasampalin ako. Nakailag ako kaagad, pero idinura naman niya sa akin ang kinakain niya at pinagsalitaan kami ng masama. Lumakad kami palayo na walang kibo. Sinikap kong punasin ang pagkain sa mukha ko, nang bigla kong maramdaman ang tama ng isang tumpok ng mashed potato sa likod ng ulo ko. Kung minsan mahirap maging missionary dahil noon din ay gusto kong bumalik, pitserahan ang maliit na lalaking iyon, at sabihing, ‘ANO’NG SABI MO?’ Pero hindi ko ginawa iyon.”

Sa tapat na missionary na ito sinasabi ko, anak, sa sarili mong mapagpakumbabang paraan ay pumasok ka sa isang samahan ng kilalang-kilalang kababaihan at kalalakihan na, tulad ng sinabi ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon, “[isinaalang-alang ang] kamatayan [ni Cristo], at [binata] ang kanyang krus at [tiniis] ang kahihiyan ng sanlibutan.”<sup>1</sup>

Tunay ngang isinulat ng kapatid ni Jacob na si Nephi tungkol kay Jesus mismo: “At ang sanlibutan, dahil sa kanilang kasamaan, ay hahatulan siyang isang bagay na walang saysay; anupa’t kanilang hahagupitin siya, at titiisin niya ito; at kanilang sasampalin siya, at titiisin niya ito. Oo, kanilang luluraan siya, at titiisin niya ito, dahil sa kanyang mapagkandiling pagmamahal at mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao.”<sup>2</sup>

Kahalintulad ng naranasan ng Tagapagligtas, maraming kuwento na tinanggihan at nagsakripisyo nang malaki ang mga propeta at apostol, missionary at miyembro sa bawat henerasyon—lahat ng nagsikap na igalang ang panawagan ng Diyos na iangat ang sangkatauhan sa “higit na mabuting paraan.”<sup>3</sup>

“At ano pa ang aking sasabihin [tungkol sa kanila]?” tanong ng manunulat ng aklat na Sa mga Hebreo.

“[Sila na] . . . nangagtikom ng mga bibig ng mga leon,

“Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak . . . naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbo . . .

“[Nakita] ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli [samantalang] ang iba’y nangatay sa hampas, . . .

“At . . . nagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, . . . sa mga tanikala at bilangguan naman:

“Sila’y pinagbabato, pinaglalarang, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: . . . nagsilakad na paroo’t parito na may balat ng mga tupa’t kambing; na mga salat, nangapipighati, [at] tinatampalasan;

“([Sa kanila] ay hindi karapatdapat ang sanglibutan:) . . . na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa.”<sup>4</sup>

Tiyak na tumangis ang mga anghel ng langit nang itala nila ang halagang ito ng pagiging disipulo sa isang mungmong madalas kumalaban sa mga utos ng Diyos. Ang Tagapagligtas mismo ay lumuha dahil sa mga tao na sa loob ng daan-daang taon ay tinanggihan at





pinaslang sa paglilingkod sa Kanya. At ngayon Siya naman ang tinatanggihan at papatayin.

“Oh Jerusalem, Jerusalem,” ang sigaw ni Jesus, “na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo!

“Narito, ang inyong bahay ay iniinwan sa inyong wasak.”<sup>5</sup>

At naroon ang isang mensahe para sa bawat kabataang lalaki at babae sa Simbahang ito. Maaaring isipin ninyo kung sulit bang ipagtanggol nang buong tapang ang moralidad sa high school o magmisyon para lamang laitin ang inyong itinatanging mga paniniwala o sikaping labanan ang marami sa lipunan na kung minsan ay kinukutya ang katapatan sa relihiyon. Oo, sulit iyon, dahil ang alternatibo o pagpipilian ay ang ating “mga bahay” ay iiwanan sa ating “wasak”—wasak na mga tao, wasak na pamilya, wasak na sambayanan, at wasak na bansa.

Ipinapakita rito na tungkulin nating dalhin ang mensahe ng Mesiyas. Bukod sa pagtuturo, paghikayat, at paghimok sa mga tao na magpatuloy (iyan ang kasiya-siyang bahagi ng

pagkadisipulo), minsan tinatawag ang mga sugo ring ito para mag-alala, magbabala, kung minsan para umiyak lang (iyan ang masaklap na bahagi ng pagkadisipulo). Alam na alam nila na ang landas patungo sa lupang pangako na “binubukalan ng gatas at pulot”<sup>6</sup> ay kailangang dumaan sa Bundok ng Sinai, na sagana sa “dapat gawin” at “hindi dapat gawin.”<sup>7</sup>

Sa kasamaang-palad, ang mga sugo ng mga banal na kautusan ay karaniwang hindi tanggap ng nakararami ngayon tulad noong unang panahon, na mapapatunayan ng dalawang sister missionary na dinuraan ng pagkain at tinapunan ng mashed potato. Ang *poot* ay pangit na salita, subalit may mga tao ngayon na makikiisa sa sinabi ng tiwaling si Ahab na, “kinapopootan ko [ang propetang si Micheas]; sapagka’t kailan man ay hindi siya [nagpropesiya] ng mabuti tungkol sa akin, kundi laging [nagpopropesiya ng] kasamaan.”<sup>8</sup> Buhay ni Abinadi ang naging kapalit ng gayong pagkapoot sa katapatan ng propeta. Tulad ng sinabi niya kay Haring Noe: “Dahil sa sinabi ko sa inyo ang katotohanan kayo ay nagagalit sa akin. . . . Dahil sa sinabi ko ang salita ng Diyos, hinatulan ninyo ako na ako ay baliw”<sup>9</sup> o, mairagdag natin, probinsyano,

pumapanig sa lalaki, walang pansensya, masungit, makitid ang utak, makaluma, at matanda.

Katulad iyon ng panaghoy ng Panginoon mismo sa propetang si Isaias:

“[Ang mga batang ito ay] hindi didinig ng kautusan ng Panginoon:

“[Sinasabi nila] sa mga tagakita, Huwag kayong [tumingin]; at sa mga propeta, Huwag kayong [magpropesiya] sa amin ng mga matuwid na bagay, magsalita kayo sa amin ng mga malubay na bagay, [magpropesiya] kayo ng mga magdarayang bagay:

“Humiwalay kayo sa daan, lumihis kayo sa landas, [paalisin] ninyo ang Banal ng Israel sa harap namin.”<sup>10</sup>

Ang malungkot, mga kaibigan kong kabataan, normal sa panahon natin na kung gusto man ng mga tao ng mga diyos, gusto nila ng mga diyos na walang maraming utos, mga panatag na diyos na hindi nanliligalig o nangugulo, mga diyos na tinatapik tayo sa ulo, pinapatawa tayo, pagkatapos ay sinasabi sa atin na humayo at mamitas ng mga bulaklak.<sup>11</sup>

Ganyan talaga ang taong nililikha ang Diyos sa kanyang sariling larawan! Kung minsan—at tila ito ang kakatwa sa lahat—ginagamit ng mga taong ito ang pangalan ni Jesus bilang ganitong uri ng “panatag” na Diyos. Talaga bang

iyang ang akala nila? Siya na nagsabing hindi lang natin dapat sundin ang mga kautusan, kundi hindi natin dapat *isipin* man lang na suwayin ang mga ito. At kung iisipin nga nating suwayin ang mga ito, nasuway na natin ang mga ito sa puso natin. Mukha bang “panatag” na doktrina iyan, masarap pakinggan at tanggap sa payapang pagtitipon sa nayon?

At paano ang mga gusto lang tumingnan sa kasalanan o hipuin ito mula sa malayo? Biglang sinabi ni Jesus, kung magkasala ang iyong mata, dukutin ito. Kung magkasala ang iyong kamay, putulin ito.<sup>12</sup> Hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi [ng] tabak,<sup>13</sup> ang babala Niya sa mga taong puro walang kabuluhan ang sinasabi. Kaya pala, pagkaraan ng bawat sermon, ang mga komunidad sa lugar ay “[n]agsipamanhik sa kaniya na siya’y umalis sa kanilang mga hangganan.”<sup>14</sup> Kaya pala, pagkaraan ng bawat himala, hindi ipinatungkol sa Diyos ang Kanyang kapangyarihan

kundi sa demonyo.<sup>15</sup> Kitang-kita na ang tanong sa bumper sticker na “Ano ang gagawin ni Jesus?” ay hindi laging maghahatid ng sagot na tanggap ng nakararami.

Sa tugatog ng Kanyang mortal na ministeryo, sinabi ni Jesus, “Mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.”<sup>16</sup> Para matiyak na naunawaan nila nang husto kung anong uri ng pag-ibig iyon, sinabi Niya, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos,”<sup>17</sup> at “sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos . . . *at ituro ang gayon sa mga tao*, ay [magiging] kaliitliitan sa kaharian ng langit.”<sup>18</sup> Ang pag-ibig na tulad ng kay Cristo ang pinakamalaking pangangailangan natin sa planetang ito dahil kabutihan dapat ang laging kaakibat nito. Kaya’t kung pag-ibig ang magiging sawikain natin, dahil iyon ang *nararapat*, na sinabi Niya na simbolo ng pag-ibig, kailangan nating talikuran ang paglabag at anumang pahiwatig ng

pagtangkilik dito sa iba. Malinaw na naunawaan ni Jesus ang tila nalilimutan ng marami sa ating makabagong kultura: na may malaking pagkakaiba ang utos na patawarin ang kasalanan (na kaya Niyang gawin nang walang katapusan) at ang babala laban sa pagkunsinti dito (na ni minsa’y hindi Niya ginawa).

Mga kaibigan, lalo na ang mga kaibigan kong kabataan, manalig. Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo na dumaloy mula sa tunay na kabutihan ay kayang baguhin ang mundo. Pinatotohanan ko na ang tunay at buhay na ebanghelyo ni Jesucristo ay nasa lupa at kayo ay mga miyembro ng Kanyang tunay at buhay na Simbahan, na nagsisikap na ibahagi ito. Pinatotohanan ko ang ebanghelyo at Simbahang iyon, nang may partikular na patotoo sa ipinanumbalik na mga susi ng priesthood na nagbubukas ng kapangyarihan at bisa ng nakapagliligtas na mga ordenansa. Mas natitiyak ko na naipanumbalik na ang mga susing



iyon at na muling makakamtan ang mga ordenansang iyon sa pamamagitan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw kaysa sa katiyakan ko na nakatayo ako sa harapan ninyo sa pulpitong ito at nakaupo kayo sa harapan ko sa kumperensyang ito.

Maging matatag. Tapat na ipamuhay ang ebanghelyo kahit hindi ito ginagawa ng ibang nasa paligid ninyo. Ipagtanggol ang inyong mga paniniwala nang may paggalang at habag, ngunit ipagtanggol pa rin ito. Maraming kuwento tungkol sa mga inspiradong tinig, kabilang na ang mga maririnig ninyo sa kumperensyang ito at ang tinig na narinig ninyo sa katauhan ni Pangulong Thomas S. Monson, na nagtuturo sa inyo sa landas ng pagiging disipulo ni Cristo. Ito’y makipot at makitid na landas na di-gaanong maluwanag, ngunit maaaring nakatutuwa at matagumpay na matatahak, “nang may katatagan kay Cristo, . . . may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao.”<sup>19</sup> Sa matapang na pagtatak sa gayong landas, makasusumpung kayo ng matatag na pananampalataya, kaligtasan laban sa malalakas na hangin, maging mga palaso sa buhawi, at mararamdaman ninyo ang matinding lakas ng ating Manunubos kung saan kung magiging tapat kayo bilang disipulo, kayo ay *hindi* maaaring bumagsak.<sup>20</sup> Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Jacob 1:8.
2. 1 Nephi 19:9.
3. I Mga Taga Corinto 12:31; Eter 12:11.
4. Sa Mga Hebreo 11:32–38.
5. Mateo 23:37–38.
6. Exodo 3:8.
7. Tingnan sa Exodo 20:3–17.
8. II Mga Cronica 18:7.
9. Mosias 13:4.
10. Isaias 30:9–11.
11. Tingnan sa Henry Fairlie, *The Seven Deadly Sins Today* (1978), 15–16.
12. Tingnan sa Mateo 5:29–30.
13. Mateo 10:34.
14. Marcos 5:17.
15. Tingnan sa Mateo 9:34.
16. Juan 15:12.
17. Juan 14:15.
18. Mateo 5:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. 2 Nephi 31:20.
20. Tingnan sa Helaman 5:12.



**Ni Elder Ronald A. Rasband**  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

## Ang Masayang Pasanin ng Pagkadisipulo

*Ang sang-ayunan ang ating mga lider ay isang pribilehiyo; may kasama itong personal na responsibilidad na makibahagi sa kanilang pasanin at maging mga disipulo ng Panginoon.*

Noong Mayo 20 ng nakaraang taon, winasak ng malaking buhawi ang mga lugar sa labas ng Oklahoma City, sa gitnang Amerika, at mahigit isang milya (1.6 km) ang lawak at 17 milya (27 km) ang haba ng sinalanta nito. Ang bagyong ito, ng napakaraming mapanirang mga buhawi, ay binago ang tanawin at buhay ng mga tao sa lugar na iyon.

Isang linggo lang matapos dumaan ang malaking buhawi, inatasan akong bisitahin ang lugar kung saan nagkalat ang mga bahay at ari-arian sa napatag at wasak na mga kapitbahayan.

Bago ako umalis, kinausap ko ang ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Thomas S. Monson, na lubhang nagagalak sa gayong mga paglilingkod sa Panginoon. Dama ang paggalang hindi lamang sa kanyang katungkulan kundi maging ng kanyang kabutihan, itinanong ko, “Ano po ang gusto ninyong gawin

ko? Ano po ang gusto ninyong sabihin ko?”

Magiliw niyang inabot ang kamay ko, tulad ng gagawin niya sa bawat isa sa mga biktima at tumutulong sa napinsala kung naroon siya, at sinabing:

“Una, sabihin mong mahal ko sila.

“Ikalawa, sabihin mong ipinagdarasal ko sila.

“Ikatlo, pakipasalamatan ang lahat ng tumutulong.”

Bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, nadarama ko ang bigat ng sinabi ng Panginoon kay Moises:

“Pasanin mo sa akin ang pitong pung lalake sa mga matanda sa Israel, sa iyong mga nalalaman na mga matanda sa bayan at mga nangungulo sa kanila; . . .

“At ako’y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at ako’y kukuha sa Espiritung sumasaiyo [Moises] at aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing magisa.”<sup>1</sup>



Mga salita ito noong unang panahon, subalit hindi pa nagbabago ang mga paraan ng Panginoon.

Sa Simbahan ngayon, tumawag ang Panginoon ng 317 Pitumpu, na naglilingkod sa 8 korum, upang tulungan ang Labindalawang Apostol sa pagdadala ng pasanin ng Unang Panguluhan. Masaya kong nadarama ang responsibilidad na iyon sa kaibuturan ng aking kaluluwa, tulad ng aking mga Kapatid. Gayunman, hindi lang kami ang tumutulong sa maluwalathing gawaing ito. Bilang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo, lahat tayo ay may magandang pagkakataong pagpalain ang buhay ng iba.

Nalaman ko sa mahal nating propeta kung ano ang kailangan ng mga taong napinsala ng bagyo—pagmamahal, mga panalangin, at pasasalamat sa mga tumutulong.

Ngayong hapon bawat isa sa atin ay magtataas ng kanang kamay at sasangayunan ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghatag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ay hindi lang pormalidad, ni nakareserba sa mga tinawag sa pangkalahatang paglilingkod. Ang sang-ayunan ang ating mga lider ay isang pribilehiyo; may kasama itong personal na responsibilidad na makibahagi sa kanilang pasanin at maging mga disipulo ng Panginoong Jesucristo.

Sabi ni Pangulong Monson:

“Napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-allo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala, o dayuhan. Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglilingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin. . . .

“ . . . Yamang inyong ginawa sa isa dito . . . , kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa’ [Mateo 25:40].”<sup>2</sup>

Tutugon ba tayo nang may pagmamahal kapag nagkaroon tayo ng pagkakataong bumisita o tumawag, sumulat, o gumugol ng isang araw para tugunan ang mga pangangailangan ng iba? O gagayahin ba natin ang binatang nagpahayag na sinusunod niya ang lahat ng utos ng Diyos:

“Ang lahat ng mga bagay na ito ay ginanap ko: ano pa ang kulang sa akin?

“Sinabi ni Jesus sa kanya, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.”<sup>3</sup>

Ang binata ay tinawag sa mas dakilang paglilingkod sa tabi ng Panginoon na gawin ang gawain ng kaharian ng Diyos sa lupa, subalit tumalikod ito, “sapagka’t siya’y isang may maraming pagaari.”<sup>4</sup>

Paano na ang ating mga ari-arian sa lupa? Nakikita natin ang nagagawa ng isang buhawi sa mga ito sa loob lang ng ilang minuto. Napakahalagang magsikap ang bawat isa sa atin na magtipon ng mga espirituwal na kayamanan sa langit—gamit ang ating oras, mga talento, at kalayaan sa paglilingkod sa Diyos.

Patuloy na nananawagan si Jesucristo na “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”<sup>5</sup> Nilibot Niya ang Kanyang bayang tinubuan kasama ang Kanyang mga alagad sa di-makasariling paraan. Katabi pa rin natin Siya sa ating paglakad, sinusuportahan tayo, at inaakay tayo. Ang pagsunod sa Kanyang sakdal na halimbawa ay pagkilala at paggalang sa Tagapagligtas, na nagdala ng lahat ng ating pasanin sa pamamagitan ng Kanyang sagrado at nakapagliligtas na Pagbabayad-sala, ang pinakadakilang paglilingkod. Hinihiling Niya sa bawat isa sa atin na maging handa tayong dalhin ang masayang “pasanin” ng pagkadisipulo.

Habang nasa Oklahoma, nagkaroon ako ng pagkakataong makausap ang ilan sa mga pamilyang pininsala ng malulupit na buhawi. Nang makausap ko ang pamilya Sorrels, lubos akong naantig sa karanasan ng kanilang anak na si Tori, na noon ay nasa ikalimang baitang sa Plaza Towers Elementary school. Kasama natin sila ng kanyang ina ngayon.

Si Tori at ilang kaibigan niya ay

nagtago at nagsiksikan sa isang banyo nang magdaan ang buhawi sa paaralan. Makinig kayo habang binabasa ko, sa sariling mga salita ni Tori, ang nangyari noong araw na iyon:

“Narinig kong may tumama sa bubong. Akala ko umuulan lang ng yelo. Naging napakalakas ng tunog. Ipinagdasal ko na protektahan kaming lahat ng Ama sa Langit at panatilihin kaming ligtas. Bigla kaming nakarinig ng malakas na parang tunog ng vacuum cleaner, at nawala ang bubong sa ulunan namin. Masyadong mahangin at nagliparan ang kung anu-ano sa paligid at tumama sa lahat ng bahagi ng katawan ko. Mas madilim sa labas at mukhang madilim ang langit, pero hindi naman—loob pala iyon ng buhawi. Pumikit na lang ako, at umasa at nagdasal na matapos na iyon kaagad.

“Biglang tumahimik.

“Nang magmulat ako, nakita ko ang isang stop sign sa harap mismo ng mga mata ko! Halos nakadikit na ito sa ilong ko.”<sup>6</sup>

Si Tori, ang kanyang ina, tatlo sa kanyang mga kapatid, at ilang kaibigan na kasama niya sa eskuwela ay himalang nakaligtas sa buhawing iyon; pito sa kanilang mga kaeskuwela ang namatay.

Sa pagtatapos ng linggong iyon maraming basbas ang ibinigay ng kalalakihan ng priesthood sa mga miyembro ng napinsala ng bagyo. Nakadama ako ng pagpapakumbaba nang bigyan ko ng basbas si Tori. Nang ipatong ko ang aking mga kamay sa kanyang ulo, sumaisip ko ang isang paboritong talata: “Ako ay magpapauna sa inyo. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”<sup>7</sup>

Pinayuhan ko si Tori na tandaan ang araw nang ipinatong ng isang alagad ng Panginoon ang kanyang mga kamay sa kanyang ulo at ipinahayag na pinrotektahan siya ng mga anghel sa bagyo.

Ang pagtulong na sagipin ang isa’t isa, anuman ang kalagayan, ay pagpapakita ng walang-hanggang

pagmamahal. Ito ang paglilingkod na nasaksihan ko sa Oklahoma sa linggong iyon.

Kadalasan binibigyan tayo ng pagkakataong tulungan ang iba sa oras ng kanilang pangangailangan. Bilang mga miyembro ng Simbahan, bawat isa sa atin ay may sagradong responsibilidad na “magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan,”<sup>8</sup> “makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati,”<sup>9</sup> “itaas ang mga kamay na nakababa, at palakas ang tuhod na mahihina.”<sup>10</sup>

Mga kapatid, lubos na nagpapasalamat ang Panginoon sa bawat isa sa inyo, para sa napakaraming oras ng inyong paglilingkod, malaki man o maliit, na bukas-palad at magiliw ninyong ibinigay bawat araw.

Itinuro ni Haring Benjamin sa Aklat ni Mormon, “Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos.”<sup>11</sup>

Ang pagtutuo sa paglilingkod sa ating mga kapatid ay gagabay sa atin sa paggawa ng mga banal na desisyon sa ating buhay araw-araw at ihahanda tayo upang pahalagahan at mahalina ang minamahal ng Panginoon. Sa

paggawa nito, ipinapakita natin sa ating buhay mismo na tayo ay Kanyang mga disipulo. Kapag tayo ay abala sa Kanyang gawain, nadarama natin ang Kanyang Espiritu. Lumalago ang ating patotoo, pananampalataya, tiwala, at pagmamahal.

Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay, maging si Jesucristo, at nangungusap Siya sa at sa pamamagitan ng Kanyang propeta, ang mahal nating si Pangulong Thomas S. Monson, sa panahon natin ngayon.

Nawa’y magalak tayong lahat sa sagradong paglilingkod na dalhin ang mga pasanin ng isa’t isa, maging ang mga simple at maliliit na pasanin, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mga Bilang 11:16–17.
2. Thomas S. Monson, “Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?” *Liahona*, Nob. 2009, 86, 87.
3. Mateo 19:20–21.
4. Mateo 19:22.
5. Mateo 19:21.
6. Karanasan ni Victoria (Tori) Sorrels, na muling isinalaysay noong Ene. 16, 2014.
7. Doktrina at mga Tipan 84:88.
8. Mosias 18:8.
9. Mosias 18:9.
10. Doktrina at mga Tipan 81:5.
11. Mosias 2:17.





**Ni Elder Carlos H. Amado**  
Ng Pitumpu

# Si Cristo ang Manunubos

*[Ang sakripisyo ng Manunubos] ay nagbigay ng pagpapala sa lahat, mula kay Adan, ang unang tao, hanggang sa kahuli-hulihang tao sa mundo.*

**S**i Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay isinilang at namatay sa kakai-bang sitwasyon. Siya ay nabuhay at lumaki sa abang kalagayan, nang walang mga materyal na pag-aari. Sinabi Niya tungkol sa Kanyang sarili, “May mga lungga ang mga sorra, at ang mga ibon sa langit ay may mga pugad; datapuwa’t ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo” (Lucas 9:58).

Hindi Siya kailanman tumanggap ng mga parangal, papuri, pagkilala, ni hindi Siya ginustong pakitunguhan ng mga lider ng pulitika ng mundo ni ng mga lider ng relihiyon sa Kanyang panahon. Ni hindi Siya naupo sa mga pangulong dako sa mga sinagoga.

Ang pangangaral Niya ay simple, at bagama’t maraming sumunod sa Kanya, ang Kanyang ministryo ay palaging kinapalooban ng pagpapala sa bawat isa sa mga tao. Nagsagawa Siya ng napakaraming himala sa mga tumanggap sa Kanya bilang Isinugo ng Diyos.

Binigyan Niya ang Kanyang mga Apostol ng awtoridad at kapangyarihang gumawa ng mga himala at “lalong dakilang mga gawa” kaysa

Kanyang ginawa (Juan 14:12), ngunit hindi Niya ipinagkaloob sa kanila ang pribilehiyong magpatawad ng mga kasalanan. Nagalit ang Kanyang mga kaaway nang marinig nila na sinabi Niya, “Humayo ka . . . [at] mula ngayo’y huwag ka nang magkasala” (Juan 8:11) o “Ipinatatawad ang iyong mga kasalanan” (Lucas 7:48). Ang karapatang iyan ay sa Kanya lamang dahil Siya ang Anak ng Diyos at dahil Kanyang babayaran ang mga kasalananang iyon sa Kanyang Pagbabayad-sala.

## **Ang Kanyang Kapangyarihang Daigin ang Kamatayan**

Ang Kanyang kapangyarihang daigin ang kamatayan ay isa ring banal na katangian. Ang dakilang si Jairo, isang pinuno sa sinagoga, ay nagsumamo “na pumasok [siya sa] kaniyang bahay: sapagka’t siya’y may isang bugtong na anak na babae, . . . [at] siya’y naghihingalo (Lucas 8:41–42). Narinig ng Panginoon ang kanyang pagsamo, at habang naglalakad sila, isang alila ang lumapit kay Jairo at sinabi sa kanya, “Patay na ang anak mong babae; huwag mong bagabagin ang Guro” (Lucas 8:49). Sa pagpasok Niya

sa bahay, iniutos ni Jesus na lumabas ang lahat, at kaagad, tangan ang kamay ng dalaga, ay sinabi sa kanya, “Magbangon ka!” (Lucas 8:54).

Sa isa pang pangyayari, habang Siya ay naglalakbay sa lungsod ng Nain, nasalubong Niya ang hanay ng mga taong nakikipaglibing at isang balo na tumatangis sa pagkamatay ng kanyang nag-iisang anak. Puno ng pagkahabag, hinipo Niya ang kabaong at sinabing, “Binata, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka” (Lucas 7:14). Ang mga tao, nang makita ang himala, ay nagsabing, “Lumitaw sa gitna natin ang isang dakilang propeta: at, dinalaw ng Dios ang kaniyang bayan” (Luke 7:16). Ang himalang ito ay mas kamanghamanga dahil inihayag nila na totoong patay na ang binata at lililbing na siya. Sa dalawang kabataan na binuhay muli, ang katibayan ng Kanyang awtoridad at kapangyarihang daigin ang kamatayan ay nagpamangha sa mga nananalig at nagdulot ng takot sa mga namumuhí sa Kanya.

Ang pangatlong pangyayari ay labis na nakakamangha. Sina Marta, Maria, at Lazaro ay magkakapatid na madalas bisitahin ni Cristo. Nang ibalita sa Kanya ng mga tao na maysakit si Lazaro, lumagi pa Siya nang dalawang araw bago umalis para puntahan ang pamilya. Habang pinapanatag si Marta sa pagkamatay ng kapatid nito, malinaw Siyang nagpatotoo sa kanya, “Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya” (Juan 11:25).

Nang iutos ng Tagapagligtas sa mga nananangis na alisin ang bato sa libingan, nahihiyang bumulong si Marta sa Kanya, “Panginoon, sa ngayon ay nabubulok na ang bangkay sapagka’t may apat na araw nang siya’y namamatay” (Juan 11:39).

Kaya nga ipinaalala sa kanya ni Jesus, “Di бага sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios?” (Juan 11:40). At pagkatapos sabihin ito, sa malakas na tinig Siya ay tumawag:

“Lazaro, lumabas ka.

“[At] siya na patay ay lumabas” (Juan 11:43–44).



Pagkatapos ng apat na araw ni Lazaro sa libingan, ang mga kaaway ng Anak ng Diyos ay naharap sa katibayang hindi nila mapapasinungalingan, mababalewala, o masisira, at sila “mula nang araw na yaon ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya” (Juan 11:53).

#### **Ang Bagong Kautusan**

Kalaunan, ipinagdiwang ng buhay na Cristo sa Jerusalem, kasama ang Kanyang mga Apostol, ang Kanyang huling Pista ng Paskua, pinasimulan ang ordenansa ng sakramento, at binigyan sila ng kautusan na mahalín ang isa’t isa sa pamamagitan ng tapat na paglilingkod.

#### **Ang Kanyang Pagdurusa sa Getsemani**

Pagkatapos niyon, sa pinakadakilang pagpapakita ng Kanyang pagmamahal sa sangkatauhan, at nang ayon

sa Kanyang kalooban, matapang at determinado Niyang hinarap ang pinakamatinding pagsubok sa Kanya. Sa Halamanan ng Getsemani, sa lubos na kapanglawan, dinanas Niya ang pinakamatinding pagdurusa, nilabasan Siya ng dugo sa bawat butas ng balat. Sa lubos na pagsunod sa Kanyang Ama, Siya ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan at dinala rin sa Kanyang sarili ang ating mga sakit at pasakit upang malaman kung paano tayo tutulongan (tingnan sa Alma 7:11–13).

May utang-na-loob tayo sa Kanya at sa ating Ama sa Langit dahil napagpala ng Kanyang sakripisyo ang lahat, mula kay Adan, ang unang tao, hanggang sa kahuli-hulihang tao sa mundo.

#### **Pagpapahirap at Pagpapakita sa Krus sa Tagapagligtas**

Nang matapos na ang pagdurusa Niya sa Getsemani, kusa Siyang

sumama sa Kanyang mga kaaway. Ipinagkanulo ng isa sa Kanyang mga disipulo, Siya ay mabilis na hinatulan, sa paraang hindi makatarungan at labag sa batas, sa paglilitis na naimpluwensyahan at hindi kumpleto. Nang gabi ring iyon Siya ay inakusahan sa salang kalapastanganan at hinatulan ng kamatayan. Sa kanilang pagkapoot at kagustuhang maghiganti—dahil nagpatotoo Siya sa kanila na Siya ay Anak ng Diyos—ang Kanyang mga kaaway ay nagsabwatan para mahatulan Siya ni Pilato. Upang matuloy ang planong iyan, ang paratang na kalapastanganan ay pinalitan nila ng sedisyon upang mahatulan Siya ng kamatayan sa krus.

Mas matindi ang dinanas Niyang hirap sa mga Romano: ang kanilang pag-alipusta at pangungutya hinggil sa Kanyang espirituwal na kaharian, ang mapanghamak na paglalagay

ng koronang tinik, ang masasakit na paghampas sa Kanya, at mahabang pagdurusa sa Pagkakapako Niya sa Krus sa harap ng mga tao ay pawang malinaw na babala sa lahat ng tao na maglalantad ng kanyang sarili bilang Kanyang disipulo.

Sa bawat sandali ng Kanyang pagdurusa, ang Manunubos ng daigdig ay nagpakita ng kahanga-hangang kahiranan. Ang laging nasa isip Niya ay pagpalain ang iba; nang may kabaitan at pagmamahal, nakiusap Siya kay Juan na pangalagaan ang Kanyang ina na si Maria. Hiniling Niya sa Kanyang Ama sa Langit na patawarin ang mga nagpako sa Kanya. Dahil naisakutaparan na Niya ang Kanyang gawain, ipinaubaya na Niya ang Kanyang Espiritu sa Diyos at hinugot ang Kanyang huling hininga. Ang pisikal na katawan ni Cristo ay dinala sa libingan at nanatili roon sa loob ng tatlong araw.

#### **Ang Gawain ng Manunubos sa Kalipunan ng mga Patay**

Samantalang dumaranas ang Kanyang mga disipulo ng lungkot, kabiguan, at kawalang katiyakan,

ang ating Tagapagligtas, sa isa pang bahagi ng maluwalhatang plano ng Kanyang Ama, ay pinalawak ang Kanyang ministeryo sa bagong paraan. Sa maikling tatlong araw, patuloy Siyang gumawa upang maorganisa ang malaking gawain ng kaligtasan sa kalipunan ng mga patay. Ang mga araw na iyon ay naging ilan sa mga araw na puno ng pag-asa para sa buong pamilya ng Diyos. Sa pagdalaw na iyon, inorganisa Niya ang Kanyang matatapat na tagasunod upang maihatid nila ang masayang balita ng pagtubos sa mga hindi na-kaalam sa maluwalhatang plano o tinanggihan ito sa mortalidad. Ngayon may pagkakataon na sila na mapalaya mula sa pagkabihag at matubos ng Diyos ng mga buhay at mga patay (tingnan sa D at T 138:19, 30–31).

#### **Ang Unang Bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli**

Dahil natapos na ang Kanyang gawain sa daigdig ng mga espiritu, bumalik Siya sa lupa—upang pagsamahin ang Kanyang espiritu at pisikal na katawan magpakailanman. Bagama't

ipinakita Niya ang Kanyang lubos na kapangyarihan sa pagdaig sa kamatayan, ang mga salaysay sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga binuhay Niya bago ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ay nagpapakita na pinahaba lang ang kanilang buhay; sila ay papanaw pa rin.

Si Cristo ang unang nabuhay na muli at hindi na mamamatay kailanman, taglay ang perpekto at walang hanggang katawan. Sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, nagpakita Siya kay Maria, na, nang agad Siyang makilala, ay nagsimulang sambahin Siya. Ang ating Manunubos ay buong giliw na binalaan siya tungkol sa bago at maluwalhati Niyang kalagayan: “Huwag mo akong hipuin, sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama” (Juan 20:17)—na nagbibigay ng karagdang katibayan na ang Kanyang ministeryo sa daigdig ng mga espiritu ay totoo at ganap. Kalaunan pa, gamit ang salita na nagpapatunay sa katoohan ng Pagkabuhay na Mag-uli, sinabi Niya, “Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios” (Juan 20:17). Pagkatapos magpunta sa Kanyang Ama, muli Siyang bumalik at nagpakita sa Kanyang mga Apostol. “Kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon” (Juan 20:20).

#### **Ang Manunubos ay Magbabalik**

Pinatotohanan ko na si Cristo ay babalik sa paraang lubos na kakaiba sa Kanyang unang pagdating. Siya ay paparito nang may kapangyarihan at kaluwalhatian kasama ang lahat ng matwid at tapat na mga Banal. Siya ay darating bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon, bilang Prinsipe ng Kapayapaan, ang ipinangakong Mesiyas, ang Tagapagligtas at Manunubos, upang hatulan ang mga buhay at mga patay. Mahal ko Siya at pinaglilingkuran nang buong puso ko, at isinasamo ko na sana ay maglingkod tayo nang may galak at dedikasyon at manatili tayong tapat sa Kanya hanggang sa wakas. Sa Kanyang pangalan, na Jesucristo, amen. ■







**Ni Linda S. Reeves**

Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo

*Pinatotohanan ko na ang pinakamatinding filter sa mundo . . . ay ang sariling filter sa ating kalooban na nagmumula sa malalim at matibay na patotoo.*

Mahal kong mga kapatid, napakapalad ko na narito ngayon sa kongregasyon ang aking 13 pinakamatandang apo. Dahil dito naitanong ko, “Ano ang gusto kong malaman ng aking mga apo?” Ngayong umaga tuwiran akong magsasalita sa aking pamilya at sa inyong pamilya.

Tayo bilang mga lider ay labis na nag-aalala sa pinsalang dulot ng pornograpiya sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan at kanilang mga pamilya. Napakatindi ng pag-atake ni Satanas.

Isang dahilan kaya tayo narito sa lupa ay upang matutuhang pigilan ang silakbo ng damdamin at emosyon ng ating mortal na katawan. Ang mga damdaming ito na bigay ng Diyos ay tumutulong para hangarin nating magpakasal at magkaanak. Ang intimasiya sa pagitan ng mag-asawa na nagbunga ng mga anak na isinisilang sa

mortalidad ay nilayon din na maging maganda at masayang karanasan na nagbibigkis sa dalawang pusong nagmamahalan, pinag-iisa ang espiritu at katawan, at dulot ay galak at kaligayahan kapag natutuhan nating unahin ang isa’t isa. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na sa pagsasama ng mag-asawa, “ang asawa ang . . . nagiging pangunahin sa buhay ng mag-asawa, at . . . ang ibang interes o tao o bagay ay hindi dapat mauna sa asawa. . . .”

“Kailangan sa pag-aasawa ang ganap na pagpisan at lubos na katapatan.”<sup>1</sup>

Maraming taon na ang nakalipas, isa sa mga anak namin ang halatang balisa. Pumasok ako sa silid niya, at doon sinabi niya sa akin ang nasasaloob niya at ipinaliwanag na galing siya sa bahay ng isang kaibigan at hindi inaasahang nakakita siya ng

nakabibigla at nakababagabag na mga imahe at aksyon sa telebisyon ng lalaki at babae na walang suot na damit. Nagsimula siyang umiyak at sinabi kung gaano ang takot na nadama niya sa nakita niya at hinangad na mawala ito sa kanyang isipan. Lubos ang pasasalamat ko na nagtapat siya sa akin, nabigyan ako ng pagkakataon na payapain ang kanyang walang-muwang at nasaktang puso at tulongan siya kung paano mapanatag sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas. Naaalala ko ang sagradong damdaming nadama ko nang magkasama kaming lumuhod, kaming mag-ina, at humingi ng tulong sa ating Ama sa Langit.

Maraming bata, kabataan, at matatanda ang walang-muwang na nalalantad sa pornograpiya, ngunit dumarami ang bilang ng kalalakihan at kababaihan na pinipiling panoorin ito at binabalik-balikan hanggang sa malulong sila rito. Maaaring naisin ng mga taong ito nang buong puso na kumawala sa bitag na ito ngunit kadalasan ay hindi nila ito madaig nang mag-isa. Lubos ang pasasalamat natin kapag ang mga mahal natin sa buhay ay nagtapat sa atin bilang mga magulang o lider sa Simbahan. Dapat maging matalino tayo na huwag mabigla, magalit, o tumalikod, na magiging sanhi upang muli silang hindi kumibo.

Tayo bilang mga magulang at lider ay dapat palaging nakikipag-usap sa ating mga anak at kabataan, nakikinig nang may pagmamahal at pag-unawa. Kailangan nilang malaman ang mga panganib ng pornograpiya at kung paano nito kinokontrol ang buhay, nagiging dahilan ng pagkawala ng Espiritu, ng di-magagandang damdamin, panlililalang, sirang pagsasama, kawalan ng pagpipigil sa sarili, at halos inuubos nito ang panahon, pag-unawa, at kasiglahan.

Ang pornograpiya ay lalong mahalay, masama, at lantad sa panahong ito. Sa pagkausap natin sa ating mga anak, maaari tayong sama-samang gumawa ng plano ng pamilya na may mga pamantayan at limitasyon, maging maagap na protektahan ang



**Raymond, Alberta, Canada**


ating mga tahanan gamit ang mga filter at setting sa mga electronic device. Mga magulang, alam ba natin na ang mga mobile device na nakakakonekta sa Internet, hindi mga computer, ang nagdudulot ng pinakamalaking problema?<sup>2</sup>

Mga kabataan at matatanda, kung kayo ay nahuli sa bitag ng pornograpiya ni Satanas, alalahanin na napakamaawain ng ating mahal na Tagapagligtas. Natatanto ba ninyo kung gaano kalaki ang pagmamahal at malasakit ng Panginoon sa inyo, maging sa ngayon? Ang ating Tagapagligtas ay may kapangyarihang linisin at pagalingin kayo. Maaalis Niya ang sakit at lungkot na nadarama ninyo at malilinis kayong muli sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Kami bilang mga lider ay labis na nag-aalala sa mga asawa at pamilya ng mga taong dumaranas ng adiksyon sa pornograpiya. Nanawagan si Elder Richard G. Scott: “Kung wala kayong malubhang kasalanan, hindi ninyo kailangang pagdusahan ang bunga ng mga kasalanan ng iba. . . . Mahahabag kayo. . . . Gayunma’y hindi ninyo dapat akuin ang responsibilidad sa mga pagkakasalang iyon.”<sup>3</sup> Dapat ninyong

malaman na hindi kayo nag-iisa. Mayroong tutulong. Mayroong mga pulong tungkol sa pagdaig sa adiksyon para sa mga asawa, kabilang ang mga phone-in meeting, na nagtutulot sa asawa na gumamit ng telepono sa isang miting at makibahagi mula sa sarili nilang tahanan.

Mga kapatid, paano natin pino-proteksyunan ang ating mga anak at kabataan? Ang mga filter ay mga tool na nakatutulong, ngunit ang pinakamatinding filter sa mundo, ang tangi at talagang magpoprotekta, ay ang sariling filter sa ating kalooban na



nagmumula sa malalim at matibay na patotoo sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit at nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Tagapagligtas para sa bawat isa sa atin.

Paano natin aakayin ang ating mga anak na magkaroon ng malalim na pananalig at magkaroon ng epekto sa kanila ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas? Gusto ko ang sinabi ni Propetang Nephi tungkol sa ginawa ng kanyang mga tao para palakas ang mga kabataan sa kanyang panahon: “Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, [at] nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”<sup>4</sup>

Paano natin magagawa ito sa ating mga tahanan? Narinig na ng ilan sa inyo na sinabi ko kung gaano kami nag-alala ng asawa kong si Mel bilang mga magulang ng apat naming maliliit na anak. Habang nararanasan namin ang mga hamon ng pagiging magulang at pagtupad sa lahat ng kailangang gawin, talagang nangailangan kami ng tulong. Nagdasal at sumamo kami para malaman ang gagawin. Malinaw ang sagot na dumating: “OKAY lang kung magulo ang bahay at naka-padyama pa ang mga bata at hindi pa nagagawa ang ilang responsibilidad. Ang tanging kailangan talagang magawa sa tahanan ay araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan at pagdarasal at lingguhang family home evening.”

Sinikap naming gawin ang mga ito, ngunit hindi palaging ito ang prioridad at, sa gitna ng kaguluhan, ay nakakaligtaan kung minsan. Binago namin ang aming pokus at sinikap na huwag mag-alala sa mga bagay na di-gaanong mahalaga. Ang pokus naming ito ay humantong sa pag-uusap, pagkagalak, pangangaral, at pagpapatotoo tungkol kay Cristo sa pagsisikap na araw-araw na magdasal at mag-aral ng mga banal na kasulatan sa tahanan at mag-family home evening linggu-linggo.

Isang kaibigan ang nagpaalala kamakailan, “Kapag hiniling mo sa

kababaihan na dagdagan pa ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal, mahihirapan sila niyan. Dama nila na napakarami na nilang ginagawa.”

Mga kapatid, dahil nalaman ko ito mula sa sarili kong mga karanasan, at sa karanasan ng asawa ko, dapat akong magpatotoo tungkol sa mga pagpapala ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal at family home evening linggu-linggo. Ang mga kaugaliang ito mismo ang tumutulong para maalis ang pagkabalisa, nagbibigay ng patnubay sa ating buhay, at nagdaragdag ng proteksyon sa ating mga tahanan. At, kung nahihirapan ang ating pamilya dahil sa pornograpiya o iba pang mga pagsubok, makahihingi tayo ng tulong sa Panginoon at makakaasang papatnubayan ng Espiritu, nalalamang ginawa natin ang ipinagagawa sa atin ng ating Ama.

Mga kapatid, kung hindi natin ginagawa ang mga ito sa ating tahanan, masisimulan nating lahat ito ngayon. Kung medyo may edad na ang ating mga anak at ayaw nang sumama sa atin, magsimula tayo sa ating sarili. Kapag ginawa natin ito, mapupuno ng impluwensya ng Espiritu ang ating mga tahanan at buhay at, sa pagdaan ng mga araw, maaaring makibahagi na rin ang mga anak.

Alalahanin na ang buhay na mga Apostol ay nangako rin na kapag sinaliksik natin ang ating mga ninuno at inihanda ang mga pangalan ng ating kapamilya para sa templo, tayo ay poprotektahan ngayon at sa buong buhay natin kapag pinanatili nating karapat-dapat ang ating sarili para sa temple recommend.<sup>5</sup> Napakagandang pangako!

Mga kabataan, maging responsable sa kapakanan ng inyong espiritu. Patayin ang inyong mga cell phone kung kinakailangan, kumanta ng mga awitin sa Primary, magdasal na matulungan, isipin ang isang talata sa banal na kasulatan, lumabas sa sinehan, isipin ang Tagapagligtas, makibahagi sa sakramento nang karapat-dapat, pag-aralan ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, maging halimbawa sa inyong mga

kaibigan, magtapat sa magulang, kausapin ang inyong bishop, humingi ng tulong, at humingi ng payo sa dalubhasa, kung kinakailangan.

Ano ang nais kong malaman ng aking mga apo? Gusto kong malaman nila at ninyo na alam ko na ang Tagapagligtas ay buhay at mahal tayo. Binayaran Niya ang halaga para sa ating mga kasalanan, ngunit dapat tayong lumuhod sa harap ng ating Ama sa Langit, nang buong pagpapakumbaba, na nagtatapat ng ating mga kasalanan, at sumasamo sa Kanya na patawarin tayo. Dapat nating hangaring baguhin ang ating puso at mga naisin at lubos na magpakumbaba na humingi ng tulong at kapatawaran sa mga taong maaaring nasaktan o tinalikuran natin.

Alam ko na nakita ni Joseph Smith ang Diyos, na ating Ama sa Langit, at ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Nagpapatotoo ako na mayroon tayong buhay na propeta sa lupa, si Pangulong Thomas S. Monson. Nagpapatotoo rin ako na hindi tayo maliligaw ng landas kung pakikingan natin ang payo ng propeta ng Diyos. Pinatotohanan ko ang bisa

ng ating mga tipan at mga pagpapala sa templo.

Alam ko na totoo ang Aklat ni Mormon! Hindi ko kayang ipaliwanag ang kapangyarihan ng napakagandang aklat na ito. Ang alam ko lamang ay, kapag nilakipan ng panalangin, ang Aklat ni Mormon ay may kapangyarihang protektahan ang ating pamilya, patatagin ang ating mga ugnayan, at nagbibigay ng tiwala sa sarili sa harap ng Panginoon. Pinatotohanan ko ang mga bagay na ito sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. *Teachings of Presidents of the Church: Spencer W. Kimball* (2006), 199–200.
2. Tingnan sa Clay Olsen, “What Teens Wish Parents Knew” (mensaheng ibinigay sa Utah Coalition Against Pornography Conference, Mar. 22, 2014), [utahcoalition.org](http://utahcoalition.org).
3. Richard G. Scott, “Upang Maging Malaya sa Mabibigat na Pasanin,” *Liahona*, Nob. 2002, 88.
4. 2 Nephi 25:26.
5. Tingnan sa David A. Bednar, “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona*, Nob. 2011, 24–27; Richard G. Scott, “Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay,” *Liahona*, Nob. 2012, 93–95; Neil L. Andersen, “Find Our Cousins!” (mensaheng ibinigay sa RootsTech 2014 Family History Conference, Feb. 8, 2014); [lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/find-our-cousins](http://lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/find-our-cousins).





**Ni Elder Neil L. Andersen**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Espirituwal na Buhawi

*Huwag kayong magpahila pababa sa mga buhawi ng pagsubok. Ito ang inyong panahon—ang manatiling matatag bilang mga disipulo ng Panginoong Jesucristo.*



**B**inabati ko kayo ngayong umaga—lalo na ang mga kabataang narito sa Conference Center at sa iba't ibang panig ng mundo. Kabilang kayo sa isang piling henerasyon na may tiyak na tadhana, at ako ay nagsasalita lalo na sa inyo.

Maraming taon na ang nakakaraan nang bisitahin namin ang aming pamilya sa Florida, isang buhawi ang nanalasa sa di-kalayuan sa amin. Nagtago sa banyo ang isang babaeng naninirahan sa isang mobile home para makaligtas. Nagsimulang umalog ang mobile home. Lumipas ang ilang sandali. Pagkatapos ay narinig niya ang boses ng kanyang kapitbahay:

“Narito ako sa harapan.” Paglabas niya ng banyo, laking gulat niya nang makitang binuhat at tinangay ng buhawi ang kanyang mobile home, at inilapag ito nang patihaya sa ibabaw ng mobile home ng kapitbahay niya.

Mga kaibigan kong kabataan, hindi magiging payapa ang mundo habang palapit tayo nang palapit sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ipinahayag sa mga banal na kasulatan na “lahat ng bagay ay magkakagulo.”<sup>1</sup> Sabi ni Brigham Young, “Inihayag sa akin sa pagsisimula ng Simbahang ito, na ang Simbahan ay lalaganap, uunlad, lalago at lalawak, at na ayon sa paglaganap ng Ebanghelyo sa mga bansa ng daigdig, mag-iibayo rin ang kapangyarihan ni Satanas.”<sup>2</sup>

Ang mas nakapag-aalala kaysa mga ipinropesiyang lindol at digmaan<sup>3</sup> ay ang mga espirituwal na buhawi na maaaring bumunot sa inyo mula sa inyong mga espirituwal na pundasyon at ilapag ang inyong kaluluwa sa mga sitwasyong hindi ninyo sukat-akalain,

**Ang mga punong lumaki sa mahangning kapaligiran ay nagiging mas matatag.**

na kung minsan ay halos hindi ninyo namamalayan na naalis na pala kayo sa inyong pundasyon.

Ang pinakamalalakas na buhawing tatangay sa inyo ay ang mga tukso ng kaaway. Noon pa man ay bahagi na ng mundo ang kasalanan, ngunit ngayon lang ito naging mabilis gawin, mahirap iwaksi, at katanggap-tanggap. Mangyari pa, may isang makapangyarihang puwersang daraig sa mga buhawi ng kasalanan. Ang tawag dito ay pagsisisi.

Hindi lahat ng paghihirap sa buhay ay kayo ang may gawa. Nangyayari ang ilan dahil sa mga maling pagpili ng iba, at ang ilan ay dahil lamang sa nabubuhay tayo sa mundong ito.

Noong bata pa si Pangulong Boyd K. Packer, dinapuan siya ng malubhang sakit na polio. Noong pitong taong gulang si Elder Dallin H. Oaks, biglang namatay ang kanyang ama. Noong tinedyer pa si Sister Carol F. McConkie ng Young Women general presidency, nagdiborsyo ang kanyang mga magulang. Darating sa inyo ang mga hamon, ngunit kapag nagtiwala kayo sa Diyos, palalakasin nito ang inyong pananampalataya.

Sa [batas ng] kalikasan, ang mga punong lumalaki sa mahangning kapaligiran ay mas matibay. Kapag hinahampas ng hangin ang batang puno, may mga puwersa sa loob ng puno na gumagawa ng dalawang bagay. Una, pinasisigla nito ang mga ugat para mas mabilis itong lumago at gumapang. Ikalawa, ang mga puwersa sa puno ay nagsisimulang lumikha ng selula



na nagpapakapal sa katawan at mga sanga nito para mas makayanan ang lakas ng hangin. Ang mas matitibay na ugat at sangang ito ay pinoprotektahan ang puno mula sa mga hangin na siguradong babalik.<sup>4</sup>

Kayo ay lalong mas mahalaga sa Diyos kaysa sa isang puno. Kayo ay Kanyang anak na lalaki o babae. Ginawa Niyang malakas at matibay ang inyong espiritu laban sa mga pagsubok sa buhay. Ang mga buhawi sa inyong kabataan, tulad ng hanging humahampas sa isang batang puno, ay magpapaibayo sa inyong espirituwal na lakas, at inihahanda kayo sa darating na mga taon.

Paano ninyo pinaghahandaan ang mga buhawi sa inyong buhay? “Tandaan . . . na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, . . . ang kanyang mga palaso sa buhawi, . . . kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan . . . na hilahin kayong pababa . . . dahil sa bato kung saan kayo nakasandig.”<sup>5</sup> Ito ang magliligtas sa inyo sa buhawi.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, “Noon halos lahat ng paman-tayan ng Simbahan at ng lipunan ay magkatugma, ngayo’y may malawak na puwang sa ating pagitan, at lumalawak pa ito.”<sup>6</sup> Ang puwang na ito, para sa ilan, ay lumilikha ng matitinding espirituwal na buhawi. Magbibigay ako ng halimbawa.

Nitong nakaraang buwan ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa ay naglabas ng isang liham sa mga lider ng Simbahan sa buong mundo. Sabi sa bahagi ng liham: “Ang mga pagbabago sa batas ng tao ay hindi binabago, at hindi maaaring baguhin ang batas ng moralidad na itinatag ng Diyos. Inaasahan ng Diyos na ating aayunan at susundin ang Kanyang mga utos magkakaiba man ang opinyon o kalakaran sa lipunan. Ang Kanyang batas sa kadalisayan ng puri ay malinaw: ang seksuwal na



relasyon ay nararapat lang mamagitan sa lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas. Hinihikayat namin kayong repasuhin . . . ang doktrinang nakapaloob sa ‘Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.’”<sup>7</sup>

Bagama’t ang daigdig ay lalo pang lumalayo sa batas ng Panginoon sa kadalisayan ng puri, tayo ay hindi. Sinabi ni Pangulong Monson: “Inilarawan ng Tagapagligtas ng sangkatauhan ang Kanyang sarili bilang nasa mundo ngunit hindi makamundo. Tayo man ay magiging gayon kung tatanggihan natin ang mga maling konsepto at turo at mananatili tayong tapat sa ipinag-utos ng Diyos.”<sup>8</sup>

Bagama’t maraming pamahalaan at mabubuting tao ang nagbago ng kanilang pananaw sa kasal, ang Panginoon ay hindi. Sa simula pa lamang, pinasimulan na ng Diyos ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae—kina Adan at Eva. Itinakda Niya na ang mga layunin ng pag-aasawa ay hindi lang para magtuon sa pansariling kasiyahan ng mag-asawa, kundi ang mas mahalaga, ay magbigay ng angkop na kapaligiran para sa pagsilang, pagpapalaki, at pag-aaruga ng mga anak. Ang mga pamilya ang yaman ng langit.<sup>9</sup>

Bakit natin patuloy na pinag-uusapan ito? Tulad ng sabi ni Pablo,

“Kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita.”<sup>10</sup> Bilang mga Apostol ng Panginoong Jesucristo, responsibilidad naming ituro ang plano ng Lumikha para sa Kanyang mga anak at balaan sila sa mga ibubunga ng pagbabalewala sa Kanyang mga utos.

Kamakailan, nakausap ko ang isang Laurel na mula sa Estados Unidos. Ito ang sinabi niya sa email:

“Nitong nakaraang taon ilan sa mga kaibigan ko sa Facebook ang nag-simulang mag-post ng opinyon nila tungkol sa kasal. Marami ang pabor sa kasal ng parehong kasarian, at isinaad ng ilang kabataang LDS na ‘gusto’ nila ang mga posting. Hindi ako nagbigay ng komento.

“Nagpasiya akong ipahayag sa maingat na paraan na naniniwala ako sa tradisyunal na kasal.

“Sa profile picture ko, idinagdag ko ang caption na ‘Naniniwala ako sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.’ Agad akong nakatanggap ng mga mensahe. ‘Makasarili ka.’ ‘Mapanghusga ka.’ Ikinumpara pa ako ng isa sa isang taong may alipin. At natanggap ko ang post na ito mula sa isang matalik na kaibigan na matatag na miyembro ng Simbahan: ‘Kailangan mong tumigil sa pagiging



**Matapos ipahayag ang kanyang paniniwala sa tradisyonal na kasal, isang Laurel ang tumanggap ng ilang di-magagandang mensahe mula sa mga kaibigan.**

makaluma. Nagbabago ang lahat at dapat ay ikaw rin.’

“Hindi ako lumaban,” sabi niya, “pero hindi ko binawi ang sinabi ko.”

Sabi niya sa huli: “Kung minsan, tulad ng sabi ni Pangulong Monson, ‘Kailangan [mong] manindigang mag-isa.’ Umaasa ako na bilang mga kabataan, sama-sama tayong maninindigan sa pagiging tapat sa Diyos at sa mga turo ng Kanyang mga buhay na propeta.”<sup>11</sup>

Dapat tayong magmalasakit lalo na sa mga taong naaakit sa kapareho nila ang kasarian. Napakatindi ng pagsubok na iyan. Gusto kong iparating ang aking pagmamahal at paghanga sa mga taong buong tapang na hinaharap ang pagsubok na ito ng pananampalataya at nananatiling tapat sa mga utos ng Diyos!<sup>12</sup> Ngunit lahat, anuman ang kanilang mga pagpapasiya at paniniwala, ay nararapat sa ating kabaitan at pagsaalang-alang.<sup>13</sup>

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na mahalini hindi lamang ang ating mga kaibigan kundi pati ang mga di umaayon sa atin—maging yaong mga nagtatakwil sa atin. Sabi Niya: “Sapagka’t kung kayo’y iibig sa nangag-sisiu big lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? . . . At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa?”<sup>14</sup>

Binigyang-babala tayo ni Propetang Joseph Smith na “mag-ingat sa pagmamapuri ng inyong sarili” at pakamahalin pa ang lahat ng tao hanggang sa

madama natin na “nais natin silang pasanin.”<sup>15</sup> Sa ebanghelyo ni Jesucristo, walang lugar ang pangungutya, pang-aabuso, o paninira.

Kung may tanong kayo tungkol sa payo ng mga lider ng Simbahan, sabihin lamang nang tapatan ang inyong mga problema sa inyong mga magulang at lider. Kailangan ninyo ang lakas na dulot ng pagtitiwala sa mga propeta ng Panginoon. Sabi ni Pangulong Harold B. Lee: “Ang tanging kaligtasan natin ngayon bilang mga miyembro ng simbhang ito ay . . . matutong makinig sa mga salita at kautusan na ibibigay ng Panginoon sa Kanyang propeta. . . . May ilang bagay na mangangailangan ng pagtitiis at pananampalataya. Maaaring hindi ninyo magustuhan ang [sinasabi nila]. . . . Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa pulitika . . . sa pananaw ninyo sa lipunan . . . humadlang . . . sa inyong pakikisalamuha. Ngunit kung pakikinggan ninyo ang mga bagay na ito, na tila nagmula mismo sa bibig ng Panginoon, . . . ‘ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananag laban sa inyo . . . at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo . . .’ (D at T 21:6).”<sup>16</sup>

Ang isa pang proteksyon laban sa mga buhawi ng buhay ay ang Aklat ni Mormon.

Noong tinedyer si Pangulong Henry B. Eyring, lumipat ang kanyang pamilya sa isang bagong lungsod. Kinalungkot niya noong una ang

paglipat na iyon at ilan lang ang naging kaibigan niya. Pakiramdam niya ay hindi niya makabagayan ang mga estudyante sa kanyang paaralan. Nag-sisimulang maranasan niya ang mga buhawi ng buhay. Ano ang ginawa niya? Ibinuhos niya ang kanyang pansin sa Aklat ni Mormon, at binasa ito nang maraming beses.<sup>17</sup> Ilang taon pagkaraan, nagpatotoo si Pangulong Eyring: “[Gustung-gusto] kong balik-balikan ang Aklat ni Mormon at madalas na matuto mula rito.”<sup>18</sup> “[Ito] ang pinakamakapangyarihang nakasulat na patotoo sa atin na si Jesus ang Cristo.”<sup>19</sup>

Binigyan na kayo ng Panginoon ng isa pang paraan para manatiling matatag, isang espirituwal na kaloob na mas makapangyarihan kaysa sa mga buhawi ng kaaway! Sinabi Niya, “Tumayo . . . sa mga banal na lugar, at huwag matinag.”<sup>20</sup>

Noong tinedyer pa ako, 13 lang ang templo ng Simbahan. Ngayon ay 142 na. Walumpu’t limang porsiyento ng mga miyembro ng Simbahan ang nakatira sa loob ng 200 milya (320 km) mula sa isang templo. Mas inilapit ng Panginoon ang inyong henerasyon sa Kanyang mga banal na templo kaysa iba pang henerasyon sa kasaysayan ng mundo.

Nakapasok na ba kayo sa loob ng templo, na nakaputing damit, at naghihintay na magsagawa ng pagbibinyag? Ano ang nadama ninyo? Matindi ang mararamdamang kabanalan sa templo. Ang kapayapaan ng Tagapagligtas ay





dinadaig ang umiikot na mga buhawi ng mundo.

Ang nadarama ninyo sa templo ay huwaran ng nais ninyong madama sa buhay ninyo.<sup>21</sup>

Hanapin ang inyong mga lolo't lola at malalayong pinsan na naunang nabuhay kaysa sa inyo. Dalhin ninyo ang kanilang mga pangalan sa templo.<sup>22</sup> Kapag nalaman ninyo ang tungkol sa inyong mga ninuno, makikita ninyo ang mga huwaran ng buhay, pag-aasawa, mga anak, kabutihan; at paminsan-minsan ay mga bagay na nanaisin ninyong iwasan.<sup>23</sup>

Kalaunan sa templo malalaman ninyo ang iba pa tungkol sa Paglikha ng mundo, tungkol sa mga huwaran sa buhay nina Adan at Eva, at higit sa lahat, tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Mga kapatid kong kabataan, mahal namin kayo, hinahangaan, at ipinagdarasal. Huwag kayong magpahila pababa sa mga buhawi ng pagsubok. Ito ang inyong panahon—ang manatiling matatag bilang mga disipulo ng Panginoong Jesucristo.<sup>24</sup>

Itayo nang mas matatag ang inyong pundasyon sa bato na inyong Manunubos.

Pahalagahan pa nang lubusan ang Kanyang walang-kapantay na buhay at mga turo.

Mas masigasig na tularan ang Kanyang halimbawa at sundin ang Kanyang mga utos.

Tanggapin pang lalo ang Kanyang pagmamahal, ang Kanyang awa at

biyaya, at ang makapangyarihang mga kaloob ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Kapag ginawa ninyo ito, ipinapanngako ko na makikita ninyo ang tunay na anyo ng mga buhawi ng buhay—mga pagsubok, tukso, panggagam-bala, o mga hamon upang tulungan kayong umunlad. At kapag namuhay kayo nang matwid sa paglipas ng mga taon, tinitiyak ko sa inyo na muli't muling pagtitibayin sa inyo ng inyong mga karanasan na si Jesus ang Cristo. Ang espirituwal na bato sa ilalim ng inyong mga paa ay magiging matibay at matatag. Magagalak kayo na inilagay kayo ng Diyos dito sa mundong ito upang maging bahagi ng huling mga paghahanda para sa maluwalhatang pagbabalik ni Cristo.

Sabi ng Tagapagligtas, “Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako’y paririto sa inyo.”<sup>25</sup> Ito ang Kanyang pangako sa inyo. Alam ko na ang pangakong ito ay totoo. Alam ko na Siya ay buhay, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 88:91.
2. *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe (1954), 72.
3. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito,” *Liahona*, Mayo 2004, 7–10.
4. Tingnan sa A. Stokes, A. H. Fitter, at M. P. Coultts, “Responses of Young Trees to Wind and Shading: Effects on Root Architecture,” *Journal of Experimental Botany*, tomo 46, blg. 290 (Set. 1995), 1139–46.
5. Helaman 5:12.
6. Thomas S. Monson, “Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2011, 66.
7. Liham ng Unang Panguluhan, Mar. 6, 2014; tingnan din sa David A. Bednar,

- “Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis,” *Liahona*, Mayo 2013, 41–44; Dallin H. Oaks, “Walang Ibang mga Diyos,” *Liahona*, Nob. 2013, 72–75; *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 35–37.
8. Thomas S. Monson, *Liahona*, Mayo 2011, 67.
  9. Sabi ni Elder Russell M. Nelson: “Ang kasal ang pinagmumulan ng kaayusan sa lipunan. . . . Ang pagsasamang iyon ay hindi lang sa pagitan ng lalaki at babae; ka-tuwang nila rito ang Diyos” (“Pangangalaga sa Kasal,” *Liahona*, Mayo 2006, 36–37). Tingnan din sa Mateo 19:5–6.
  10. II Mga Taga Corinto 4:18.
  11. Personal na liham at pag-uusap, Mar. 17, 2014; tingnan din sa Thomas S. Monson, “Tapang na Manindigang Mag-isa,” *Liahona*, Nob. 2011, 60–67.
  12. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Pagtulong sa mga Taong May Problema sa Pagkaakit sa Kanilang Kapwa Lalaki at Kapwa Babae,” *Liahona*, Okt. 2007, 40–43.
  13. Kahit hinangad ng anti-Kristong si Korihor na sirain ang pananampalataya ng mga tao, pinrotektahan siya ng mga batas ng Diyos laban sa legal o pisikal na pararusahan: “Walang batas laban sa paniniwala ng isang tao; sapagkat mahigpit itong sumasalungat sa mga utos ng Diyos na magkaroon ng isang batas na makapaglalagay sa mga tao sa di pantay na katayuan. . . . Kung nais ng isang tao na maglingkod sa Diyos, ito ay kanyang pribilehiyo; . . . subalit kung hindi siya naniniwala sa kanya ay walang batas upang siya’y parusahan” (Alma 30:7, 9). Nakasaad sa ikalabing-isang saligan ng pananampalataya na, “Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayong ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.”
  14. Mateo 5:46–47.
  15. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 501, 503.
  16. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2001), 100; tingnan din sa Robert D. Hales, “Pangkalahatang Kumpe-rensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo,” *Liahona*, Nob. 2013, 6–8.
  17. Tingnan sa Robert I. Eaton at Henry J. Eyring, *I Will Lead You Along: The Life of Henry B. Eyring* (2013), 40.
  18. Henry B. Eyring, *Choose Higher Ground* (2013), 38.
  19. Henry B. Eyring, *To Draw Closer to God* (1997), 118.
  20. Doktrina at mga Tipan 87:8; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:32.
  21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 52:14.
  22. Tingnan sa Neil L. Andersen, “Find Our Cousins!” (mensaheng ibinigay sa RootsTech 2014 Family History Conference, Peb. 8, 2014); lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/find-our-cousins.
  23. Tingnan sa David A. Bednar, “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona*, Nob. 2011, 24–27.
  24. Tingnan sa Helaman 7:9.
  25. Juan 14:18.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Isang Walang-Katumbas na Pamana ng Pag-asa

*Kapag ipinasiya ninyong gawin o sundin ang isang tipan sa Diyos, ipinapasiya ninyong mag-iwan ng pamana ng pag-asa sa mga taong maaaring sumunod sa inyong halimbawa.*

Mahal kong mga kapatid, ang ilan sa inyo ay inanyayahan sa pulong na ito ng mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Maaaring naanyayahan na kayo ng mga missionary na ito na magpasiyang makipagtipan sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapabinyag.

Ang iba sa inyo ay nakikinig dahil tinanggap ninyo ang paanyaya ng isang magulang, isang maybahay, o marahil ng isang anak, sa pag-asang magpapasiya kayong gawing sentro muli ng inyong buhay ang mga tipang ginawa ninyo sa Diyos. Ang ilan sa inyo na nakikinig ay nagpasiya nang bumalik upang sundan ang Tagapagligtas at nadarama ngayon ang galak ng Kanyang pagtanggap.

Sino man kayo at saanman kayo naroon, nasa mga kamay ninyo ang kaligayahan ng mas marami pang tao kaysa inaakala ninyo. Araw-araw at oras-oras ay maipapasiya ninyong gumawa o tumupad ng isang tipan sa Diyos.

Saanman kayo naroon sa landas para magmana ng kaloob na buhay na walang hanggan, may pagkakataon kayong ipakita sa maraming tao ang landas tungo sa mas malaking kaligayahan. Kapag ipinasiya ninyong gawin o sundin ang isang tipan sa Diyos, ipinapasiya ninyong mag-iwan ng pamana ng pag-asa sa mga taong maaaring sumunod sa inyong halimbawa.

Kayo at ako ay biniyayaang mapangakuan ng gayong pamana. Utang-na-loob ko ang malaking bahagi ng kaligayahan ko sa buhay sa isang lalaking hindi ko nakilala sa buhay na ito. Isa siyang ulila na naging isa sa aking mga lolo-sa-tuhod. Iniwanan niya ako ng walang-katumbas na pamana ng pag-asa. Sasabihin ko sa inyo ang ilan sa mga ginampanan niyang papel sa paglikha ng pamanang iyon para sa akin.

Ang pangalan niya ay Heinrich Eyring. Isinilang siyang napakayaman. Ang kanyang amang si Edward ay may malaking lupain sa Coburg, na ngayon

ay Germany na. Ang kanyang ina ay si Viscountess Charlotte Von Blomberg. Ang kanyang ama ang katiwala sa mga lupain ng hari ng Prussia.

Si Heinrich ang panganay na anak na lalaki nina Charlotte at Edward. Namatay si Charlotte sa edad na 31, matapos isilang ang pangatlong anak niya. Namatay kaagad si Edward pagkatapos niyon, at naubos ang lahat ng ari-arian at kayamanan niya sa isang bigong pamumuhunan. Siya'y 40 taong gulang lang noon. Naulila niya ang tatlong anak.

Si Heinrich, na aking lolo-sa-tuhod, ay nawalan ng mga magulang at malaking kayamanan. Wala siyang kapera-pera. Isinulat niya sa kanyang journal na nadama niya na ang pinakamalaking pag-asa niya ay ang pagpunta sa Amerika. Bagama't wala siyang pamilya ni mga kaibigan doon, nakadama siya ng pag-asa tungkol sa pagpunta sa Amerika. Una siyang nagpunta sa New York City. Pagkatapos ay lumipat siya sa St. Louis, Missouri.

Sa St. Louis, ang isa sa mga katabaho niya ay Banal sa mga Huling Araw. Binigyan siya nito ng kopya ng isang polyetong isinulat ni Elder Parley P. Pratt. Binasa niya ito at saka pinag-aralan ang bawat materyal na nakita niya tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ipinagdasal niyang malaman kung tunay ngang may mga anghel na nagpakita sa mga tao, kung may buhay na propeta, at kung natagpuan na niya ang tunay at inihayag na relihiyon.

Makalipas ang dalawang buwan ng masusing pag-aaral at panalangin, nanaginip si Heinrich kung saan sinabihan siya na bibinyagan siya. Isang lalaki na ang pangalan at priesthood ay sagrado sa alaala ko, si Elder William Brown, ang magsasagawa ng ordenansa. Si Heinrich ay bininyagan sa isang tangke ng tubig-ulan noong Marso 11, 1855, sa ganap na alas-7:30 ng umaga.

Naniniwala ako na alam ni Heinrich Eyring noon na ang itinuturo ko sa inyo ngayon ay totoo. Alam niya na ang kaligayahan ng buhay na walang hanggan ay nagmumula sa mga ugnayan ng pamilya na magpapatuloy





bilang pamana ang kanyang halimbawa na manatiling tapat sa kanyang misyon sa loob ng anim na taon sa tinatawag noon na Indian Territories. Para ma-release mula sa kanyang misyon, naglakad siya at nakisabay sa mga naglalakbay sa bagon mula Oklahoma hanggang Salt Lake City, na tinatayang 1,100 milya (1,770 km) ang layo.

Pagkatapos niyon agad siyang pina-lipat ng propeta ng Diyos sa katimugang Utah. Mula roon tinanggap niya ang isa pang tawag na magmisyon sa kanyang inang-bayang Germany. Pagkatapos ay tinanggap niya ang paanyaya ng Apostol ng Panginoong Jesucristo na tumulong sa pagtatayo ng mga kolonya ng mga Banal sa mga Huling Araw sa hilagang Mexico. Mula roon ay muli siyang tinawag na maging full-time missionary sa Mexico City. Ginampanan niya ang mga tungkuling iyon. Nakalibing siya sa isang maliit na sementeryo sa Colonia Juárez, Chihuahua, Mexico.

Hindi ko ikinukuwento ang mga pangyayaring ito para ipamalita na pambihira siya o ang kanyang ginawa o dahil espesyal ang kanyang mga inapo. Ikinukuwento ko ang mga pangyayaring iyon para purihin ang kanyang halimbawa ng pananampalataya at pag-asang nasa puso niya.

Tinanggap niya ang mga tungkuling iyon dahil sa kanyang pananampalataya na ang nabuhay na mag-uling Cristo at ang ating Ama sa Langit ay nagpakita kay Joseph Smith sa isang kakahuyan sa estado ng New York. Tinanggap niya ang mga ito dahil nanampalataya siya na ang mga susi ng priesthood sa Simbahan ng Panginoon ay naipanumbalik na may kapangyarihang ibuklod ang mga pamilya magpakailanman, kung may sapat na pananampalataya silang tuparin ang kanilang mga tipan.

Tulad ni Heinrich Eyring, na aking ninuno, maaaring kayo ang manguna sa inyong pamilya sa daan tungo sa buhay na walang-hanggan sa landas ng mga sagradong tipan na ginawa at tinupad nang may kasigasigan at pananampalataya. Bawat tipan ay may kaakibat na mga tungkulin at pangako. Para sa ating lahat, tulad noon

magpakailanman. Kahit kamakailan lang niya nalaman ang plano ng kaligayahan ng Panginoon, nalaman niya na ang pag-asa niyang makamtan ang walang-hanggan kagalakan ay nakasalalay sa malayang pagpapasiya ng iba na sundan ang kanyang halimbawa. Ang kanyang pag-asa na lumigaya nang walang hanggan ay nakasalalay sa mga taong hindi pa isinisilang.

Bilang bahagi ng pamana ng pag-asa ng aming pamilya, nag-iwan siya ng journal sa kanyang mga inapo.

Sa journal na iyon ay nadarama ko ang kanyang pagmamahal para sa amin na susunod sa kanya. Sa kanyang mga salita nadarama ko ang kanyang pag-asa na maaaring ipasiya ng kanyang mga inapo na sundan siya sa landas pabalik sa ating tahanan sa langit. Alam niya na hindi iyon resulta ng iisang pagpapasiya kundi ng maraming maliliit

na pagpapasiya. Babanggit ako mula sa kanyang journal:

“Mula nang una kong marinig na magsalita si Elder Andrus . . . lagi na akong dumadalo sa mga pulong ng mga Banal sa mga Huling Araw at bihirang-bihira talaga akong lumiban sa pulong, dahil tungkulin kong dumalo roon.

“Isinusulat ko ito sa aking journal para matularan ng mga anak ko ang aking halimbawa at hindi nila makaligtaan kailanman ang . . . mahalagang tungkuling ito na [makipagtipon] sa mga Banal.”<sup>1</sup>

Alam ni Heinrich na mapapanibago natin sa mga sacrament meeting ang ating pangako na laging alalahanin ang Tagapagligtas nang mapasaatin ang Kanyang Espiritu.

Ang Espiritung iyon ang nagtaguyod sa kanya sa misyon kung saan tinawag siya ilang buwan lang matapos tanggapin ang tipan sa binyag. Iniwan niya

kay Heinrich, ang mga tungkuling iyon ay simple kung minsan ngunit kadalasan ay mahirap. Ngunit alalahanin, ang mga tungkulin ay kailangang maging mahirap kung minsan dahil ang layunin ng mga ito ay isulong tayo sa landas upang mabuhay bilang mga pamilya magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

Tandaan ninyo ang mga salita mula sa aklat ni Abraham:

“At may isang nakatayo sa kanila na tulad ng Diyos, at kanyang sinabi sa mga yaong kasama niya: Bababa tayo, sapagkat may puwang doon, at tayo ay magdadala ng mga sangkap na ito, at tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila makapaninirahan;

“At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos;

“At sila na mga nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay mada-ragdagan; at sila na mga hindi nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay hindi magtatamo ng kaluwalhatian sa yaon ding kaharian na kasama ng mga yaong nakapanatili sa kanilang unang kalagayan; at sila na nakapanatili sa kanilang ikalawang kalagayan ay magtatamo ng kaluwalhati-ang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan.”<sup>2</sup>

Ang pagpapanatili ng ating ikalawang kalagayan ay nakasalalay sa pakikipagtipan natin sa Diyos at sa tapat na pagganap sa mga tungkuling ipinagagawa nito sa atin. Kailangang manampalataya kay Jesucristo bilang ating Tagapagligtas upang matupad ang mga sagradong tipan habambuhay.

Dahil nahulog nga sina Eva at Adan, mga tukso, pagsubok, at kamatayan ang pamana sa ating lahat. Gayunman, ipinagkaloob sa atin ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo bilang ating Tagapagligtas. Ang dakilang kaloob at pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay may hatid na pamana sa lahat: ang pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli at ang posibilidad ng buhay na walang hanggan sa lahat ng isinisilang.

Ang pinakadakila sa lahat ng mga pagpapala ng Diyos, ang buhay na walang hanggan, ay darating lamang sa atin kapag gumawa tayo ng mga tipan sa tunay na Simbahan ni Jesucristo sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod. Dahil sa Pagkahulog, kailangan nating lahat ang nakalilinis na mga epekto ng binyag at ng pagpapatong ng mga kamay para matanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Ang mga ordenansang ito ay kailangang isagawa ng mga taong maytaglay ng wastong awtoridad ng priesthood. Sa gayon, sa tulong ng Liwanag ni Cristo at ng Espiritu Santo, matutupad natin ang lahat ng tipang ginawa natin sa Diyos, lalo na ang mga tipan na iniaalay sa Kanyang mga templo. Tanging sa ganyang paraan, at sa tulong na iyon, maaaring maangkin ninuman ang kanyang nararapat na pamana bilang anak ng Diyos sa isang pamilya magpakailanman.

Sa ilan na nakikinig sa akin, mukhang halos wala nang pag-asa ang pangarap na iyan.

Nakita na ninyo ang dalamhati ng matatapat na magulang sa mga anak na tumanggi o nagpasiyang labagin ang kanilang mga tipan sa Diyos. Ngunit maaaring mapanatag at magkaroon ng pag-asa ang mga magulang na iyon sa mga karanasan ng ibang magulang.

Ang anak ni Alma at mga anak ni Haring Mosias ay bumalik mula sa matinding paghihimagsik laban sa mga tipan at kautusan ng Diyos. Nakita ni Nakababatang Alma ang kanyang makasalanang anak na si Corianton na naging tapat sa paglilingkod. Nakatalarin sa Aklat ni Mormon ang himala ng mga Lamanita na isinantabi ang mga tradisyon ng pagkapoot sa kabutihan at nakipagtipan na mamatay para mapanatili ang kapayapaan.

Isang anghel ang isinugo sa batang si Alma at sa mga anak ni Mosias. Dumating ang anghel dahil sa panampalataya at mga panalangin ng kanilang mga ama at ng mga tao ng Diyos. Mula sa mga halimbawang ito ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na baguhin ang puso ng mga tao, makatatanggap kayo ng lakas-ng-loob at kapanatagan.

Ibinigay sa atin ng Panginoon ang lahat ng mapagkukunan ng pag-asa sa pagsisikap nating tulongan ang mga mahal natin na matanggap ang kanilang walang-hanggan pamana. Gumawa Siya ng mga pangako sa atin sa patuloy nating pagsisikap na tipunin ang mga tao sa Kanya, kahit tanggihan nila ang Kanyang paanya-ang gawin iyon. Nalulungkot Siya sa kanilang pagtanggap, ngunit hindi Siya sumusuko, at hindi rin tayo dapat sumuko. Ipinakita Niya sa atin ang perpektong halimbawa ng Kanyang masugid na pagmamahal: “At muli, gaano kadalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, oo, O kayong mga tao ng sambahayan ni Israel, na nahulog; oo, O kayong mga tao ng sambahayan ni Israel, kayong naninirahan sa Jerusalem, na tulad ninyong nahulog; oo, kaydalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw, at tumanggap kayo.”<sup>3</sup>

Makakaasa tayo sa walang-maliw na hangaring iyon ng Tagapagligtas na ibalik ang lahat ng espiritung anak ng Ama sa Langit sa kanilang tahanan sa piling Niya. Bawat matapat na magulang, lolo’t lola, at mga lolo- at lola-sa-tuhod ay ganyan ang hangarin. Ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas ang ating mga perpektong halimbawa ng maaari at kailangan nating gawin. Hindi nila kailanman ipipilit ang kabutihan dahil ang kabutihan ay kailangang piliin. Ipinadarama Nila sa atin ang kabutihan, at hinahayaan Nilang makita natin na masarap ang mga bunga nito.

Bawat taong isinilang sa mundo ay tumatanggap ng Liwanag ni Cristo, na tumutulong upang makita at madama natin ang tama at mali. Nagpadala ang Diyos ng mga mortal na lingkod na tutulong sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na malaman ang nais Niyang ipagawa sa atin at kung ano ang ipinagbabawal Niya. Gina-gawang kaakit-akit ng Diyos na piliin ang tama sa pagpapadama sa atin ng mga epekto ng ating mga pagpili. Kung pipiliin natin ang tama, liligaya

tayo—pagdating ng panahon. Kung pipiliin natin ang masama, darating ang kalungkutan at panghihinayang—pagdating ng panahon. Tiyak na madarama ang mga epektong ito. Gayunman kadalasan ay naaantala ito dahil sa isang layunin. Kung agarang darating ang mga biyaya, ang pagpili ng tama ay hindi magpapalakas ng pananampalataya. At dahil kung minsan ay lubha ring natatagalan ang kalungkutan, kailangan ng pananampalataya para madama na kailangang ihingi kaagad ng tawad ang kasalanan sa halip na pagkatapos nating madama ang lungkot at pait na dulot nito.

Nalungkot si Amang Lehi sa mga pagpiling ginawa ng ilan sa kanyang mga anak na lalaki at kanilang mga pamilya. Isa siyang dakila at mabuting tao—isang propeta ng Diyos. Madalas siyang nagpapatotoo noon sa kanila tungkol sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Isa siyang halimbawa ng pagsunod at paglilingkod nang utusan siya ng Panginoon na talikuran ang lahat ng kanyang makamundong ari-arian para iligtas ang kanyang pamilya mula sa kapahamakan. Sa huling sandali ng kanyang buhay, nagpapatotoo pa rin siya sa kanyang mga anak. Gaya ng Tagapagligtas—at sa kabila ng kapangyarihan niyang mahiwatigan ang nilalaman ng kanilang puso at makita kapwa ang malungkot at ang kagila-gilalas na hinaharap—nanatiling nakaunat ang mga bisig ni Lehi upang anyayahan ang kanyang pamilya tungo sa kaligtasan.

Ngayon milyun-milyon sa mga inapo ni Amang Lehi ang nagpapakitang tama ang inasahan niya sa kanila.

Ano ang magagawa natin para matuto mula sa halimbawa ni Lehi? Matututo tayo mula sa kanyang halimbawa sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan nang may panalangin at sa pagmamaisid.

Iminumungkahi ko na tingnan ninyo kapwa ang panandalian at ang pangmatagalang epekto sa pagsisikap ninyong magpamana ng pag-asa sa inyong pamilya. Hindi magtatagal, magkakaroon ng mga problema at tutuksuhin tayo ni Satanas. At may mga bagay na matiyagang hihintayin,



nang may pananampalataya, batid na kumikilos ang Panginoon sa Kanyang sariling takdang panahon at sa sarili Niyang paraan.

May mga bagay kayong magagawa nang maaga, habang bata pa ang mga mahal ninyo sa buhay. Tandaan na ang araw-araw na panalangin ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagbabahagi ng ating patotoo sa sacrament meeting ay mas madali at mas mabisa habang bata pa ang ating mga anak. Ang mga batang musmos ay madalas na mas sensitibo sa Espiritu kaysa inaakala natin.

Pagtanda nila, maaalala nila ang mga himnong kinanta nila na kasama kayo. Higit pa sa pag-alala sa musika, maaalala nila ang mga salita sa banal na kasulatan at patotoo. Maipapaalala sa kanila ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay, ngunit ang mga salita sa banal na kasulatan at mga himno ay mas magtatagal. Ang mga alaalang iyon ang hahatak sa kanila pabalik kapag pansamantala silang nalihis ng landas, marahil nang ilang taon, pauwi sa buhay na walang hanggan.

Kakailanganin natin ang pangmatagalang pananaw kapag nadama ng mga mahal natin sa buhay na tila nadarraig ng hatak ng mundo at ulap ng pag-aalinlangan ang kanilang pananampalataya. Mayroon tayong pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa na gagabay sa atin at magpapalakas sa kanila.

Nakita ko na iyan noong maging tagapayo ako sa dalawang buhay

na propeta ng Diyos. Sila'y mga indibiduwal na may kani-kanyang personalidad. Subalit tila parehong maganda ang kanilang pananaw. Kapag ipinaalam ng isang tao ang isang problema tungkol sa Simbahan, ang pinakamadulas nilang tugon ay "Ah, maaayos din ang lahat." Karaniwan ay mas marami silang alam tungkol sa problema kaysa sa mga taong nag-aalala tungkol dito.

Alam din nila ang paraan ng Panginoon, kaya lagi silang umaasa tungkol sa Kanyang kaharian. Alam nila na Siya ang pinuno nito. Siya ang makapangyarihan sa lahat at nagmamalasakit Siya. Kung hahayaan ninyong Siya ang mamuno sa inyong pamilya, maaayos ang lahat.

Ang ilan sa mga inapo ni Heinrich Eyring ay tila nalihis ng landas. Ngunit marami sa kanyang mga kaapuhan ang nagpupunta sa mga templo ng Diyos nang alas-6:00 ng umaga para magsagawa ng mga ordenansa para sa mga ninunong hindi pa nila nakikilala. Humahayo sila dahil sa pamana ng pag-asa na kanyang iniwan. Nag-iwan siya ng isang pamanang inaangkin ng marami sa kanyang mga inapo.

Matapos ang lahat ng magagawa natin nang may pananampalataya, bibigyang-katwiran ng Panginoon ang ating mga pag-asa sa mas dakilang mga pagpapala para sa ating mga pamilya kaysa inaakala natin. Nais Niya ang pinakamainam para sa kanila at sa atin, bilang Kanyang mga anak.

Tayong lahat ay mga anak ng isang buhay na Diyos. Si Jesus ng Nazaret ang Kanyang Pinakamamahahal na Anak at ating nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. Ito ang Kanyang Simbahan. Narito ang mga susi ng priesthood, kaya ang mga pamilya ay maaaring maging walang hanggan. Ito ang ating walang-katumbas na pamana ng pag-asa. Pinatotohanan ko na ito ay totoo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Henry Eyring reminiscences, 1896, typescript, Church History Library, 16–21.
2. Abraham 3:24–26.
3. 3 Nephi 10:5.



**Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf

bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang

Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Sa pagkakataong ito inire-release namin nang may taos na pasasalamat si Elder Tad R. Callister bilang General Authority at miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Elder Lynn G. Robbins bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing i-release namin ang sumusunod bilang mga Area Seventy, simula Mayo 1, 2014: Pedro E. Abularach, Julio A. Angulo, Victor A. Asconavieta, Duck Soo Bae, Juan C. Barros, Colin H. Bricknell, Dennis C. Brimhall, Thomas M. Cherrington, Kim B. Clark, Wynn R. Dewsnup, Rodolfo C. Franco, G. Guillermo Garcia, Julio C. González, Mauro Junot De Maria, Larry S. Kacher, David E. LeSueur, Paulo C. Loureiro, Steven J. Lund, Abraham Martinez, Hugo E. Martinez, Sergey N. Mikulin, Christopher B. Munday, Hirofumi Nakatsuka, Chikao Oishi, Alejandro S. Patanía, Renato M. Petla, Anatoly K. Reshetnikov, Jonathan C. Roberts, J. Craig Rowe, Robert B. Smith,



**Washington, Utah, USA**



Warren G. Tate, Hesbon O. Usi, Taniela B. Wakolo, Randy W. Wilkinson, at Chi Hong (Sam) Wong.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release namin nang may pasasalamat sina Brother Russell T. Osguthorpe, David M. McConkie, at Matthew O. Richardson bilang Sunday School general presidency.

Inire-release din namin ang lahat ng mga miyembro ng Sunday School general board.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pagpapakita ng pasasalamat sa mga kapatid na ito para sa kanilang kahanga-hangang paglilingkod at kapatatan, mangyaring ipakita ito.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Chi Hong (Sam) Wong at Jörg Klebingat, at bilang mga bagong miyembro ng Ikalawang Korum ng Pitumpu sina Larry S. Kacher at Hugo E. Martinez.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Julio Cesar Acosta, Blake R. Alder, Alain C. Allard, Taiichi Aoba, Carlos F. Arredondo, Vladimir N. Astashov, Jorge T. Becerra, Michael H. Bourne, Romulo V. Cabrera, Jose Claudio F. Campos, Nicolas Castañeda,

Walter Chatora, Fook Chuen Zeno Chow, J. Kevin Ence, K. Mark Frost, Mauricio G. Gonzaga, Leonard D. Greer, Jose Isaguirre, Michael R. Jensen, Adolf Johan Johansson, Tae Gul Jung, Wisit Khanakham, Serhii A. Kovalov, Sergio Krasnoselsky, Milan F. Kunz, Bryan R. Larsen, Geraldo Lima, W. Jean-Pierre Lono, Tasara Makasi, Khumbulani Mdletshe, Dale H. Munk, Eduardo A. Norambuena, Yutaka Onda, Raimundo Pacheco De Pinho, Marco Antonio Rais, Steven K. Randall, R. Scott Runia, Alexey V. Samaykin, Edwin A. Sexton, Raul H. Spitale, Carlos Walter Treviño, at Juan A. Urra.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Tad R. Callister bilang pangkalahatang pangulo ng Sunday School, kasama sina John S. Tanner bilang unang tagapayo at Devin G. Durrant bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Sina Brother Tanner at Durrant ay kapwa kasalukuyang naglilingkod bilang mga mission president kaya wala sila rito sa Conference Center.

Magsisimula sila sa kanilang opisyal na paglilingkod sa Sunday School general presidency pagkatapos silang i-release bilang mga mission president sa Hulyo 2014.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagsang-ayon at patuloy na pananampalataya at mga dalangin para sa amin.

Inaanyayahan namin ang bagong tawag na mga General Authority na lumapit at maupo sa kanilang lugar sa harapan. ■



# Ulat ng Auditing Department ng Simbahan, 2013

**Inilahad ni Kevin R. Jergensen**

Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

**M**ahal na mga Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric—ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ginugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo alinsunod sa inaprubahang mga badyet, patakaran, at pamamaraan ng Simbahan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga lisensyadong propesyonal at hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ang may tungkuling magsagawa ng mga audit sa layon na makapagbigay ng katiyakan hinggil sa natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol,

at sa pangangalaga ng mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, naniniwala ang Church Auditing Department na, sa lahat ng materyal na aspeto, ang natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol, at ari-arian ng Simbahan para sa taong 2013 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa inaprubahang badyet ng Simbahan, mga patakaran, at angkop na mga gawain sa accounting. Sinusunod ng Simbahan ang mga itinuturo sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa kinikita, iwasan ang mangutang, at mag-impok para sa panahon ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,  
Church Auditing Department  
Kevin R. Jergensen  
Managing Director ■

# Ulat ng Estadistika, 2013

**Inilahad ni Brook P. Hales**

Kalihim sa Unang Panguluhan

**P**ara sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, ang Unang Panguluhan ay nag-isyu ng sumusunod na ulat ng estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang noong Disyembre 31, 2013.

## Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake.....	3,050
Mga Mission.....	405
Mga District.....	571
Mga Ward at Branch.....	29,253

## Bilang ng mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro.....	15,082,028
Mga Bagong Children of Record.....	115,486
Mga Convert na Nabinyagan.....	282,945


## Mga Missionary

Mga Full-Time Missionary.....	83,035
Mga Church-Service Missionary.....	24,032

## Mga Templo

Mga Templong Inilaan noong 2013, (Tegucigalpa Honduras Temple).....	1
Mga Templong Gumagana sa Pagtatapos ng Taon.....	141





**Ni Elder Russell M. Nelson**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ipakita ang Inyong Pananampalataya

*Sa bawat araw, sa inyong landas patungo sa inyong walang-hanggang tadhana, palakasin ang inyong pananampalataya. Ipahayag ang inyong pananampalataya! Ipakita ang inyong pananampalataya!*

**M**ahal kong mga kapatid, lubos ang pagmamahal at pasasalamat namin sa inyo. Nagpasalamat kami para sa tungkuling makipagtulungan sa inyo.

Sa isang biyahe sa eroplano kamakailan, ipinahayag ng piloto na makakaramdam kami ng pag-uga habang bumababa kami at na kailangang magsuot ng seat belt ang lahat ng pasahero. Tulad ng inaasahan, nagkaroon nga ng pag-uga. Talagang malakas iyon. Sa tapat ko at ilang upuan mula sa likuran ko, isang babae ang nataranta. Sa bawat nakakatakot na biglang baba at galaw ng eroplano, malakas ang tili niya. Sinikap ng asawa ng babae na panatagin siya pero walang saysay iyon. Patuloy siyang tumili hanggang sa malagpasan namin ang pag-ugang iyon at ligtas kaming makalapag. Nang matakot siya, naawa ako sa kanya. Dahil pananampalataya ang lunas sa takot, tahimik kong naisip na sana'y napalakas ko ang kanyang pananampalataya.

Kalaunan, habang palabas ng eroplano ang mga pasahero, kinausap



ako ng asawa ng babaeng ito. Sabi niya, “Pasensya na po at takot na takot ang asawa ko. Ang tanging paraan para mapanatag ko siya ay ang sabihin sa kanya na ‘Kasama natin dito si Elder Nelson, kaya huwag kang mag-alala.’”

Hindi ko tiyak kung dapat makapagbigay ng kapanatagan ang presensya ko sa eroplanong iyon, ngunit masasabi ko na ang isa sa mga katotohanan ng buhay na ito ay na susubukan at hahamunin ang ating pananampalataya. Kung minsan ang mga pagsubok na iyon ay dumarating kapag tila nasa bingit tayo ng kamataan. Para sa takot na babaeng ito, ipinakita ng matinding pag-uga ng eroplano ang isang halimbawa ng mga sandaling iyon ng pagsubok sa lakas ng ating pananampalataya.

Kapag pinag-usapan natin ang pananampalataya—ang pananampalatayang makapagpapagalaw sa mga bundok—hindi natin pinag-uusapan ang pangkaraniwang pananampalataya kundi pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay mapapalakas kapag natuto tayo tungkol sa Kanya at ipinamuhay natin ang ating relihiyon. Ang doktrina ni Jesucristo ay nilayon ng Panginoon na makapagpalakas ng ating pananampalataya. Gayunman, sa lengguaheng karaniwang gamit ngayon, ang salitang *relihiyon* ay maaaring iba't iba ang kahulugan sa iba't ibang tao.

Ang literal na kahulugan ng salitang *relihiyon* ay “italing muli” o “ibigkis na muli” sa Diyos.<sup>1</sup> Maaari nating itanong sa ating sarili, matibay kaya tayong nakabigkis sa Diyos sa paraan na nakikita ang ating pananampalataya, o nakatali pala tayo sa ibang bagay? Halimbawa, nakarinig ako ng mga pag-uusap noong Lunes ng umaga tungkol sa professional athletic games na naganap noong sinundang Linggo. Para sa ilan sa mga tagahangang ito, naisip ko kung ang itinuturing lamang nilang “relihiyon” ay yaong “itatali sila” sa gustung-gusto nilang isport.

Maitatanong natin sa ating sarili, nasaan ang ating pananampalataya? Nasa isang koponan ba? Sa isang brand? Sa isang artista? Kahit ang pinakamahuusay na koponan ay natatalo. Ang mga artista ay nalalaos. Sa Isa lamang mananatiling ligtas ang inyong pananampalataya, at iyon ay sa Panginoong Jesucristo. At kailangan ninyong ipakita ang inyong pananampalataya!



Ipinahayag ng Diyos sa *una* sa Kanyang Sampung Utos, “Huwag kang magkaroon ng ibang mga dios sa harap ko.”<sup>2</sup> Sinabi rin Niya, “Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip, huwag mag-alinlangan, huwag matakot.”<sup>3</sup> Subalit napakaraming tao na napanatag lang kapag may pera sila sa bangko o ginagawa nilang huwang tutularan ang kapwa-tao nila.

Kadalasan ay sinusubukan ang pananampalataya ng mga doktor, guro, at pulitiko. Para makamit ang kanilang mga mithiin, ipapakita ba nila ang kanilang pananampalataya o itatago ito? Nakabigkis ba sila sa Diyos o sa tao?

Nasubukan ang pananampalataya ko ilang dekada na ang nakararaan nang pagsabihan ako ng isa sa mga kasamahan kong doktor nang hindi ko maihiwalay sa mga paniniwala ko sa relihiyon ang kaalaman ko sa medisina. Iniutos niya na *huwag* kong pagsamahin ang dalawa. Paano ko iyon magagawa? Ang katotohanan ay katotohanan! Hindi ito nahahati, at hindi maaaring balewalain ang anumang bahagi nito.

Nagmula man ang katotohanan sa laboratoryo ng siyensya o sa pamamagitan ng paghahayag, lahat ng katotohanan ay galing sa Diyos. Lahat ng katotohanan ay bahagi ng ebanghelyo

ni Jesucristo.<sup>4</sup> Subalit sinabihan akong itago ang aking pananampalataya. Hindi ko sinunod ang hiling ng kasamahan ko. Ipinakita ko ang aking pananampalataya!

Sa lahat ng propesyon, kailangang sumunod sa mahihigpit na pamantayan. Pinahahalagahan ng mga iskolar ang kalayaan nilang magpahayag. Ngunit ang ganap na kalayaan ay hindi mararanasan kung ang bahagi ng kaalaman ng isang tao ay “hindi tinatanggap” ng batas ng tao.

Ang espirituwal na katotohanan ay hindi maaaring balewalain—lalo na ang mga banal na utos. Ang pagsunod sa mga banal na utos ay naghahatid ng mga pagpapala, sa tuwina! Ang pagsuway sa mga banal na utos ay naghahatid ng pagkawala ng mga pagpapala, sa tuwina!<sup>5</sup>

Laganap ang mga problema sa mundong ito dahil puno ito ng mga taong hindi perpekto. Ang kanilang mga mithiin at hangarin ay lubhang naiimpluwensyahan ng kanilang pananampalataya o ng kawalan nito. Marami ang inuuna ang ibang bagay kaysa sa Diyos. Ang ilan ay sinusubok ang kahalagahan ng relihiyon sa modernong buhay. Tulad ng iba pang panahon, may mga tao pa rin ngayon na nililibak o pinupulaan ang kalayaan sa relihiyon. Sinisisi pa nga ng ilan ang

relihiyon sa maraming problema ng mundo. Katunayan, may mga pagkakataon na nagagawa ang kasamaan at kalupitan na ang idinadahilan ay relihiyon. Ngunit ang pamumuhay ayon sa dalisay na relihiyon ng Panginoon, na ibig sabihin ay pagsisikap na magiging tunay na disipulo ni Jesucristo, ay isang paraan ng pamumuhay at katapatan sa araw-araw na maglalaan ng banal na patnubay. Kapag ipinamuhay ninyo ang inyong relihiyon, nananampalataya kayo. Ipinapakita ninyo ang inyong pananampalataya.

Alam ng Panginoon na kailangang malaman ng Kanyang mga tao kung paano Siya hahanapin. “Sapagkat makipot ang pintuan,” wika Niya, “at makitid ang daan na patungo sa . . . kadakilaan . . . , at kakaunti ang makakasampung noon.”<sup>6</sup>

Ang mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng isa sa pinakamainam na paraan para mahanap ang daan at manatili rito. Ang kaalaman sa banal na kasulatan ay nagbibigay rin ng proteksyon. Halimbawa, sa lahat ng panahon, ang mga impeksyon gaya ng “childbirth fever” ang dahilan ng pagkamatay ng maraming walang-malay na mga ina at sanggol. Subalit may wastong tuntunin sa Lumang Tipan para sa pangangalaga sa nahawang pasyente, na mahigit 3,000 taon nang



isinulat!<sup>7</sup> Maraming tao ang nasawi dahil hindi sinunod ng tao ang salita ng Panginoon sa paghahanap nila ng karunungan!

Mahal kong mga kapatid, ano ang kulang sa ating buhay kung tayo ay “laging nagsisipagalar, [ngunit] kailan pa man ay hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan?”<sup>8</sup> Magtatamo tayo ng malaking kaalaman mula sa mga banal na kasulatan at magkakaroon tayo ng inspirasyon sa pamamagitan ng pagdarasal nang may pananampalataya.

Ang paggawa nito ay tutulong sa ating mga pagpapasiya bawat araw. Lalo na kapag nililikha at ipinatutupad ang mga batas ng tao, mga batas ng Diyos dapat ang lagi nating pamantayan. Kapag naharap tayo sa mahihirap na problema, dapat muna nating hangarin ang patnubay ng Diyos.

Dapat nating “ihalintulad sa atin ang lahat ng banal na kasulatan, . . . para sa ating kapakinabangan at kaalaman.”<sup>9</sup> Nakaabang ang panganib kapag sinasabi natin sa ating sarili ang mga katagang “pribado kong buhay” o maging ang “pinakamaganda kong ugali.” Kapag ang isang tao ay may hayag at tagong katauhan, hindi siya kailanman magiging lubos na tapat—hindi kailanman siya magiging lubos na *totoo* sa kanyang sarili.

Ang tuksong maging popular ay maaaring humantong sa higit na pakikinig sa opinyon ng tao kaysa sa salita ng Diyos. Ang mga kampanya sa pulitika at istrategiya sa negosyo ay kadalasang gumagamit ng opinyon ng publiko para makabuo ng kanilang plano. Ang resulta ng mga opinyong iyon ay puno ng impormasyon. *Ngunit* hindi ito magagamit na dahilan para pangatwiran ang pagsuway sa mga utos ng Diyos. Kahit “ginagawa pa iyan ng lahat,” ang mali ay hindi kailanman naging tama. Ang kasamaan, kamalian, at kadiliman ay hindi kailanman magiging katotohanan, kahit na popular pa ito. Ganito ang babala sa banal na kasulatan: “Sa aba nila na nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim.”<sup>10</sup>

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, isang mahalay na kanta ang naging popular. Sa pagtataguyod ng imoralidad, tiniyak nito na 50 milyong katao ang hindi magkakamali. Ngunit ang totoo, 50 milyong katao ang *maaaring* maging mali—talagang mali. Ang imoralidad ay imoralidad pa rin sa mata ng Diyos, na siyang hahatol balang-araw sa lahat ng ating mga gawa at hangarin.<sup>11</sup>

Ikumpara ang takot at kawalan ng pananampalataya na laganap sa mundo ngayon sa pananampalataya at katapangan ng aking mahal na anak na si Emily, na ngayon ay nasa kabilang-buhay na. Sa nalalapit niyang paglisan sa kanyang katawang puno na ng kanser, halos hindi na siya makapagsalita. Ngunit may ngiti sa kanyang labi na sinabi niya sa akin, “Itay, huwag po kayong mag-alala sa akin. Alam ko pong magiging maayos ako!” Nakita ang pananampalataya ni Emily—kitang-kita—sa nakaaantig na sandali iyon, kung kailan kailangang-kailangan namin iyon.

Ang maganda at batang inang ito na may limang anak ay lubos ang pananampalataya sa Ama sa Langit, sa Kanyang plano, at walang-hanggang kapakanan ng kanyang pamilya. Siya

ay matatag na nakabigkis sa Diyos. Siya ay lubos na tapat sa mga tipang ginawa niya sa Panginoon at sa kanyang asawa. Mahal niya ang kanyang mga anak ngunit panatag, sa kabila ng nalalapit na pagkahiwalay sa kanila. Tiwala siya sa kanyang bukas, at sa kanila ring kinabukasan, dahil nananampalataya siya sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak.

Noong 1986, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Mangyari pa mararanasan natin ang takot, pangungutya, at oposisyon. Laksan natin ang ating loob na malabanan ang maaaring pinaniniwalaan ng maraming tao, at ating ipagtanggol ang mga alituntunin. Lakas ng loob, hindi pagkompromiso, ang ikalulugod ng Diyos. . . . Alalahanin na lahat ng tao ay may takot, ngunit yaong hinaharap ang kanilang takot nang may [pananampalataya] ay may taglay ring tapang ng loob.”<sup>12</sup>

Ang payo ni Pangulong Monson ay totoo sa lahat ng panahon! Kaya’t nakikiusap ako sa inyo, mahal kong mga kapatid: Sa bawat araw, sa inyong landas patungo sa inyong walang hanggang tadhana, palakasin ang inyong pananampalataya. Ipahayag ang inyong pananampalataya! Ipakita ninyo ang inyong pananampalataya!<sup>13</sup>



Dalangin ko na maging matibay kayo na nakabigkis sa Diyos, upang maukit ang Kanyang walang hanggang mga katotohanan sa inyong puso magpakailanman. At dalangin ko na, sa buong buhay ninyo, ay ipakita ninyo ang inyong pananampalataya! Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Sa pagsilang ng isang sanggol, ang pusod ay dobleng itinatali at pinuputol. Ang ligature ay isang tali—matibay na tali. Ang salitang *relihiyon* ay mula sa salitang ugat na Latin: *re*, na ibig sabihin ay “muli” o “bumalik sa” o *ligare*, na ibig sabihin ay “itali” o “ibigkis.” Kaya nga, nauunawaan natin na ang relihiyon ay “nagbibigkis sa mga nananalig sa Diyos.”
2. Exodo 20:3. Bukod pa rito, sinabi ng Panginoon, “Magsisi, at kayo’y magsitalikod sa inyong mga diosdiosan; at [humiwalay . . . sa lahat ninyong kasuklamsuklam]” (Ezekiel 14:6).
3. Doktrina at mga Tipan 6:36.
4. Tingnan sa Spencer W. Kimball, *The Teachings of Spencer W. Kimball*, ed. Edward L. Kimball (1982), 391.
5. Tingnan sa Mosias 2:41; Doktrina at mga Tipan 58:30–33; 82:10. Ang alituntuning ito ay totoo para sa lahat, dahil “hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao” (Mga Gawa 10:34; tingnan din sa Moroni 8:12).
6. Doktrina at mga Tipan 132:22.
7. Tingnan sa Levitico 15:13.
8. II Kay Timoteo 3:7.
9. I Nephi 19:23.
10. Isaias 5:20.
11. Itinuturo sa mga banal na kasulatan: “Lumapit sa Panginoon, sa yaong Banal. Pakatandaan na ang kanyang mga landas ay mabuti. Masdan, ang daan para sa tao ay makipot, ngunit ito’y nasa isang tuwid na daraanan sa harapan niya, at ang Banal ng Israel ang tanod ng pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon; at walang ibang daan maliban sa pasukan; sapagkat hindi siya malililang, sapagkat Panginoong Diyos ang kanyang pangalan” (2 Nephi 9:41).
12. Thomas S. Monson, “Courage Counts,” *Ensign*, Nob. 1986, 41. Sa isa pang okasyon, ito ang ibinigay na payo ni Pangulong Monson: “Upang mamuhay ng matwid, dapat tayong magkaroon ng kakayahang harapin ang problema nang may tapang, ang kabiguan nang may saya, at ang tagumpay nang may kababaang-loob. . . . Tayo ay mga anak ng buhay na Diyos, na sa kanyang larawan ay nilikha tayo. . . . Hindi natin lubos na mapanghahawakan ang malakas na pananalig na ito kapag hindi natin pinag-iibayo ang ating lakas at kakayahang, maging ang lakas na sundin ang mga utos ng Diyos, ang lakas na mapaglabanan ang mga tukso ni Satanas” (“Yellow Canaries with Gray on Their Wings,” *Ensign*, Hulyo 1973, 43).
13. “Pagkaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan” (Moroni 10:32). Huwag katakutan ang tao nang higit sa Diyos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 3:7; 59:5).



**Ni Elder Richard G. Scott**

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## “Kayo’y Binigyan Ko ng Halimbawa”

*Ang pinakadakilang halimbawang nabuhay sa mundo ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. . . . Inaanyayahan Niya tayong tularan ang Kanyang sakdal na halimbawa.*

**H**abang pinagninilayan ko ang aking tungkuling ibahagi ang ebanghelyo, naisip ko ang mga mahal ko sa buhay na dahil sa kanilang magiliw na impluwensya ay nagkaroon ako ng banal na patnubay na nakatulong sa aking espirituwal na pag-unlad. Sa mahahalagang sandali ng aking buhay, biniyayaan ako ng Ama sa Langit ng isang taong nagmalasakit sa akin nang sapat para gabayan ako sa pagpapasiya nang tama. Sinunod nila ang mga salitang ito ng Tagapagligtas: “Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo.”<sup>1</sup>

Noong bata pa ako, hindi miyembro ng Simbahan ang aking ama at di-gaanong nagsisimba ang aking ina. Nakatira kami noon sa Washington, D.C., at ang mga magulang ng aking ina ay nakatira sa estado ng Washington 2,500 milya (4,000 km) ang layo mula sa amin. Ilang buwan pagkaraan ng ikawalong kaarawan ko, lumuwas si Lola Whittle para bisitahin kami. Nag-alala si Lola na hindi pa ako nabinyagan ni ang kuya ko. Hindi ko alam ang sinabi niya sa mga magulang ko tungkol dito, ngunit alam ko na

isang umaga ay isinama niya kami ng kuya ko sa parke at sinabi sa amin ang kanyang damdamin tungkol sa kahalagahan ng mabinyagan at dumalo nang regular sa mga pulong ng Simbahan. Hindi ko maalala ang mga detalye ng sinabi niya, ngunit umantig sa puso ko ang mga salita niya, at di-nagtagal ay nabinyagan kami ng kuya ko.

Patuloy kaming sinuportahan ni Lola. Naaalala ko na tuwing maaata-san kami ng kuya ko na magsalita sa simbahan, tinatawagan namin siya para humingi ng ilang mungkahi. Sa loob lang ng ilang araw ay dumarating na ang isang sulat-kamay na mensahe mula sa koreo. Nang magtagal-tagal ang mga mungkahi niya ay napalitan ng isang outline na nangailangan ng mas malaking pagsisikap namin.

Gumamit si Lola ng sapat na lakas ng loob at paggalang para maipau-nawa sa aming ama na mahalagang ihatid niya kaming magkapatid sa simbahan para sa aming mga pulong. Sa lahat ng angkop na paraan, ipinadama niyang kailangan namin ang ebanghelyo sa aming buhay.

Higit sa lahat, alam namin na mahal kami ni Lola at mahal niya ang

ebanghelyo. Isa siyang napakabuting halimbawa! Malaki ang pasasalamat ko sa patotoong ibinahagi niya sa akin noong bata pa ako. Binago ng impluwensya niya ang direksyon ng buhay ko para sa aking walang-hanggang kabutihan.

Kalaunan, nang malapit na akong magtapos sa unibersidad, umibig ako sa isang magandang dalagang nagngangalang Jeanene Watkins. Akala ko nagsisimula na rin siyang umibig sa akin. Isang gabi habang nag-uusap kami tungkol sa hinaharap, maingat niyang binanggit sa pag-uusap namin ang isang pahayag na nagpabago sa buhay ko magpakailanman. Sabi niya, “Kapag nag-asawa ako, ikakasal ako sa templo sa isang tapat na returned missionary.”

Hindi ko gaanong naisip na magmisyon bago iyon. Nang gabing iyon ang nakahikayat sa akin na isiping magmisyon ay lubhang nagbago. Umuwi ako, at wala na akong iba pang maisip. Magdamag akong gising. Hindi ako lubos na makatuon sa pag-aaral ko kinabukasan. Matapos ang maraming panalangin nagpasiya akong kausapin ang bishop ko at simulang mag-aplay sa misyon.

Hindi hiniling sa akin ni Jeanene kailanman na magmisyon ako *para sa kanya*. Inibig niya ako nang sapat para ibahagi ang kanyang pananalig at bigyan ako ng pagkakataong piliin ang direksyon ng sarili kong buhay. Kapwa kaming nagmisyon at kalaunan ay ibinuklod kami sa templo. Ang lakas ng loob at katapatan ni Jeanene sa kanyang paniniwala ang nakagawa ng lahat ng kaibhan sa aming pagsasama. Tiyak ko na hindi kami liligaya kung hindi malakas ang kanyang pananampalataya sa alituntuning paglingkuran muna ang Panginoon. Isa siyang kahanga-hanga at mabuting halimbawa!

Sapat ang pagmamahal sa akin nina Lola Whittle at Jeanene para ibahagi ang paniniwala nila na pagpapalain ng mga ordenansa ng ebanghelyo at paglilingkod sa Ama sa Langit ang buhay ko. Walang isa man sa kanila na pumilit sa akin o nagpadama sa akin na masama akong tao. Minahal



lang nila ako at ang Ama sa Langit. Alam nila pareho na mas marami siyang magagawa sa buhay ko kaysa magagawa kong mag-isa. Bawat isa sa kanila ay lakas-loob akong tinulungan sa mapagmahal na mga paraan na hanapin ang landas tungo sa lubos na kaligayahan.

Paano magiging gayon kalaking impluwensya ang bawat isa sa atin? Kailangan nating tiyakin na taos nating mahal in ang mga taong gusto nating impluwensyahan sa kabutihan nang sa gayon ay magkaroon sila ng tiwala na mahal sila ng Diyos. Para sa napakarami sa mundo, ang unang hamon sa pagtanggap ng ebanghelyo ay ang manampalataya sa Ama sa Langit, na sakdal ang pagmamahal sa kanila. Mas madaling magkaroon ng pananampalatayang iyan kapag may mga kaibigan o kapamilya sila na nagmamahal sa kanila nang gayon.

Kapag nakuha ninyo silang magtiwala sa inyong pagmamahal, magkakaroon sila ng pananampalataya na mahal sila ng Diyos. Sa gayon sa inyong mapagmahal at maalalahaning pakikipag-usap, mapagpapala

ang buhay nila sa pagbabahagi ninyo ng mga aral na inyong natutuhan, mga karanasan, at mga alituntuning sinunod ninyo para malutas ang sarili ninyong mga paghihirap. Ipakita na tunay kayong nagmamalasakit sa kanilang kapakanan; pagkatapos ay patotohanan sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Makakatulong kayo sa mga paraang nakabatay sa alituntuning at doktrina ng ebanghelyo. Hikayatin ang mga mahal ninyo sa buhay na hangaring maunawaan ang nais ipagawa sa kanila ng Panginoon. Ang isang paraan para magawa ito ay tanungin sila ng mga bagay na magpapaisip sa kanila at bigyan sila ng sapat na panahon—ilang oras man iyon, araw, buwan, o mahigit pa—na pagbulayan at pagsikapang hanapin nila mismo ang mga sagot. Maaaring kailangan ninyo silang tulungan kung paano manalangin at matukoy ang mga sagot sa kanilang mga dalangin. Tulungan silang malaman na malaking tulong ang mga banal na kasulatan sa pagtanggap at pagtukoy sa mga sagot na iyon. Sa gayon matutulungan ninyo

silang paghandaan ang mga darating na oportunidad at hamon.

Ang layunin ng Diyos ay “isakatu-paran ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>2</sup> Iyan ang naghihikayat sa lahat ng ginagawa natin. Kung minsan ay labis tayong nagagambala ng mga bagay na kawili-wili sa atin o masyado tayong abala sa mga responsibilidad natin sa mundo kaya nalilimutan natin ang layunin ng Diyos. Kapag palagi ninyong itinuon ang inyong buhay sa mga pinakapangunahing alituntunin, mauunawaan ninyo ang dapat ninyong gawin, at mas marami kayong magagawa para sa mga layunin ng Panginoon at magiging mas maligaya kayo.

Kapag itinuon ninyo ang inyong buhay sa mga pangunahing alituntunin ng plano ng kaligtasan, mas mapagtutuon kayo sa pagbabahagi ng nalalaman ninyo dahil nauunawaan ninyo ang walang-hanggang kahalagahan ng mga ordenansa ng ebanghelyo. Ibabahagi ninyo ang nalalaman ninyo sa paraang nakahihikayat sa inyong mga kaibigan na espirituwal na mapalakas. Tutulungan ninyo ang inyong mga mahal sa buhay na maging tapat sa pagsunod sa lahat ng Kanyang kautusan at taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo.

Alalahanin na ang pagbabalik-loob ng bawat tao ay bahagi lamang ng gawain. Laging hangaring patatagin ang mga pamilya. Ituro nang may walang-hanggang pananaw na mahalagang mabuklod ang mga pamilya sa templo. Para sa ilang pamilya maaring matagalan ito. Ganito ang nangyari sa mga magulang ko. Makalipas ang maraming taon matapos akong mabinyagan, nabinyagan ang aking ama, at kalaunan ay nabuklod sa templo ang aming pamilya. Naglingkod ang aking ama bilang tagapagbuklod sa templo, at kasama niyang naglingkod doon ang aking ina. Kapag may walang-hanggang pananaw kayo tungkol sa mga ordenansa ng pagbubuklod sa templo, makakatulong kayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

Tandaan, ang mabisang paraan para maimpluwensyahan ang mga taong nais ninyong tulungan ay mahalalan



sila. Nawalan sana ng saysay ang impluwensya ng aking Lola Whittle at ng asawa kong si Jeanene kung hindi ko nalaman muna na mahal nila ako at gusto nila ang pinakamabuti para sa akin.

Kasabay ng pagmamahal na iyon, magtiwala sa kanila. Sa ilang pagkakataon ay maaaring tila mahirap magtiwala, ngunit humanap ng paraan para pagtiwalaan sila. Ang mga anak ng Ama sa Langit ay makakagawa ng kahanga-hangang mga bagay kapag nadarama nila na pinagtitiwalaan sila. Bawat anak ng Diyos sa buhay na ito ay pinili ang plano ng Tagapagligtas.

#### **Sydney, Australia**



Magtiwala na kung may pagkakataon, gagawin nila itong muli.

Magbahagi ng mga alituntunin na tutulong sa inyong mga minamahal na patuloy na tumahak sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. Tandaan, umuunlad tayo nang taludtod sa taludtod. Nasunod na ninyo ang gayong huwaran sa pag-unawa ninyo sa ebanghelyo. Gawing *simple* ang pagbabahagi ninyo ng ebanghelyo.

Ang personal ninyong patotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay isang mabisang impluwensya. Ang iba pang makakatulong ay ang panalangin, ang Aklat ni Mormon at iba pang mga banal na kasulatan, at ang katapatan ninyo sa mga ordenansa ng priesthood. Lahat ng ito ay makakatulong sa inyo na mapatnubayan ng Espiritu, na napakahalaga na inyong asahan.

Para maging epektibo at magawa ninyo ang ginawa ni Cristo,<sup>3</sup> magtuon sa pangunahing alituntuning ito ng ebanghelyo: *ginagawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na maging mas katulad tayo ng ating Ama sa Langit nang sa gayon ay magkasama-sama tayo bilang pamilya magpakailanman.*

Walang doktrinang mas mahalaga pa sa ating gawain kaysa sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa

bawat angkop na pagkakataon, patotohanan ang Tagapagligtas at ang kapangyarihan ng Kanyang Nagbabayad-salang sakripisyo. Gumamit ng mga talata sa banal na kasulatan na nagtuturo tungkol sa Kanya at kung bakit Siya ang sakdal na halimbawa para sa lahat sa buhay na ito.<sup>4</sup> Kailangan ninyong pag-aralan ito nang husto. Huwag masyadong magtuon sa mga bagay na hindi mahalaga na nagiging dahilan para hindi ninyo matutuhan ang doktrina at mga turo ng Panginoon. Kapag matatag kayong nakasalig sa doktrina, malaki ang maitutulong ninyo sa pagbabahagi ng mahahalagang katotohanan sa mga taong labis na nangangailangan nito.

Napaglilingkuran natin nang husto ang ating Ama sa Langit sa matwid na pag-impluwensya sa iba at paglilingkod sa kanila.<sup>5</sup> Ang pinakadakilang halimbawa na nabuhay sa mundo ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang kanyang ministeryo sa mundo ay puno ng pagtuturo, paglilingkod, at pagmamahal sa iba. Naki-halubilo Siya sa mga taong itinuring ng iba na hindi karapat-dapat na makasama Siya. Minahal Niya ang bawat isa sa kanila. Nahiwatigan Niya ang mga pangangailangan nila at itinuro sa kanila ang Kanyang ebanghelyo. Inaanyayahan Niya tayong tularan ang Kanyang sakdal na halimbawa.

Alam ko na ang Kanyang ebanghelyo ang landas tungo sa kapayapaan at kaligayahan sa buhay na ito. Nawa'y alalahanin nating gawin ang Kanyang nagawa sa pagbabahagi ng ating pagmamahal, tiwala, at kaalaman tungkol sa katotohanan sa mga taong hindi pa natatanggap ang maniningning na liwanag ng ebanghelyo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Juan 13:15.
2. Moises 1:39.
3. Tingnan sa Juan 13:15.
4. Tingnan, halimbawa, sa, Lucas 22:39-46; Juan 8:3-11; Mga Taga-Filipos 4:13; Santiago 5:15-16; I Juan 1:7; 2 Nephi 1:15; 2; 25:17-30; 31; Jacob 4; Alma 7; 42; 3 Nephi 11-30; Moroni 10:32-33; Doktrina at mga Tipan 18:10-16; 19:13-19; 29:3; 88:1-13; 138:2-4; Moises 5:6-12.
5. Tingnan sa Mateo 22:35-40; Mosias 2:17.



**Ni Elder Robert D. Hales**

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# “Kung Ako’y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos”

*Ang ibig sabihin ng gamitin ang ating kalayaang sumunod ay piliing “tama’y gawin [at hayaang] bunga’y makita.”*

**M**ga kapatid, sa lahat ng aral na natututuhan natin mula sa buhay ng Tagapagligtas, wala nang mas malinaw at makapangyarihan pa kaysa sa aral tungkol sa pagsunod.

#### Ang Halimbawa ng Tagapagligtas

Sa Kapulungan sa Langit bago tayo isinilang, naghimagsik si Lucifer laban sa plano ng Ama sa Langit. Yaong mga sumunod kay Lucifer ay tinapos ang kanilang walang-hanggang pag-unlad—mag-ingat kung sino ang inyong susundin!

Sa gayo’y ipinahayag ni Jesus ang kanyang katapatan sa pagsunod, na sinasabing, “Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang[-] hanggan.”<sup>1</sup> Sa Kanyang buong ministeryo, “Siya ay nagdanas ng mga tukso subalit hindi siya nagpadaig sa [mga ito].”<sup>2</sup> Tunay ngang “siya’y [natuto] ng

pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis.”<sup>3</sup>

Dahil masunurin ang ating Tagapagligtas, nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan, kaya naging posible ang ating pagkabuhay na mag-uli at naihanda ang daan para tayo makabalik sa ating Ama sa Langit, na nakakaalam na magkakamali tayo habang natututo tayong sumunod sa mortalidad. Kapag sumunod tayo, tinatanggap natin ang Kanyang sakripisyo, dahil naniniwala tayo na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas, ordenansa at kautusan na nakapaloob sa ebanghelyo.<sup>4</sup>

Tinuruan tayo ni Jesus na sumunod sa simpleng salitang madaling maunawaan: “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos”<sup>5</sup> at “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”<sup>6</sup>

Kapag nabinyagan tayo, “tinataglay [natin] ang pangalan ni Cristo” at “nakikipagtipan tayo sa Diyos na [tayo ay magiging] masunurin hanggang sa wakas ng [ating] mga buhay.”<sup>7</sup> Bawat Linggo pinaninibago natin ang tipang iyon sa binyag sa pakikibahagi ng sakramento at pagsaksi na handa tayong sundin ang mga kautusan. Humihingi tayo ng tawad sa anumang iniisip, nadarama, o ginagawa natin na hindi umaayon sa kalooban ng ating Ama sa Langit. Kapag nagsisisi tayo sa pamamagitan ng pagtigil sa pagsuway at pagsisimulang muli na sumunod, ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya.

### Mga Uri ng Pagsunod

Habang ipinamumuhay natin ang ebanghelyo, umuunlad ang pag-unawa natin sa pagsunod. Kung minsan maaaring matukso tayong gawin ang tinatawag kong “pagsunod ayon sa karunungan ng tao,” kung saan sadya nating sinusuwat ang batas ng Diyos para masunod natin ang ayon sa sarili nating karunungan o mga hangarin o para maging popular. Dahil napakaraming gumagawa nito, ang baluktot na pagsunod na ito ay nagpapababa sa mga pamantayan ng Diyos sa ating kultura at mga batas.

Kung minsan maaaring may mga miyembro na “pumipili ng susundin,”

na nagsasabing mahal at iginagalang nila ang Diyos samantalang pinipili nila kung alin sa Kanyang mga utos at turo—at mga turo at payo ng Kanyang mga propeta—ang lubos nilang susundin.

Ang ilan ay namimili ng susundin dahil hindi nila maunawaan ang lahat ng dahilan para sa isang utos, tulad ng mga bata na hindi laging nauunawaan ang payo at mga patakaran ng kani-ang mga magulang. Ngunit alam natin palagi kung bakit natin sinusunod ang mga propeta, dahil ito ang Simbahan ni Jesucristo, at ang Tagapagligtas ang pumapatnubay sa Kanyang mga propeta sa lahat ng dispensasyon.

Habang lumalalim ang pag-unawa natin sa pagsunod, kinikilala natin ang mahalagang papel ng kalayaan. Noong nasa Halamanan ng Getsemani si Jesus, tatlong beses Siyang nanalangin sa Kanyang Ama sa Langit, ng “Ama ko, kung baga maaari ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.”<sup>8</sup> Ayaw alisin ng Diyos ang kalayaan ng Tagapagligtas, subalit buong awa Siyang nagsugo ng anghel para palakasin ang Pinakamamahal Niyang Anak.

Tinugunan ng Tagapagligtas ang isa pang pagsubok sa Golgota, kung saan nakatawag sana Siya ng pulutong ng mga anghel para ibaba Siya mula sa krus, ngunit pinili Niya na masunuring magtiis hanggang wakas at tapusin ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, kahit nangahulugan ito ng malaking pagdurusa, maging ng kamatayan.

Ang pagsunod na husto sa espirituwalidad ay ang “pagsunod ng Tagapagligtas.” Hinihikayat ito ng tunay na pagmamahal sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak. Kapag handa tayong sumunod, tulad ng ginawa ng ating Tagapagligtas, itatangi natin ang mga salita ng ating Ama sa Langit: “Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.”<sup>9</sup> At inaasam nating marinig, pagpasok natin sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: . . . pumasok ka . . . sa kagala-kan ng iyong panginoon.”<sup>10</sup>



Ang ibig sabihin ng gamitin ang ating kalayaang sumunod ay piliing “tama’y gawin [at hayaang] bunga’y makita.”<sup>11</sup> Nangangailangan ito ng pagpipigil sa sarili at nagdudulot ng tiwala sa sarili, walang-hanggang kaligayahan, at tagumpay sa atin at, sa pamamagitan ng halimbawa, sa mga nasa paligid natin; at laging kasama rito ang taimtim na pangakong suportahan ang mga lider ng priesthood at sundin ang kanilang mga turo at payo.

### Mga Bunga

Sa pagpapasiya kung susunod tayo, laging nakakatulong na alalahanin ang mga bunga ng ating mga pagpili. Naunawaan ba ni Lucifer at ng kanyang mga alagad ang mga ibubunga ng pagpiling tanggihan ang plano ng Ama sa Langit? Kung gayon, bakit nila piniling gawin ang kasamaang iyon? Maitatanong din natin ito sa ating sarili: bakit pinipili ng sinuman sa atin na sumuway samantalang alam natin ang mga walang-hanggang bunga ng kasalanan? May sagot sa mga banal na kasulatan: kaya piniling sumuway ni Cain at ng ilang anak nina Adan at Eva ay dahil “kanilang minahal si Satanas nang higit pa sa Diyos.”<sup>12</sup>

Ang pagmamahal natin sa Tagapagligtas ang susi sa pagsunod na tulad ng Tagapagligtas. Sa pagsisikap nating maging masunurin sa mundo ngayon, ipinapahayag natin ang ating pagmamahal at paggalang sa lahat ng anak ng Ama sa Langit. Subalit imposibleng mabago ng pagmamahal na ito sa iba ang mga utos ng Diyos, na ibinigay para sa ating kabutihan! Halimbawa, ang utos na “huwag kayong . . . pumatay, ni gumawa ng anumang bagay tulad nito”<sup>13</sup> ay nakasalig sa espirituwal na batas na nagpoprotekta sa lahat ng anak ng Diyos, kahit sa mga hindi pa ipinanganganak. Ipinahihiwating ng mahabang karanasan na kapag binalewala natin ang batas na ito, darating ang di-masukat na kalungkutan. Subalit maraming naniniwala na katanggap-tanggap na wakasan ang buhay ng isang batang hindi pa ipinanganganak kung gusto ninyo o maginhawa sa inyo.



Hindi mababago ng pangangatwiran sa pagsuway ang espirituwal na batas o mga bunga nito kundi humahantong ito sa pagkalito, karupukan, paggala sa di-kilalang mga landas, pagkaligaw, at dalamhati. Bilang mga disipulo ni Cristo, may sagradong obligasyon tayong sundin ang Kanyang mga batas at utos at tipan na taglay natin sa ating sarili.

Noong Disyembre 1831 ilan sa kalalakihan ang pinatulong na sugpuin ang pagkamuhi ng mga tao sa Simbahan. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inutusan sila ng Panginoon sa di-pangkaraniwan at nakakagulat pang paraan:

“Lituhin ang inyong mga kaaway; tawagin sila upang harapin kayo maging sa madla at nang sarilinan . . .

“Kaya nga sila ay magdala ng kanilang matitibay na dahilan laban sa Panginoon.

“. . . Walang sandata na ginawa laban sa inyo ang mananaig;

“At kung sinumang tao ang magta-taas ng kanyang tinig laban sa inyo siya ay lilituhin sa aking sariling panahon.

“Kaya nga, sundin ang aking mga kautusan; ang mga ito ay tunay at tapat.”<sup>14</sup>

### Mga Aral sa Banal na Kasulatan

Ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng mga propetang natuto ng mga aral tungkol sa pagsunod sa sarili nilang karanasan.

Itinuro kay Joseph Smith ang mga bunga ng pagsuko sa mga pamimilit ng kanyang tagasuporta, kaibigan, at tagasulat na si Martin Harris. Bilang tugon sa mga pagsamo ni Martin, humingi ng pahintulot si Joseph sa Panginoon na ipahiram ang unang 116 na pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon para maipakita ito ni Martin sa kanyang pamilya, ngunit sinabi ng Panginoon kay Joseph na huwag pumayag. Nagsumamo si Martin kay Joseph na muling tanungin ang Panginoon. Matapos ang pangatlong hiling ni Joseph pumayag ang Panginoon na marepaso ng limang natatanging tao ang manuskrito. “Sa napakataimtim na tipan nangako si Martin na susunod siya sa kasunduang



Sa pagsunod ay lalo tayong tumatag, na may kakayahang tapat na tiisin ang mga pagsubok sa hinaharap. Ang pagsunod sa Getsemani ay naghanda sa Tagapagligtas na sumunod at magtiis hanggang wakas sa Golgota.

Mahal kong mga kapatid, ipinapahayag ng mga salita ni Alma ang nararamdaman ng aking puso:

“At ngayon mga minamahal kong kapatid, sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang kayo ay maging ko sa pagpapahalaga ng inyong tungkulin sa Diyos, upang kayo ay makalakad nang walang kasalanan sa kanyang harapan. . . .

“At ngayon nais ko na kayo ay maging mapagpakumbaba, at maging masunurin at maamo; . . . masikap na sumusunod sa mga kautusan ng Diyos sa lahat ng panahon.”<sup>21</sup>

Pinatotohanan ko na ang ating Tagapagligtas ay buhay Dahil sumunod Siya, “ang bawat tuhod ay magsisiluhod, at ang bawat dila ay magtatapat . . . na siya ang [ating Tagapagligtas].”<sup>22</sup> Nawa’y mahal natin Siya nang husto at lubos tayong maniwala sa Kanya upang tayo man ay sumunod sa Kanyang mga utos, at makabalik tayo sa piling Niya magpakailanman sa kaharian ng ating Diyos ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Moises 4:2.
2. Doktrina at mga Tipan 20:22.
3. Sa mga Hebreo 5:8.
4. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
5. Juan 14:15.
6. Lucas 18:22.
7. Mosias 5:8.
8. Mateo 26:39; tingnan din sa mga talata 42, 44.
9. Mateo 3:17; tingnan din sa 3 Nephi 11:7.
10. Mateo 25:21.
11. “Gawin ang Tama,” *Mga Himno*, blg.144.
12. Moises 5:13.
13. Doktrina at mga Tipan 59:6.
14. Doktrina at mga Tipan 71:7–11.
15. Joseph Fielding Smith, *Essentials in Church History*, (1922) 65; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 3.
16. Mga Bilang 12:8.
17. Doktrina at mga Tipan 28:3.
18. Doktrina at mga Tipan 28:2.
19. Doktrina at mga Tipan 130:21; tingnan din sa talata 20.
20. Alma 37:35.
21. Alma 7:22–23.
22. Mosias 27:31.

ito. Nang dumating siya sa bahay, at pilitin siyang ipakita ang manuskrito, nalimutan niya ang kanyang taimtim na sumpa at pumayag na makita ng iba ang manuskrito, kaya nawala ito sa kanyang mga kamay,”<sup>15</sup> at tuluyan nang nawala Dahil dito, pinagalitan ng Panginoon si Joseph at pinatigil siya sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Nagdusa si Joseph at nagsisi sa kanyang paglabag na sumuko sa mga pamimilit ng iba. Pagkaraan ng maikling panahon, pinatuloy na si Joseph sa kanyang pagsasalin. Natuto ng mahalagang aral si Joseph tungkol sa pagsunod na buong buhay niyang napakinabangan!

Naglaan ng isa pang halimbawa ang propetang si Moises. Nang masunuring pakasalan ni Moises ang isang babaeng taga-Ethiopia, pinagsalitaan siya nina Miriam at Aaron. Ngunit pinagalitan sila ng Panginoon, na sinasabing, “Sa kanya [kay Moises ay] makikipagusap ako [na]ng bibig sa

bibig.”<sup>16</sup> Ginamit ng Panginoon ang di-kapani-paniwalang pangyayaring ito para turuan ang mga miyembro ng Simbahan sa ating dispensasyon. Noong 1830 sinabi ni Hiram Page na nakatanggap siya ng paghahayag para sa Simbahan. Itinama siya ng Panginoon at itinuro sa mga Banal na, “Ikaw ay maging masunurin sa mga bagay na ipagkakaloob ko [kay Joseph], maging katulad ni Aaron,”<sup>17</sup> “sapagkat tinanggap niya ang mga yaon maging tulad ni Moises.”<sup>18</sup>

Ang pagsunod ay nagdudulot ng mga pagpapala, “at kapag tayo ay nagtatamo ng anumang pagpapala mula sa Diyos ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito nakasalalay.”<sup>19</sup>

Ang pagsunod ay itinuturo sa pamamagitan ng halimbawa. Sa paraan ng ating pamumuhay, tinuturuan natin ang ating mga anak na, “Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos.”<sup>20</sup>





By **Elder Claudio D. Zivic**  
Ng Pitumpu

# Huwag Nating Tahakin ang Maling Landas

*Dalangin ko na hindi tayo malihis ng landas nang sa gayon ay lagi tayong makaugnay sa kalangitan.*

Isang batang lalaki ang nagpapraktis ng piyano, at tinanong siya ng isang salesman, nang masilip siya sa bintana, “Nariyan ba ang nanay mo?”

Na tinugon ng bata ng, “E . . . ano po sa palagay n’yo?”

Tumutugtog ng piano ang limang mahal naming anak, salamat sa panghihikayat ng aking asawa! Kapag dumarating ang titser sa bahay namin, tumatakbo at nagtatago ang anak naming si Adrián para hindi siya maturuan. Ngunit isang araw may kamangha-manghang nangyari! Nagustuhan na niya nang husto ang musika kaya’t patuloy siyang nagpraktis mag-isa.

Kung makarating tayo sa puntong iyon sa ating pagbabagumbuhay, kahanga-hangha iyon. Napakainam magkaroon ng matinding hangarin sa ating puso na sundin ang mga utos nang hindi na pinapaalalahanan pa at ng matibay na pananalig na kung tatahakin natin ang tamang landas, mapapasaatin ang mga pagpapalang ipinangako sa mga banal na kasulatan.

Ilang taon na ang nakalipas nagpunta ako sa Arches National Park kasama ang asawa ko, ang anak naming si Evelin, at isang kaibigan ng pamilya.

Ang isa sa mga pinakatanyag na arko roon ay tinatawag na Delicate Arch. Ipinasiya naming maglakad nang mga 1.5 milya (2 km), at umakyat ng bundok para marating ang arko.

Masigla kaming nagsimulang maglakad, ngunit matapos lakarin ang maikling distansya, kinailangan nang magpahinga ng iba. Dahil sa hangarin kong makarating doon, nagpasiya akong magpatuloy nang

mag-isa. Hindi pansin ang landas na dapat kong tahakin, sinundan ko ang lalaki sa unahan ko na tila nakatitiyak sa kanyang pupuntahan. Pahirap nang pahirap ang daanan, at kinailangan kong magpalundag-lundag sa malalaking bato. Dahil mahirap, sigurado ako na hindi ito kakayanin ng mga kasama kong babae. Pagdaka’y nakita ko ang Delicate Arch, ngunit laking gulat ko nang makita ko na nasa isang lugar ito na hindi ko mararating.

Sa malaking kabiguan, ipinasiya kong bumalik. Nainip ako sa paghihintay hanggang sa magkita-kita kaming muli. Ang itinanong ko kaagad ay “Narating ba ninyo ang Delicate Arch?” Masaya nilang sinabi sa akin na narating nila iyon. Ipinaliwanag nila na sinundan nila ang mga karatulang nagtuturo ng daan, at maingat at masigasig nilang narating ang kanilang patutunguhan.


Sa kasamaang-palad, maling landas pala ang tinahak ko. Napakagandang aral ang natutuhan ko sa araw na iyon!

Gaano kadalas ba tayong nagkakamali tungkol sa tamang daan, at nagpapatangay tayo sa mga kalakaran ng mundo? Kailangan nating patuloy na tanungin ang ating sarili kung mga tagatupad tayo ng mga salita ni Jesucristo.

Isang kagila-gilalas na turo ang makikita sa aklat ni Juan:

“Kayo’y manatili sa akin, at ako’y sa inyo. Gaya ng sanga na di





makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo’y manatili sa akin.

“Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa” (Juan 15:4–5).

Sa paggamit ng analohiyang ito, nakikita natin ang napakalapit at napakalaking kaugnayan natin kay Jesucristo at ang pagpapahalaga Niya sa bawat isa sa atin. Siya ang ugat at katawan ng puno na naghahatid ng tubig na buhay sa atin, ang katas na mangangalaga sa atin para magkaroon tayo ng maraming bunga. Tinuruan tayo ni Jesucristo sa paraan na bilang mga sanga—o mga nilalang na umaasa sa Kanya—hindi natin mamaliitin kailanman ang kahalagahan ng Kanyang mga turo.

May ilang pagkakamali na maaaring malubha, at kung hindi natin ito itatama kaagad, maaaring permanente tayong ilayo nito sa

tamang daan. Kung magsisisi tayo at tatanggap ng pagtatama, ang mga karanasang ito ay tutulutan tayong magpakumbaba, baguhin ang ating mga kilos, at mas mapalapit na muli sa ating Ama sa Langit.

Gusto kong magbigay ng halimbawa ng konseptong ito sa pagbanggit sa isa sa pinakamatitinding sandaling naranasan ni Propetang Joseph Smith. Sa pamamagitan ng karanasang ito, nabigyan tayo ng Tagapagligtas ng napakahalagang mga turo hinggil sa mga alituntuning dapat nating isaisip habambuhay. Nangyari iyon nang maiwala ni Martin Harris ang naisaling 116 na pahina ng unang bahagi ng Aklat ni Mormon.

Pagkatapos magsisi sa pagsuway sa payo ng Diyos, natanggap ng Propeta ang paghahayag na matatagpuan sa bahagi 3 ng Doktrina at mga Tipan (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 81–84). Mula sa nakasulat sa mga talata 1 hanggang 10, nais kong bigyang-diin ang tatlong alituntunin na dapat nating laging tandaan:

1. Ang mga gawain at layunin ng Diyos ay hindi mabibigo.
2. Hindi natin dapat katakutan ang tao nang higit sa Diyos.
3. Kailangang patuloy na magsisi.

Sa talata 13, itinuro sa atin ng Panginoon ang apat na bagay na hindi natin dapat gawin kailanman:

1. Balewalain ang mga payo ng Diyos.
2. Suwayin ang pinakabanal na mga pangakong ginawa sa harapan ng Diyos.
3. Umasa sa sarili nating paghatol.
4. Ipagyabang ang sarili nating karunungan.

Dalangin ko na hindi tayo malihis ng landas nang sa gayon ay lagi tayong makaugnay sa kalangitan, upang hindi tayo matangay ng mga kalakaran ng mundo.

Kung umabot ang sinuman sa inyo sa puntong tatalikuran na ninyo ang landas ng Panginoon—saanmang bahagi ng daang iyan—madarama ninyo nang may malaking pagsisisi ang pait

ng pagbabalewala ninyo sa mga payo ng Diyos, ng pagsuway sa pinakabanal na mga pangakong ginawa ninyo sa harapan ng Diyos, ng magtiwala sa sarili ninyong paghatol, o ng pagyayabang sa sarili ninyong karunungan.

Kung ganito ang sitwasyon, hinihikayat ko kayong magsisi at bumalik sa tamang daan.

Minsan ay tinawagan ng isang apo ang kanyang lolo para batiin ito ng maligayang kaarawan. Tinanong niya ito kung ilang taon na siya. Sinabi nito na 70 taong gulang na siya. Nag-isip sandali ang kanyang apo at pagkatapos ay nagtanong, “Lolo, nag-umpisa po ba kayo sa 1?”

Habang bata pa at kapag tinedyer na, iniisip ng mga tao na hindi na sila tatanda kailanman; ang ideya ng kamatayan ay parang hindi naman totoo—para sa mga tao na napakatatanda na—at napakatagal pa bago iyon mangyari. Sa paglipas ng panahon, lumilipas ang mga buwan at taon hanggang sa magsimulang lumabas ang mga kulubot, manghina ang katawan, dumalas ang pagpunta sa doktor, at marami pang iba.

Darating ang araw na makikipagkita tayong muli sa ating Manunubos at Tagapagligtas na si Jesucristo. Nakikiusap ako na sa sagrado at dakilang okasyong iyon ay makilala natin Siya dahil sa kaalaman natin tungkol sa Kanya at dahil sinunod natin ang Kanyang mga turo. Ipapakita Niya sa atin ang mga marka sa Kanyang mga kamay at paa, at magyayakap tayo nang walang hanggan, at lumuluha sa kagalakan na nasundan natin ang Kanyang landas.

Pinatototohanan ko sa apat na sulok ng mundo na si Jesucristo ay buhay. Pinapayuhan Niya tayo, “Makinig, O kayong mga bansa sa mundo, at pakinggan ang mga salita ng yaong Diyos na lumikha sa inyo” (D at T 43:23). Nawa’y magkaroon tayo ng kakayahang mahiwatigan, dinggin, maunawaan, at maipaliwanag nang tama ang mensahe ng “yaong Diyos na lumikha sa [atin]” upang hindi tayo malihis mula sa Kanyang landas, ang pakiusap ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder W. Craig Zwick**  
Ng Pitumpu

## Ano ba ang Nasa Isip Mo?

*Nakikiusap ako sa inyo na ugaliing itanong, nang may pagsasaalang-alang sa mga karanasan ng iba, ang: “Ano ba ang nasa isip mo?”*

**A**patnapu’t isang taon na ang nakalilipas nagmaneho ako ng 18-wheeler semitruck kasama ang maganda kong asawang si Jan, at ang sanggol na anak naming si Scotty. Maghahatid kami ng mabigat na kargada ng materyales sa konstruksyon sa ilang estado.

Noong mga panahong iyon wala pang mga paghihigpit sa paggamit ng seat-belt o infant car seat. Kalong ng asawa ko ang mahal naming anak. Nang sabihin niyang “Ang taas naman natin,” dapat ay naramdaman ko nang nag-aalala siya.

Nang pababa na kami sa makasaysayang Donner Pass, isang matakrik na bahagi ng lansangan, bigla at di-inaasahang napuno ng makapal na usok ang kinauupuan namin. Halos wala kaming makita, at nahirapan kaming huminga.

Sa ganitong klaseng trak, hindi kayang pagabalin kaagad ng preno ang takbo. Gamit ang preno at kambyo, tarantang sinubukan kong huminto.

Tumatabi pa lang ako sa gilid ng daan, bago pa man kami nakahinto nang lubusan, binuksan na ng asawa ko ang pinto ng sasakyan at tumalon

habang yakap-yakap ang aming anak. Wala akong nagawa nang makita kong nagpagulung-gulong sila sa lupa.

Nang maihinto ko na ang sasakyan, dali-dali akong bumaba mula sa umuusok na trak. Humahangos na tumakbo ako sa batuhan at mga talahib at mahigpit ko silang niyakap. Bugbog at nagdurugo ang mga braso at siko ni Jan, ngunit salamat at buhay pa silang dalawa ng aming anak. Niyakap ko lang sila nang mahigpit habang unti-unting napawi ang alikabok.

Nang kalmado na ako at nakahinga na nang maluwag, bigla akong bumulalas, “Ano ba ang pumasok sa isip mo? Alam mo ba kung gaano kadelikado ang ginawa mo? Muntik na kayong mamatay!”

Tiningnan niya ako, habang dumadaloy ang luha sa marungis niyang pisngi, at may sinabi siyang tumagos sa puso ko at hindi ko malimutlimutan: “Gusto ko lang iligtas ang anak natin.”

Natanto ko sa sandaling iyon na akala niya ay umaapoy ang makina, at natakot siya na baka sumabog ang trak at mamatay kami. Gayunman, alam kong may aberya lang sa kawad



ng kuryente—mapanganib ngunit hindi nakamamatay. Tiningnan ko ang mahal kong asawa, habang magiliw kong hinahaplos ang ulo ng aming sanggol, at inisip ko kung anong klaseng babae ang gagawa ng gayon katapang na bagay.

Ang sitwasyong ito ay nakasakit sana ng damdamin na katulad ng literal na pagtirik ng makina ng aming sasakyan. Mabuti na lang, makalipas ang ilang oras ng hindi pagkikibuan, na bawat isa ay naniniwala na hindi siya ang nagkamali, nasabi rin namin sa wakas kung bakit hindi namin napigilan ang silakbo ng aming damdamin. Ang pagmamahal at pag-aalala sa kaligtasan ng isa't isa ang tumulong para hindi masira ng mapanganib na pangyayaring iyon ang maganda naming pagsasama.

Nagbabala si Pablo, “Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi [tanging] ang mabuti [at] ikatitibay . . . , upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig” (Mga Taga-Efeso 4:29). May kadalisayang ipinahihiwatig ang kanyang mga salita.

Ano ang kahulugan sa inyo ng mga katagang “[walang] salitang mahalay”? Lahat tayo ay laging dumaranas ng napakatinding galit—natin at ng iba. Nakakita na tayo ng mga taong hindi nakapagpigil ng galit sa mga pampublikong lugar. Naranasan na natin ito bilang isang matinding “silakbo ng

damdamin” sa isports, sa pulitika, at maging sa sarili nating tahanan.

Ang mga anak kung minsan ay nakapagbibitiw ng matatalim na salita sa minamahal na mga magulang. Ang mga mag-asawa, na nagmamahalan at nagsusuyuan, ay nawawalan ng direksyon at pasensya sa isa't isa at nagbubulyawan. Lahat tayo, bagama't mga pinagtipanang anak ng mapagmahal na Ama sa Langit, ay nagsisi na sa pabigla-biglang paghusga sa ating kapwa at nakasambit na ng masasakit na salita bago unawain ang sitwasyon ayon sa pananaw ng iba. Naipaalam na sa ating lahat kung paano pinalalala ng di-magandang pananalita ang isang sitwasyon.

Malinaw na nakasaad sa isang liham mula sa Unang Panguluhan, “Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagtuturo sa atin na mahalín at tratuhin ang lahat ng tao nang may kabaitan at paggalang—kahit magkakaiba tayo ng pananaw” (liham ng Unang Panguluhan, Ene. 10, 2014). Napakagandang paalala na maaari at dapat tayong patuloy na makipag-usap nang may paggalang, lalo na kung magkakaiba ang mga pananaw natin sa mundo.

Ipinayo ng sumulat ng Kawikaan: “Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot: nguni't ang mabigat na salita ay humihila ng galit” (Mga Kawikaan 15:1). Ang “malubay na sagot” ay isang makatwirang tugon—mahinahong mga salitang nagmumula sa

mapagpakumbabang puso. Hindi ibig sabihin ay magpaliguy-ligoy tayo o ikompromiso natin ang katotohanan ng doktrina. Ang mga salitang sinabi nang tapatan ay maaaring may magandang layunin.

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng pambihirang halimbawa ng tapatang pananalita na ibinigay rin sa konteksto ng di-pagkakasundo ng isang mag-asawa. Ang mga anak nina Saria at Lehi ay pinapunta sa Jerusalem para kunin ang mga laminang tanso at hindi pa nakabalik. Inisip ni Saria na napahamak ang mga anak niya, at galit na galit siya at kinailangan niya ng masisisi.

Pakinggan ninyo ang kuwento sa pananaw ng anak niyang si Nephi: “Sapagkat inakala [ng aking ina] na kami ay nangasawi sa ilang; at siya rin ay dumaing laban sa aking ama, sinasabi sa kanya na siya ay isang mapangitaing tao; sinasabing: Masdan inilayo mo kami sa lupaing ating mana, at ang aking mga anak ay wala na, at tayo ay masasawi sa ilang” (1 Nephi 5:2).

Ngayon, isipin natin kung ano ang maaaring nasa isip ni Saria. Alalang-alala siya sa pagbalik ng palaaway niyang mga anak sa lugar kung saan pinagbantaan ang buhay ng kanyang asawa. Ipinagpalit na niya ang kanyang magandang tahanan at mga kaibigan sa isang tolda sa liblib na ilang sa edad na maaari pa siyang

magkaanak. Dala ng matinding takot, parang tumalon si Sariah nang buong tapang, kung hindi man makatwiran, mula sa humaharurot na trak sa pagtatangkang iligtas ang kanyang pamilya. Ipinahayag niya sa kanyang asawa ang bumabagabag sa kanya sa pananalitang may galit at pagdududa at paninisi—isang pananalitang tila alam na alam gamitin ng buong sangkatauhan.

Pinakinggan ng propetang si Lehi ang takot na pinagmulan ng galit ng kanyang asawa. Pagkatapos ay sumagot siya nang mahinahon sa pananalitang may pag-unawa. Una, tinanggap niya ang katotohanan ng mga sinabi ni Saria ayon sa pananaw nito: “At . . . ang aking ama ay nangusap sa kanya, sinasabing: Alam ko na ako ay isang mapangitaing tao; . . . [ngunit kung ako ay] namalagi na lamang sa Jerusalem, [nasawi na sana tayo] kasama ang aking mga kapatid” (1 Nephi 5:4).

Pagkatapos ay pinawi niya ang pag-aalala ng kanyang asawa sa kapakanan ng kanilang mga anak, ayon sa tiniyak sa kanya ng Espiritu Santo, na nagsasabing:

“Ngunit masdan, aking natamo ang isang lupang pangako, at sa bagay na ito ako ay nagagalak; oo, at alam kong ililigtas ng Panginoon ang aking mga anak mula sa mga kamay ni Laban. . . .

“At sa ganitong pamamaraan ng pananalita inaliw ng aking amang si Lehi ang aking ina . . . hinggil sa amin” (1 Nephi 5:5–6).

Kailangang-kailangan ngayon na igalang ng kalalakihan at kababaihan



ang isa’t isa kahit lubhang magkakaiba ang kanilang paniniwala at ugali at mga layunin sa buhay. Imposibleng malaman ang lahat ng pumapasok sa ating puso’t isipan o lubos pang maunawaan ang dahilan ng mga pagsubok at pagpapasiyang kinakaharap natin.

Gayunpaman, ano ang mangyayari sa “salitang mahalay” na binanggit ni Pablo kung isasaalang-alang at makikiramay muna tayo sa nararanasan ng iba? Batid na ako man ay may mga pagkukulang at pagkakamali, nakiki-usap ako sa inyo na ugaliing itanong ito, nang may pagsasaalang-alang sa mga karanasan ng iba, ang: “Ano ba ang nasa isip mo?”


Naalala ba ninyo noong sorpre-sahin ng Panginoon sina Samuel at Saul sa pagpili sa hamak na batang pastol na si David ng Betlehem bilang hari ng Israel? Sinabi ng Panginoon sa Kanyang propeta, “Sapagka’t hindi

tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagkat ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso.” (1 Samuel 16:7).

Nang mapuno ng usok ang loob ng trak namin, kumilos nang buong tapang ang aking asawa para protektahan ang aming anak. Pinrotektahan ko rin sila nang itanong ko kung bakit niya ginawa iyon. Ang nakakagulat, hindi naging mahalaga kung sino ang mas tama. Ang naging mahalaga ay pinakinggan at inunawa namin ang pananaw ng isa’t isa.

Ang kahandaang unawain ang mga bagay-bagay sa pananaw ng iba ay gagawing “[mapakikinabangang] biyaya” ang “salitang mahalay.” Naunawaan ito ni Apostol Pablo, at kahit paano’y mararanasan din ito ng bawat isa sa atin. Maaaring hindi nito mabago ang sitwasyon o malutas ang problema, ngunit maaaring ang mas mahalagang posibilidad ay kung mababago ba tayo ng mapakikinabangang biyaya.

Mapakumbaba kong pinatotohanan na maaari tayong maging “biyaya” sa iba sa pamamagitan ng maunawaing pananalita kapag tumimimo sa ating puso ang nilinang na kaloob na Espiritu Santo nang may pagdamay sa damdamin at pananaw ng iba. Dahil dito magagawa nating mga banal na lugar ang mga mapanganib na sitwasyon. Pinatotohanan ko ang mapagmahal na Tagapagligtas na “tumitingin sa [ating] puso” at nagmamalasakit sa ating iniisip. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





**Ni Elder Quentin L. Cook**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Ugat at mga Sanga

*Ang pagpapabilis ng gawain sa family history at sa templo sa ating panahon ay mahalaga para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga pamilya.*

**B**ago siya pumanaw sa sakit na kanser noong 1981, sinabi ng kontrobersyal na manunulat na si William Saroyan sa mga mamamahayag, “Lahat ay mamamatay, ngunit ang paniwala ko noon pa man ay hindi ako makakabilang diyen. Ano ngayon ang mangyayari?”<sup>1</sup>

Ang tanong na “ano ngayon ang mangyayari” sa harap ng kamatayan sa buhay na ito at “ano ngayon ang mangyayari” kapag pinagbubulayan ang kabilang buhay ang pinakamahalagang tanong ng kaluluwa na sinasagot ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo nang napakaganda sa plano ng kaligayahan ng Ama.

Sa buhay na ito, tayo ay tumatawa, umiiyak, nagtatrabaho, naglilibang, nabubuhay, at pagkatapos ay namamatay. Maikli at malinaw ang tanong ni Job, “Kung ang isang tao ay mamamatay, mabubuhay pa ba siya?”<sup>2</sup> Ang sagot ay isang matunog na oo dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Kapansin-pansin ang bahagi ng iba’t ibang pambungad na paliwanag ni Job sa tanong na ito: “Taong ipinanganak ng babae ay sa kaunting araw. . . . Siya’y umuusli na

gaya ng bulaklak, at nalalagas. . . . May pagasa sa isang punong kahoy, na kung ito’y putulin, ay sisibol uli, at ang sariwang sanga niyaon ay hindi maglilikat . . . at magsasanga na gaya ng pananim.”<sup>3</sup>

Ang plano ng ating Ama ay tungkol sa mga pamilya. Ang ilan sa ating pinaka-nakaaantig na mga talata sa banal na kasulatan ay gumagamit ang konsepto ng puno kasama ang



mga ugat at mga sanga nito bilang analohiya.

Sa huling kabanata ng Lumang Tipan, malinaw na ginamit ni Malakias ang analohiyang ito sa paglalarawan ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Tinutukoy ang mga palalo at masasama, sinabi niya na sila ay susunugin gaya ng dayami at na “hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.”<sup>4</sup> Tinapos ni Malakias ang kabanatang ito sa nakapapanatag na pangako ng Panginoon:

“Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon:

“At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako’y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.”<sup>5</sup>

Sa pagsisimula ng Panunumbalik, muling binigyang-diin ni Moroni ang mensaheng ito sa kanyang paunang tagubilin sa batang si Joseph Smith noong 1823.<sup>6</sup>

Tinatanggap ng mga Kristiyano at Judio sa buong mundo ang tungkol kay Elias [Elijah] sa Lumang Tipan.<sup>7</sup> Siya ang huling propeta na maytaglay ng kapangyarihang magbuklod ng Melchizedek Priesthood bago ang panahon ni Jesucristo.<sup>8</sup>

## Ipinanumbalik ni Elijah ang mga Susi

Ang pagbabalik ni Elijah ay nangyari sa Kirtland Temple noong Abril 3, 1836. Ipinahayag niya na tinututpad niya ang pangako ni Malakias. Ipinagkaloob niya ang mga susi ng priesthood para sa pagbubuklod ng mga pamilya sa dispensasyong ito.<sup>9</sup> Ang misyon ni Elijah ay tinutulungan ng tinatawag kung minsan na diwa ni Elijah, na, tulad ng itinuro ni Elder Russell M. Nelson, “isang pagpapamalas ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa kabanalan ng pamilya.”<sup>10</sup>

Ang Tagapagligtas ay matatag na nangusap tungkol sa kahalagahan ng binyag. Itinuro Niya, “Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.”<sup>11</sup> Nagpabinyag mismo ang Tagapagligtas upang ipakita ang

halimbawa. Paano naman ang mga namatay na hindi nabinyagan?

### **Doktrina ng Gawain sa Templo at sa Family History**

Noong Oktubre 11, 1840, sa Nauvoo, lumiham si Vilate Kimball sa kanyang asawang si Elder Heber C. Kimball na nasa misyon sa Great Britain kasama ang iba pang mga miyembro ng Labindalawa. Naidaos na ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre ilang araw bago iyon.

Babanggit ako ng ilan mula sa personal na liham ni Vilate: “Nagkaroon tayo ng pinakamalaki at pinakamagandang kumperensya na ngayon lamang nangyari mula nang maorganisa ang Simbahan. . . . Bumanggit si Pangulong [Joseph] Smith ng isang bago at napakagandang paksa. . . . Tungkol iyon sa pagpapabinyag para sa mga patay. Binanggit ito ni Pablo sa Unang Mga Taga-Corinto, kabanata 15, talata 29. Natanggap ni Joseph ang mas buong paliwanag tungkol dito sa pamamagitan ng paghahayag. Sinabi niya na pribilehiyo ng [mga miyembro ng] Simbahang ito na mabinyagan para sa lahat ng kanilang ninuno na pumanaw na bago pa dumating ang ebanghelyong ito. . . . Sa paggawa nito, tayo ang kumakatawan sa kanila, at binibigyan natin sila ng pribilehiyong bumangon sa Unang Pagkabuhay na Mag-uli. Sinabi niya na ipapangaral ang ebanghelyo sa kanila sa bilangguan [ng mga espiritu].”

Idinagdag pa ni Vilate: “Gusto kong mabinyagan para sa aking ina. . . . Hindi ba napakagandang doktrina nito?”<sup>12</sup>

Ang mahahalagang doktrina tungkol sa pagbubuklod ng mga pamilya ay ipinahayag nang taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin. Ang nakapagliligtas na mga ordenansa ay nasa sentro ng pagbibigkis ng mga pamilya sa kawalang-hanggan, na inuugnay ang mga ugat sa mga sanga.

Malinaw ang doktrina ng pamilya kaugnay ng gawain sa family history at sa templo. Tinukoy ng Panginoon sa paunang inihayag na mga tagubilin ang “pagbibinyag para sa *inyong* mga patay.”<sup>13</sup> Ang obligasyon natin ayon



sa doktrina ay sa sarili nating mga ninuno. Ito ay dahil ang selestiyal na organisasyon ng langit ay nakabatay sa mga pamilya.<sup>14</sup> Hinikayat ng Unang Panguluhan ang mga miyembro, lalo na ang mga kabataan at young single adult, na bigyang-diin ang gawain sa family history at mga ordenansa para sa mga pangalan ng sarili nilang pamilya o mga pangalan ng mga ninuno ng mga miyembro ng kanilang ward at stake.<sup>15</sup> Kailangan nating makakonekta kapwa sa ating mga ugat at mga sanga. Ang ideyang magkakaugnay tayo sa walang-hanggan kaharian ay talagang maluwalhati.

### **Mga Templo**

Sinabi ni Wilford Woodruff na sapat ang haba ng buhay ni Propetang Joseph Smith upang ilatag ang pundasyon para sa gawain sa templo. Sa huling pagkakataong pulungin ni Joseph Smith ang Korum ng Labindalawang Apostol, ibinigay niya sa kanila ang kanilang endowment.<sup>16</sup>

Matapos paslangin ang Propeta, natapos ng mga Banal ang Nauvoo Temple, at ginamit ang kapangyarihang magbuklod para pagpalain ang libu-libong matatapat na miyembro bago ang paglalakbay sa Mountain West [Rocky Mountains]. Tatlungung


taon pagkaraan, nang matapos ang St. George Temple, ipinaliwanag ni Pangulong Brigham Young ang walang-hanggang kahalagahan ng nakapagliligtas na mga ordenansa na sa wakas ay maaari nang isagawa kapwa para sa mga buhay at mga patay.<sup>17</sup>

Ito ang simpleng pahayag ni Pangulong Wilford Woodruff: “Wala ni anumang alituntunin na inihayag ng Panginoon na ikinagalak ko nang higit pa sa pagtubos sa ating mga patay; na makakasama natin ang ating mga ama, ating ina, ating asawa at mga anak sa samahan ng pamilya, sa simula ng pagkabuhay na muli at sa Kahariang Selestiyal. Ito ay maringal na mga alituntunin. Sulit ang bawat sakripisyo para sa mga ito.”<sup>18</sup>

Napakagandang panahon nito para mabuhay. Ito ang huling dispensasyon, at nadarama natin ang pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan sa lahat ng paksang may kinalaman sa nakapagliligtas na mga ordenansa.<sup>19</sup> May mga templo na tayo sa halos buong mundo na makapaglalaan ng nakapagliligtas na mga ordenansang ito. Ang pagpunta sa templo para sa espirituwal na pagpapanibago, kapayapaan, kaligtasan, at direksyon sa ating buhay ay isa ring malaking pagpapala.<sup>20</sup>

Wala pang isang taon matapos matawag si Pangulong Thomas S. Monson bilang Apostol, inilaan niya ang Los Angeles Temple Genealogical Library. Nagsalita siya tungkol sa mga yumaong ninuno na “naghihintay [sa] araw na gagawin natin ang pagsasaliksik na kailangan para mangyari ito, . . . [at] magtungo rin sa bahay ng Diyos at isagawa ang gawaing iyon . . . na hindi nila magagawa.”<sup>21</sup>

Nang ibigay ni Elder Monson pa noon ang mensaheng iyon sa paglalaan noong Hunyo 20, 1964, 12 pa lang ang ginagamit na mga templo. Sa panahong nanungkulan si Pangulong Monson sa mga senior council ng Simbahan, 130 sa ating 142 ginagamit na mga templo ay nailaan na. Isang himalang makita ang pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan sa ating panahon. Dalawampu't walo pang templo ang naibalitang itatayo at nasa iba't ibang antas ng pagtatapos. Walumpu't



limang porsiyento ng mga miyembro ng Simbahan ang naninirahan ngayon sa sakop na 200 milya (320 km) ng isang templo.

### Teknolohiya sa Family History

Umunlad din nang husto ang teknolohiya sa family history. Ipinahayag ni Pangulong Howard W. Hunter noong Nobyembre 1994: “Nagsimula na tayong gumamit ng information technology upang pabilisin ang sagradong gawaing magsagawa ng mga ordenansa para sa mga patay. Ang ginagampanan ng teknolohiya . . . ay pinabilis na mismo ng Panginoon. . . . Gayunpaman, nagsisimula pa lamang tayo sa magagawa natin gamit ang mga kasangkapang ito.”<sup>22</sup>

Makalipas ang 19 na taon mula nang sabihin ito ng propeta, halos hindi kapani-paniwala ang pagsulong ng teknolohiya. Sinabi sa akin kama-kailan ng isang 36-na taong-gulang na ina na may maliliit na anak, “Akalain mo—dati ay mga microfilm reader ang gamit natin sa mga family history center, ngayon ay nakaupo na ako sa kusina namin gamit ang computer ko at gumagawa ng family history kapag tulog na ang mga bata.” Mga kapatid, ang ating mga family history center ay nasa tahanan na natin ngayon.

Ang gawain sa templo at sa family history ay hindi lang tungkol sa atin. Isipin ang mga yaong nasa kabilang

buhay na naghihintay na magawan ng nakapagliligtas na mga ordenansa na magpapalaya sa kanila sa pagkapiit sa bilangguan ng mga espiritu. Ang ibig sabihin ng *bilangguan* ay “isang kalagayan ng pagkabilanggo o pagkabihag.”<sup>23</sup> Yaong mga naroon ay maaaring itanong ang itinanong ni William Saroyan: “Ano ngayon ang mangyayari?”

Isang matapat na miyembrong babae ang nagkuwento ng isang espirituwal na karanasan sa Salt Lake Temple. Habang nasa confirmation room, matapos usalin ang ordenansa ng kumpirmasyon para sa mga patay, narinig niya, “At ang bilanggo ay makalalaya!” Nakadama siya ng matinding hangaring magpabinyag at magpakumpirma para sa mga yaong naghihintay na magawan nito. Pagkauwi niya, hinanap niya sa mga banal na kasulatan ang mga katagang narinig niya. Nakita niya ang pahayag ni Joseph Smith sa bahagi 128 ng Doktrina at mga Tipan: “Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak. Bumulalas ang mundo sa pag-awit. Magsalita ang mga patay ng mga awit ng walang hanggang papuri sa Haring Immanuel, na nag-orden, bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, na yaong makatutulong sa atin upang matubos sila mula sa kanilang bilangguan; sapagkat ang mga bilanggo ay makalalaya.”<sup>24</sup>

Ang tanong ay, ano ang kailangan nating gawin? Ang payo ni Propetang Joseph ay ibigay sa templo ang “mga talaan ng ating mga patay, na magiging karapat-dapat sa lahat ng pagtanggap.”<sup>25</sup>

Ang pamunuan ng Simbahan ay malinaw na nananawagan sa bagong henerasyon na manguna sa paggamit ng teknolohiya upang madama ang diwa ni Elijah, saliksikin ang kanilang mga ninuno, at isagawa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila.<sup>26</sup> Marami sa mahihirap na gawain sa pagpapabilis ng gawain ng kaligtasan kapwa para sa mga buhay at sa mga patay ang gagawin ninyong mga kabataan.<sup>27</sup>

Kung ang mga kabataan sa bawat ward ay hindi lamang pupunta sa templo at magpapabinyag para sa



kanilang mga patay kundi tutulong din sa kanilang pamilya at iba pang mga miyembro ng ward na makapagbigay ng mga pangalan ng pamilya para sa ordenansang isinasagawa nila, sila at ang Simbahan ay lubos na mapagpapala. Huwag maliitin ang impluwensya ng mga pumanaw sa pagtulong sa inyo at ang kagalakan ng pagkikita ninyo ng inyong mga pinaglilingkuran sa huli. Ang walanghanggang kahalagahan ng pagpapalang mabuklod sa sarili nating pamilya ay halos hindi kayang unawain.<sup>28</sup>

Sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo, limampu't isang porsiyento ng nasa hustong gulang ang kasalukuyang wala pang pangalan ng mga magulang sa FamilyTree section ng FamilySearch Internet site ng Simbahan. Animnapu't limang porsiyento ng mga nasa hustong gulang ang wala pang pangalan ng apat na lolo't lola nila sa listahan.<sup>29</sup> Tandaan, hindi tayo maliligtas kung wala ang ating mga ugat at mga sanga. Kailangang kunin at ipasok ng mga miyembro ng

Simbahan ang mahalagang impormasyong ito [sa computer].

Mayroon na tayong doktrina, mga templo, at teknolohiya para maisakutuparan ng mga pamilya ang maluwalhating gawaing ito ng kaligtasan. Magmumungkahi ako ng isang paraan para magawa ito. Maaaring magdaos ng "FamilyTree Gathering" ang mga pamilya. Dapat itong gawin nang paulit-ulit. Lahat ay magdadala ng mga journal, kuwento, at retrato tungkol sa pamilya, pati na ng mahahalagang ari-arian ng mga lolo't lola at mga magulang. Sabik makaalam ang ating mga kabataan tungkol sa buhay ng mga miyembro ng pamilya—saan sila nagmula at paano sila namuhay. Ibinaling ng marami ang kanilang puso sa kanilang mga ama. Natutuwa sila sa mga kuwento at retrato, at mahusay sila sa teknolohiya ng pag-scan at pag-upload ng mga kuwento at retratong ito sa FamilyTree at pagkonekta ng mga dokumento sa mga ninuno para maingatan ang mga ito habampanhon. Mangyari pa, ang pangunahing

mithiin ay alamin ang mga ordenansang kailangan pang isagawa at mag-atas ng mga gagawa ng mahalagang gawain sa templo. Ang buklet na *My Family* ay maaaring gamitin para maitala ang impormasyon, mga kuwento, at retrato tungkol sa pamilya na maaaring i-upload sa FamilyTree kalaunan.

Mga pangako at inaasahan ng pamilya ang dapat nating unahin para mapangalagaan ang ating banal na tadhana. Para sa mga yaong nagnais na maging mas makabuluhan ang kanilang araw ng Sabbath na kasama ang buong pamilya, maraming magagawa para mapabilis ang gawaing ito. Masayang ikinuwento ng isang ina ang kanyang 17-taong-gulang na anak na lalaki na gumagawa ng family history sa computer matapos magsimba at ang kanyang 10-taong-gulang na anak na lalaki na nasisiyahan makinig sa mga kuwento at tumingin sa mga retrato ng kanyang mga ninuno. Napagpala nito ang kanilang buong pamilya na





madama ang diwa ni Elijah. Kailang pangalagaan ang ating minamahal na mga ugat at mga sanga.

Ibinigay ni Jesucristo ang Kanyang buhay bilang nakapagliligtas na pagbabayad-sala. Sinagot Niya ang napakahalagang tanong ni Job. Dinaig Niya ang kamatayan para sa buong sangkatauhan, na hindi natin kayang gawin para sa ating sarili. Gayunman, maisasagawa natin ang nakapagliligtas na mga ordenansa at tunay tayong magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion<sup>30</sup> para sa sarili nating pamilya upang madakila at maligtas tayo na kasama nila.

Pinatototohanan ko ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at ang katiyakan ng plano ng Ama para sa atin at sa ating pamilya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. William Saroyan, sa Henry Allen, "Raging against Aging," *Wall Street Journal*, Dis. 31, 2011–Ene. 1, 2012, C9.
2. Job 14:14.
3. Job 14:1, 2, 7, 9.
4. Malakias 4:1. Kamakailan ay naibalita sa ilang artikulo na dumarami ang mga tao na pinipiling hindi magkaanak para umunlad sa kanilang pamumuhay (tingnan sa Abby Ellin, "The Childless Plan for Their Fading Days," *New York Times*, Feb. 15, 2014, B4). Maraming bansa ang bumababa ang populasyon dahil sa pagpiling iyon ng mga tao. Kung minsan ay tinutukoy itong "demographic winter" (tingnan sa *The New Economic Reality: Demographic Winter* [documentary], byutv.org/shows).
5. Malakias 4:5–6.
6. Tingnan sa *History of the Church*, 1:12; Doktrina at mga Tipan 2.

7. 2,400 taon nang hinihintay ng mga Judio ang pagbalik ni Elijah. Hanggang sa panahong ito, sa kanilang taunang Passover Seders, o mga hapunan, nag-iiwan sila ng bakanteng lugar para sa kanya at nagpupunta sila sa pintuan sa pag-asang dumating na siya para ibalita ang pagdating ng Mesiyas.
8. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elijah."
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:14–16; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 2.
10. Russell M. Nelson, "A New Harvest Time," *Ensign*, Mayo 1998, 34.
11. Juan 3:5.
12. Vilate M. Kimball kay Heber C. Kimball, Okt. 11, 1840, mga liham ni Vilate M. Kimball, Church History Library; pinagpare-pareho ang pagbabaybay at pagpapalaki ng titik.
13. Doktrina at mga Tipan 127:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. Tingnan sa *Mga Turo ng Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 77.
15. Tingnan sa liham ng Unang Panguluhan, Okt. 8, 2012.
16. Tingnan sa *The Discourses of Wilford Woodruff*, pinili ni G. Homer Durham (1946), 147.
17. Sinabi ni Brigham Young, "Gusto ko lang makitang ilaan ng mga taong ito ang kanilang kabuhayan at interes sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, pagtatayo ng mga templo, at sa mga ito ay magsagawa sila ng mga ordenansa para sa mga buhay at mga patay . . . nang sa gayon ay maputungan sila bilang mga anak na lalaki at babae ng Maykapal" (*Deseret News*, Set. 6, 1876, 498). Ang binyag para sa mga patay ay nagsimula noong Enero 9, 1877, at isinagawa ang mga endowment para sa mga patay makalipas ang dalawang araw. Ang kagalakan nito ay ipinahayag ni Lucy B. Young, na nagsabing "ang kanyang puso ay puspos ng pasasalamat sa posibilidad na malugod siyang tanggapin [ng kanyang yumaong mga kamag-anak], tulad ng

gagawin ng lahat ng yaong hindi kayang gawin ang gawain para sa kanilang sarili" (sa Richard E. Bennett, "Which Is the Wisest Course? The Transformation in Mormon Temple Consciousness, 1870–1898," *BYU Studies Quarterly*, tomo 52, blg. 2 [2013], 22).

18. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 211.
19. Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff (na kilala bilang isa sa pinakamahuhusay na missionary sa lahat ng panahon sa mga buhay) patungkol sa gawain para sa mga patay: "Itinuring ko ang bahaging ito ng ating gawain bilang mision na singhalaga ng pangangaral sa mga buhay; maririnig ng mga patay ang tinig ng mga tagapaglingkod ng Diyos sa daigdig ng mga espiritu, at hindi sila makababangon sa pagsisimula ng [unang] pagkabuhay na muli, maliban kung naisagawa ang ilang ordenansa, para sa [kanila]." Sinabi rin niya, "Pareho lang ang gagawing pagliligtas sa isang namatay . . . at sa isang buhay pa" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff*, 206).
20. Hinimok ni Pangulong Howard W. Hunter ang mga miyembro ng Simbahan na pumunta nang madalas sa templo "para sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang nakalaan sa loob ng banal at sagradong gusaling iyon. . . . Iyon ay banal sa Panginoon. Dapat iyong maging banal sa atin" ("The Great Symbol of Our Membership," *Tambuli*, Nob. 1994, 6).
21. "Messages of Inspiration from President Thomas S. Monson," *Church News*, Dis. 29, 2013, 2.
22. Howard W. Hunter, "We Have a Work to Do," *Ensign*, Mar. 1995, 65.
23. *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*, ika-11 ed. (2003), "prison."
24. Doktrina at mga Tipan 128:22; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:42. "Bago likhain ang daigdig, inorden ng Panginoon yaong makatutubos sa mga espiritu sa [bilangguan]" (index sa triple combination, "Prison").
25. Doktrina at mga Tipan 128:24.
26. Tingnan sa liham ng Unang Panguluhan, Okt. 8, 2012; tingnan din sa David A. Bednar, "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob," *Liahona*, Nob. 2011, 24–27; R. Scott Lloyd, "Find Our Cousins': Apostle [Neil L. Andersen] Counsels LDS Youth at RootsTech Conference," *Church News*, Feb. 16, 2014, 8–9.
27. Ipinahiwatig sa isang pag-aaral kamakailan na ang pangunahing binibigyang-diin para sa henerasyong ito ay pamumuhay nang makabuluhan kung saan sila ay "nagbibigay sa iba, at nagtutuo sa mas dakilang layunin" (Emily Esfahani Smith and Jennifer L. Aaker, "Millennial Searchers," *New York Times Sunday Review*, Dis. 1, 2013, 6).
28. Tingnan sa Howard W. Hunter, "A Temple-Motivated People," *Liahona*, Mayo 1995, 2–7.
29. Mga estadistikang inilaan ng Family History Department.
30. Tingnan sa Obadias 1:21.



**Ni Elder Dallin H. Oaks**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood

*Ang mga susi ng priesthood ay gumagabay sa kababaihan gayundin sa kalalakihan, at ang mga ordenansa ng priesthood at awtoridad ng priesthood ay nauukol kapwa sa kababaihan at kalalakihan.*

## I.

Sa kumperensyang ito nakita natin ang pag-release sa ilang matatapat na kapatid, at sinang-ayunan natin ang pagtawag sa iba pa. Sa pag-iiba-iba ng tungkulin—na karaniwan sa Simbahan—hindi tayo “bumababa sa puwesto” kapag ini-release tayo, at hindi tayo “umaakyat sa puwesto” kapag tinawag tayo. Walang “pagtaas o pagbaba” sa paglilingkod sa Panginoon. Mayroon lamang “pasulong o paurong,” at iyan ay depende sa kung paano natin tanggapin at tugunan ang pag-release at pagtawag sa atin. Minsan ay pinamunuan ko ang pag-release sa isang batang stake president na tapat na naglilingkod nang siyam na taon at ngayon ay masaya sa pag-release sa kanya at sa bagong tungkulin na natanggap nilang mag-asawa. Tinawag silang maging mga nursery leader

sa kanilang ward. Tanging sa Simbahang ito itinuturing na parehong karangalan iyan!

## II.

Sa pagsasalita sa kumperensya ng kababaihan, sinabi ng Relief Society general president na si Linda K. Burton, “Umaasa kami na *maikintal* sa bawat isa sa atin ang higit na pagnanais na mas maunawaan ang priesthood.”<sup>1</sup> Kailangan nating lahat na gawin iyan, at palalawigin ko pa ito sa pagtalakay sa mga susi at awtoridad ng priesthood. Yamang ang mga paksang ito ay kapwa mahalaga sa kalalakihan at kababaihan, natutuwa ako na ang mga kaganapan na ito ay ibinobroadcast at inilalathala para sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Ang kapangyarihan ng priesthood ay pagpapala sa ating lahat. Ang mga susi ng priesthood ay gumagabay sa

kababaihan gayundin sa kalalakihan, at ang mga ordenansa ng priesthood at awtoridad ng priesthood ay nauukol kapwa sa kababaihan at kalalakihan.

## III.

Inilarawan ni Pangulong Joseph F. Smith ang priesthood bilang “kapangyarihan ng Diyos na itinalaga sa tao upang ang tao ay makakilos sa mundo para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao.”<sup>2</sup> Itinuro sa atin ng iba pang mga lider na ang priesthood “ang pinakamalakas na kapangyarihan sa mundong ito. Ang kapangyarihang ito ang ginamit sa paglikha ng mundo.”<sup>3</sup> Itinuturo ng mga banal na kasulatan na “ang Pagkasaserdote ring ito, na naroroon na sa simula pa ay siya ring naroroon sa wakas ng daigdig” (Moises 6:7). Samakatwid, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, tayo ay mabubuhay na muli at sa huli ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Ang pang-unawang hangad natin ay nagsisimula sa pag-unawa sa mga susi ng priesthood. “Ang mga susi ng priesthood ay ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa mga [mayhawak] ng priesthood upang gabayan, pangasiwaan, at pamahalaan ang paggamit ng Kanyang priesthood sa mundo.”<sup>4</sup> Bawat gawain o ordenansang isinasagawa sa Simbahan ay ginagawa sa ilalim ng direkta o hindi direktang awtoridad na ibinigay





ng mayhawak ng mga susi para sa gawaing iyon. Gaya ng ipinaliwanag ni Elder M. Russell Ballard, “Yaong may mga susi ng priesthood . . . ay literal na ginagawang posible para sa lahat ng matatapat na naglilingkod sa ilalim ng kanilang pamamahala na gamitin ang awtoridad ng priesthood at magkaroon ng access sa kapangyarihan ng priesthood.”<sup>5</sup>

Sa pangangasiwa ng awtoridad ng priesthood, ang paggamit sa mga susi ng priesthood ay kapwa nagpapalawak at nagtatakda ng limitasyon. Nagpapalawak ito dahil ginagawa nitong posible na matanggap ng lahat ng mga anak ng Diyos ang awtoridad at mga pagpapala ng priesthood. Nagtatakda ito ng limitasyon dahil pinangangasiwaan nito kung sino ang bibigyan ng awtoridad ng priesthood, sino ang hahawak ng mga katungkulan nito, at paano igagawad ang mga karapatan at kapangyarihan nito. Halimbawa, ang isang mayhawak ng priesthood ay hindi maaaring igawad ang kanyang katungkulan o awtoridad sa iba maliban kung binigyan siya

ng karapatan ng mayhawak ng mga susi. Kung wala ang awtorisasyong iyan, walang bisa ang ordinasyon. Iyan ang dahilan kung bakit ang isang mayhawak ng priesthood—anuman ang katungkulan—ay hindi maaaring ordenan ang miyembro ng kanyang pamilya o mangasiwa ng sakramento sa kanyang tahanan nang walang pahintulot mula sa mayhawak ng angkop na mga susi.

Maliban lang sa sagradong gawain ng kababaihan sa templo sa ilalim ng mga susi ng pangulo ng templo, na ilalarawan ko mamaya, tanging ang taong may katungkulan sa priesthood ang makapamumuno sa ordenansa ng priesthood. At lahat ng mga ordenansa ng priesthood na ginawa nang may pahintulot ay nakatala sa mga rekord ng Simbahan.

Sa huli, ang lahat ng susi ng priesthood ay hawak ng Panginoong Jesucristo, na Siyang may-ari ng priesthood. Siya ang nagpapasiya kung anong mga susi ng itatalaga sa mga tao sa mundo at kung paano gagamitin ang mga susing iyon. Iniisip

natin na ang lahat ng mga susi ng priesthood ay naigawad na kay Joseph Smith sa Kirtland Temple, ngunit ayon sa banal na kasulatan ang naigawad lamang ay “ang mga susi ng dispensasyong ito” (D at T 110:16). Sa pangkalahatang kumperensya maraming taon na ang nakalipas, ipinaalala sa atin ni Pangulong Spencer W. Kimball na may iba pang mga susi ng priesthood na hindi pa naibigay sa tao sa mundo, kabilang na ang mga susi ng paglikha at pagkabuhay na mag-uli.<sup>6</sup>

Ang mga itinakda ng Diyos sa paggamit ng mga susi ng priesthood ay nagpapaliwanag sa mahalagang kaibhan ng pagpapasiya sa mga bagay na nauukol sa pangangasiwa ng Simbahan at pagpapasiya sa mga bagay na nauukol sa priesthood. Ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa, na namumuno sa Simbahan, ay binigyan ng karapatang magpasiya ukol sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan—tulad ng pagtatayuan ng mga gusali ng Simbahan at edad para sa pagmimisyon. Ngunit kahit hawak at ginagamit ng mga namumunong awtoridad na ito ang lahat ng mga susing itinalaga sa kalalakihan sa dispensasyong ito, wala silang karapatang baguhin ang tuning itinakda ng Diyos na tanging kalalakihan ang hahawak ng mga katungkulan sa priesthood.

#### IV.

Tatalakayin ko na ngayon ang awtoridad ng priesthood. Sisimulan ko sa tatlong alituntuning katalakay lang: (1) ang priesthood ang kapangyarihan ng Diyos na itinalaga sa tao upang makakilos para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao, (2) ang awtoridad ng priesthood ay pinamamahalaan ng mga mayhawak ng priesthood na mayhawak ng mga susi, at (3) yamang nakasaad sa mga banal na kasulatan na “lahat ng ibang mga maykapangyarihan [at] tungkulin sa simbahan ay nakaakibat sa [Melchizedek priesthood na] ito” (D at T 107:5), lahat ng ginagawa sa ilalim ng mga susi ng priesthood na iyon ay ginagawa nang may awtoridad ng priesthood.


Paano ito naaangkop sa kababaihan? Sa isang mensahe sa Relief Society, si Pangulong Joseph Fielding Smith, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay ganito ang sinabi: “Bagama’t ang mga kababaihan ay hindi binigyan ng priesthood at hindi ito iginawad sa kanila, hindi ibig sabihin nito na wala nang awtoridad na ibinigay sa kanila ang Panginoon. . . . Ang isang lalaki ay maaaring mabigyan ng awtoridad, gayundin ang isang babae, na gawin ang ilang bagay sa Simbahan na may bisa at mahalaga para sa ating kaligtasan, tulad ng ginagawa ng ating kababaihan sa Bahay ng Panginoon. Binigyan sila ng awtoridad na gawin ang ilang dakila at kagila-gilalas na mga bagay, na banal sa Panginoon, at maybisa ito na katulad ng mga pagbabasbas na ibinibigay ng kalalakihang mayhawak ng Priesthood.”<sup>7</sup>

Sa mahalagang mensaheng iyan, muli’t muling sinabi ni Pangulong Smith na ang kababaihan ay binigyan ng awtoridad. Sinabi niya sa kababaihan, “Makapagsasalita kayo nang may awtoridad, sapagkat binigyan kayo ng awtoridad ng Panginoon.” Sinabi rin niya na ang Relief Society ay “binigyan . . . ng kapangyarihan at awtoridad na gawin ang maraming dakilang bagay. Ang gawain nila ay ginagawa nang may awtoridad mula sa Diyos.” At, mangyari pa, ang gawain sa Simbahan na ginagawa ng kalalakihan at kababaihan, sa templo man o sa mga ward o branch, ay ginagawa sa ilalim ng pamamahala ng mga mayhawak ng mga susi ng priesthood. Kaya patungkol sa Relief Society, ipinaliwanag ni Pangulong Smith na, “Ibinigay [ng Panginoon] sa kanila . . . ang napakalaking organisasyong ito kung saan mayroon silang awtoridad na maglingkod sa ilalim ng pamamahala ng mga bishop ng mga ward . . . , na pinangangalagaan ang kapakanan ng ating mga tao kapwa sa espirituwal at temporal.”<sup>8</sup>

Tunay na masasabi kung gayon na ang Relief Society ay hindi isang klase lamang na dadaluhan ng kababaihan kundi isang samahan na kinabibilangan nila—na itinatag ng Diyos na kalakip ng priesthood.<sup>9</sup>

Hindi karaniwan sa atin ang sabihing may awtoridad ng priesthood ang kababaihan sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan, ngunit ano pa bang awtoridad ang maitatawag dito? Kapag ang isang babae—bata man o matanda—ay itinalaga na mangaral ng ebanghelyo bilang full-time missionary, siya ay binibigyan ng awtoridad ng priesthood para isagawa ang tungkulin ng priesthood. Angkop din iyan kapag ang isang babae ay itinalaga na mamuno o magturo sa isang organisasyon ng Simbahan sa pamamahala ng mayhawak ng mga susi ng priesthood. Sinumang gumaganap sa katungkulan o tungkulin na natanggap mula sa taong mayhawak ng mga susi ng priesthood ay ginagamit ang awtoridad ng priesthood sa pagtupad sa mga gawaing itinalaga sa kanya.

Ang sinumang gumagamit ng awtoridad ng priesthood ay dapat isantabi ang kanilang mga karapatan at magtuon sa kanilang mga tungkulin. Iyan ang alituntuning kailangan ng lipunan sa kabuuan. Ang bantog na manunulat na Ruso na si Aleksandr Solzhenitsyn ay nagsabing, “Panahon na . . . para panindigan ang obligasyon ng tao nang higit sa karapatan ng tao.”<sup>10</sup> Tiyak na batid ng mga Banal sa mga Huling Araw na ang pagiging



marapat sa kadakilaan ay hindi paggiit ng karapatan kundi pagtupad sa mga responsibilidad.

## V.

Iniutos ng Panginoon na tanging kalalakihan ang maoordenan sa mga katungkulan sa priesthood. Ngunit, tulad ng binigyang-diin ng mga lider ng Simbahan, ang kalalakihan ay hindi ang “priesthood.”<sup>11</sup> Hawak ng kalalakihan ang priesthood, nang may banal na tungkuling gamitin ito para pagpalain ang lahat ng mga anak ng Diyos.

Ang pinakamalaking kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak na lalaki ay hindi maisasagawa kung wala ang Kanyang mga anak na babae, dahil tanging ang Kanyang mga anak na babae ang binigyan ng Diyos ng kapangyarihang “maging tagalikha ng mga katawan . . . upang ang layunin ng Diyos at ang Dakilang Plano ay maisagawa.”<sup>12</sup> Iyan ang sinabi ni Pangulong J. Reuben Clark.

Pagpapatuloy niya: “Ito ang tungkulin ng ating mga asawa at ating mga ina sa Walang Hanggang Plano. Hindi sila humahawak ng Priesthood; hindi sila inatasang isagawa ang mga tungkulin at gawain ng Priesthood; ni hindi nila pasan ang mga responsibilidad nito; sila ang tagapagtayo at tagapagtatag sa ilalim ng kapangyarihan nito, at kabahagi ng mga pagpapala nito, nagtataglay ng kapupunan ng mga kapangyarihan ng Priesthood at may gawaing mula sa Diyos, na ang kahalagahan ay walang hanggan na tulad ng Priesthood.”<sup>13</sup>

Sa napakagandang mga salitang iyon, ang pinapatungkulan ni



mga tagapaglingkod Niya, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Linda K. Burton, "Priesthood: 'A Sacred Trust to Be Used for the Benefit of Men, Women, and Children'" (Brigham Young University Women's Conference address, Mayo 3, 2013), 1; ce.byu.edu/cw/womensconference/transcripts.php.
2. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 139.
3. Boyd K. Packer, "Kapangyarihan ng Priesthood sa Tahanan," (pandaigdigang pulong sa pamumuno, Peb. 2012); lds.org/broadcasts; tingnan din sa James E. Faust, "Power of the Priesthood," *Ensign*, Mayo 1997, 41–43.
4. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.1.
5. M. Russell Ballard, "Men and Women in the Work of the Lord," *Liahona*, Abr. 2014, 48; tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 163.
6. Tingnan sa Spencer W. Kimball, "Our Great Potential," *Ensign*, Mayo 1977, 49.
7. Joseph Fielding Smith, "Relief Society—an Aid to the Priesthood," *Relief Society Magazine*, Jan. 1959, 4.
8. Joseph Fielding Smith, "Relief Society—an Aid to the Priesthood," 4, 5; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 341–42.
9. Tingnan sa Boyd K. Packer, "The Relief Society," *Ensign*, Mayo 1998, 72; tingnan din sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 163.
10. Aleksandr Solzhenitsyn, "A World Split Apart" (mensaheng ibinigay sa mga nagsipagtapos sa Harvard University, Hunyo 8, 1978); tingnan din sa Patricia T. Holland, "A Woman's Perspective on the Priesthood," *Ensign*, Hulyo 1980, 25; *Tambuli*, Hunyo 1982, 23; Dallin H. Oaks, "Rights and Responsibilities," *Mercer Law Review*, tomo 36, blg. 2 (taglamig 1985), 427–42.
11. Tingnan sa James E. Faust, "You Are All Heaven Sent," *Liahona*, Nob. 2002, 113; M. Russell Ballard, "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwhatian," *Liahona*, Mayo 2013, 19; Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Liahona*, Nob. 2005, 26. Sinasabi natin kung minsan na ang Relief Society ay "katuwang ng priesthood." Mas angkop sabihin na sa gawain ng Panginoon ang Relief Society at ang kababaihan ng Simbahan ay "mga katuwang ng mga *mayhawak* ng priesthood."
12. J. Reuben Clark Jr., "Our Wives and Our Mothers in the Eternal Plan," *Relief Society Magazine*, Dis. 1946, 800.
13. J. Reuben Clark Jr., "Our Wives and Our Mothers," 801.
14. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
15. Spencer W. Kimball, "Privileges and Responsibilities of Sisters," *Ensign*, Nob. 1978, 106.
16. M. Russell Ballard, *Liahona*, Abr. 2014, 48; tingnan din sa Sheri L. Dew, *Women and the Priesthood* (2013), lalo na ang kabanata 6, para sa mas mahalagang pagpapaliwanag ng mga doktrinang nakasaad dito.

Pangulong Clark ay ang pamilya. Tulad ng nakasaad sa pagpapahayag sa mag-anak, ang ama ang namumuno sa mag-anak, siya at ang ina ay may magkahiwalay na responsibilidad, ngunit sila ay "may pananagutang magtulongan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."<sup>14</sup> Ilang taon bago lumabas ang pagpapahayag na ito, ibinigay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang magandang paliwanag na ito: "Kapag pinag-uusapan ang mag-asawa bilang pagtutuwang, pag-usapan natin ito bilang *ganap* na pagtutuwang. Ayaw natin ang mga babaeng LDS na *magsawalang-kibo* na lang o *malimitahan* ang kilos sa walang hanggang tungkuling iyon! Mangyaring *tumulong* kayo at maging *ganap* na katuwang."<sup>15</sup>

Sa mata ng Diyos, sa Simbahan man o sa pamilya, ang kalalakihan at kababaihan ay magkapatay, na may magkaibang mga responsibilidad.

Magtatapos ako sa ilang katotohanan tungkol sa mga pagpapala ng priesthood. Hindi katulad ng mga susi ng priesthood at mga ordinasyon sa priesthood, ang mga pagpapala ng priesthood ay maaaring matanggap ng kababaihan at kalalakihan sa parehong kondisyon. Ang kaloob na Espiritu Santo at ang mga pagpapala ng templo ay karaniwang mga

halimbawa ng katotohanang ito.

Sa kanyang magandang mensahe sa BYU Education Week noong nakaraang tag-init, ibinahagi ni Elder M. Russell Ballard ang mga turong ito:

"Sa doktrina ng ating Simbahan ang kababaihan ay kapantay ng ngunit kababa sa kalalakihan. Hindi itinuturing ng Diyos ang isang kasarian na mas mabuti o mas mahalaga kaysa sa isa. . . .

"Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay nagpunta sa templo, pareho silang pinagkakalooban ng iisang kapangyarihan, ang kapangyarihan ng priesthood. . . . Ang kapangyarihan at pagpapala ng priesthood ay maaaring matamo ng lahat ng anak ng Diyos."<sup>16</sup>

Pinatotohanan ko ang kapangyarihan at pagpapala ng priesthood ng Diyos, na maaaring matamo ng lahat ng Kanyang mga anak. Pinatotohanan ko ang awtoridad ng priesthood, na ginagamit sa lahat ng katungkulan at gawain ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinatotohanan ko na galing sa Diyos ang layunin ng mga susi ng priesthood, na hawak at ginagamit ang kabuuan nito ng ating propeta at pangulo, si Thomas S. Monson. Ang huli at pinakamahalaga, pinatotohanan ko ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, na ang gayong priesthood ay Kanya at tayo ay



**Ni Elder Donald L. Hallstrom**  
Ng Panguluhan ng Pitumpu

## Anong Uri ng mga Tao?

*Anong mga pagbabago ang inaasahan sa atin upang maging uri ng kalalakihang dapat tayong maging?*

**H**abang iniisip natin ang pandaigdigang pulong na ito, naipapaalala sa atin na walang maikukumpara sa pagtitipong ito—saanman. Ang layunin ng sesyon sa priesthood ng pangkalahatang kumperensya ay ituro sa mga mayhawak ng priesthood kung anong uri ng mga tao ba nararapat tayo (tingnan sa 3 Nephi 27:27) at upang hikayatin tayong abutin ang potensyal na iyan.

Noong panahong nasa Aaronic Priesthood pa ako sa Hawaii kalahating siglo na ang nakalilipas at noong ako ay missionary sa England, nagtitipon kami sa mga meetinghouse at [buong tiyagang] pinakikinggan ang sesyon sa priesthood gamit ang telepono. Kalaunan, dahil sa satellite nakakapagbrodkast na sa ilang piling lugar ng Simbahan gamit ang malaking dish receiver para mapakinggan at mapanood ang kaganapan. Manghang-mangha kami sa teknolohiyang iyan! Hindi inakala ng maraming tao noon na sa makabagong panahon ngayon, kapag may access ka sa Internet gamit ang smartphone, tablet, o computer mapapanood mo ang mga mensahe ng pulong na ito.

Gayunman, ang maraming paraan na mapapakinggan ang mga tinig ng mga tagapaglingkod ng Panginoon, na parang tinig na rin ng Panginoon (tingnan sa D at T 1:38), ay walang gaanong pakinabang kung hindi tayo handang tanggapin ang salita (tingnan sa D at T 11:21) at sundin ito. Sa madaling salita, ang layunin ng pangkalahatang kumperensyang



ito at ng sesyong ito sa priesthood ay maisasakatuparan lang kung handa tayong kumilos—kung handa tayong magbago.

Maraming taon na ang nakaraan, naglingkod ako bilang bishop. Sa matagal na panahon paulit-ulit kaming nag-usap ng isang lalaki sa aming ward na malaki ang tanda sa akin. Hindi maganda ang relasyon ng kapatid na ito sa kanyang asawa at wala nang komunikasyon sa kanyang mga anak. Madalas siyang mawalan ng trabaho, walang malapit na kaibigan, at nahirapang makitungo sa mga miyembro kaya hindi na niya gustong maglingkod sa Simbahan. Sa isang masinsinan naming pag-uusap tungkol sa mga hamon niya sa buhay, lumapit siya sa akin—bilang pagtapos sa lahat ng aming di mabilang na pag-uusap—at sinabi, “Bishop, madali akong magalit, at ganito na talaga ako!”

Nagulat ako sa sinabi niya nang gabing iyon at ikinabalisa ito mula noon. Sa sandaling ipasiya ng taong ito—sa sandaling isipin ng sinuman sa atin na—“Ganito na ako talaga,” isinusuko na natin ang kakayahan nating magbago. Mabuti pa kung gayon na itaas na lang natin ang puting bandila, ibaba ang ating mga sandata, at isuko na ang laban—hindi na umasang manalo pa. Bagama’t iniisip ng ilan sa atin na hindi tayo ang pinapatungkulan niyon, siguro kung minsan kinakakitaan din tayo ng pag-uugaling, “Ganito na talaga ako.”

Nagtitipon tayo sa pulong ng priesthood dahil kung may kakulangan tayo ngayon ay hindi palaging gayon. Nagpupulong tayo rito sa pangalan ni Jesucristo. Nagpupulong tayo nang may tiwala na ang Kanyang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa bawat isa sa atin—anuman ang ating kahinaan o pagkalulong—ng kakayahang magbago. Nagpupulong tayo sa pag-asang ang ating kinabukasan, anuman ang ating nakaraan, ay mapapabuti.

Kapag nakikibahagi tayo sa pulong na ito nang may “tunay na layunin” na magbago (Moroni 10:4), maaantig ng Espiritu ang ating puso’t isipan. Tulad nang ipinahayag ng Panginoon



kay Propetang Joseph Smith, “At ito ay mangyayari, na yayamang sila ay . . . gumagawa nang may pananampalataya sa akin”—tandaan, ang pananampalataya ay alituntunin ng kapangyarihan at paggawa—“ibubuhos ko ang aking Espiritu sa kanila sa araw na sama-sama nilang titipunin ang kanilang sarili” (D at T 44:2). Ibig sabihin niyan ay ngayong gabi!

Kung sa palagay ninyo ay imposibleng madaig ang mga hamon sa buhay, hayaan ninyong ikuwento ko ang isang lalaking nakilala namin sa isang bayan sa Hyderabad, India, noong 2006. Ipinakita ng taong ito na handa siyang magbago. Si Appa Rao Nulu ay isinilang sa isang lungsod sa India. Noong siya ay tatlong taong gulang, nagkasakit siya ng polio at hirap nang lumakad. Ipinaramdam sa kanya ng lipunan na limitado na ang kanyang potensyal. Gayunman, nang siya’y magbinata, nakilala niya ang ating mga missionary. Ipinaalam nila sa kanya ang mas malaki niyang potensyal, sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Nabinyagan

siya at kinumpirmang miyembro ng Simbahan. Dahil naragdagan ang kumpiyansa sa sarili, minithi niyang matanggap ang Melchizedek Priesthood at magmisyon. Noong 1986 siya ay inordenang elder at tinawag na maglingkod sa India. Nahirapan siyang lumakad—pinilit niyang maglakad gamit ang tungkod sa magkabilang kamay at maraming beses siyang natumba—subalit hinding-hindi siya sumuko. Matibay siyang nangako na marangal at matapat na maglilingkod sa misyon, at ginawa nga iyon.

Nang makita namin si Brother Nulu, halos 20 taon mula nang siya ay magmisyon, masaya niya kaming sinalubong sa daan at sinabayan kami sa paglakad sa di patag na lupa papunta sa maliit na bahay nila ng kanyang asawa at tatlong anak. Napakainit at hindi komportable sa pakiramdam ang araw na iyon. Hirap pa rin siyang lumakad, ngunit wala sa kanya ang awa sa sarili. Dahil sa pagpupunyagi, siya ay naging guro, at naging tagapagturo sa mga bata sa bayan. Nang pumasok kami sa kanyang simpleng

tahanan, kaagad niya akong dinala sa isang sulok at kinuha ang isang kahon na naglalaman ng mahahalaga niyang pag-aari. Ipinakita niya sa akin ang isang pirasong papel. Nakasulat dito, “Hangad ko ang magagandang bagay at mga pagpapala para kay Elder Nulu, ang matapang at masayang missionary; [petsa] Hunyo 25, 1987; [lagda] Boyd K. Packer.” Sa pagkaka-taong iyon, nang bumisita ang noo’y si Elder Packer sa India at nagsalita sa isang grupo ng mga missionary, tiniyak niya kay Elder Nulu ang potensyal nito. Ang gustong ipahiwatig sa akin ni Brother Nulu nang araw na iyon ng 2006 ay nabago ng ebanghelyo ang buhay niya—nang panghabambuhay!

Sa pagbisita naming iyon sa tahanan ng mga Nulu, kasama namin ang mission president. Naroon siya para interbyuhin si Brother Nulu, kanyang asawa, at mga anak—upang matanggap ng mga magulang ang kanilang endowment at mabuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang. Sinabi rin namin sa kanila na inaasikaso ang pagpunta ng kanilang pamilya sa Hong Kong China Temple para sa mga ordenansang ito. Naiyak sila sa galak dahil natupad na ang matagal na nilang pangarap.

Ano ang inaasahan sa isang mayhawak ng priesthood ng Diyos? Anong mga pagbabago ang inaasahan sa atin upang maging uri ng kalalakihang dapat tayong maging? May tatlong mungkahi ako:

1. Kailangan tayong maging marapat sa priesthood! Tayo man ay mga kabataang mayhawak ng Aaronic Priesthood o mga kalalakihang mayhawak ng Melchizedek Priesthood, kailangan tayong maging marapat sa priesthood, may malakas na espirituwalidad dahil tayo ay nakipagtipan. Tulad ng sinabi ni Pablo, “Nang ako’y bata pa, ay nagsasalita akong gaya ng bata, nagdaramdam akong gaya ng bata, nagiiisip akong gaya ng bata: ngayong maganap ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata” (1 Mga Taga Corinto 13:11). Dapat ay naiiba tayo dahil





hawak natin ang priesthood—hindi nagyayabang o nagmamalaki o nagmamagaling kundi mapag-kumbaba at may mababang-loob. Ang pagtanggap ng priesthood at ng iba't ibang katungkulan nito ay dapat nating pahalagahan. Hindi ito dapat ituring na “karaniwang gawain” lang na sadyang nangyayari sa partikular na edad kundi isang sagradong gawain na pinag-uukulang mabuti. Dapat nating ikarantal at ipagpasalamat ito kaya dapat nakikita ito sa bawat ginagawa natin. Kung hindi man lang natin gaanong isinasaisip ang priesthood, kailangan nating magbago.

2. Kailangan nating maglingkod! Ang pangunahing aspeto ng priesthood ay ang pagtupad sa ating tungkulin (tingnan sa D at T 84:33) sa paglingkod sa iba. Ang hindi pagganap sa mahalagang tungkuling paglingkuran ang ating asawa at mga anak, hindi pagtanggap o hindi pagtupad sa mga tungkulin sa Simbahan, o kawalan ng malasakit sa iba dahil hindi maginhawa sa atin ay pag-uugaling hindi natin dapat taglayin. Ipinahayag ng Tagapagligtas, “Iibigin mo ang Panginoon mong Dios

ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo” (Mateo 22:37) at idinagdag kalaunan, “Kung mahal ninyo ako kayo ay maglilingkod sa akin” (D at T 42:29). Ang pagkamasarili ay salungat sa ating responsibilidad sa priesthood, at kung ito ay pag-uugali natin, dapat tayong magbago.

3. Kailangan nating maging marapat! Wala ako ng kakayahan ni Elder Jeffrey R. Holland noong magsalita siya sa sesyon ng priesthood ilang taon na ang nakararaan, na “[lapi-tan] kayo . . . , at [pag-alabin] nang kaunti ang damdamin ninyo” (“Tayong Lahat ay Kabilang,” *Liahona*, Nob. 2011, 45); ngunit mahal kong mga kapatid, kailangngang alam natin na ang mga gawaing iniisip ng mundo na mabuti ay makakahadlang sa paggamit natin ng priesthood. Kung iniisip natin na ang kaunting pagtingin sa pornograpiya o paglabag sa batas ng kalinisang-puri o pagiging di matapat sa anupamang paraan ay walang masamang epekto sa atin at sa ating pamilya, nagkakamali tayo. Sinabi ni Moroni, “Tiyaking inyong ginagawa ang lahat ng bagay nang

karapat-dapat” (Mormon 9:29). Mariing iniutos ng Panginoon, “At binibigyan ko kayo ngayon ng isang kautusan na mag-ingat hinggil sa inyong sarili, na makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan” (D at T 84:43). Kung may mga kasalanan tayong hindi pa napagsisihan na hadlang sa ating pagkamarapat, dapat tayong magbago.

Ang tanging ganap na kasagutan sa itinanong ni Jesucristo na, “Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” ay ang malinaw Niyang ipinahayag: “Maging katulad ko” (3 Nephi 27:27). Ang paanyayang “lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya” (Moroni 10:32) ay parehong humihingi at naghihintay ng pagbago. Mabuti na lamang at hindi Niya tayo iniwang nag-iisa. “At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. . . . [S]a gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila” (Eter 12:27). Sa pag-asa sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, makakapagbago tayo. Ito ay natitiyak ko. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Randall L. Ridd**

Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Ang Piling Henerasyon


*Kayo ay piniling makibahagi sa Kanyang gawain sa panahong ito dahil tiwala Siya na pipiliin ninyo ang tama.*

Mga kabataang lalaki, marahil ay narinig na ninyo noon na kayo ay isang “lahing hirang,” ibig sabihin pinili at inihanda kayo ng Diyos na pumarito sa lupa sa panahong ito para sa dakilang layunin. Alam kong ito ay totoo. Ngunit ngayong gabi gusto kong tawagin kayo na “pumipiling henerasyon” dahil ngayon lamang sa kasaysayan ng mundo nagkaroon ng napakaraming pagpipilian ang mga tao. Kapag mas maraming pagpipilian mas maraming oportunidad; kapag mas maraming oportunidad mas maraming kabutihang magagawa at, ang nakakalungkot, mas marami ring kasamaan. Naniniwala ako na ipinadala kayo ng Diyos sa panahong ito dahil tiwala Siya sa inyo na mahihiwatigan ninyo ang iba’t ibang magagandang pagpipilian.

Noong 1974, sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Naniniwala ako na masayang maglalaan ang Panginoon sa atin ng teknolohiya na halos hindi maiisip natin na mga pangkaraniwang tao” (“When the World Will Be Converted,” *Ensign*, Okt. 1974, 10)

At naglaan nga Siya! Lumaki kayo na nariyan na ang isa sa pinakamahuusay na kasangkapan para sa kapakinabangan ng tao: ang Internet. Dahil diyari, napakarami nating pagpipilian.

Ang pagkakaroon ng napakaraming pagpipilian, gayunman, ay may kalakip na pananagutan. Naaakses ninyo sa Internet kapwa ang pinakamabuti at pinakamasama na nasa mundo. Sa paggamit nito makagagawa kayo ng mabubuting bagay sa maikling panahon, o kaya’y maaari kayong mabitag sa di mahahalagang bagay na sasayang sa inyong oras at magpapahina ng inyong kakayahang gumawa ng mabuti. Sa pagklik ng mouse, maaakses ninyo ang anumang naisin ng inyong puso. Iyan ang mahalaga—ano ang nais ng inyong puso? Ano ang



nakakaakit sa inyo? Saan hahantong ang inyong mga naisin?

Alalahanin na “ipinagkakaloob [ng Diyos] sa mga tao ang naayon sa kanilang naisin” (Alma 29:4) at Kanyang “hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso” (D at T 137:9; tingnan din sa Alma 41:3).

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: “Sa makatotohanan bagama’t matalinghagang kahulugan, ang *aklat ng buhay* ay talaan ng mga ginawa ng mga tao na nakatala sa sarili nilang katawan. . . . Gayon nga, lahat ng iniisip, salita, at gawa ay may [pekto] sa katawan ng tao; lahat ng ito ay nag-iwan ng mga marka, mga marka na mababasa Niya na Diyos na Walang Hanggan nang napakadali gaya ng mga salitang mababasa sa isang aklat” (*Mormon Doctrine*, Ika-2 ed. [1996], 97).

Inirerekord rin ng Internet ang inyong mga naisin, na ipinahayag sa pagsasaliksik at pagklik ng mouse. Napakaraming resources ang naghihintay para tugunan ang mga naising iyon. Kapag nag-surf kayo sa Internet, nag-iwan kayo ng mga marka—ang sinabi ninyo, anong web page ang tiningnan ninyo, gaano kayo katagal doon, at mga bagay na interesado kayo. Sa ganitong paraan, ang Internet ay gumagawa ng cyber profile para sa inyo—ibig sabihin, ang inyong “aklat ng buhay online.” Tulad ng nangyayari sa tunay na buhay, lalo pang ibibigay sa inyo ng Internet ang anumang hinahanap ninyo. Kung dalisay ang inyong hangarin, pag-iibayuhin ito ng Internet, padadaliin nito ang inyong pakikibahagi sa mga makabuluhang aktibidad. Ngunit totoo rin ang kabaligtaran nito.

Ganito ang sinabi ni Elder Neal A. Maxwell:

“Anuman ang palagi nating hinahangad, sa paglipas ng panahon, ay ang siyang kahihinatnan natin sa huli at matatamo sa kawalang-hanggan. . . .

“ . . . Sa pagkakaroon lamang ng mabubuting hangarin tayo hindi mapapahamak!” (“According to the Desire of [Our] Hearts,” *Ensign*, Nob. 1996, 21, 22).

Mga bata kong kapatid, kung hindi kayo magkakaroon ng mabubuting naisin, ang mundo ang gagawa nito para sa inyo. Araw-araw hangad ng mundo na impluwensyahan ang inyong mga naisin, inaakit kayo na bumili ng isang bagay, manood online, maglaro, o magbasa. Sa huli, kayo pa rin ang pipili. May kalayaan kayo. Ito ay kakayahang hindi lamang gawin ang inyong nais kundi pabalin, dalisayin at pagbutihin din ang inyong mga naisin. Ang kalayaan ang gagamitin ninyo kung ano ang gusto ninyong kahinatnan ninyo. Bawat pagpili ay naglalapit o naglalayo sa inyo sa dapat ninyong kahinatnan; bawat pagklik ng mouse ay mahalaga. Palaging tanungin ang inyong sarili, “Saan hahantong ang pagpiling ito?” Magkaroon ng kakayahang maunawaan ang ibubunga ng inyong gagawin.

Gusto ni Satanas na kontrolin ang inyong kalayaan upang mahadlangan niya kayo sa dapat ninyong kahinatnan. Alam niya na ang isa sa pinakamahuusay na paraan para magawa ito ay mabitag kayo sa adiksiyon. Ang inyong pagpili ang magpapasiya kung nakakabuti o nakakasama ang teknolohiya sa inyo.

Magbibigay ako ng apat na alituntuning tutulong sa inyo, kayong piling henerasyon, na magpapabuti sa inyong mga naisin at gagabay sa paggamit ninyo ng teknolohiya.

### **Una: Ang Malaman Kung Sino Talaga Kayo ay Mas Nagpapadali sa Pagpapasiya**

May kaibigan ako na nalaman ang katotohanang ito sa napaka-personal na paraan. Ang kanyang anak ay lumaki sa ebanghelyo, ngunit tila lumilihis siya rito. Madalas niyang tanggihan ang mga pagkakataon na gamitin ang priesthood. Nalungkot ang kanyang mga magulang nang ipasiya niya na hindi siya magmimisyon. Taimtim na nagdasal ang aking kaibigan para sa kanyang anak, umaasang magbabago ang puso nito. Ang pag-asang iyon ay naglaho nang sabihin ng kanyang anak na magpapakasal na siya. Naki-usap ang ama na kunin ng kanyang



anak ang patriarchal blessing nito. Sa huli ay pumayag ang anak pero iginiit na mag-isa siyang makikipagkita sa patriarch.

Nang umuwi siya pagkatapos ng basbas, napaka-emosyonal niya. Isinama niya ang kanyang nobya palabas, kung saan makakausap niya ito nang sarilinan. Dumungaw ang ama sa bintana at nakita ang magkasintahan na pinapahid ang luha ng isa't isa.

Kalaunan ikinuwento ng anak sa kanyang ama ang nangyari. Madamdaming ikinuwento niya na nang binabasbasan siya, naunawaan niya kahit paano kung sino siya sa premortal na daigdig. Nakinita niya kung gaano siya katapang at kalakas sa paghihikayat sa iba na sundin si Cristo. Dahil alam niya kung sino talaga siya, paanong hindi siya magmimisyon?

Mga kabataan, alalahanin kung sino kayo. Alalahanin na taglay ninyo ang banal na priesthood. Hihikayatin kayo nito na pumili ng tama sa paggamit ninyo ng Internet at sa buong buhay ninyo.

### **Pangalawa: Kumonekta sa Pinagmumulan ng Lakas**

Sa cell phone na hawak mismo ng inyong kamay naroon ang karunungan ng lahat ng panahon—higit sa lahat, ang mga salita ng propeta,

mula sa Lumang Tipan hanggang kay Pangulong Thomas S. Monson. Ngunit kung hindi ninyo regular na nire-recharge ang inyong cell phone, wala itong silbi, at hindi kayo makakakonekta at makakausap. Hindi ninyo iisiping umalis nang hindi nire-recharge ang inyong baterya.

Kung mahalagang naka-full charge ang inyong cell phone sa pag-alis ninyo sa bahay araw-araw, higit na mahalaga na lubos kayong handa sa espirituwal. Tuwing ipa-plug-in ninyo ang inyong cell phone, gamitin ito bilang paalala na tanungin ang inyong sarili kung naka-plug-in kayo sa pinakamahalagang pinagkukunan ng espirituwal na lakas—panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan, na magbibigay sa inyo ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo (tingnan sa D at T 11:12–14). Tutulong ito na malaman ninyo ang isipan at kaloo-ban ng Panginoon upang makagawa ng maliit ngunit mahalagang pagpili araw-araw na magpapasiya sa inyong patutunguhan. Marami sa atin ang agad na humihinto sa ating ginagawa para magbasa ng text message—hindi ba't dapat nating mas pahalagahan ang mga mensaheng mula sa Panginoon? Huwag nating kalimutan na kumonekta sa kapangyarihang ito (tingnan sa 2 Nephi 32:3).

**Pangatlo: Ang Pagkakaroon ng Smartphone ay Hindi Nagpapahusay sa Inyo, ngunit ang Paggamit Nito nang Matalino ang Nagpapahusay sa Inyo**

Mga kabataan, huwag gamitin sa masama ang inyong smartphone. Alam ninyo ang ibig kong sabihin (tingnan sa Mosias 4:29). Napakaraming paraan na mailalayo kayo ng teknolohiya mula sa mga bagay na pinakamahalaga. Sundin ang lumang kasabihan “Kung ano ang ipinagagawa sa iyo, iyon ang gawin mo.” Kapag nagmamaneho kayo, magmaneho lang. Kapag nasa klase kayo, pagtuunan ang aralin. Kapag kasama ang mga kaibigan, pagtuunan ninyo sila ng pansin. Ang utak ninyo ay hindi mapagsasabay ang dalawang bagay. Ang sabay-sabay na paggawa ng maraming bagay ay agad nagpapawala ng inyong pansin sa isang bagay. Ayon sa lumang kasabihan, “Kapag dalawang kuneho ang hinuhuli mo, ni isa ay wala kang mahuhuli.”

**Ikaapat: Ang Panginoon ay Naglaan ng Teknolohiya para Maisakatuparan ang Kanyang mga Layunin**

Ang banal na layunin ng teknolohiya ay pabilisin ang gawain ng kaligtasan. Bilang mga miyembro ng piling henerasyon, alam ninyong gamitin ang teknolohiya. Gamitin ito upang mapabilis ang inyong pag-unlad tungo sa kasakdalan. Dahil biyaya sa inyo ay kayrami, sa inyong kapwa’y dapat magbahagi (tingnan sa “Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami,” *Mga Himno*, blg. 133). Inaasahan ng Panginoon na gagamitin ninyo ang mga kasangkapang ito para mapabilis ang Kanyang gawain, maibahagi ang ebanghelyo sa paraang ni sa hinagap ay hindi inakala ng aking mga ka-henerasyon. Noon, naiimpluwensyahan ng mga tao ang kanilang mga kapitbahay at bayan, ngunit ngayon may kakayahan kayong makipag-ugnayan sa mga tao saanmang lugar at impluwensiyahan ang buong mundo.

Pinatototohanan ko na ito ang Simbahan ng Panginoon. Kayo ay piniling makibahagi sa Kanyang gawain sa panahong ito dahil tiwala Siya na pipiliin ninyo ang tama. Kayo ang piling henerasyon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Kabahagi Ba Kayo sa Gawain ng Panunumbalik?

*Napakalaki ng naghihintay sa atin bilang mga indibiduwal, pamilya, at Simbahan ni Cristo para hindi natin ibigay ang buong pagsisikap sa sagradong gawaing ito.*

**H**alos 200 taon na ang nakalipas, ang maikling kuwentong Amerikano na “Rip van Winkle” ay biglang naging bantog. Ang bidang si Rip ay isang taong walang ambisyon na napakahusay umiwas sa dalawang bagay: sa trabaho at sa kanyang asawa.

Isang araw, habang pagala-gala sa kabundukan kasama ang aso niya, natuklasan niya ang isang grupo ng kalalaking kakaiba ang kasuotan na nag-iinum at naglalaro. Matapos lumagok nang kaunti ng alak nila, inantok si Rip at pumikit sandali. Nang muli siyang magmulat, nagulat siyang

malaman na wala na ang aso niya, kinalawang ang baril niya, at mahaba na ang balbas niya.

Naglakbay si Rip pabalik sa kanyang nayon para lamang matuklasan na nagbago na ang lahat. Namatay na ang asawa niya, wala na ang mga kaibigan niya, at ang larawan ni King George III sa bahay-tuluyan ay napalitan na ng larawan ng isang taong hindi niya kilala—si General George Washington.

Si Rip van Winkle ay nakatulog nang 20 taon! At habang natutulog, nalagpasan niya ang isa sa mga kapana-panabik na panahon sa





kasaysayan ng kanyang bansa—nakatulong siya sa buong panahon ng American Revolution.

Noong Mayo ng 1966, ginamit ni Dr. Martin Luther King Jr. ang kuwentong ito para ilarawan ang kanyang talumpati na “Don’t Sleep Through the Revolution.”<sup>1</sup>

Ngayon, gusto ko ring gamitin ang temang ito at magtanong sa lahat ng mayhawak ng priesthood ng Diyos: kabahagi ba kayo sa gawain ng Panunumbalik?

### **Nabubuhay Tayo sa Panahon ng Panunumbalik**

Kung minsan iniisip natin na ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay isang bagay na kumpleto, na tapos na— isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, tinanggap niya ang mga susi ng priesthood, inorganisa ang Simbahan. Ang totoo, ang Panunumbalik ay tuluy-tuloy na proseso; nabubuhay tayo rito ngayon mismo. Kasama rito ang “lahat ng [inilahayag] ng Diyos, [at] lahat ng Kanyang [inilahayag] ngayon,” at ang “maraming dakila at mahahalagang bagay” na ihahayag pa Niya.<sup>2</sup> Mga kapatid, ang kapanapanabik na mga nangyayari ngayon ay bahagi ng matagal nang ipinropesiyang panahon ng paghahanda na magwawakas sa maluwalathing

Ikalawang Pagparito ng ating Taga-pagligtas na si Jesucristo.

Isa ito sa mga pinaka-pambihirang panahon sa kasaysayan ng mundo! Inasam ng mga propeta noon na makita ang ating panahon.

Kapag nagwakas na ang buhay natin sa mundo, anong mga karanasan ang maibabahagi natin tungkol sa sarili nating kontribusyon sa mahalagang panahong ito ng ating buhay at sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon? Masasabi kaya natin na nagsumikap at nagpakapagod tayo nang buong puso, kakayahan, isipan, at lakas? O aaminin natin na ang naging papel natin ay tagamasid lamang?

Sa palagay ko maraming dahilan kung bakit madali tayong antukin kapag pagtatayo ng kaharian ng Diyos ang pinag-uusapan. Babanggit ako ng tatlong pangunahing dahilan. Habang ginagawa ito, pagnilayan ninyo kung may aakma sa inyo. Kung may makita kayong kailangang baguhin, isipin ninyo kung ano ang magagawa para mabago ito.

### **Pagkamakasari**

Una, pagkamakasari.

Ang mga makasarili ay walang ibang iniisip kundi ang sarili nilang kapakanan at kasiyahan.

Ang mahalagang tanong para sa taong makasarili ay “Ano ang mapapala ko rito?”

Mga kapatid, tiyak kong nakikita ninyo na ang pag-uugaling ito ay malinaw na salungat sa diwang kailangan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Kapag hinangad nating paglingkuran ang ating sarili kaysa sa iba, natutuon ang ating mga prayoridad sa sarili nating katanyagan at kasiyahan.

Ang nakaraang mga henerasyon ay nahirapan sa iba’t ibang uri ng kahambugan at pagkamakasari, ngunit ngayon ay mas malala pa tayo. Nagkataon lang ba na ipinahayag kamakailan ng Oxford Dictionary na “selfie” ang salita ng taon?<sup>3</sup>

Natural, hangad nating lahat na purihin tayo, at hindi masamang magrelaks at magpakasaya. Ngunit kapag “yaman at papuri ng sanlibutan”<sup>4</sup> mismo ang hangad natin, malalagpasan natin ang mapagtubos at masasayang karanasang hatid ng bukas-palad na pag-uukol ng ating sarili sa gawain ng Panginoon.

Ano ang lunas?

Ang sagot, sa tuwina, ay nasa mga salita ni Cristo:

“Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin niya ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.



“Sapagka’t ang sinomang magibig ilitas ang kaniyang buhay ay mawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon.”<sup>5</sup>

Ang mga taong buong pusong ipinaubaya ang kanilang buhay sa ating Tagapagligtas at naglilingkod sa Diyos at sa kanilang kapwa ay natutuklasan ang kayamanan at kaganapan ng buhay na hindang-hindi mararanasan ng mga makasarili o hambog. Ibinibigay ng mga di-makasarili ang kanilang sarili. Maaaring ito ay mga mumunting pagkakawanggawa na napakabuti ng epekto: isang ngiti, pakikipagkamay, yakap, panahong makinig, magiliw na panghihikayat, o pagmamalasakit. Lahat ng kabaitang ito ay mapagbabago ang mga puso at buhay. Kapag sinamantala natin ang napakaraming pagkakataong mahal in at paglingkuran ang ating kapwa, pati na ang ating asawa at pamilya, lubhang mag-iibayo ang kakayahan nating mahal in ang Diyos at paglingkuran ang iba.

Yaong mga naglilingkod sa iba ay hindi matutulog sa panahon ng Panunumbalik.

### **Mga Adiksiyon**

Ang isa pang maaaring sanhi ng hindi natin pakikibahagi sa mahalagang panahong ito ng mundo ay ang adiksiyon.

Ang mga adiksiyon kadalasan ay nagsisimula nang paunti-unti. Ang mga adiksiyon ay maliliit na hakbang na kapag inulit-ulit ay nagiging mga ugali na kokontrol sa atin. Ang mga negatibong ugali ay maaaring makalulong sa tao.

Ang mga adiksiyong ito na kumontrol sa atin ay maraming anyo, gaya ng pornograpiya, alak, seks, droga, tabako o sigarilyo, sugal, pagkain, trabaho, Internet, o virtual reality. Si Satanas, na kaaway nating lahat, ay maraming ginagamit na paraan para mawala ang ating banal na potensyal na isagawa ang ating misyon sa kahirhan ng Panginoon.

Nalulungkot ang ating Ama sa Langit na makita kung paano nagpapakontrol ang ilan sa Kanyang magiging anak sa mga nakapipinsalang adiksiyon.

Mga kapatid, taglay natin ang walang-hanggang priesthood ng Diyos na Maykapal. Tayo’y mga anak ng Kataas-taasan at pinagkalooban ng napakalaking potensyal. Itinakda tayong mamayagpag at maabot ang ating potensyal. Hindi itinakdang limitahan ang ating banal na potensyal dahil sa mga makamundong hangarin at pagpapakontrol sa mga adiksiyon.

Ano ang lunas?

Ang unang kailangan nating mawawalan ay na mas madaling iwasan kaysa lunasan ang mga adiksiyon. Sa mga salita ng Tagapagligtas, “Huwag ninyong pahintulutan ang mga bagay na ganito na pumasok sa inyong mga puso.”<sup>6</sup>

Ilang taon na ang nakalipas, kami ni Pangulong Thomas S. Monson ay binigyan ng pagkakataong libutin ang Air Force One—ang kagila-gilalas na eroplanong nagsasakay sa pangulo ng Estados Unidos. Dumaan kami sa masusing pagsisiyasat ng Secret Service, at napangiti ako nang bahagya nang kapkapan ng mga agent ang mahal nating propeta bago kami sumakay sa eroplano.

Pinaupo ako ng pinunong piloto sa upuan ng kapitan. Napakagandang karanasan ang muling maupo sa unahan ng napakagandang eroplanong katulad ng napalipad ko sa loob ng maraming taon. Mga alaala ng paglipad patawid sa mga karagatan at kontinente ang pumasok sa puso ko’t isipan. Nakinita ko ang kapana-panabik na mga pagtaas at paglapag sa mga airport sa buong mundo.

Halos hindi ko namalayan, naipatong ko pala ang kamay ko sa apat na balbula ng 747. Bigla, isang magiliw at pamilyar na tinig ang nagsalita sa likuran—ang tinig ni Thomas S. Monson.

“Dieter,” sabi niya, “huwag mong gawin ‘yan.’”

Wala naman akong sinabing gawin, pero siguro nabasa ni Pangulong Monson ang nasa isip ko.

Kapag natutukso tayong gawin ang mga bagay na hindi natin dapat gawin, pakinggan natin ang magiliw na babala ng mapagkakatiwalaang pamilya at mga kaibigan, ng mahal nating propeta, at ng Tagapagligtas sa tuwina.

Ang pinakamainam na depensa laban sa adiksiyon ay ang huwag na itong simulan.

Ngunit paano na ang mga taong lulong na sa adiksiyon?

Dapat ninyong malaman, una sa lahat, na may pag-asa pa. Humingi ng tulong sa mga mahal sa buhay, mga lider ng Simbahan, at mahuhusay na tagapayo. Ang Simbahan ay tumutulong sa paggaling mula sa adiksiyon sa pamamagitan ng mga lokal na lider, ng Internet,<sup>7</sup> at sa ilang lugar, sa pamamagitan ng LDS Family Services.

Palaging tandaan na sa tulong ng Tagapagligtas, maaari kayong makalaya sa adiksiyon. Maaaring matagal at mahirap ang landas, ngunit hindi kayo pababayaang Panginoon. Mahal Niya kayo. Pinagdaanan ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala upang tulungan kayong magbago, para makalaya kayo sa pagkabiha sa kasalanan.

Ang pinakamahalaga ay patuloy na magsikap—kung minsan kailangan ng ilang beses bago magtagumpay ang mga tao. Kaya't huwag kayong susuko. Huwag mawalan ng pananalig. Manatiling malapit sa Panginoon, at bibigyan Niya kayo ng kapangyarihang makaligtas. Palalayain Niya kayo.

Mahal kong mga kapatid, palaging lumayo sa mga ugaling maaaring humantong sa adiksiyon. Yaong mga gagawa nito ay mailalaan ang kanilang puso, kakayahan, isipan, at lakas sa paglilingkod sa Diyos.

Makikibahagi sila sa gawain ng Panunumbalik.

### **Mga Nagpapaligsahang Prayoridad**

Ang ikatlong hadlang sa lubos na pakikibahagi natin sa gawaing ito ay ang maraming nagpapaligsahang prayoridad na nakakaharap natin. Masyadong abala ang ilan sa atin kaya pakiramdam natin ay para tayong kariton na hila ng isang dosenang hayop na pangtrabaho—bawat isa ay humahatak sa ibang direksyon. Maraming

enerhiyang nasasayang, ngunit walang pinatutunguhan ang kariton.

Kadalasan napakahusay nating maghangad ng isang libangan, isport, bokasyon, at makilahok sa mga isyu sa komunidad at pulitika. Lahat ng ito ay maaaring mabuti at marangal, ngunit may natitira pa ba tayong oras at lakas para sa dapat nating bigyan ng pinakamataas na prayoridad?

Ano ang lunas?

Minsan pa, nagmumula ito sa mga salita ng Tagapagligtas:

“Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos.

“At ang pangalawang katulad ay ito, iibig in mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.”<sup>8</sup>

Lahat ng iba pang bagay sa buhay ay dapat pumangalawa lamang sa dalawang malalaking prayoridad na ito.

Maging sa serbisyo sa Simbahan, madaling mag-ukol ng oras sa paggawa ng mga bagay-bagay nang hindi ito isinasapuso o walang sangkap ng pagkadisipulo.

Mga kapatid, tayo bilang mga mayhawak ng priesthood ay nangakong mamahalin ang Diyos at ating kapwa at handang ipakita ang

pagmamahal na iyon sa salita at gawa. Iyan ang tunay na kahulugan ng kung sino tayo bilang mga disipulo ni Jesucristo.

Ang mga sumusunod sa mga alituntuning ito ay makakabahagi sa gawain ng Panunumbalik.

### **Isang Panawagan na Gumising**

Isinulat ni Apostol Pablo, “Gumising kang natutulog, at magbangon ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo.”<sup>9</sup>

Mahal kong mga kaibigan, kayo ay mga anak ng liwanag.

Huwag payagan ang pagkama-kasarili! Huwag payagan ang mga kaugalian na hahantong sa adiksiyon! Huwag payagan ang nagpapaligsahang mga prayoridad na akayin kayo sa pagwawalang-bahala o paglayo sa banal na pagkadisipulo at marangal na paglilingkod ng priesthood!

Napakalaki ng naghihintay sa atin bilang mga indibiduwal, pamilya, at Simbahan ni Cristo para hindi natin ibigay ang buong pagsisikap sa sagra-dong gawaing ito.

Ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay hindi gawaing minsan lang sa isang linggo o minsan lang sa isang araw. Ito ay dapat nating gawin palagi.



Ang pangako ng Panginoon sa Kanyang matatapat na mayhawak ng priesthood ay halos napakaringal para maunawaan.

Ang matatapat sa Aaronic at Melchizedek Priesthood at ginagampang mabuti ang kanilang mga tungkulin “ay pababalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan.” Kaya nga, lahat ng mayroon ang ating Ama ay ibibigay sa kanila.<sup>10</sup>

May patotoo ako na ang nakalilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng Espiritu Santo ay makapagpapagaling at makapagliliigtas sa sangkatauhan. Pribilehiyo natin, sagradong tungkulin natin, at kagalakan natin ang pakinggan ang tawag ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya nang may handang isipan at buong-puso. Ating “iwagwag ang mga tanikalang gumagapos sa [atin], at lumabas mula sa karimlan, at bumangon mula sa alabok.”<sup>11</sup>

Manatili tayong gising at huwag magpagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat tayo “ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain,”<sup>12</sup> maging ang paghahanda para sa pagbabalik ng Tagapagligtas. Mga Kapatid, kapag idinagdag natin ang liwanag ng ating halimbawa bilang saksi sa karikitan at kapangyarihan ng ipinanumbalik na katotohanan, makikibahagi tayo sa gawain ng Panunumbalik. Ito ang aking patotoo at iniwan ko sa inyo ang aking basbas sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Martin Luther King Jr., “Don’t Sleep Through the Revolution” (1966 Ware Lecture, Unitarian Universalist Association General Assembly, Hollywood, Florida, Mayo 18, 1966).
2. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9.
3. Tingnan sa [blog.oxforddictionaries.com/press-releases/oxford-dictionaries-word-of-the-year-2013](http://blog.oxforddictionaries.com/press-releases/oxford-dictionaries-word-of-the-year-2013).
4. 2 Nephi 26:29.
5. Marcos 8:34–35.
6. 3 Nephi 12:29.
7. Tingnan, halimbawa ang, [lds.org/topics/addiction](http://lds.org/topics/addiction).
8. Mateo 22:37–39.
9. Mga Taga Efeso 5:14.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33, 38.
11. 2 Nephi 1:23.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 64:33.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**

Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

## Ang Lalaking May Priesthood

*Maaari kayong maging isang maganda, karaniwan, o masamang huwaran. Maaari ninyong isipin na walang halaga iyon sa inyo, pero sa Panginoon ay mayroon.*

Tayong lahat ay may mga idolo, lalo na kapag bata pa tayo. Ipina-nganak ako at lumaki sa Princeton, New Jersey, sa Estados Unidos. Ang himpilan ng mga pinakabantog na sports team malapit sa tirahan namin ay nasa New York City. Naroon noon ang tatlong propesyonal na baseball team: ang Brooklyn Dodgers, New York Giants, at New York Yankees. Mas malapit pa ang Philadelphia sa bahay namin at tahanan ng Athletics at Phillies baseball teams. Maraming potensyal na idolo sa baseball para sa akin sa mga team na iyon.

Si Joe DiMaggio, na naglaro para sa New York Yankees, ang naging

idolo ko sa baseball. Nang maglaro ng baseball ang mga kapatid at kaibigan ko sa eskuwelahan sa tabi ng bahay namin, sinubukan kong ihataw ang bat sa inakala kong paraan ni Joe DiMaggio. Iyon ay bago pa naimbento ang telebisyon (sinaunang panahon pa ito), kaya puro retrato lang mula sa pahayagan ang ginamit ko para magaya ang paghataw niya.

Noong malaki na ako, dinala ako ni itay sa Yankee Stadium. Noon ko lang nakitang maglaro si Joe DiMaggio. Tandang-tanda ko pa na nakita ko siyang hatawin ang bat at lumipad ang puting baseball papunta sa mga taong nakaupo sa center field.







Ngayon, ang galing ko sa baseball ay wala pa sa kalingkingan ng idolo ko noong bata ako. Ngunit sa ilang mahusay kong paghataw sa baseball, ginaya ko ang lakas ng hataw niya hangga't kaya ko.

Kapag pumipili tayo ng mga idolo, ginagaya natin, nang sadya o di-sadya, ang hinahangaan natin nang husto sa kanila.

Ang masaya, pinaligiran ako ng matatalino kong magulang ng mga taong nararapat na maging idolo ko noong bata pa ako. Minsan lang ako dinala ng tatay ko sa Yankee Stadium para panooring maglaro ang idolo ko sa baseball, pero tuwing Linggo hinahayaan niya akong panoorin ang lalaking may priesthood na naging idolo ko. Hinubog ng idolo kong iyon ang buhay ko. Ang tatay ko ang branch president ng maliit na branch na nagpupulong sa bahay namin. Siyanga pala, kapag bumaba ka sa unang palapag sa Linggo ng umaga, nasa simbahan ka na. Hindi pa lumagpas sa 30 tao ang dumadalo sa branch namin.

May binatang naghahatid sa nanay niya sa bahay namin para sa mga pulong, pero hindi siya pumasok sa bahay kahit kailan. Hindi siya miyembro. Tatay ko ang nakapag-yaya sa kanya na pumasok sa bahay namin nang puntahan niya ito sa labas kung saan nakaparada ang kotse nito. Nabinyagan siya at naging una at tangi kong lider ng Aaronic Priesthood. Siya ang naging idolo ko sa priesthood. Natatandaan ko pa ang estatwang kahoy na ibinigay niya sa akin bilang

gantimpala matapos kaming magsibak ng kahoy na panggatong para sa isang biyuda. Sinikap ko na siyang gayahin tuwing pupurihin ko ang isang lingkod ng Diyos.

Pumili ako ng isa pang idolo sa maliit na branch ng Simbahan na iyon. Isa siyang United States Marine na dumalo sa mga pulong namin suot ang kanyang berdeng uniporme. May digmaan noon, at dahil diyan ay naging idolo ko siya. Ipinadala siya sa Princeton University ng marines para makapag-aral pa. Ngunit higit pa sa paghanga ko sa kanyang uniporme sa militar, pinanood ko siyang maglaro sa Palmer Stadium bilang captain ng Princeton University football team. Nakita ko siyang maglaro sa university basketball team at napanood ko rin siyang maglaro bilang star catcher sa baseball team nila.

Ngunit higit pa riyan, nagpunta siya sa amin para ituro sa akin kung paano mag-shoot ng bola gamit ang kaliwa at kanang kamay ko. Sinabihan niya ako na kakailanganin ko ang galing na iyon dahil balang-araw ay maglalaro ako ng basketball sa magagaling na team. Hindi ko naisip ito noon, ngunit para sa akin, matagal siyang naging tunay na huwaran lalaking may priesthood.

Bawat isa sa inyo ay magiging huwaran lalaking may priesthood gustuhin man ninyo o hindi. Naging isang kandila kayong may sindi nang tanggapin ninyo ang priesthood. Inilagay kayo ng Panginoon sa isang kandelero upang tanglawan ang daan

para sa lahat ng nakapaligid sa inyo. Lalong totoo iyan para sa mga nasa priesthood quorum ninyo. Maaari kayong maging isang maganda, karaniwan, o masamang huwaran. Maaari ninyong isipin na walang halaga iyon sa inyo, pero sa Panginoon ay may-roon. Ganito ang pagkasabi Niya:

“Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago.

“Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.

“Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit.”<sup>1</sup>

Napagpala ako sa mga halimbawa ng magagaling na mayhawak ng priesthood sa mga korum kung saan mapalad akong nakapaglingkod. Magagawa ninyo ang kanilang nagawa para sa akin sa pagiging halimbawang susundan ng iba.

Naobserbahan ko ang tatlong karaniwang katangian ng mga mayhawak ng priesthood na mga idolo ko. Ang isa ay ang huwaran ng panalangin, ang ikalawa ay ang gawing maglingkod, at ang ikatlo ay ang matibay na desisyong maging tapat.

Lahat tayo ay nagdarasal, ngunit ang mayhawak ng priesthood na nais ninyong kahinatnan ay nagdarasal nang madalas at may tunay na layunin. Sa gabi luluhod kayo at



sa iba tungkol sa mga pagpapalang nagmumula sa pagiging kabilang sa kaharian ng Diyos. May kilala akong branch president na halos araw-araw ay nagdadala ng mga taong tuturuan ng mga missionary. Ilang buwan pa lang ang nakararaan hindi pa siya miyembro ng Simbahan. Ngayo'y may mga missionary nang nagtuturo at isang branch na lumalago at tumatag dahil sa kanya. Ngunit higit pa riyan, isa siyang liwanag sa iba na bubuksan ang kanilang mga bibig kaya mapapabilis ang pagtitipon ng Panginoon sa mga anak ng Ama sa Langit.

Kapag nagdasal kayo at naglingkod sa iba, lalago ang inyong kaalaman na kayo ay anak ng Diyos at lalalim ang pag-ibig ninyo sa Kanya. Higit ninyong malalaman na Siya ay malulungkot kung hindi kayo tapat sa anumang paraan. Magiging mas determinado kayong tuparin ang pangako ninyo sa Diyos at sa iba. Higit ninyong malalaman na maling kumuha ng anuman na hindi inyo. Magiging mas tapat kayo sa inyong mga pinagtrabahuhan. Magiging mas determinado kayong dumating sa oras at tapusin ang lahat ng gawaing ibinigay sa inyo ng Panginoon na tinanggap ninyong gawin.

Sa halip na mag-isip kung darating ang kanilang mga home teacher, aasamin ng mga bata sa mga pamilyang tuturuan ninyo ang inyong pagbisita. Natanggap ng mga anak ko ang pagpapalang iyon. Sa kanilang paglaki, natulungan sila ng mga idolo nilang priesthood na magplano ng sarili nilang paraan sa paglilingkod sa Panginoon. Ang napakagandang halimbawang iyon ay ipinapasa na ngayon sa ikatlong henerasyon.

Ang mensahe ko ay tungkol din sa pasasalamat.

Salamat sa inyong mga dalangin. Salamat sa pagluhod ninyo dahil sa katotohanan na hindi ninyo alam ang lahat ng sagot. Nagdarasal kayo sa Diyos ng langit upang magpasalamat at humiling ng Kanyang mga pagpapala sa buhay ninyo at ng inyong pamilya. Salamat sa paglilingkod ninyo sa iba at sa mga panahon na nandama ninyong hindi kayo kailangang

magpapasalamat sa Diyos para sa mga pagpapala sa maghapon. Pasasalamat ninyo Siya para sa mga magulang, guro, at magagandang halimbawang susundan. Ilalarawan ninyo sa inyong mga dalangin kung paano at sino ang nagpala sa inyong buhay, sa maghapon iyon. Gugugol kayo ng higit pa sa ilang minuto at kaunting pag-iisip para diyan. Magugulat kayo rito at babaguhin kayo nito.

Kapag ipinagdasal ninyo na mapatawad kayo, makikita ninyo na pinatatawad ninyo ang iba. Kapag pinasalamat ninyo ang kabaitan ng Diyos, maiisip ninyo ang iba, sa pangalan, na nangangailangan ng inyong kabaitan. Muli, magugulat kayo sa karanasang iyan araw-araw, at sa paglipas ng panahon ay babaguhin kayo nito.

Pangako ko sa inyo na ang isang paraan na babaguhin kayo ng gayong taimtim na panalangin ay madarama ninyo na kayo ay tunay na anak ng Diyos. Kapag nalaman ninyo na kayo ay anak ng Diyos, malalaman din ninyo na malaki ang inaasahan Niya sa inyo. Dahil kayo ay Kanyang anak, aasahan Niya kayong sundin ang Kanyang mga turo at ang mga turo ng Kanyang mahal na anak na si Jesucristo. Aasahan Niya kayong

maging mapagbigay at mabait sa iba. Malulungkot Siya kung kayo ay mayabang at makasarili. Pagpapalain Niya kayong magkaroon ng hangaring unahin ang kapakanan ng iba kaysa inyo.

Ang ilan sa inyo ay mga huwaran na ng di-makasaring paglilingkod ng priesthood. Sa mga templo sa lahat ng dako ng mundo, dumarating ang mga mayhawak ng priesthood bago umaraw. At ang ilan ay naglilingkod kahit gabi na. Walang pagkilala o katanyagan sa mundong ito para sa sakripisyong iyon ng oras at pagpapagal. Nasamahan ko na ang mga kabataan na naglilingkod para sa mga nasa daigdig ng mga espiritu, na hindi kayang makamtan ang mga pagpapala sa kanilang sarili.

Kapag nakikita ko ang kaligayahan sa halip na kapaguran sa mukha ng mga naglilingkod doon nang maaga pa at gabi na, alam ko na may mga dakilang gantimpala sa buhay na ito para sa gayong uri ng di-makasaring paglilingkod ng priesthood, ngunit kaunting kagalakan lamang ito kumpara sa kagalakang madarama nila kasama ng kanilang mga pinaglingkuran sa daigdig ng mga espiritu.

Nakita ko na ang kaligayahang iyon sa mukha ng mga nakikipag-usap

pasalamatan ng ibang tao sa inyong paglilingkod.

Nabalaan na tayo ng Panginoon na kung maghahangad tayo ng papuri sa mundong ito para sa ating paglilingkod, maaaring mawala sa atin ang mas dakilang mga pagpapala. Maaalala ninyo ang mga salitang ito:

“Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit.

“Kaya nga pagka ikaw ay naglimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila’y mangagkapuri sa mga tao. Katoohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila’y ganti.

“Datapuwa’t pagka ikaw ay naglimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay:

“Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka.”<sup>2</sup>

Yaong mga naging huwaran ko na kahanga-hangang mayhawak ng priesthood ay hindi nakikita kaagad na may mga katangian sila ng isang idolo. Katunayan, tila nahihirapan silang makita ang mga bagay na iyon na labis kong hinahangaan sa kanila. Binanggit ko na ang aking ama ay naging isang tapat na pangulo ng isang maliit na branch ng Simbahan sa New Jersey. Kalaunan ay naging miyembro siya ng Sunday School general board para sa Simbahan. Subalit nag-iingat ako ngayong magsalita tungkol sa kanyang paglilingkod sa priesthood, dahil iyon ang ginawa niya.

Totoo rin ito sa marinong idolo ko noong bata pa ako. Hindi niya ako kinausap kahit kailan tungkol sa paglilingkod niya sa priesthood o sa kanyang mga tagumpay. Naglingkod lang siya. Nalaman ko sa iba ang katapatan niya. Kung nakita man niya ang mga katangian niyang hinangaan ko, hindi ko masabi.

Kaya ang payo ko sa inyo na nais mapagpala ang iba sa inyong priesthood ay may kinalaman sa



inyong buhay na lihim sa lahat maliban sa Diyos.

Manalangin sa Kanya. Pasalamatan Siya sa lahat ng mabuti sa buhay ninyo. Hilingin sa Kanya na ipaalam sa inyo kung sinu-sino ang nais Niyang paglingkuran ninyo. Magsumamo na tulungan Niya kayong maibigay ang paglilingkod na iyon. Manalangin para makapagpatawad kayo at mapatawad kayo. Pagkatapos ay paglingkuran, mahalín, at patawarin sila.

Higit sa lahat, tandaan na sa lahat ng paglilingkod na ibinibigay ninyo, walang mas dakila kaysa tulungan ang mga tao na piliing maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.

Ibinigay na ng Diyos ang lahat ng patnubay kung paano gamitin ang ating priesthood. Siya ang sakdal na halimbawa nito. Ito ang halimbawang bahagya nating nakikita sa pinakamahuhusay Niyang lingkod dito sa lupa:

“At nangusap ang Panginoong Diyos kay Moises, nagsasabing: Ang mga kalangitan, ang mga ito ay marami, at ang mga ito ay hindi maaaring mabilang ng tao; subalit ang mga ito ay bilang sa akin, sapagkat ang mga ito ay akin.

“At habang ang isang mundo ay lumilipas, at ang mga kalangitan niyon maging gayon man isa ang darating; at walang katapusan ang aking mga gawain, ni ang aking mga salita.

“Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>3</sup>

Tumulong tayo sa gawaing iyon. Bawat isa sa atin ay may magagawang kaibhan. Naihanda tayo para sa ating panahon at lugar sa mga huling araw ng sagradong gawaing iyon. Bawat isa sa atin ay napagpala sa mga halimbawa ng mga tao na ginawang pinakamahalagang layunin ng buhay nila sa lupa ang gawaing iyon.

Dalangin ko na nawa’y tulungan natin ang isa’t isa na samantalain ang pagkakataong iyon.

Ang Diyos Ama ay buhay at sasagutin ang inyong mga dalangin para sa tulong na kailangan ninyo para mapaglingkuran Siya nang husto. Si Jesucristo ang nagbangong Panginoon. Ito ang Kanyang Simbahan. Ang priesthood na hawak ninyo ay ang kapangyarihang kumilos sa Kanyang pangalan sa gawain Niyang paglingkuran ang mga anak ng Diyos. Kapag buong puso kayong tumulong sa gawaing ito, tutulungan Niya kayo. Ipinapangako ko ito sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mateo 5:14–16.

2. Mateo 6:1–4.

3. Moises 1:37–39.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatampang na Mabuti

*Nawa’y magkaroon tayo—lahat tayo—ng tapang na salungatin ang gusto ng nakakarami, ng tapang na manindigan para sa prinsipyo.*

**M**inamahal kong mga kapatid, napakasaya ko na makasama kayong muli. Dalangin kong tulungan ako ng langit sa oportunidad na ito na magsalita sa inyo.

Bukod sa narito sa Conference Center ay libu-libo pa ang nakatipon

sa mga kapilya at iba pang lugar sa iba’t ibang panig ng mundo. May isang bagay na nag-uugnay sa atin, dahil pinagkatiwalaan tayong lahat na magtaglay ng priesthood ng Diyos.

Narito tayo sa mundo sa pinakamahalagang bahagi ng kasaysayan nito.



Ang ating mga oportunidad ay halos walang katapusan, subalit nahaharap din tayo sa maraming hamon sa buhay, ang ilan doon ay ngayon pa lang natin naranasan.

Naninirahan tayo sa mundo na lubhang walang pagpapahalaga sa mabuting moralidad, kung saan ipinaglalaran ang kasalanan, at napapalibutan ng mga tuksong lumihis sa makipot at makitid na landas. Dumaranas tayo ng patuloy na panunukso ng mapanlinlang na impluwensya na sumisira sa mararangal na bagay at tinatangkang palitan ito ng mababaw na pilosopiya at gawain ng sekular na lipunan.

Dahil dito at sa iba pang mga hamon, lagi nating kailangang magpasiya na siyang nagtatakda ng ating tadhana. Upang tayo ay makapagpasiya nang tama, kailangan ang katapangan—ng tapang na magsabi ng “Hindi” kapag kailangan, ng tapang na magsabi ng “Oo” kapag nararapat, ng tapang na gawin ang tama dahil ito ay tama.

Yamang ang kalakaran sa lipunan ngayon ay mabilis na nalalayo sa kabutihang-asal at alituntunin na ibinigay sa atin ng Panginoon, tiyak na hihilingin sa ating panindigan ang ating paniniwala. May tapang ba tayong gawin iyon?

Sinabi ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., na matagal na naging miyembro ng Unang Panguluhan: “May mga nagsasabi na sila ay nananampalataya ngunit sa takot na kutyain sila ng kanilang mga kaibigang di naniniwala sa sandaling patotohanan nila ito, kanilang binabago o ipinaliliwanag ito sa puntong halos sirain na nila ito, o kaya’y magkunwaring tinatalikuran nila ito. Ang gayong mga tao ay mapagkunwari.”<sup>1</sup> Hindi gugustuhin ng sinuman sa atin na mabansagan nang ganyan, ngunit atubili pa rin ba tayong ipahayag ang ating pananampalataya sa ilang sitwasyon?

Matutulungan natin ang ating sarili sa hangaring gawin ang tama kung magtutuon at makikibahagi tayo sa mga aktibidad na makaiimpluwensya sa kabutihan at kung saan masisiyahan ang Espiritu ng Panginoon.

Naaalala ko ang nabasa kong payo na ibinigay ng ama sa kanyang anak nang umalis ito para mag-aral: “Kung matagpuan mo ang iyong sarili sa sitwasyong di mo dapat kalagyan, lumabas ka!” Ipinapayo ko rin iyan sa inyo: “Kung matagpuan ninyo ang sarili sa sitwasyong di ninyo dapat kalagyan, lumabas kayo!”

Ang panawagang magpakatampang ay palaging ibinigay sa atin. Bawat araw ng ating buhay ay kailangan ng tapang—hindi lang sa mahahalagang sandali, kundi madalas sa pagpapasiya o pagtugon natin sa mga sitwasyon sa ating paligid. Sabi ng makata at nobelistang Scottish na si Robert Louis Stevenson: “Ang katapangan sa araw-araw ay kaunti lang ang saksi. Ngunit hindi nababawasan ang karangalan ng iyong gawain kahit walang naghihikayat sa iyong magpakatampang o pumupuri sa iyong katapangan.”<sup>2</sup>

Maraming uri ng katapangan. Ito ang isinulat ng Kristiyanong awtor na si Charles Swindoll: “Ang katapangan ay hindi lamang nakikita sa digmaan . . . o sa matapang na paghuli ng magnanakaw sa inyong tahanan. Ang tunay na pagsubok ng katapangan ay di napapansin. Ito ay mga pagsubok sa kalooban, tulad ng pananatiling tapat kahit walang nakatingin, . . . tulad ng paninindigan kapag hindi ka pinaniniwalaan.”<sup>3</sup> Idaragdag ko na kabilang din sa katapangan ng kalooban ang paggawa ng tama kahit natatakot tayo, pagtatanggol sa ating paniniwala kahit kutyain tayo, at pananatiling tapat sa ating mga paniniwala kahit pa mawala ang ating mga kaibigan o katayuan sa lipunan. Siya na tapat na naninindigan sa tama ay malamang na ayawan at di tanggapin ng karamihan.

Noong nasa serbisyo pa ako ng United States Navy noong World War II, nalaman ko ang tungkol sa katapangan, kagitingan, at mga halimbawa ng katapangan. Ang tandang-tanda ko ay ang lakas ng loob na taglay ng 18 taong gulang na marino—hindi siya miyembro—na hindi nahiyang magdasal. Sa 250 katao sa pulutong, siya lang ang gabi-gabing lumuluhod sa tabi ng kanyang kama, kung



minsa’y sa gitna ng pangungutya ng mga usisero at pagbibiro ng mga di mananampalataya. Nakayuko ang ulo, nagdarasal siya sa Diyos. Hindi siya natakot. Hindi siya nag-alinlangan. Siya’y matapang.

Napakinggan ko kailan lang ang halimbawa ng isang tila hindi nagtataglay ng matapang na kalooban. Isang kaibigan ang nagkuwento sa akin ng napakaespirituwal na sacrament meeting na dinaluhan nilang mag-asawa sa kanilang ward. Isang binatilyo na may katungkulang priest sa Aaronic Priesthood ang nakaantig sa puso ng buong kongregasyon nang magsalita siya tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo at sa kagalakan sa pagsunod sa mga utos. Nagbahagi siya ng taimtim na patotoo sa pulpito, at malinis at maayos tingnan sa kanyang suot na puting polo at kurbata.

Nang araw ding iyon, nang papalabas na sakay ng kotse ang mag-asawang ito sa kanilang lugar, nakita nila ang binatilyo ring iyon na

nagpahanga sa kanila ilang oras pa lang ang nakalipas. Ngunit, ngayon, ibang-iba na ang hitsura niya nang lumakad siya sa bangketa na gusut-gusot ang damit—at nagsisigarilyo. Ang kaibigan ko at kanyang asawa ay hindi lamang nalungkot, kundi nagtaka sila kung bakit nagawa ng binatilyong ito na magpakita nang ganoon kabilis na pagbabago ng pagkatao mula sa kanyang ipinakita sa sacrament meeting.

Mga kapatid, iisa lang ba ang inyong pagkatao saan man kayo naroon at anuman ang inyong ginagawa—ang uri ng taong nais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan ninyo at alam ninyong dapat na kahinatnan ninyo?

Sa isang panayam na nalathala sa isang magasin, ang kilalang Amerikanong manlalaro ng basketbol sa NCAA na si Jabari Parker, na miyembro ng Simbahan, ay nahilingang ibahagi ang pinakamagandang payong natanggap niya sa kanyang ama. Sagot ni Jabari, “Sabi [ni itay], kung ano ang pagkatao



mo kapag walang nakakakita, dapat ganoon ka pa rin kapag may nakatingin.”<sup>4</sup> Mahalagang payo, mga kapatid, para sa ating lahat.

Ang ating mga banal na kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng katapangang kailangan ng bawat isa sa atin ngayon. Ipinakita ng propetang si Daniel ang tunay na kagitingan nang panindigan niya ang alam niyang tama at nang ipakita niya ang katapangan na magdasal, kahit binantaan siyang papatayin sa paggawa nito.<sup>5</sup>

Namuhay nang may katapangang taglay si Abinadi, na naipakita sa kanyang kahandaang ialay ang kanyang buhay sa halip na itatwa ang katotohanan.<sup>6</sup>

Sino ba ang hindi maaantig sa naging buhay ng 2,000 kabataang mandirigma ni Helaman, na itinuro at ipinakita ang tapang na kailangan para masunod ang mga turo ng mga

magulang, na maging malinis at dalisay?<sup>7</sup>

Marahil ang bawat isa sa talang ito sa mga banal na kasulatan ay lalo pang pinaigting ng halimbawa ni Moroni, na matapang na nanatiling mabuti hanggang sa katapusan ng kanyang buhay.<sup>8</sup>

Sa buong buhay niya, si Propetang Joseph Smith ay nagbigay ng napakaraming halimbawa ng katapangan. Isa sa pinakamatinding mga halimbawa nito ay naganap nang siya at ang ibang mga kapatid ay kinadena at ikinulong sa isang dampa malapit sa hukuman sa Richmond, Missouri. Si Parley P. Pratt, na isa sa mga bihag, ay isinulat ang nangyari doon isang gabi: “Nakahiga kami ngunit hindi makatulog hanggang sa magmadaling-araw, at labis ang panlulumo habang nariringsan sa mahabang oras ang mahalay, kasindak-sindak, at

nakapanghihilakbot na pagmumura at walang pakundangang pananalita ng mga nagbantay sa amin.”

Patuloy ni Elder Pratt:

“Nakinig ako hanggang sa makaramdam ako ng pagkasuklam, sindak, takot, at dama ang poot sa di makatarungang pagtratong iyon kung kaya’t di ko halos mapigilang tumayo at pagsalitaan ang mga bantay; ngunit wala akong sinabi kay Joseph, ni kaninuman, gayong katabi ko siya at alam kong siya ay gising. Maya-maya’y bigla siyang bumangon, at nagsalita sa tinig na parang kulog, o ng isang umaatungal na leon, at nagsalita, sa alaala ko, ng mga salitang ito:

*“TUMAHIMIK KAYO. . . Sa pangalan ni Jesucristo ay pinagsasabihan ko kayo, at inuutusang manahimik; Hindi ko na hahayaan pang makarinig ng ganyang pananalita. Tumahimik kayo, o isa sa atin ang mamamatay SA ORAS NA ITO!”*

Si Joseph ay “nakatayo nang tuwid nang buong tapang at karingalan,” ayon sa paglalarawan ni Elder Pratt. Siya ay nakakadena, walang sandata, ngunit siya ay payapa at kapita-pitagan. Tiningnan niya ang nahintakutang mga bantay na nagsisiksikan sa isang sulok o nakayukyok sa kanyang paanan. Ang kalalaking ito na tila mga haragan ay humingi sa kanya ng paumanhin at nanahimik.<sup>9</sup>

Hindi lahat ng katapangan ay nagbubunga ng ganoon katindi, ngunit lahat ng ito ay nagdudulot ng kapana-tagan ng isip at kaalaman na ang tama at totoo ay napanindigan.

Imposibleng manatiling matatag kung isasalig ng isang tao ang kanyang pamantayan sa pabagu-bagong opinyon at pagsang-ayon ng tao. Kailangan dito ang katapangan ni Daniel, ni Abinadi, ni Moroni, o ni Joseph Smith upang manatili tayong matibay na nakakapit sa alam nating tama. Nasa kanila ang katapangan na hindi madaling gawin ngunit tamang gawin.

Lahat tayo ay daranas ng takot, pangungutya, at pagsalungat. Nawa’y magkaroon tayo—lahat tayo—ng tapang na salungatin ang gusto ng nakakarami, ng tapang na manindigan para sa prinsipyo. Katapangan,



hindi kompromiso, ang kinalulugdan ng Diyos. Ang katapangan ay nagiging isang tunay at kasiya-siyang katangian kapag ito ay itinuring hindi lamang bilang kahandaang mamatay kundi ng determinasyong mamuhay nang marangal. Sa ating pag-unlad, sa pagsisikap na mamuhay gaya ng nararapat, tiyak na tatanggap tayo ng tulong sa Panginoon at mapapanatag sa Kanyang mga salita. Gustung-gusto ko ang Kanyang pangako na nakatala sa aklat ni Josue:

“Hindi kita iiwan ni pababayaan kita. . . .

“ . . .Magpakalakas at magpakatampang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka’t ang

Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon.”<sup>10</sup>

Mahal kong mga kapatid, taglay ang kagitingan ng ating pananalig, nawa’y ipahayag natin, tulad ni Apostol Pablo, “Hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo].”<sup>11</sup> At taglay ang katapangan ding iyan, nawa’y sundin natin ang payo ni Pablo: “Maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan.”<sup>12</sup>

Ang mapaminsalang kaguluhan ay dumarating at lumilipas, ngunit ang digmaan para supilin ang kaluluwa ng tao ay hindi tumitigil. Maliwanag na nasabi ng Panginoon sa inyo, sa akin, at sa mga mayhawak ng priesthood

saan man: “Dahil dito, ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig.”<sup>13</sup> At, gaya ng sinabi ni Apostol Pedro, tayo ay magiging “isang makaharing pagkasaserdote,”<sup>14</sup> na iisa ang layunin at tumatanggap ng kapangyarihan mula sa kaitaasan.<sup>15</sup>

Nawa ang bawat isa sa ating nari-rito ay aalis nang may determinasyon at katapangang sabihin, tulad ni Job ng sinauna, “Ang aking buhay ay buo pa sa akin, . . . Hindi ko aalisin sa akin ang aking pagtatapat.”<sup>16</sup> Na mangyari nawa ito ay ang aking dalangin sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. J. Reuben Clark Jr., *The Charted Course of the Church in Education*, rev. ed. (1994), 7.
2. Robert Louis Stevenson, sa Hal Urban, *Choices That Change Lives* (2006), 122.
3. Charles Swindoll, sa Urban, *Choices That Change Lives*, 122.
4. Jabari Parker, sa “10 Questions,” *Time*, Mar. 17, 2014, 76.
5. Tingnan sa Daniel 6.
6. Tingnan sa Mosias 11:20; 17:20.
7. Tingnan sa Alma 53:20–21; 56.
8. Tingnan sa Moroni 1–10.
9. Tingnan sa *Autobiography of Parley P. Pratt*, ed. Parley P. Pratt Jr. (1938), 210–11.
10. Josue 1:5, 9.
11. Mga Taga Roma 1:16.
12. I Kay Timoteo 4:12.
13. Doktrina at mga Tipan 107:99.
14. I Ni Pedro 2:9.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 105:11.
16. Job 27:3, 5.





**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan

*Wala ba tayong dahilan upang mapuspos ng pasasalamat, anuman ang ating kalagayan?*

**S**a buhay ko, nagkaroon ako ng sagradong pagkakataon na makilala ang maraming tao na ang kalungkutan ay tila tagos hanggang kaluluwa. Sa mga sandaling ito, nakinig ako sa aking mahal na mga kapatid at nakidalamhati sa kanilang mga pasanin. Inisip kong mabuti ang sasabihin sa kanila, at sinikap kong malaman kung paano sila papanatagin at tutulungan sa kanilang mga pagsubok.

Madalas ang pagdadalamhati nila ay sanhi ng isang bagay na para sa kanila ay walang katapusan. Ang ilan ay dumaranas ng pagwawakas ng isang magandang pagsasamahan, gaya ng pagpanaw ng isang mahal sa buhay o pagkahiwalay sa miyembro ng pamilya. Dama naman ng ilan na parang nawawalan sila ng pag-asa—pag-asang makapag-asawa o magkaanak o gumaling sa karamdaman. Ang iba ay maaaring pinanghihinaan ng pananampalataya, kapag ang nakalilito at

nagsasalungatang mga tinig sa mundo ay tinutukso silang pag-alinlanganan, talikuran, ang bagay na dati ay alam nilang totoo.

Sa malao't madali, naniniwala ako na daranas tayong lahat ng panahon na tila ba gumuguho ang mundo sa atin, naiiwan tayong nag-iisa, bigo, at nalilito.

Maaari itong mangyari kaninuman. Walang hindi makararanas nito.

## Maaari Tayong Magpasalamat

Magkakaiba ng sitwasyon ang lahat, at ang mga detalye ng bawat buhay ay iba-iba. Gayunpaman, natutuhan ko na may isang bagay na mag-aalis sa kapighatian na maaaring dumating sa ating buhay. May isang bagay tayong magagawa upang ang buhay ay maging mas kasiya-siya, maligaya, at maluwalhati.

Maaari tayong magpasalamat!  
Maaaring salungat sa karunungan ng mundo na imungkahi na ang taong

puno ng pighati ay dapat magpasalamat sa Diyos. Ngunit ang mga taong inaalís ang bote ng kapighatian at sa halip ay itinataas ang kopita ng pasasalamat ay makasusumpong ng nakadadalisay na inumin na nagpapagaling, pumapayapa, at umuunawa.

Bilang mga disipulo ni Cristo, iniuutos sa atin na “pasalamatan . . . ang Panginoon [nating] Diyos sa lahat ng bagay,”<sup>1</sup> na “magsiawit sa Panginoon ng pagpapasalamat,”<sup>2</sup> at “hayaang ang [ating] puso ay mapuspos ng pasasalamat sa Diyos.”<sup>3</sup>

Bakit iniutos ng Diyos na magpasalamat tayo?

Ang lahat ng Kanyang mga kautusan ay ibinigay upang makamtan natin ang mga pagpapala. Ang mga kautusan ay mga pagkakataon para magamit ang ating kalayaan at tumanggap ng mga pagpapala. Alam ng ating Ama sa Langit na ang pagpiling ugaliin na magpasalamat ay magdudulot ng totoong kagalakan at malaking kaligayahan.

## Pagiging Mapagpasalamat para sa Lahat ng Bagay

Ngunit maaaring sabihin ng ilan, “Ano ang dapat kong *ipagpasalamat* gayong gumuguho na ang mundo ko?”

Marahil ang pagtutuon sa mga bagay na *ipagpapasalamat* natin ay maling paraan. Mahirap magpasalamat kung nakabatay lang ang pasasalamat natin sa dami ng pagpapala na







# Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring  
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson  
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf  
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Packer



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



L. Whitney Clayton



Donald L. Hidschorn



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen



Ulfarur Soares



Lynn G. Robbins

## ANG PANGALAWANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunud ayon sa alpabeto)



## ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunud ayon sa alpabeto)



## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dennis A. Davies  
Pangalawang Jagapiyo

Gerry E. Stevenson  
Presiding Bishop

Gerald Concese  
Unang Jagapiyo

## SUNDAY SCHOOL




John S. Tanner  
Unang Jagapiyo

Tad R. Callister  
Pangulo

Devin G. Durrant  
Pangalawang Jagapiyo

## YOUNG WOMEN




Bonnie L. O'connor  
Pangulo

Carol F. McConkie  
Uning Jagapiyo

Neill F. Murrain  
Pangalawang Jagapiyo

## RELIEF SOCIETY




Linda K. Burton  
Pangulo

Linda K. Resaves  
Pangalawang Jagapiyo

Jean A. Stevens  
Uning Jagapiyo

## PRIMARY



Rosamary M. Wixom  
Pangulo

Cheryl A. Esplin  
Pangalawang Jagapiyo

Jean A. Stevens  
Uning Jagapiyo

## YOUNG MEN



Larry M. Gibson  
Uning Jagapiyo

David L. Beck  
Pangulo

Randall L. Ridd  
Pangalawang Jagapiyo

## MGA PANGKALAHATANG PINUNO



Larry Y. Wilson



**Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ay nagtipon para sa Ika-184 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya. Nasa retrato sa itaas mula kaliwa pakanan ang mga miyembro ng Simbahan at mga missionary sa Vienna, Austria; São Paulo, Brazil; Mexico City, Mexico; Ulaanbaatar, Mongolia; Highlands Ranch, Colorado, USA; Sydney, Australia; Saint Petersburg, Russia; at Norcross, Georgia, USA.**





mayroon tayo. Totoong mahalaga na ang “mga pagpapala ay bilangin” nang madalas—at alam ng gumawa na nito na marami ito—ngunit hindi ako naniwala na inaasahan ng Panginoon na hindi tayo gaanong magpapasalamat sa panahon ng pagsubok kumpara sa panahon na maunlad tayo at payapa. Sa katunayan, karamihan sa mga banal na kasulatan ay hindi nagbabanggit ng pasasalamat *para sa* lahat ng bagay kundi nagmumungkahi ng lubos na pasasalamat o ng ugaling mapagpasalamat.

Madaling magpasalamat *para sa* lahat ng bagay kapag tila maayos ang takbo ng ating buhay. Ngunit paano ang mga panahon na ang mga pinapangarap natin ay tila hindi natin makamtan?

Maaari bang imungkahi ko na uga-liin nating magpasalamat, isang paraan ng pamumuhay na hindi naapektuhan ng kasalukuyang kalagayan? Sa madaling salita, iminumungkahi ko na sa halip na magpasalamat *para sa* lahat ng bagay, magtuon tayo sa pagpapasalamat *sa* ating mga kalagayan—anuman ang mga ito.

May lumang kuwento tungkol sa isang weyter na nagtanong sa isang

kustomer kung nasiyahan siya sa pagkain. Sumagot ang kustomer na ayos naman ang lahat, pero mas maganda sana kung mas maraming tinapay ang isinilbi nila. Nang sumunod na araw, nang bumalik ang lalaki, dinoble ng weyter ang tinapay, binigyan siya ng apat na piraso ng tinapay sa halip na dalawa, pero hindi pa rin nasiyahan ang lalaki. Nang sumunod pang araw, dinoble muli ng weyter ang tinapay, pero gayon pa rin ang nangyari.

Sa ikaapat na araw, talagang determinado ang weyter na mapasaya ang lalaki. Kaya’t kumuha siya ng siyam-na-talampakang (3-m) haba ng tinapay, hinati ito sa dalawa, at naka-ngiting inihain ito sa kustomer. Halos hindi makapaghintay ang weyter sa reaksyon ng lalaki.

Pagkatapos kumain, tumingala ang lalaki at sinabing, “Tulad ng dati masarap pa rin. Pero napansin ko na dalawang tinapay na uli ang ibinibigay mo.”

#### **Pagpapasalamat sa Ating mga Kalagayan**

Mahal kong mga kapatid, tayo ang pipili. Maaari nating piliing limitahan ang ating pasasalamat, batay sa mga

pagpapala na sa palagay natin ay wala sa atin. O maaari nating piliing maging tulad ni Nephi, na ang mapagpasalamat na puso ay hindi kailanman natitinag. Nang igapos siya ng kanyang mga kapatid habang nakasakay sa barko—na ginawa niya para maihatid sila sa lupang pangako—ang kanyang mga bukung-bukong at kamay ay sobrang namaga at “labis ang pananakit niyon,” at isang malakas na unos ang nagbabanta na lamunin siya sa kalaliman ng dagat. “Gayunpaman,” sabi ni Nephi, “ako ay umasa sa aking Diyos, at pinapurihan siya sa buong maghapon; at hindi ako bumulungbulong laban sa Panginoon dahil sa aking mga paghihirap.”<sup>4</sup>

Maaari nating piliing maging tulad ni Job, na tila nasa kanya na ang lahat pero nawala pa rin ang mga ito. Subalit tumugon si Job sa pagsasabing, “Hubad akong lumabas sa bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako . . . : ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nagalis; purihin ang pangalan ng Panginoon.”<sup>5</sup>

Maaari nating piliing maging tulad ng mga Mormon pioneer, na nagpasalamat pa rin sa mahaba at mahirap na paglalakbay patungo sa Great Salt

Lake, nagsiawit at nagsayawan at niluwalhati ang kabutihan ng Diyos.<sup>6</sup> Marahil marami sa atin ang aalis, magrereklamo, at magdadalamhati sa hirap ng paglalakbay.

Maaari nating piliing maging tulad ni Propetang Joseph Smith, na, habang nakakulong sa kaaba-abang kalagayan sa Liberty Jail, ay isinulat ang nagbibigay-inspirasyong mga salitang ito: “Mga minamahal na kapatid, ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayang hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag.”<sup>7</sup>

Maaari nating piliing magpasalamat, anuman ang mangyari.

Ang ganitong pasasalamat ay iiral anuman ang mangyari sa paligid natin. Dinadaig nito ang kalungkutan, pagkabigo, at pagkasiphayo. Namumukadkad ito sa mayelong lupa sa taglamig na kasing-ganda ng pamumukadkad nito sa tag-init.

Kapag nagpapasalamat tayo sa Diyos *sa* ating mga kalagayan, makadarama tayo ng magiliw na kapayapaan sa gitna ng paghihirap. Sa kapighatian, maitataas pa rin natin ang ating mga puso sa pasasalamat. Sa mga pasakit, maaari nating luwalhatiin



**Raymond, Alberta, Canada**

ang Pagbabayad-sala ni Cristo. Sa labis na kapighatian, maaari nating madama ang init at pagmamahal ng yakap ng langit.

Minsan iniisip natin na ang pasasalamat ay ginagawa lang natin *matapos* malutas ang ating mga problema, iyan ay napakakitid na pananaw. Gaano ang nawawala sa buhay natin sa paghihintay na makita ang bahaghari bago pasalamatan ang Diyos para sa ulan?

Ang pasasalamat sa oras ng kapighatian ay *hindi* nangangahulugang natutuwa tayo sa ating kalagayan. Ibig sabihin nito *ay* sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya ay natanaw natin ang hinaharap sa kabila ng mga pagsubok sa kasalukuyan.

Hindi ito pasasalamat na nagmula sa mga labi kundi mula sa kaibuturan ng kaluluwa. Ito ay pasasalamat na nagpapahilom ng puso at nagpapalawak ng pag-unawa.

#### **Pasasalamat bilang Pagpapakita ng Pananampalataya**

Ang pagpapasalamat *sa* ating mga kalagayan ay pagpapakita ng pananampalataya sa Diyos. Kailangan dito ang pagtiwala natin sa Diyos at pag-asa sa mga bagay na maaaring hindi natin nakikita ngunit totoo.<sup>8</sup> Sa pagiging mapagpasalamat, tinutularan natin ang halimbawa ng ating mahal na Tagapagligtas, na nagsabing, “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.”<sup>9</sup>

Ang taos-pusong pasasalamat ay pagpapakita ng pag-asa *at* patotoo. Ito ay pagkilala na hindi natin palaging nauunawaan ang mga pagsubok sa buhay ngunit nagtiwalang mauunawaan ito balang-araw.

Anuman ang kalagayan, ang diwa ng pagpapasalamat natin ay nag-iibayo dahil sa marami at sagradong mga katotohanan na alam natin: na binigyan ng ating Ama ang Kanyang mga anak ng dakilang plano ng kaligayahan; na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak na si Jesucristo ay makakapiling natin ang ating mga mahal sa buhay magpakailanman; na sa huli, tayo ay magkakaroon ng maluwalhati, perpekto, at



imortal na katawan, wala nang karamdaman o kapansanan, at ang ating mga luha ng kalungkutan at kawalan ay mapapalitan ng napakalaking kaligayahan at kagalakan, “takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw.”<sup>10</sup>

Marahil ganitong uri ng patotoo ang nagpabago sa mga Apostol ng Tagapagligtas, mula sa takot at mapagalinalang kalalakihan sila ay wala nang takot at masayang mga emisaryo ng Panginoon. Sa mga oras kasunod ng Pagpako sa Kanya sa Krus, sila ay lubos na nawalan ng pag-asa at namighati, hindi nauunawaan ang katatapos lang na pangyayari. Ngunit isang kaganapan ang nagpabago sa lahat ng iyan. Nagpakita ang Panginoon sa kanila at sinabi, “Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga.”<sup>11</sup>

Nang makilala ng mga Apostol ang nagbangon na Cristo—nang makita nila ang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli ng kanilang pinakamamahal na Tagapagligtas—sila ay nagbago. Walang anumang nakahadlang sa kanila sa pagtupad ng kanilang misyon. Tinanggap nila nang may tapang at determinasyon ang pagpapahirap, pagpapahiya, at maging ang kamatayan na dumating sa kanila dahil sa kanilang patotoo.<sup>12</sup> Hindi sila

napigilan sa pagpuri at paglilingkod sa Panginoon. Binago nila ang buhay ng mga tao sa lahat ng dako. Binago nila ang mundo.

Hindi na ninyo kailangan pang makita ang Tagapagligtas, tulad ng mga Apostol, para maranasan ang gayong pagbabago. Ang inyong patotoo tungkol kay Cristo, na mula sa Espiritu Santo, ay makatutulong sa inyo na hindi na isipin pa ang nakalulungkot na wakas sa mortalidad at tanawin na lamang ang magandang hinaharap na inihanda ng Manunubos ng daigdig.

### Hindi Tayo Nilikha para Magwakas

Sa nalalaman natin tungkol sa ating walang hanggang tadhana, nakapagtataka ba na kapag nahaharap tayo sa masaklap na wakas ng buhay ay tila hindi natin matanggap ang mga ito? Hindi matanggap ng kalooban natin na magwawakas tayo.

Bakit ganito? Dahil nilikha tayo mula sa walang hanggang elemento. Tayo ay mga walang hanggang nilalang, mga anak ng Makapangyarihang Diyos, na ang pangalan ay Walang Katapusan<sup>13</sup> at siyang nangako ng walang hanggang mga pagpapala. Hindi natin tadhana ang magwawakas.

Kapag lalo nating nalalaman ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo, mas lalo nating nauunawaan na ang pagpanaw sa mortalidad na ito ay hindi ang wakas natin. Ang mga ito ay pagkaantala lamang—pansamantalang paghinto kaya't ang isang araw ay sandali lang kumpara sa walang hanggang kagalakang naghihintay sa matatapat.

Lubos akong nagpapasalamat sa aking Ama sa Langit na ang Kanyang plano ay totoong walang wakas, mga simula lamang na hindi kailanman magwawakas.

### Ang mga Nagpapasalamat ay Luluwalhatiin

Mga kapatid, wala ba tayong dahilan upang mapuspos ng pasasalamat, anuman ang kalagayan natin?

Kailangan pa ba natin ng mas malaking dahilan upang ang ating puso ay “mapuspos ng pasasalamat sa Diyos”?<sup>14</sup>

“Hindi ba may malaking dahilan upang tayo ay magsaya?”<sup>15</sup>

Mapalad tayo kung kinikilala natin ang impluwensya ng Diyos sa ating napakagandang buhay. Ang pasasalamat sa ating Ama sa Langit

ay nagpapalawak ng ating pananaw at pag-unawa. Humihikayat ito ng pagpapakumbaba at pagdamay sa ating kapwa at sa lahat ng nilalang ng Diyos. Ang pasasalamat ay mahalagang bahagi ng lahat ng katangiang taglay ni Cristo! Ang mapagpasalamat na puso ay bahagi ng lahat ng mabubuting katangian.<sup>16</sup>

Nangako ang Panginoon sa atin na yaong “tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing *maluwalhati*; at ang mga bagay sa mundong ito ay idaragdag sa [kanila], maging isandaang ulit, oo, higit pa.”<sup>17</sup>

Nawa tayo ay “mabuhay na nagpapasalamat araw-araw”<sup>18</sup>—lalo na sa tila hindi maipaliwanag na wakas na bahagi ng mortalidad. Nawa'y puspusin natin ang ating kaluluwa ng pasasalamat sa ating mahabaging Ama sa Langit. Nawa'y patuloy at palagi tayong magpasalamat at ipakita sa salita at gawa ang ating pasasalamat sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pina-kamamahal na Anak na si Jesucristo. Ito ang dalangin ko, at iniwan ko sa inyo ang aking patotoo at basbas, sa pangalan ng ating Panginoon na si Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 59:7; tingnan din sa Mga Taga Efeso 5:20; I Mga Taga Tesalonica 5:18; Mosias 26:39; Alma 7:23; Doktrina at mga Tipan 98:1.
2. Mga Awit 147:7.
3. Alma 37:37.
4. Tingnan sa 1 Nephi 18:10–16.
5. Job 1:21.
6. Para sa mga halimbawa ng mga pioneer na nanatiling masayahin sa kabila ng matinding hirap, tingnan sa Andrew D. Olsen, *The Price We Paid: The Extraordinary Story of the Willie and Martin Handcart Pioneers* (2006), 10, 366–67.
7. Doktrina at mga Tipan 123:17.
8. Tingnan sa Alma 32:21.
9. Lucas 22:42.
10. Lucas 6:38.
11. Lucas 24:39.
12. Tingnan sa Mga Taga Roma 5:3; II Mga Taga Corinto 4:17; 12:10.
13. Tingnan sa Moises 1:3.
14. Alma 37:37.
15. Alma 26:13.
16. Tingnan sa Marcus Tullius Cicero, *Oratio Pro Cnaeo Plancio*, XXXIII, section 80; binanggit sa Joseph B. Wirthlin, “Live in Thanksgiving Daily,” *Ensign*, Set. 2001, 8.
17. Doktrina at mga Tipan 78:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
18. Alma 34:38.





**Ni Elder M. Russell Ballard**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Pag-Follow Up

*Tayong lahat ay maaaring palaging makibahagi sa gawaing misyonero kapag inalis natin ang ating takot at pinalitan ito ng tunay na pananampalataya.*

**A**nimnapu't apat na taon na ang nakalipas ngayong Setyembre, mula nang makauwi ako galing sa misyon sa England. Tatlong araw matapos akong makauwi, dumalo ako sa Hello Day dance sa University of Utah kasama ang aking kaibigan. Sinabi niya sa akin ang tungkol sa magandang sophomore na si Barbara Bowen, na sa palagay niya ay dapat kong makilala. Dinala niya si Barbara sa akin at ipinakilala kami sa isa't isa, at nagsayaw na kami.

Ang malungkot, ito ang dating tinatawag na "tag dance," na ibig sabihin maisasayaw mo lang ang isang dalaga hanggang sa tapikin ka ng iba. Si Barbara ay masayahin at popular, kaya wala pang isang minuto ko siyang naisayaw nang tapikin ako ng isang binata.

Hindi iyon katanggap-tanggap para sa akin. Dahil natutuhan ko ang kahalagahan ng pag-follow-up sa aking misyon, hiningi ko ang numero ng kanyang telepono at tinawagan ko siya kinabukasan at niyaya ko siyang lumabas, pero abala siya sa paaralan at sa mga kaibigan. Salamat na lang at naituro sa akin sa misyon na magtiyaga kahit nasisiraan na ng loob, at sa wakas ay nai-deyt ko siya. At nasundan pa ang mga deyt na iyon.

Kahit paano habang nagdedeyt kami nakumbinsi ko siya na ako lang ang tanging karapat-dapat na returned missionary—na may pagtatangi sa kanya. Ngayon, makalipas ang 64 na taon, mayroon na kaming pitong anak, maraming apo at apo-sa-tuhod na ebidensya ng mahalagang katotohanan na gaano man kabuti ang iyong mensahe, baka hindi mo ito maiparating kung walang patuloy at mati-yang pag-follow-up.

Ito siguro ang dahilan kaya't nadama ko ang malinaw na impresyon na mag-follow up ngayon sa dalawa sa nakaraan kong mga mensahe sa

pangkalahatang kumperensya.

Sa kumperensya noong Oktubre 2011, ipinayo ko na alalahanin natin ang mahahalagang salitang ito ng Panginoon: "Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."<sup>1</sup>

Sa mga salitang ito, nilinaw ng Panginoon na hindi lamang ito pormal na titulo kundi pangalan na itatawag sa Kanyang Simbahan. Dahil ibinigay ang Kanyang malinaw na pahayag, hindi natin dapat tukuyin sa ibang pangalan ang Simbahan, gaya ng "Simbahang Mormon" o "Simbahang LDS."

Ang katagang *Mormon* ay angkop na magagamit sa ilang konteksto sa pagtukoy sa mga miyembro ng Simbahan, gaya ng mga Mormon pioneer, o sa mga institusyon, tulad ng Mormon Tabernacle Choir. Ang mga miyembro ng Simbahan ay kilala bilang mga Mormon, at sa pakikisalamuha sa mga hindi natin kamiyembro, maaari nating tukuyin ang sarili natin bilang mga Mormon, basta sasamahan natin ito ng buong pangalan ng Simbahan.

Kung matututuhan ng mga miyembro na gamitin ang tamang pangalan ng Simbahan kaugnay ng salitang *Mormon*, mabibigyang-diin nito na tayo ay mga Kristiyano, mga miyembro ng Simbahan ng Tagapagligtas.

Mga kapatid, mag-follow up tayo at ugaliin na palaging linawin na miyembro tayo ng Ang Simbahan





ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang pangalawang mensahe na dama kong dapat kong i-follow up ay ibinigay noon lang nakaraang pangkalahatang kumperensya nang hikayatin ko ang mga miyembro na manalangin na maakay sa kahit isang tao man lang na maaanyayahan nila para alamin ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo bago sumapit ang Pasko. Maraming miyembro ng Simbahan ang nagkuwento sa akin ng ilang espesyal na karanasan bunga ng paghiling sa Panginoon ng mga pagkakataon na maging missionary.

Isang returned missionary, halimbawa, ang nagdasal na akayin siya sa “isang taong” matutulungan niya. Ang pangalan ng dating kaklase sa kolehiyo ang pumasok sa kanyang isipan. Nakipag-ugnayan siya sa kanya sa Facebook, at nalaman niya na nagdarasal ang babae para malaman ang layunin at kahulugan ng kanyang buhay. Nag-follow up siya sa sandali na naghahanap ang babae ng katotohanan, at pagsapit ng Disyembre siya ay nabinyagan.

Maraming ganito ring mga paanyaya ang inireport sa akin, ngunit ilan lamang ang na-follow up na gaya ng ginawa ng lalaking ito.

Naniniwala talaga ako sa alituntunin ng pag-follow-up. Gaya ng nakasaad sa gabay ng missionary na *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, “ang pag-iimbita nang walang follow up ay tulad ng biyaheng sinimulan pero hindi tinapos o kaya’y pagbili ng tiket sa isang konsiyerto pero hindi naman nagpunta sa teatro. Kung hindi kumpleto ang gagawing hakbang, ang pangako ay walang kuwenta.”<sup>2</sup>

Itinuturo ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa lahat hindi lamang kung paano mag-imbita kundi kung paano rin mag-follow-up sa ating mga paanyaya. Ang layunin ng gawaing misyonero ay binigyang-kahulugan bilang pag-anyaya sa “iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang ibinalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag,



pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.”<sup>3</sup>

Ang pag-anyaya ay talagang bahagi ng gawaing misyonero. Ngunit mapapansin ninyo na ang gawaing misyonero ng mga miyembro ay hindi lang simpleng paanyaya sa mga tao na pakinggan ang mga missionary. Kasama rin dito ang pag-follow up sa mga missionary upang matiyak na ang mga taong iyon ay nagkakaroon ng pananampalataya, nahihikayat na magsisi, naghahanda sa paggawa ng mga tipan, at nagtitiis hanggang wakas.

Ang alituntuning ito ng pag-follow-up ay inilarawan sa aklat ng *Mga Gawa*:

“Si Pedro at si Juan nga ay nagsisipanhik sa templo. . . .

“At isang lalake na pilay buhat pa sa tiyan ng kaniyang ina ay dinadalaroon, na siya’y inilalagay nila araw-araw sa pintuan ng templo na tinatawag na Maganda, upang manghingi ng limos sa nagsisipasok sa templo;

“Ito, pagkakita kay Pedro at kay Juan na magsisipasok sa templo, ay namanhik upang tumanggap siya ng limos.

“At pagtitig sa kaniya ni Pedro, na kasama si Juan, ay sinabi, Tingnan mo kami.

“At kaniyang pinansin sila, na umaasang tatanggap sa kanila ng anumang bagay.

“Datapuwa’t sinabi ni Pedro, Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa’t ang

nasa akin, ay siya kong ibinibigay sa iyo: Sa pangalan ni Jesucristong taga Nazaret, lumakad ka.”

Iyan ay isang napakamakapangyarihang paanyaya mula sa isang lingkod ng Panginoon, hindi ba? Ngunit si Pedro ay hindi tumigil sa pag-anyaya. Sinasabi sa atin sa kasunod na talata na “*kaniyang hinawakan siya sa kanang kamay, at siya’y itinindig*: at pagdaka’y nagsilakas ang kaniyang mga paa at mga bukong-bukong.

“At paglukso, siya’y tumayo, at nagpasimulang lumakad, at *pumasok na kasama nila sa templo*, na lumalakad, at lumulukso, at nagpupuri sa Dios.”<sup>4</sup>

Sa madaling salita, hindi lamang ginamit ni Pedro ang kanyang awtoridad ng priesthood at inanyayahan ang lalaki na tumindig at lumakad. Nag-follow up din siya sa kanyang paanyaya sa pamamagitan ng pagtulong sa lalaki, sa paghawak sa kanyang kanang kamay, pag-angat sa kanya, at paglalakad na kasama niya papasok sa templo.

Sa diwa ng halimbawa ni Pedro, masasabi ko na tayong lahat ay maaaring palaging makibahagi sa gawaing misyonero kapag inalis natin ang ating takot at pinalitan ito ng tunay na pananampalataya, pag-anyaya sa kahit isang tao bawat quarter—o apat na beses sa bawat taon—na maturuan ng mga full-time missionary. Sila ay handang magturo sa pamamagitan ng Espiritu, na may tapat at taos-pusong inspirasyon mula sa Panginoon.

Maaaring magkakasama nating i-follow up ang ating mga paanyaya, hawakan sa kamay ang tao, iangat sila, at lumakad na kasama nila sa kanilang espirituwal na paglalakbay.

Para tulungan kayo sa gawaing ito, inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro, anuman ang inyong calling ngayon o antas ng pagiging aktibo sa Simbahan, na magkaroon ng kopya ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*. Mabibili ito sa ating mga distribution center at makukuha rin online. Ang online version ay maaaring mabasa o mai-download nang libre. Ito ay gabay na aklat sa gawaing misyonero—na ibig sabihin ito ay gabay na aklat para sa ating lahat. Basahin ito, pag-aralan ito, at pagkatapos ay isabuhay ang natututuhan ninyo para matulungan kayong maunawaan kung paano magdala ng mga kaluluwa kay Cristo sa pamamagitan ng pag-anyaya at pag-follow-up. Gaya ng sinabi ni Pangu-long Thomas S. Monson, “Panahon na para ang mga miyembro at missionary ay magsama-sama, magtulungan, magsigawa sa ubasan ng Panginoon upang magdala ng mga kaluluwa sa Kanya.”<sup>5</sup>

Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo:

“Ang aanihin ay marami, datapwa’t kakaunti ang mga manggagawa;



“Idalangin nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin.”<sup>6</sup>

Sinagot ng Panginoon ang panalangin na iyan sa ating panahon sa pinakamalaking bilang ng mga full-time missionary sa kasaysayan ng mundo. Sa bagong pagdagsang ito ng matatapat na manggagawa, binigyan tayo ng Panginoon ng isa pang pagkakataon na tulungan Siya sa malaking pag-ani ng mga kaluluwa.

May mga praktikal na paraan para makatulong ang mga miyembro at suportahan ang kahanga-hanga nating mga missionary. Halimbawa, maaari ninyong sabihin sa mga missionary na pinag-aaralan ninyo ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* at sabihing ituro nila sa inyo ang natutuhan nila sa kanilang pag-aaral. Sa pagbabahaginan ninyo, madaragdagan ang tiwala ng mga miyembro at mga full-time missionary sa isa’t isa, gaya ng iniutos ng Panginoon:

“Bagkus ay makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan.”<sup>7</sup>

At “Masdan, isinugo ko kayo upang magpatotoo at balaan ang mga tao, at nababagay lamang na bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa.”<sup>8</sup>

Mga kapatid, nakikinita ba ninyo ang magiging epekto kung isasama ng pamilya at mga kaibigan ang mga natututuhan nila sa kanilang personal na pag-aaral ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa mga sulat at email nila sa kanilang mga full-time missionary? Nakikinita ba ninyo ang mga

pagpapala na darating sa mga pamilya kapag nalaman at mas naunawaan nila ang pag-aaralan at ituturo ng kanilang mga anak sa kanilang misyon? At naaarok ba ninyo ang pambihirang pagbuhos ng biyayang hatid ng pagbabayad-sala sa atin, sa bawat isa at sa lahat, ayon sa pangako ng Tagapagligtas sa lahat ng nagpapatotoo habang inaanyayahan ang mga kaluluwa na lumapit sa Kanya—at pagkatapos ay pag-follow up sa mga paanyayang iyon?

“Kayo ay pinagpala,” sabi ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, “sapagkat ang patotoo na inyong sinabi ay nakatala sa langit upang tingnan ng mga anghel; at sila ay nagagalak sa inyo, at pinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan.”<sup>9</sup>

“Sapagkat akin kayong patatawarin sa inyong mga kasalanan sa kautusang ito—na kayo ay manatiling matatag . . . sa pagpapatotoo sa buong sanlibutan ng mga bagay na yaon na aking sinabi sa inyo.”<sup>10</sup>

Kung magpa-follow up tayo, hindi tayo bibiguin ng Panginoon. Nakita ko ang di-maipaliwanag na galak na dulot ng pag-anyayang nahikayat ng patotoo at ng masigasig na pag-follow-up ng mga miyembro ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo. Habang nasa Argentina kamakailan, hinikayat ko ang mga miyembro na mag-imbata ng isang tao sa simbahan bago ang pangkalahatang kumperensya na ito. Ang walong taong gulang na batang si Joshua ay nakinig at imbita ang kanyang matalik na kaibigan at pamilya nito sa isang open house sa kanilang ward sa Buenos Aires.



Hayaang basahin ko mula sa liham na katatanggap ko lang ang nangyari sa imbitasyon ni Joshua at sa kanyang masigasig na pag-follow-up:

“Bawat ilang minuto [si Joshua] ay tumatakbo sa gate para tingnan kung parating na sila. Sinabi niya na alam niyang [darating] sila.

“Lumipas ang mga oras at hindi dumating ang kaibigan ni Joshua, pero hindi sumuko si Joshua. Palagi niyang tinitingnan ang gate sa harapan bawat ilang minuto. Oras na para simulang iligpit ang mga gamit nang biglang magtatalon si Joshua at sinabing, ‘Narito na sila! Narito na sila!’ Pag-angat ko ng ulo ko nakita ko ang buong pamilya na papalapit sa simbahan. Tumakbo palabas si Joshua para batiin sila at yakapin ang kaibigan niya. Pumasok silang lahat at tila nasiyahang mabuti sa open house. Kumuha sila ng ilang polyeto at matalagal ding nakipag-usap sa ilang bagong kaibigan. Nakatutuwang makita ang pananampalataya ng munting batang ito at malaman na ang mga bata sa Primary ay maaari ding maging mga missionary.”<sup>11</sup>

Pinatototohanan ko na kapag nagtulungan tayo, sa paghahanap sa isang tao, pag-iimbata, at pag-follow up nang may tiwala at pananalig, ang Panginoon ay ngingiti sa atin at matatagpuan ng libu-libo sa mga anak ng Diyos ang layunin at kapayapaan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nawa’y pagpalain tayong lahat ng Panginoon sa ating pagsisikap na mapabilis ang Kanyang gawain, ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 115:4.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Isang Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 229.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, 1.
4. Mga Gawa 3:1–8; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2013, 4.
6. Mateo 9:37–38.
7. Doktrina at mga Tipan 1:17.
8. Doktrina at mga Tipan 88:81.
9. Doktrina at mga Tipan 62:3.
10. Doktrina at mga Tipan 84:61.
11. Personal na liham, Mar. 10, 2014.



**Ni Jean A. Stevens**

Unang Tagapayo sa Primary General Presidency

## “Huwag Kang Matakot; Ako’y Sumasaiyo”

*Kapag nagkaroon tayo ng mas malaking tiwala at pananampalataya sa Panginoon, maaari tayong humiling sa Kanya na pagpalain at iligtas tayo.*

Ilang damdamin ang maihahalintulad sa pagmamahal na taglay ng pagiging magulang. Wala nang sasaya pa sa pagkakaroon ng anak, na bigay ng langit. Ganito ang naramdaman ng isa sa mga kapatid kong lalaki sa espesyal at nakaaantig na paraan. Ang panganay niyang anak na lalaki ay isinilang na kulang sa buwan at may timbang lamang na 2 libra at 14 na onsa (1.3 kg). Ginugol ni Hunter ang unang dalawang buwan ng kanyang buhay sa neonatal intensive care unit ng ospital. Ang mga buwang iyon ay emosyonal na panahon sa buong pamilya habang umaasa at sumasamo kami na tulungan kami ng Panginoon.

Maraming suporta ang kailangan ng munting si Hunter. Sinikap niyang magkaroon ng lakas na kailangan para mabuhay. Madalas hawakan ng malakas na kamay ng mapagmahal na ama ang munting kamay ng kanyang mahinang anak para palakasin ang loob nito.

At ganito rin sa lahat ng anak ng Diyos. Hinahawakan ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin taglay ang Kanyang walang-hanggang pagmamahal. Siya ay may kapangyarihan sa

lahat ng bagay at hangad na tulungan tayo na matuto, umunlad, at bumalik sa Kanya. Nililinaw nito ang layunin ng ating Ama: “ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”<sup>1</sup>

Kapag nagkaroon tayo ng mas malaking tiwala at pananampalataya sa Panginoon, maaari tayong humiling sa Kanya na pagpalain at iligtas tayo.

Nakatala sa lahat ng pahina ng Aklat ni Mormon ang napakagandang layuning ito ng kapangyarihan ng Panginoon na iligtas ang Kanyang mga anak. Inilahad ito ni Nephi sa pina-kaunang kabanata ng aklat. Sa talata 20, mababasa natin, “Masdan, ako, si Nephi, ay magpapatunay sa inyo na ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalihat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, upang gawin silang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas.”<sup>2</sup>

Maraming taon na ang nakararaan nalaman ko mismo ang katotohanang nakasaad sa talatang ito. Nalaman ko kung gaano talaga kalapit ang ating Ama sa Langit at gaano ang pagnanais Niya na tulungan tayo.

Isang hapon habang papadilim na, nagmamaneho ako kasama ang aking mga anak nang mapansin ko ang isang batang lalaki na naglalakad sa mapanglaw na kalsada. Nang malagpasan ko siya, nakadama ako ng malakas na impresyon na bumalik at tulungan siya. Ngunit nag-alala ako na baka matakot siya na may estrangherong huminto sa kanya, kaya't nagpatuloy ako sa pagmamaneho. Dumating muli sa isipan ko ang malakas na impresyon: "Tulungan mo ang batang iyon!"

Binalikan ko siya at tinanong, "Kailangan mo ba ng tulong? Naramdaman ko na dapat kitang tulungan."

Bumaling siya sa amin at dumadalo ang mga luha sa kanyang pisngi na nagsabing, "Talaga po? Nagdarasal po ako na sana ay may tumulong sa akin."

Ang panalangin niya na tulungan siya ay nasagot sa inspirasyon na ibinigay sa akin. Ang karanasang ito na makatanggap ng gayon kalinaw na tagubilin mula sa Espiritu ay hindi ko nalimutan kailanman.

At ngayon makaraan ang 25 taon at dahil sa magiliw na awa, nakausap ko muli ang batang ito sa unang pagkakataon ilang buwan pa lang ang nakalipas. Nalaman ko na ang karanasang iyon ay hindi lamang kuwento ko—kuwento rin niya iyon. Si Deric Nance ay isa nang ama at may sarili nang pamilya. Hindi rin niya nalimutan ang karanasang iyon. Nakatulong ito sa amin na magkaroon ng matibay na pananampalataya na naririnig at sinasagot ng Diyos ang ating mga dalangin. Pareho naming ginamit iyon para ituro sa aming mga anak na binabantayan tayo ng Diyos. Hindi tayo nag-iisa.

Nang gabing iyon, nagpaiwan si Deric pagkatapos ng klase para sa isang aktibidad at hindi niya naabutan ang huling bus. Dahil tinedyer na, naisip niya na kaya niyang umuwi, kaya't nagsimula siyang maglakad.

Isang oras at kalahati ang lumipas sa paglalakad sa mapanglaw na kalsadang iyon. Dahil ilang milya pa ang layo niya sa kanyang tahanan at walang makitang mga bahay sa dinaraan, natakot siya. Sa kawalan



ng pag-asa, nagpunta siya sa likod ng salansan ng mga bato, lumuhod, at humingi ng tulong sa Ama sa Langit. Ilang minuto pagkatapos makabalik ni Deric sa kalsada, huminto ako para ibigay ang tulong na ipinagdasal niya.

At ngayon makalipas ang maraming taon, nagugunita ni Deric: "Iniisip ako ng Panginoon, isang batang patpatin at hindi handa. At sa kabila ng lahat ng nangyayari sa mundo, alam Niya ang aking sitwasyon at nagpadala ng tulong dahil mahal Niya ako. Sinagot ng Panginoon ang aking mga panalangin nang maraming beses mula noon sa mapanglaw na tabing-daang iyon. Ang Kanyang mga sagot ay hindi palaging mabilis at malinaw, ngunit ang pag-aalala Niya sa akin ay nakikita ngayon tulad noong malungkot na gabing iyon. Sa tuwing may kadiliman sa aking buhay, alam ko na palagi Siyang may plano na tulungan ako na muling ligtas na makauwi."

Tulad ng sabi ni Deric, hindi lahat ng panalangin ay kaagad nasasagot. Ngunit talagang kilala tayo ng ating Ama at naririnig ang mga pagsamo ng ating puso. Nagsasagawa Siya ng mga himala sa bawat panalangin, sa bawat tao.

Maaari tayong magtiwala na tutulungan Niya tayo, hindi sa paraang gusto natin kundi sa paraang pinakamainam na tutulong sa ating pag-unlad. Ang pagpapasakop ng ating kalooban sa Kanya ay maaaring mahirap, ngunit kinakailangan ito upang maging tulad Niya at madama ang kapayapaang ibinigay Niya sa atin.

Madarama natin, ang gaya ng sinabi ni C. S. Lewis: "Nagdarasal ako dahil hindi ko kayang tugunan ang sarili kong mga pangangailangan. . . . Nagdarasal ako dahil dama ko sa tuwina na kailangan ko ito, sa paggising at pagtulog. Hindi nito binabago ang Diyos. Ako ang binabago nito."<sup>3</sup>

Maraming tala sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa mga taong nagtiwala sa Panginoon at Kanyang natulungan at nailigtas. Isipin ang batang si David, na nakaligtas sa tiyak na kamatayan sa kamay ng napakalakas na si Goliat dahil sa pagtitiwala sa Panginoon. Isipin si Nephi, na ang pagsusumamo sa Diyos nang may pananampalataya ay nagligtas sa kanya mula sa kanyang mga kapatid na ang hangad ay patayin siya. Alalahanin ang batang si Joseph Smith, na mapanalangin humingi ng tulong sa Panginoon. Siya ay nailigtas sa kapangyarihan ng kadiliman at tumanggap ng kamangha-manghang sagot. Bawat isa ay naharap sa totoo at mahirap na mga pagsubok. Bawat isa ay kumilos nang may pananampalataya at nagtiwala sa Panginoon. Bawat isa ay tumanggap ng Kanyang tulong. At sa panahon din natin, ang kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos ay ipinapakita sa buhay ng Kanyang mga anak.

Nakita ko ito kamakailan sa buhay ng mga nananampalatayang Banal sa Zimbabwe at Botswana. Sa pulong ng pag-aayuno at patotoo sa isang maliit na branch, ako ay napakumbaba at napasigla ng mga patotoong ibinahagi ng marami—mga bata, kabataan, at matatanda. Bawat isa ay nagbahagi ng malakas na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Sa mga pagsubok at mahirap na mga kalagayang nakapalibot sa kanila, nabubuhay sila sa bawat araw na nagtitiwala sa Diyos.

Kinikilala nila ang Kanyang kamay sa kanilang buhay at madalas itong ipahayag sa mga katagang “Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos.”

Ilang taon na ang nakalipas ipinakita ng isang tapat na pamilya sa mga miyembro ng aming ward ang gayon ding tiwala sa Panginoon. Sina Arn at Venita Gatrell ay maligaya sa kanilang buhay may-pamilya nang masuring may malalang kanser si Arn. Nakapanlulumo ang resulta—isang linggo na lang siyang mabubuhay. Nais ng pamilya na magtipun-tipon sa huling pagkakataon. Kaya’t lahat ng mga anak ay tinipon, ang ilan ay mula sa malalayong lugar. Mayroon na lamang silang mahalagang 48 oras para gugulin nang magkakasama. Maingat na pinili ng mga Gatrell ang pinakamahalaga sa kanila—retrato ng buong pamilya, pagsasalu-salo sa pagkain ng pamilya, at sesyon sa Salt Lake Temple. Sinabi ni Venita, “Nang lumabas kami sa pinto ng templo, ito na ang huling pagkakataon na magkakasama kami sa buhay na ito.”

Ngunit umalis sila roon na nakatitiyak na may higit pang nakalaan para sa kanila kaysa sa buhay na ito. Dahil sa mga sagradong tipan sa templo, umaasa sila sa mga pangako ng Diyos. Sila ay magsasama-sama magpakailanman.


Ang sumunod na dalawang buwan ay puno ng mga pagpapala na di kayang banggitin pa. Mas lumakas ang pananampalataya at tiwala nina Arn at Venita sa Panginoon, na mapapatunayan sa mga salita ni Venita: “Ako ay pinasan. Nalaman ko na makadarama ka ng kapayapaan sa gitna ng kaguluhan. Alam kong binabantayan kami ng Panginoon. Kung magtitiwala ka sa Panginoon, talagang makakayanan mo ang anumang pagsubok sa buhay.”

Idinagdag ng isa sa kanyang mga anak: “Nakamasid kami sa aming mga magulang at nakita ko ang kanilang halimbawa. Nakita namin ang kanilang pananampalataya at kung paano nila ito pinalakas. Hindi ko hihilingin kailanman ang pagsubok na ito, ngunit hindi ko rin ito tatalikuran. Napalibutan kami ng pagmamahal ng Diyos.”

Siyempre, ang pagpanaw ni Arn



ay hindi inasam na mangyari ng mga Gatrell. Ngunit ang paghihirap nila ay hindi nagpahina sa kanilang pananampalataya. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi tseklis ng mga bagay na gagawin; sa halip, ito ay nananatiling buhay sa ating puso. Ang ebanghelyo “ay hindi pasanin; ito ay nagpapagaan ng pasanin.”<sup>4</sup> Pinapasan tayo nito. Pinasan nito ang mga Gatrell. Nakadama sila ng kapayapaan sa gitna ng unos. Mahigpit silang kumapit sa isa’t isa at sa mga tipan sa templo na kanilang ginawa at tinupad. Tumibay ang tiwala nila sa Panginoon at napalakas sila sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo at sa kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.



Saanman natin matagpuan ang ating sarili sa landas ng pagkadisipulo, anuman ang ating mga problema at pagsubok, hindi tayo nag-iisa. Hindi kayo kinalilimutan. Tulad ni Deric, ng mga Banal sa Africa, at ng pamilya Gatrell, mapipili nating humingi ng tulong sa Diyos para sa ating mga pangangailangan. Mahaharap natin ang ating mga pagsubok nang may panalangin at tiwala sa Panginoon. At sa paggawa nito tayo ay magiging higit na katulad Niya.

Nangungusap sa bawat isa sa atin, sinasabi ng Panginoon, “Huwag . . . matakot; . . . ako’y sumasaiyo: huwag kang manglupaypay, sapagka’t ako’y iyong Diyos; aking palalakas ka; . . . aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran.”<sup>5</sup>

Ibinabahagi ko ang simple ngunit tiyak kong patotoo na personal tayong kilala ng ating Diyos Ama at tinutulungan Niya tayo. Sa pamamagitan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo makakayanan natin ang mga pagsubok ng mundong ito at ligtas na makakauwi. Nawa’y magkaroon tayo ng pananampalataya na magtiwala sa Kanya, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Moises 1:39.
2. 2 Nephi 1:20.
3. Binanggit ng tauhan na gumanap na C. S. Lewis gaya ng inilalarawan sa William Nicholson, *Shadowlands* (1989), 103.
4. Harry Emerson Fosdick, *Twelve Tests of Character* (1923), 88.
5. Isaia 41:10.



**Ni Bishop Gary E. Stevenson**  
Presiding Bishop

# Ang Inyong Apat na Minuto

*Ang himala ng Pagbabayad-sala ang magpupuno sa mga kakulangan sa ating pagganap.*

Ang katatapos na Olympic Winter Games ay nagpamangha sa daigdig nang ang mga atletang kumatawan sa 89 na bansa ay nagpalingan sa 98 iba't ibang paligsahan. Nakakatuwa na 10 sa mga atletang ito ay mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at 3 sa kanila ang nagkamit ng mga medalya na itinampok kamakailan sa *Church News*: sina Christopher Fogt, Noelle Pikus-Pace, at Torah Bright.<sup>1</sup> Binabati namin ang lahat ng atletang nakipagpaligsahan. Napakahusay ninyo!


Ikukuwento ko ang mga larong ito ngayong umaga na nasasaisip ang mga kabataan, at ang mga young single adult—kayo na nasa panahon ng mahalagang pagpapasiya na magtatakda ng landasin ninyo sa buhay. Dama ko na napakahalagang iukol sa inyo ang mensaheng ito.

Para madama ninyo ang kahalagahan niyon, ikukuwento ko muna si Noelle Pikus-Pace, isa sa Banal sa mga Huling Araw na mga atletang iyon. Sa paligsahan ni Noelle, ang skeleton, kumukuha ng momentum ang mga atleta sa pagtakbo nang mabilis at pagkatapos ay tumatalon sa maliit na

sled na una ang ulo. Nakaangat lang nang ilang pulgada ang mga mukha sa lupa, nagkakarera sila pababa sa paliku-liko at mayelong daan sa bilis na 90 milya (145 km) kada oras.

Mahalagang pansinin na ang maraming taon ng paghahanda ay ituturing na tagumpay o kabiguan batay sa nangyari sa apat na matindihang 60-second run.

Ang mga pangarap ni Noelle noong nakaraang 2006 Olympic ay naudlot



nang siya ay malubhang naaksidente na ikinapilay ng kanyang binti. Noong 2010 Olympics hindi pa rin natupad nang lubos ang pangarap niya nang pumangalawa lamang siya dahil nauna sa kanya ang kalaban nang wala pang isang segundo.<sup>2</sup>

Naiisip ba ninyo ang pagkabalisa niya habang hinihintay niyang magsimula ang kanyang unang pagkarera sa 2014 Olympics? Ang maraming taon ng paghahanda ay matatapos sa halos isang iglap lamang. Apat na minuto ang kabuuan. Maraming taon ang ginugol niya sa paghahanda para sa apat na minutong iyon at pagkatapos niyon ay habambuhay niya itong pag-iisipan.

Ang mga huling pagkarera ni Noelle ay halos walang mali! Hindi natin malilimutan kailanman nang tumalon siya sa mga upuan para yakapin ang kanyang pamilya matapos marating ang finish line, na masayang bumubulalas ng, “Nagtagumpay tayo!” Sulit ang maraming taon ng paghahanda. Nakita nating suot niya sa kanyang leeg ang kanyang Young Women medallion nang isuot sa kanya ang medalyang pilak.<sup>3</sup>

Marahil parang di-makatwiran na ang buong pangarap ni Noelle sa Olympics ay nakasalalay sa ginawa niya sa loob lamang ng apat na maiikling minuto. Ngunit alam niya ito, at iyan ang dahilan kaya siya masigasig na naghanda. Nadama niya ang laki ng kahalagahan ng kanyang apat na minuto, at ang magiging kahulugan nito sa kanya habambuhay.

Naaalala rin natin si Christopher Fogt, ang miyembro ng team na nanao ng medalyang tanso sa four-man bobsled race. Kahit puwede na sana siyang sumuko matapos ang matinding aksidente noong 2010 Olympics, pinili niyang magpatuloy. Matapos tumakbo nang kahanga-hanga at puno ng determinasyong makabawi, nakuha niya ang gantimpalang hangad niya.<sup>4</sup>

Ngayon, isipin ninyo kung paano nahahalintulad ang pagtahak ninyo tungo sa buhay na walang hanggan sa “apat na minutong pakikipagpaligsahan” ng mga atletang ito. Kayo ay isang walang-hanggang nilalang. Bago



kayo isinilang, nabuhay kayo bilang isang espiritu. Sa piling ng mapagmahal na Ama sa Langit, nagsanay at naghanda kayong pumarito sa mundo sa loob ng maikling panahon at gampanan ang papel ninyo sa buhay. Ang buhay na ito ang inyong apat na minuto. Habang narito kayo, ang inyong mga ginagawa ang magtatakda kung makakamit ninyo ang gantimpala na buhay na walang hanggan. Inilarawan ng propetang si Amulek, “Ang buhay na ito ang panahon para . . . maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para . . . gampanan ang [inyong] mga gawain.”<sup>5</sup>

Ibig sabihin, ang inyong apat na minuto ay nagsimula na. Lumalakad na ang oras. Tila akmang-akma ang mga salita ni Apostol Pablo: magsipagtakbo upang magsipagtamo ng gantimpala.<sup>6</sup>

Kung mahalaga ang ilang hakbang sa napakaikling pagpapamalas ng husay ng isang atleta sa Olympics—mga pagtalon o pag-ikot sa ere para sa mga ice skater at snowboarder, pagliko at pagtagilid sa bobsled run, o mabilis na pag-ski pababa habang iniwasan ang mga sagabal—ganito rin sa buhay natin, kung saan may mga bagay na talagang mahalaga—mga checkpoint na gumagabay sa atin sa ating espirituwal na pagganap sa

mundo. Ang mga espirituwal na palatandaang ito ay ang mahahalagang ordenansa ng ebanghelyo na ibinigay ng Diyos: binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, mga ordinasyon sa priesthood, mga ordenansa sa templo, at pakikibahagi ng sakramento bawat linggo.

“Sa mga ordenansa [na ito] . . . , ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.”<sup>7</sup>

At kung paanong inihahanda ng madisiplinang pagsasanay ang isang atleta para lubos na maipamalas ang pinakamahusay niya sa kanyang isport, ang pagsunod sa mga kautusan ay gagawin kayong karapat-dapat na matanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansang ito.

Nakikita ba ninyo na dapat itong gawin kaagad?

Mga kaibigan kong kabataan, saanman kayo naroroon sa inyong “apat na minutong pagganap,” hinihimok ko kayong pag-isipan ito, “Ano ang susunod na dapat kong gawin para matiyak na matanggap ko ang aking gantimpala?” Marahil sa kumperensyang ito, naibulong na sa inyo ng Espiritu kung anuman iyon: ang paghandaan nang mas mabuti ang ordenansang gagawin ninyo balang-araw o tanggapin ang ordenansang dapat ay natanggap na ninyo noon pa. Anuman ito, gawin na ito ngayon.

Huwag nang maghintay pa. Madaling lilipas ang inyong apat na minuto, at walang hanggan ang panahon ninyong pag-isipan ang ginawa ninyo sa buhay na ito.<sup>8</sup>

Kailangan ang disiplina sa sarili. Ang araw-araw na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsimba ay dapat maging pundasyon ng inyong pagsasanay. Ang patuloy na pagsunod sa mga kautusan, pagtupad sa mga tipang ginawa ninyo, at pagsunod sa mga pamantayan ng Panginoon na makikita sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay kailangan.

Marahil napapansin ninyo na may mga bagay sa buhay ninyo na humahadlang o nagpapatigil sa inyong espirituwal na pag-unlad. Kung gayon, sundin ang payong ito sa banal na kasulatan: “Itabi namang walang liwag ang bawa’t pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin.”<sup>9</sup>

Hindi pa huli para magsisi. Ngunit maaaring di magtatagal ay huli na, dahil walang nakakaalam kung kailan matatapos ang inyong apat na minuto.

Ngayon, maaaring iniisip ninyo, “Nasayang ko na ito. Wala nang pag-asa ang apat na minuto ko. Mabuti pa sumuko na ako.” Kung iyon ang iniisip ninyo, tigilan ninyo iyan, at huwag nang isiping muli. Ang himala

ng Pagbabayad-sala ang magpupuno sa mga kakulangan sa ating pagganap. Gaya ng itinuro ni Elder Jeffrey R Holland:

“Sa inyo . . . na nag-aalangan pa, . . . pinatotohanan ko ang nagpapabagong kapangyarihan ng pagmamahal ng Diyos at ang himala ng Kanyang biyaya. . . .

“ . . . Hindi pa huli *kailanman* hangga’t sinasabi ng Panginoon . . . na may oras pa. . . . Huwag magpaliban.”<sup>10</sup>

Tandaan, hindi kayo nag-iisa. Nangako ang Tagapagligtas na hindi Niya kayo iiwang mag-isa.<sup>11</sup> May mga kapamilya, kaibigan, at lider din kayo na tumutulong sa inyo.

Bagama’t mas pinatungkulan ng aking mensahe ang kabataan ng Simbahan, ito naman ang sasabihin ko sa mga magulang at mga lolo’t lola:

Kamakailan, inilarawan ni Elder David A. Bednar ang simpleng paraan na masusuri ang progreso ng pamilya sa landas ng tipan sa pamamagitan ng mahahalagang ordenansa. Ang kailangan lang ay isang pirasong papel na may dalawang hanay: “pangalan” at “plano para sa susunod o kailangang ordenansa.” Ginawa ko ito kamakailan; inilista ko ang bawat miyembro ng aking pamilya. Kasama sa listahan ang isang sanggol na apo, na malapit nang basbasan; isang anim-na-taong-gulang na apo na mahalagang maihanda sa binyag; at isang anak na malapit nang mag-18 taon, na kailangan nang maghanda para sa priesthood at endowment sa templo. Lahat ng nasa listahan ay kailangan ang ordenansa ng sakramento. Ang simpleng gawaing ito ay tumulong sa amin ni Lesa na mapagbuti ang aming ginagampanan sa pagtulong sa bawat miyembro ng aming pamilya sa landas ng tipan, na may nakaplanong gagawin para sa bawat isa sa kanila. Maaaring ideya ito na magagamit ninyo sa pag-uusap ng pamilya, mga lesson sa family home evening, paghahanda, at paanyaya na rin para sa mahahalagang ordenansa sa inyong pamilya.<sup>12</sup>

Bilang isa ring skier at snowboarder, lubos akong humanga sa “apat-na-minuto” na pagpapamalal ng



husay ng atletang LDS na taga Australia na nanalo ng medalyang pilak, ang snowboarder na si Torah Bright sa paligsahan sa half-pipe. Pinahanga niya ang mundo nang tapusin niya ang halos walang-sablay na pagkarera sa backside rodeo 720. Gayunman, mas kahanga-hanga pa at ikinagulat ng mga tao ang paghikayat at pagmamahal na tulad ni Cristo na ipinakita niya sa kanyang mga kalaban sa paligsahang iyon. Napansin niya na ang Amerikanong snowboarder na si Kelly Clark, na hindi maganda ang unang pagkarera sa kanyang final round, ay parang kabado sa kanyang pangalawang pagkarera. “Niyakap niya ako,” paggunita ni Clark. “Yakap lang niya ako hanggang sa talagang kalmado na ako at hindi na humihingal sa kaba. Napakasayang mayakap ng isang kaibigan.” Nakasama ni Kelly Clark si Torah sa podium ng mga nanalo nang tanggapin niya ang medalyang tanso.

Nang tanungin siya tungkol sa pam-bihirang kabaitan niyang ito sa kalaban, na kung tutuusin ay puwede pang maging dahilan para maagaw sa kanya ang medalyang pilak, sinabi lang ni Torah, “Nakikipaglaban ako—gusto kong gawing lahat ang kaya ko—pero gusto kong gawin din ng mga kalaban ko ang lahat ng kaya nila.”<sup>13</sup>

Nasasaisip iyan, mayroon ba kayong kakilala na kailangan ninyong palakasin ang loob? isang kapamilya?

isang kaibigan? isang kaklase o kasama sa korum? Paano ninyo sila matutulungan sa apat na minuto nila?

Mahal na mga kaibigan, kayo ay nasa gitna ng napakasayang paglalakbay. Sa ilang kaparaanan, mabilis kayong bumababa sa half-pipe o sled track, at malaking hamon ang pagganap sa bawat bagay o bawat pagliko habang daan. Ngunit tandaan, pinaghandaan ninyo ito nang napakaraming taon. Ito ang pagkakataon ninyong ipamalal ito. Ito ang inyong apat na minuto! Ngayon na ang panahon!

Malaki ang tiwala ko sa inyong mga kakayahan. Nasa panig ninyo ang Tagapagligtas ng mundo. Kung hihiingin ninyo ang tulong Niya at susundin ang Kanyang mga tagubilin, paano kayo mabibigo?

Magtatapos ako sa pagpapatotoo sa mga pagpapala na napasaatin mula sa buhay na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, at kay Jesucristo at sa Kanyang papel bilang ating Tagapagligtas at Manunubos, sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Christine Rappleye, “Mormons in the Olympics: 3 Medals for LDS Athletes at the Winter Games,” [deseretnews.com/article/865597546/Mormons-in-the-Olympics-3-medals-for-LDS-athletes-at-the-Winter-Games.html](http://deseretnews.com/article/865597546/Mormons-in-the-Olympics-3-medals-for-LDS-athletes-at-the-Winter-Games.html).
2. Tingnan sa Christine Rappleye, “Mormons in the Olympics.”
3. Tingnan sa Sarah Petersen, “Noelle Pikus-Pace Wears LDS Young Women Necklace throughout Olympics,” [deseretnews.com/article/865596771/Noelle-Pikus-Pace-wears-LDS-Young-Women-necklace-throughout-Olympics.html](http://deseretnews.com/article/865596771/Noelle-Pikus-Pace-wears-LDS-Young-Women-necklace-throughout-Olympics.html).
4. Tingnan sa Amy Donaldson, “Army, Faith Helped Push Mormon Bobsledder Chris Fogt to Olympic Success,” [deseretnews.com/article/865597390/Army-faith-helped-push-Mormon-bobsledder-Chris-Fogt-to-Olympic-success.html](http://deseretnews.com/article/865597390/Army-faith-helped-push-Mormon-bobsledder-Chris-Fogt-to-Olympic-success.html).
5. Alma 34:32.
6. Tingnan sa I Mga Taga-Corinto 9:24.
7. Doktrina at mga Tipan 84:20.
8. Tingnan sa Alma 34:31–33.
9. Sa mga Hebreo 12:1.
10. Jeffrey R. Holland, “Ang mga Manggagawa sa Ubasan,” *Liahona*, Mayo 2012, 33.
11. Tingnan sa Juan 14:18.
12. David A. Bednar, sa pakikipag-usap sa may-akda.
13. Vidya Rao, “Snowboarder Kelly Clark: Hug from Competitor Helped Me Win Bronze,” [today.com/sochi/snowboarder-kelly-clark-hug-competitor-helped-me-win-bronze-2D12108132](http://today.com/sochi/snowboarder-kelly-clark-hug-competitor-helped-me-win-bronze-2D12108132).





**Ni Elder David A. Bednar**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan

*Ang kakaibang mga pasanin sa buhay ng bawat isa sa atin ay tumutulong sa atin na umasa sa kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas.*

May matalik akong kaibigan na nagpasiya, sa mga unang taon ng kanyang pag-aasawa, na kailangan niya at ng kanyang pamilya ng four-wheel-drive pickup truck. Tiyak ng kanyang asawa na hindi niya ito kailangan kundi gusto lang niya ng bagong sasakyan. Ang masayang pag-uusap ng mag-asawa ay nagpasimula ng pag-uusap nila kung makakabuti ba o makakasama ang pagbili ng nasabing sasakyan.

“Mahal, kailangan natin ng four-wheel-drive truck.”

Tanong ng kanyang asawa, “Bakit mo iniisip na kailangan natin ng bagong trak?”

Itinugon niya sa tanong nito ang sa paniwala niya ay pinakamainam na sagot: “Paano kung kailangan natin ng gatas para sa mga anak natin at malas ang bagyo, at ang tanging paraan para makapunta ako sa tindahan ay gumamit ng trak?”

Nakangiting tumugon ang kanyang asawa, “Kung bibili tayo ng

bagong trak, wala na tayong pambili ng gatas—kaya bakit mo inaalala ang pagpunta sa tindahan!”

Sa paglipas ng mga araw patuloy nilang pinag-usapan ito at sa huli ay nagpasiya silang bilhin ang trak. Di naglaon pagkabili ng bagong trak, gustong ipakita ng kaibigan ko ang pakinabang ng trak at patunayan na may katwiran siya sa pagbili nito. Kaya’t ipinasiya niyang magputol at maghatak ng mga panggatong para sa bahay nila. Taglagas noon, at may niyebe na sa kabundukan kung saan siya maghahanap ng mga panggatong. Habang nagmamaneho siya paakyat sa gilid ng bundok, pakapal nang pakapal ang niyebe. Alam ng kaibigan ko na mapanganib magmaneho sa madulas na daan, ngunit dahil tiwala siya sa bagong trak, nagpatuloy siya.


Ang malungkot, napalayo nang husto ang kaibigan ko sa maniyebeng kalsadang iyon. Nang iliko niya ang trak papunta sa lugar na pangangahuyan niya, hindi na siya makaalis. Lahat

ng apat na gulong ng bagong trak ay dumulas nang paikut-ikot sa niyebe. Agad niyang natanto na hindi niya alam ang gagawin para makaalis sa mapanganib na sitwasyong ito. Nadismaya siya at nag-alala.

Nagpasiya ang kaibigan ko, “Hindi ako basta mauupo na lang dito.” Bumaba siya sa sasakyan at nagsimulang mangahoy. Pinuno niya ng mabibigat na pasan ang likod ng trak. At pagkatapos ay nagpasiya ang kaibigan ko na subukang paandarin itong muli paalis ng niyebe. Nang paandarin niya ang pickup at simulan niya iyong manehuhin, nakausad siya nang kaunti. Unti-unting nakaalis ang trak sa niyebe pabalik sa daan. Sa wakas ay ligtas na siyang makakauwi, na isang masaya at napakumbabang tao.

## Ang Pasan ng Bawat Isa sa Atin

Dalangin ko na tulungan ako ng Espiritu Santo sa pagbibigay-diin sa mahahalagang aral na matututuhan sa kuwentong ito tungkol sa aking kaibigan, sa trak, at sa panggatong. Iyon ang pasan. Ang pasan na panggatong ang nagbigay ng buwelo na kailangan





para makaalis siya sa niyebe, makabalik sa daan, at makasulong. Ang pasan ang nagpabalik sa kanya sa pamilya at sa kanyang tahanan.

Bawat isa sa atin ay may pasan-pasan din. Ang pasan ng bawat isa sa atin ay binubuo ng mga ipinagagawa sa atin at mga oportunidad, mga obligasyon at pribilehiyo, mga paghihirap at biyaya, at mga opsiyon at limitasyon. Makakatulong ang dalawang gabay na katanungan kapag sinuri natin paminsan-minsan at nang may panalangin ang ating pasan: “Ang pasan ko ba ay nagbibigay ng espirituwal na buwelo na magpapasulong sa akin nang may pananampalataya kay Cristo sa makipot at makitid na landas at hindi pipigil sa aking espirituwal na pag-unlad? Ang pasan ko ba ay lumilikha ng sapat na espirituwal na buwelo upang sa huli ay makabalik ako sa piling ng Ama sa Langit?”

Kung minsan mali ang paniniwala natin na ang kaligayahan ay ang mawalan ng pasan. Ngunit ang pagkakaroon ng pasan ay kailangan at mahalagang bahagi ng plano ng kaligayahan. Dahil ang pasan ng bawat isa sa atin ay kailangang magbigay ng espirituwal na buwelo, dapat tayong mag-ingat na huwag maghatak sa ating buhay ng napakaraming maganda ngunit hindi kailangang mga bagay na gumagambala at naglilihis sa

atin mula sa mga bagay na tunay na pinakamahalaga.

#### **Ang Nagpapalakas na Kapangyarihan ng Pagbabayad-sala**

Sabi ng Tagapagligtas:

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nanga-bibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:28–30).

Ang pamatok ay isang barakilan (beam) na yari sa kahoy, na karaniwang ginagamit sa pagitan ng dalawang baka o iba pang mga hayop para sabay nilang hatakin ang isang pasan. Pinagtatabi ng pamatok ang mga hayop upang sabay silang makagalaw para matapos ang isang gawain.

Isipin ang kakaibang paanyaya ng Tagapagligtas sa bawat isa na “pasanin ninyo ang aking pamatok.” Sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, pinapasan natin ang pamatok at nakikiisa tayo sa Panginong Jesucristo. Ibig sabihin, inaanayahan tayo ng Tagapagligtas na

umasa at makipagtulungan sa Kanya, kahit lahat ng pagsisikap natin ay hindi katumbas at hindi maihahambing sa Kanya. Kapag tayo ay nagtiwala at nakipagtulungan sa Kanya sa paghatak sa ating pasan sa paglalakbay natin sa buhay na ito, tunay na ang Kanyang pamatok ay malambot at magaan ang Kanyang pasan.

Hindi tayo nag-iisa at hindi natin kailangang mag-isa kailanman. Makasulong tayo sa buhay sa araw-araw sa tulong ng langit. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas makatatanggap tayo ng kakayahan at “lakas [nang higit sa sarili nating kakayahan]” (“Panginooon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164). Tulad ng sinabi ng Panginooon, “Samakatwid, ipagpatuloy ang inyong paglalakbay at ang inyong puso ay magsaya; sapagkat masdan, at narito, ako ay kasama ninyo maging hanggang wakas” (D at T 100:12).

Isipin ang halimbawa sa Aklat ni Mormon nang pahirapan ni Amulon si Alma at ang mga tao nito. Ang tinig ng Panginooon ay dumating sa mga disipulong ito sa kanilang mga paghihirap: “Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin” (Mosias 24:13).

Pansinin ang kahalagahan ng mga tipan sa pangakong kalayaan. Ang mga tipang tinanggap at tinupad nang may integridad at mga ordenansang isinagawa sa pamamagitan ng wastong awtoridad ng priesthood ay kinakailangan upang matanggap ang lahat ng pagpapala na matatamo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sapagkat sa mga ordenansa ng priesthood, ang kapangyarihan ng kabanalan ay ipapakita sa kalalakihan at kababaihan sa laman, kabilang na ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala (tingnan sa D at T 84:20–21).

Alalahanin ang sinabi ng Tagapagligtas, “Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:30) sa pagtalakay natin sa kasunod na talata tungkol kay Alma at sa kanyang mga tao.

“At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod” (Mosias 24:14).

Maaaring akalain ng marami sa atin na sinasabi sa talatang ito na bigla at lubusang aalisin ang isang pasanin. Gayunman, inilalarawan sa kasunod na talata kung paano pina-gaan ang pasanin.

“At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, *pinalakas sila ng Panginoon* upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon” (Mosias 24:15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang mga hamon at paghihirap ay hindi inalis kaagad sa mga tao. Ngunit si Alma at ang kanyang mga alagad ay pinalakas, at ang nag-ibayong kakayahan nila ay nagpagaan sa kanilang mga pasanin. Ang mabubuting taong ito ay pinalakas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala na *kumilos* bilang mga kinatawan ng kanilang sarili (tingnan sa D at T 58:26–29) at naka-*apekto* ito sa kanilang mga sitwasyon. At “sa lakas ng Panginoon” (Mga Salita ni Mormon 1:14; Mosias 9:17; 10:10; Alma 20:4), si Alma at ang kanyang

mga tao ay inakay nang ligtas patungo sa lupain ng Zarahemla.

Hindi lamang dinaraig ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang mga epekto ng Pagkahulog ni Adan at ginagawang posibleng mapatawad ang mga kasalanan at paglabag ng bawat isa sa atin, kundi dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay nakakagawa rin tayo ng mabuti at nagiging mas mabuti tayo sa paraang higit pa sa ating mortal na kakayahan. Alam ng marami sa atin na kapag mali ang ginagawa natin at kailangan natin ng tulong na madaig ang mga epekto ng kasalanan sa ating buhay, ginawa nang posible ng Tagapagligtas na maging malinis tayo sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang tumubos. Ngunit nauunawaan din ba natin na ang Pagbabayad-sala ay para sa matatapat na kalalakihan at kababaihang masunurin, karapat-dapat, at maingat at nagsisikap na maging mas mabuti at naglilingkod nang mas tapat? Iniiisip ko kung hindi natin lubos na kinikilala ang nagpapalakas na aspetong ito ng Pagbabayad-sala sa ating buhay at nagkakamali tayo sa paniniwalang kailangan nating dalhin ang ating pasan nang mag-isa—sa pamamagitan ng determinasyon, kasigasi-gan, at disiplina, at sa ating malinaw na limitadong mga kakayahan.

Mahalagang malaman na pumarito si Jesucristo sa lupa upang *mamatay*



para sa atin. Ngunit kailangan din nating pasalamat na hangad ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na *pasiglahin* tayo—hindi lamang gabayan kundi palakasin at pagalingin din tayo.

### Tinutulungan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Tao

Ipinaliwanag ni Alma kung bakit at paano tayo mabibigyang-kakayahan ng Tagapagligtas:

“At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

“At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan” (Alma 7:11–12).

Sa gayon, ang Tagapagligtas ay nagdusa hindi lamang para sa ating mga kasalanan at kasamaan—kundi para din sa ating mga pisikal na sakit at pighati, mga kahinaan at pagkukulang, mga takot at kabiguan, mga kalungkutan at panghihina ng loob, mga panghihinayang at pagsisisi, kawalan ng pag-asa at pag-aalala,



mga kawalan ng katarungan at hindi pagkakapantay-pantay na ating nararanasan, at mga paghihirap ng damdamin na bumabagabag sa atin.

Walang sakit ng katawan, walang espirituwal na sugat, walang paghihirap ng kaluluwa o sakit ng kalooban, walang karamdaman o kahinaan na nararanasan natin sa buhay na ito na hindi muna nararanasan ng Tagapagligtas. Sa sandali ng kahinaan maaari nating ibulalas, “Walang nakakaalam ng pinagdaraan ko. Walang nakakaunawa.” Ngunit lubos itong nalalaman at nauunawaan ng Anak ng Diyos, dahil nararanasan at pinasan na Niya ang mga pasanin ng bawat isa sa atin. At dahil sa Kanyang walang-katapusan at walang-hanggang sakripisyo (tingnan sa Alma 34:14), ganap ang Kanyang pagdamay at maiuunat Niya sa atin ang Kanyang bisig ng awa. Maaabot, maaantig, matutulungan, mapapagaling, at mapapalakas Niya tayo nang higit kaysa makakaya natin at matutulungan Niya tayong gawin ang hindig-hindi natin makakayang gawing mag-isa. Tunay ngang malambot ang Kanyang pamatok at magaan ang Kanyang pasan.

### Isang Paanyaya, Isang Pangako, at Isang Patotoo

Inaanyayahan ko kayong pag-aralan, ipagdasal, pagbulayan, at pagsikapan na malaman ang iba pa tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa pagsusuri ninyo ng inyong sariling pasan. Maraming bagay tungkol sa Pagbabayad-sala ang hindi talaga maunawaan ng ating mortal na isipan. Ngunit maraming bagay rin tungkol sa Pagbabayad-sala



ang maaari at kailangan nating maunawaan.

Para sa aking kaibigan, ang pasan na pangatong ang nagbigay ng buwelong nagligtas sa kanyang buhay. Ang walang-lamang trak ay hindi makakaahon sa niyebe, kahit four-wheel drive pa ito. Kinailangan ang mabigat na pasan para makabuwelo.

Ang pasan ang mahalaga. Ang pasan na iyon ang nagbigay ng buwelo para makaalis ang kaibigan ko sa pagkalubog sa niyebe, makabalik sa daan, at makasulong, at makauwi sa kanyang pamilya.

Ang kakaibang mga pasanin sa buhay ng bawat isa sa atin ay tumutulong sa atin na umasa sa kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas (tingnan sa 2 Nephi 2:8). Pinatotohahan at ipinapangako ko na tutulungan tayo ng Tagapagligtas na mabata ang ating mga pasanin nang may kagaaan (tingnan sa Mosias 24:15). Kapag pinasan natin ang Kanyang pamatok sa pamamagitan ng mga sagradong tipan at tinanggap ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay, mag-iibayo ang hangarin nating makauunawa at mamuhay ayon sa Kanyang kalooban. Ipagdarasal din natin na magkaroon tayo ng lakas na matuto mula sa, baguhin, o tanggapin ang ating sitwasyon sa halip na patuloy na

ipagdasal na baguhin ng Diyos ang ating sitwasyon ayon sa ating kalooban. Tayo ay magiging mga kinatawan na kumikilos sa halip na pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:14). Bibiyayaan tayo ng espirituwal na buwelo.

Nawa'y gumawa ng mabuti at maging mas mabuti ang bawat isa sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ngayon ay Abril 6. Alam natin sa pamamagitan ng paghahayag na ngayon ang aktuwal at tumpak na petsa ng pagsilang ng Tagapagligtas. Abril 6 din ang araw na inorganisa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. (Tingnan sa D at T 20:1; Harold B. Lee, “Strengthen the Stakes of Zion,” *Ensign*, Hulyo 1973, 2; Spencer W. Kimball, “Why Call Me Lord, Lord, and Do Not the Things Which I Say?” *Ensign*, Mayo 1975, 4; Spencer W. Kimball, “Remarks and Dedication of the Fayette, New York, Buildings,” *Ensign*, Mayo 1980, 54; *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 1: 1995–1999* [2005], 409.) Sa espesyal at sagradong araw na ito ng Sabbath, ipinapahayag ko ang aking patotoo na si Jesucristo ay ating Manunubos. Siya ay buhay at lilininis, pagagalingin, gagabayan, poprotektahan, at palalakasin Niya tayo. Masaya kong pinatotohahan ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■





Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo

*Hindi natin makakayang mahal nang tunay ang Diyos kung hindi natin mahal ang ating kapwa mga manlalakbay sa mortal na buhay na ito.*

Mahal kong mga kapatid, nang maglingkod ang Tagapagligtas sa kalipunan ng mga tao, tinanong Siya ng abugado, “Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?”

Nakatala sa Mateo na itinugon ni Jesus:

“Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos.

“At ang pangalawang katulad ay ito, Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.”<sup>1</sup>

Tinapos ni Marcos ang salaysay sa pahayag ng Tagapagligtas: “Walang ibang utos na hihigit sa mga ito.”<sup>2</sup>

Hindi natin makakayang mahal nang tunay ang Diyos kung hindi natin mahal ang ating kapwa mga manlalakbay sa mortal na buhay na ito. Gayundin, hindi natin makakayang lubos na mahal ang ating kapwa-*tao* kung hindi natin mahal ang Diyos, na Ama nating lahat. Sinabi sa atin ni

Apostol Juan, “Ang utos na itong mula sa kaniya ay nasa atin, na ang umiibig sa Dios ay dapat umibig sa kaniyang kapatid.”<sup>3</sup> Tayong lahat ay mga espiritong anak ng ating Ama sa Langit at, dahil dito, tayo’y magkakapatid. Kapag isinaiisip natin ang katotohanang ito, magiging mas madaling mahal ang lahat ng anak ng Diyos.

Ang totoo, pag-ibig ang pinakadiwa ng ebanghelyo, at si Jesucristo ang ating Huwaran. Ang Kanyang buhay ay pamana ng pag-ibig. Pinagaling Niya ang maysakit, iniangat Niya ang nabibigatan, iniligtas Niya ang makasalanan. Sa huli ay pinatay Siya ng galit na mga mandurumog. Gayunpaman umaalingawngaw mula sa burol ng Golgota ang mga salitang: “Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa”<sup>4</sup>— isang sukdulang halimbawa ng habag at pag-ibig sa mortalidad.

Maraming katangiang nagpapamalalas ng pag-ibig, tulad ng kabaitan, tiyaga, pagiging di-makasarili,

pag-unawa, at pagpapatawad. Sa lahat ng ating pakikisalamuha, maipapakita ng mga ito at ng iba pang gayong mga katangian ang pagmamahal na nasa ating puso.

Karaniwang maipapakita ang ating pagmamahal sa araw-araw na pakikihalubilo natin sa isa’t isa. Ang pinakamahalaga ay ang kakayahan nating kilalanin ang pangangailangan ng isang tao at tugunan ito pagkatapos. Gustung-gusto ko ang damdaming ipinahiwatig sa maikling tula:

*Magdamag na tinangisan,  
Ang pagbubulag-bulagan,  
Sa mga taong nangangailangan;  
Ngunit kailanman  
‘Di ko pinagsisihan  
Ang labis na kabaitan.*<sup>5</sup>

Kamakailan ay may nagkuwento sa akin ng isang nakaanting na halimbawa ng mapagkandiling pagmamahal—na hindi batid ang mga ibubunga. Taong 1933 noon, na dahil sa Great Depression, kakaunti lamang ang mapasukang trabaho. Ang lugar ay sa silangang bahagi ng Estados Unidos. Katatapos lang ni Arlene Biesecker sa high school. Matapos ang matagal na paghahanap ng trabaho, sa wakas ay napasok siya sa isang pagawaan ng damit bilang mananahi. Binabayaran lamang noon ang mga manggagawa sa bawat tapos na pirasong tinahi nila nang tama sa araw-araw. Kapag mas marami silang nagawa, mas malaki ang bayad sa kanila.

Isang araw na halos kabubukas pa lang ng pagawaan, naharap si Arlene sa isang pamamaraang ikinalito at ikinadismaya niya. Nakaupo siya sa kanyang makina na sinisikap tastasin ang sinulid sa tinatapos niyang tahiin. Tila walang makakatulong sa kanya, dahil nagmamadaling makatapos ng marami ang lahat ng iba pang mananahi. Walang magawa si Arlene at nawalan siya ng pag-asa. Tahimik siyang napaiyak.

Sa tapat ni Arlene nakaupo si Bernice Rock. Mas matanda ito at mas maraming karanasan bilang mananahi. Nang makita ni Bernice ang problema



ni Arlene, iniwan niya ang kanyang ginagawa at nilapitan ito, at magiliw itong tinuruan at tinulungan. Lumagi siya hanggang sa magkaroon ng kumpiyansa si Arlene at matagumpay nitong natapos ang piraso. Pagkatapos ay bumalik na si Bernice sa kanyang makina, na nawalan na ng pagkaka-taong makatapos sana ng maraming piraso, kung hindi siya tumulong.

Sa mapagkandiling pagmamahal na ito, naging matalik na magkaibigan sina Bernice at Arlene. Kapwa sila nag-asawa kalaunan at nagkaroon ng mga anak. Noong mga 1950s, binigyan ni Bernice, na miyembro ng Simbahan, ng kopya ng Aklat ni Mormon si Arlene at ang kanyang pamilya. Noong 1960, nabinyagan at naging mga miyembro ng Simbahan si Arlene at ang kanyang asawa't mga anak. Kalaunan ay nabuklod sila sa banal na templo ng Diyos.

Dahil sa habag na ipinakita ni Bernice nang tulongan niya ang isang taong hindi niya kilala na naguguluhan at nangangailangan ng tulong, maraming tao, kapwa buhay at patay, ang nagawan na ngayon ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo.

Araw-araw sa buhay natin binibigyan tayo ng mga pagkakataong magpakita ng pagmamahal at kabaitan sa mga taong nasa paligid natin. Sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Dapat nating tandaan na ang mga taong nakikilala natin sa mga paradahang, opisina, elevator, at saanman ay bahagi ng sangkatauhan na ibinigay sa atin ng Diyos para mahal in at paglingkuran. Walang kabutihang idudulot sa atin ang pagsasalita tungkol sa buong kapatiran ng sangkatauhan kung hindi natin maituturing na kapatid ang mga tao sa ating paligid.”<sup>6</sup>

Kadalasan ang mga pagkakataong ipakita ang ating pagmamahal ay dumarating nang hindi inaasahann. Nalathala ang isang halimbawa ng gayong pagkakataon sa isang artikulo sa pahayagan noong Oktubre 1981. Hangang-hanga ako sa pagmamahal at habag na inilahad doon kaya itinago ko sa files ko ang artikulo nang mahigit 30 taon.

Nakasaad sa artikulo na isang Alaska Airlines nonstop flight mula Anchorage, Alaska, papuntang Seattle, Washington—na may sakay na 150 pasahero—ang nagpunta sa isang

liblib-bayan ng Alaska para ihatid ang isang batang lubhang nasugatan. Ang dalawang-taong-gulang na batang lalaki ay napatiran ng ugat sa braso nang bumagsak siya sa isang piraso ng salamin habang naglalaro malapit sa kanyang tahanan. Ang bayan ay 450 milya (725 km) timog ng Anchorage at hindi talaga dinaraan ng eroplano. Gayunman, ang mga mediko na nasa pinangyarihan ay tarantang humingi ng saklolo, kaya't lumihis ang eroplano para sunduin ang bata at dalhin ito sa Seattle para maipagamot sa hospital.

Nang lumapag ang eroplano sa liblib-bayan, sinabi ng mga mediko sa piloto na matindi ang pagdurugo ng bata kaya't hindi niya matatagalan ang paglipad patungong Seattle. Gumawa ng desisyon na lumipad pa ng 200 milya (320 km) papuntang Juneau, Alaska, ang pinakamalapit na lungsod na may ospital.

Matapos ihatid ang bata sa Juneau, tumuloy na ng lipad ang eroplano papuntang Seattle, na huli na nang ilang oras sa iskedyul. Wala ni isang pasaherong nagreklamo, kahit karamihan sa kanila ay hindi na aabot sa mga appointment at connecting flight nila. Sa katunayan, sa paglipas ng bawat minuto at oras, nangolekta sila, para makaipon ng malaki-laking halaga para sa bata at sa kanyang pamilya.

Nang malapit nang lumapag ang eroplano sa Seattle, naghiyawan ang mga pasahero nang ibalita ng piloto na tinawagan sila sa radyo at sinabing maayos na ang lagay ng bata.<sup>7</sup>

Pumasok sa isip ko ang mga salita sa banal na kasulatan: “Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, . . . at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.”<sup>8</sup>

Mga kapatid, ang ilan sa pinakamagandang pagkakataong magpakita ang ating pagmamahal ay sa loob mismo ng sarili nating tahanan. Pag-ibig ang dapat maging sentro ng buhay-pamilya, subalit kung minsan ay hindi ito nangyayari. Maaaring napakaraming kawalan ng pasensya, pagtatalo, pag-aaway, pagluha. Labis na ikinalungkot ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Bakit kaya ang

[mga tao na] mahal natin [nang higit sa lahat] ang madalas tumanggap ng masasakit nating salita? Bakit kaya ang [ating] pananalita kung minsan ay parang mga patalim na nakakasugat ng damdamin?”<sup>9</sup> Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay maaaring iba para sa bawat isa sa atin, subalit ang totoo ay hindi na mahalaga ang mga dahilan. Kung susundin natin ang utos na mahal in ang isa’t isa, kailangan nating pakitunguhan ang isa’t isa nang may kabaitan at paggalang.

May mga pagkakataon naman na kailangan natin ng disiplina. Gayunman, alalahanin natin ang payo sa Doktrina at mga Tipan—na, kapag kailangan nating pagsabihan ang isang tao, dapat tayong magpakita ng iba-yong pagmamahal pagkatapos.<sup>10</sup>

Sana lagi nating sikaping isaalang-alang ang damdamin ng iba at maging sensitibo tayo sa mga iniisip at nadarama at sitwasyon ng mga tao sa ating paligid. Huwag natin silang maliitin o hamakin. Sa halip, kahabagan at hikayatin natin sila. Kailangan nating ingatang huwag masira ang tiwala ng isang tao sa kanyang sarili sa walang-ingat nating pananalita o mga kilos.

Ang pagpapatawad ay dapat sabayan ng pagmamahal. Sa ating mga pamilya, gayundin sa ating mga kaibigan, maaaring may masaktan ang damdamin at magkaroon ng di-pagkakasundo. Muli, talagang hindi mahalaga kung gaano kaliit



ang problema. Kailangan at dapat itong ibaon sa limot at huwag nang hayaang lumala, at nang hindi na ito tuluyang makapinsala. Ang paninisi sa iba ay hindi nakakahilom ng mga sugat. Tanging pagpapatawad ang nakakahilom.

Isang kalugud-lugod na babae na matagal nang pumanaw ang bumisita sa akin isang araw at di-inaasahang nagkuwento ng ilang bagay na pinag-sisisihan niya. Binanggit niya ang isang matagal nang pangyayari na kinasangkutan ng isang kapitbahay na magsasaka, na minsan ay naging mabuting kaibigan nila ngunit maraming beses na hindi nila nakasundong mag-asawa. Isang araw nagtanong ang magsasaka kung puwede siyang makiraan sa

kanilang lupain para makarating siya nang mas madali sa kanyang lupain. Huminto siya sandali sa pagkukuwento at nangangatal ang tinig na sinabing, “Brother Monson, hindi ko siya pinayagang tumawid sa lupain namin nang araw na iyon o kahit kailan pa, pinabaya ko siyang lakarin ang malayong daanan para makarating sa kanyang lupain. Nagkamali ako, at pinagsisisihan ko ito. Namatay na siya, at ah, sana’y nasabi ko sa kanya na, ‘Patawarin mo ako.’ Sana nagkaroon ako ng pangalawang pagkakataon na maging mabuti sa kanya.”

Habang pinakikinggan ko siya, nalalala ko ang malungkot na pahayag ni John Greenleaf Whittier: “Sa malungkot na katagang sinambit o isinulat, ito ang pinakamalungkot sa lahat: ‘*Sana’y ito ang naganap!*’”<sup>11</sup> Mga kapatid, sa pakikitungo natin sa iba nang may pagmamahal at pagsasaalang-alang, maiiwasan natin ang gayong mga pagsisisi.

Ang pagmamahal ay naipapakita sa maraming paraan: isang ngiti, isang kaway, isang magandang puna, isang papuri. Ang ibang pagpapakita nito ay maaaring di-gaanong halata, gaya ng pagpapakita ng interes sa mga ginagawa ng ibang tao, pagtuturo ng isang alituntunin nang may kabaitan at tiyaga, pagbisita sa isang taong may-sakit o hindi na kayang lumabas ng bahay. Ang mga salita at kilos na ito at marami pang iba ay maaaring magpamdama ng pagmamahal.



**Vienna, Austria**

Si Dale Carnegie, isang bantog na American author at lecturer, ay naniniwala na bawat tao ay mayroon sa kanyang sarili ng “kakayahang dagdagan ang kabuuang kaligayahan ng mundo . . . sa pagbibigay ng ilang salita ng taos na pagpapahalaga sa isang taong nalulungkot o pinanghihinaan ng loob.” Sabi niya, “Marahil malilimutan na ninyo bukas ang magigiliw na salitang sinasabi ninyo ngayon, ngunit maaari itong itangi ng taong tumanggap nito habambuhay.”<sup>12</sup>

Nawa’y simulan natin ngayon, sa araw na ito mismo, na magpakita ng pagmamahal sa lahat ng anak ng Diyos, sila man ay ating mga kapamilya, kaibigan, kakilala lamang, o hindi natin kilala. Paggising natin tuwing umaga, magpasiya tayong tumugon nang may pagmamahal at kabaitan anuman ang mangyari.

Hindi kayang unawain, mga kapatid, ang pagmamahal ng Diyos para sa atin. Dahil sa pagmamahal na ito, isinugo Niya ang Kanyang Anak, na nagmamahal sa atin nang sapat para ibigay ang Kanyang buhay para sa atin, upang tayo’y magkaroon ng buhay na walang hanggan. Kapag naunawaan natin ang walang-kapantay na kaloob na ito, ang ating puso ay mapupuno ng pagmamahal sa ating Amang Walang Hanggan, sa ating Tagapagligtas, at sa buong sangkatauhan. Nawa’y mangyari iyon ang taimtim kong dalangin sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mateo 22:36–39.
2. Marcos 12:31.
3. I Juan 4:21.
4. Lucas 23:34.
5. Di-kilala ang awtor, sa Richard L. Evans, “The Quality of Kindness,” *Improvement Era*, Mayo 1960, 340.
6. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 483.
7. Tingnan sa “Injured Boy Flown to Safety,” *Daily Sitka Sentinel* (Alaska), Okt. 22, 1981.
8. Moroni 7:47.
9. Gordon B. Hinckley, “Let Love Be the Lodestar of Your Life,” *Ensign*, Mayo 1989, 67.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:43.
11. “Maud Muller,” sa *The Complete Poetical Works of John Greenleaf Whittier* (1878), 206; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Dale Carnegie, halimbawa ay sa Larry Chang, *Wisdom for the Soul*. (2006), 54.



**Ni Pangulong Boyd K. Packer**

Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Ang Saksi

*Gusto kong ibahagi sa inyo ang mga katotohanan na napakahalagang malaman.*

Ang panahon ng digmaan o kawalang-katiyakan ay may paraan para mas ituon ang ating pansin sa mga bagay na talagang mahalaga.

Ang World War II ay panahon ng matinding espirituwal na pagkaligalig para sa akin. Nilisan ko ang tahanan namin sa Brigham City, Utah, na mahina pa ang patotoo, at dama ko na dapat pa itong mapalakas. Ilang linggo na lang at ang aming buong senior class ay papunta na sa lugar ng digmaan. Habang nakadestino sa isla ng Ie Shima, bandang hilaga ng Okinawa, Japan, dama ko ang pag-aalinlangan at kawalang-katiyakan. Gusto kong magkaroon ng personal na patotoo sa ebanghelyo. Gusto kong *makaalam!*

Isang gabing hindi ako makatulong, iniwan ko ang aking tolda at pumasok sa bunker na gawa sa pinagpatungpatong na pang-50 galong drum na nilagyan at pinuno ng buhangin. Wala itong bubong, kaya pumasok ako, minasdan ang langit na puno ng mga bituin, at lumuhod para magdasal.

Nasa kalagitnaan ako ng pagdarasal nang may mangyari. Hindi ko mailarawan sa inyo ang nangyari kahit gustuhin ko man. Hindi ko ito kayang ipaliwanag, ngunit naiisip ko

ito ngayon nang kasinglinaw nang gabing iyon mahigit 65 taon na ang nakararaan. Alam ko na iyon ay pahiwatig na napakapersonal at para talaga sa akin. Sa wakas ay nalaman ko ito mismo. *Nalaman* ko ito nang walang pag-aalinlangan, dahil ibinigay ito sa akin. Maya-maya pa, gumapang na ako palayo sa bunker at lumakad, na parang nakalutang sa saya, pabalik sa aking higaan. Buong magdamag akong nakadama ng galak at pagkamangha.

Sa halip na isiping espesyal ako, naisip ko na kung nangyari iyon sa akin, maaari din itong mangyari kahit kanino. Naniniwala pa rin ako riyan. Nang sumunod na mga taon, naunawaan ko na ang gayong karanasan ay kaagad na naging liwanag na susundan at responsibilidad na papasanin.

Gusto kong ibahagi ang mga katotohanang iyon na napakahalagang malaman, mga bagay na natutuhan at naranasan ko sa halos 90 taon ng buhay ko at mahigit 50 taon bilang General Authority. Karamihan sa nalaman ko ay kabilang sa mga bagay na hindi maituturo ngunit matututuhan.

Tulad ng karamihan sa mga bagay na mahalaga, ang kaalaman na walang hanggan ang kahalagahan ay





nila ngunit, sa ngayon, ay hindi pa nila ito natatamo. Hindi natin laging alam kung paano o kailan darating ang mga pagpapala, ngunit ang pangako ng walang hanggang pag-unlad ay hindi ipagkakait sa sinumang matapat na gumagawa at tumutupad sa mga sagradong tipan.

Ang inyong mga lihim na inaasam at labis na isinasamo ay aantig sa puso ng Ama at ng Anak. Bibigyang-katiyakan Nila kayo na ang buhay ninyo ay mananagana at ang mga pagpapalang kailangan ninyo ay mapapasainyo.

Bilang lingkod ng Panginoon, na gumaganap sa katungkulan kung saan ako inordena, ipinapangako ko sa mga taong nasa gayong kalagayan na walang bagay na mahalaga sa inyong kaligtasan at kadakilaan na ipagkakait sa inyo sa tamang panahon. Ang mga bisig na walang tangan ay mapupunan, ang mga pusong nasaktan dahil sa mga nabigong pangarap at pag-asam ay paghihilumin.

Ang isa pang katotohanang nalaman ko ay tunay ang Espiritu Santo. Siya ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Ang Kanyang misyon ay magpatotoo sa katotohanan at kabutihan. Ipinadarama Niya ang Kanyang Sarili sa maraming paraan, kabilang na ang pagpapadama ng kapanatagan at katiyakan. Siya ay nagbibigay din ng kaaliwan, patnubay, at pagwawasto kung kailangan. Mananatili ang patnubay ng Espiritu Santo sa ating buhay sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay.

Ang kaloob na Espiritu Santo ay iginagawad sa pamamagitan ng ordenansa ng ebanghelyo. Ang isang may awtoridad ay ipinapatong ang kanyang mga kamay sa ulunan ng bagong miyembro ng Simbahan at sinasabi ang mga salitang tulad nito: “Tanggapin ang Espiritu Santo.”

Sa ordenansang ito lamang ay hindi kapansin-pansin ang ating pagbabago, ngunit kung pakikilinggan at susundin natin ang mga paramdam, matatanggap natin ang mga pagpapala ng Espiritu Santo. Bawat anak na lalaki o anak na babae ng ating Ama sa Langit ay mapapatunayang totoo ang pangako ni Moroni: “Sa pamamagitan

dumarating lamang sa panalangin at pagninilay. Ang mga ito, na sinamahan ng pag-aayuno at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay mag-aanyaya ng mga pahiwatig at paghahayag at pagbulong ng Espiritu Santo. Ito ay naglalaan sa atin ng gabay mula sa langit habang natututo tayo nang tuntunin sa tuntunin.

Ipinangako ng paghahayag na “anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli” at ang “kaalaman at katalinuhan [ay natatamo] sa pamamagitan ng . . . pagsisikap at pagiging masunurin” (D at T 130:18–19).

Ang isang walang hanggang katotohanang nalaman ko ay buhay ang Diyos. Siya ang ating Ama. Tayo ay Kanyang mga anak. “Naniniwala [tayo] sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si

Jesucristo, at sa Espiritu Santo” (Saligan ng Pananampalataya 1:1).

Sa lahat ng iba pang titulo na maaari Niyang magamit, pinili Niya na tawagin Siyang “Ama.” Iniutos ng Tagapagligtas, “Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa langit ka” (3 Nephi 13:9; tingnan din sa Mateo 6:9). Ang paggamit Niya ng pangalang “Ama” ay aral para sa lahat kapag naunawaan natin kung ano ang pinakamahalaga sa buhay na ito.

Ang pagiging magulang ay banal na pribilehiyo, at depende sa ating katapatan, maaari itong maging walang hanggang pagpapala. Ang pinakalayu-nin ng lahat ng ginagawa sa Simbahan ay na ang lalaki at kanyang asawa at kanilang mga anak ay maaaring maging maligaya sa tahanan.

Ang mga taong walang asawa o hindi nagkaanak ay kabilang sa walang hanggang pagpapalang hangad



**Mexico City, Mexico**

ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang *katotohanan* ng lahat ng bagay” (Moroni 10:5; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang isang banal na katotohanang natamo ko sa buhay na ito ay ang patotoo ko sa Panginoong Jesucristo.

Ang pangunahin at nagpapati-bay sa lahat ng ginagawa natin, na nakasalig sa mga paghahayag, ay ang pangalan ng Panginoon, na nagbigay sa atin ng awtoridad na kumilos sa Simbahan. Bawat dalanging inusal, kahit ng maliliit na bata, ay nagtatapos sa pangalan ni Jesucristo. Bawat pagpapala, bawat ordenansa, bawat ordenasyon, bawat opisyal na gawain ay ginagawa sa pangalan ni Jesucristo. Ito ang Kanyang Simbahan, at ipinangalan ito para sa Kanya—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 115:4).

May napakagandang pangyayari sa Aklat ni Mormon kung saan ang mga Nephiita “ay nananalangin sa Ama sa [pangalan ng Panginoon].” Nagpakita ang Panginoon at nagtanong:

“Ano ang nais ninyong ibigay ko sa inyo?

“At kanilang sinabi sa kanya: Panginoon, nais naming sabihin ninyo sa amin ang pangalan kung paano namin tatawagin ang simbhang ito; sapagkat may mga pagtatalo sa mga tao hinggil sa bagay na ito.

“At sinabi ng Panginoon sa kanila: Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, bakit kinakailangang bumulung-bulong ang mga tao at magtalo dahil sa bagay na ito?

“Hindi ba nila nabasa ang mga banal na kasulatan, na nagsasabing inyong taglayin ang pangalan ni Cristo, na aking pangalan? Sapagkat sa pangalang ito kayo tatawagin sa huling araw;

“At sinuman ang magtataglay ng aking pangalan, at magtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas sa huling araw. . . .

“Kaya nga, anuman ang inyong gagawin, gawin ninyo ito sa aking pangalan; kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan sa aking pangalan; at kayo ay mananawagan sa Ama sa aking pangalan upang kanyang pagpalain ang simbahan alang-alang sa akin” (3 Nephi 27:2–7).

Ito ay Kanyang pangalan, si Jesucristo, “sapagka’t walang ibang

pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas” (Mga Gawa 4:12).

Sa Simbahan alam natin kung sino Siya: si Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Siya ang Bugtong na Anak ng Ama. Siya ang Taong pinaslang at Siyang nabuhay na muli. Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. “Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, [natin] kailangang itayo ang [ating] saligan” (Helaman 5:12). Siya ang saligan na humahawak at nagprotekta sa atin at sa ating mga pamilya sa mga unos ng buhay.

Bawat Linggo sa iba’t ibang panig ng mundo kung saan ang mga kongregasyon ay iba’t iba ang nasyonalidad o wika, ang sakramento ay binabasbasan sa gayunding mga salita. Tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo at lagi Siyang inaalala. Iyan ay nakakintal sa ating isipan.

Ipinahayag ni propetang Nephi, “At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan” (2 Nephi 25:26).

Ang bawat isa sa atin ay dapat magkaroon ng sariling patotoo sa Panginoong Jesucristo. Pagkatapos ay ibahagi natin ang patotoong iyan sa ating pamilya at sa iba.

Sa lahat ng ito, huwag nating kalimutan na may isang kaaway na tala-gang hangad na sirain ang gawain ng Panginoon. Dapat nating piliin kung sino ang susundin. Ang ating proteksyon ay kasing-simple ng pagpapasiya ng bawat isa sa atin na sundin ang Tagapagligtas, tinitiyak na nananatili tayong tapat sa Kanyang panig.

Sa Bagong Tipan, itinala ni Juan na may ilan na hindi magawang maging matapat sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo, at “dahil dito’y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.

“Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialid din naman?

“Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

“At kami’y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw [ang Cristo], ang Banal ng Dios” (Juan 6:66–69).

Natutuhan ni Pedro ang maaaring matutuhan ng bawat tagasunod ng Tagapagligtas. Upang maging matapat kay Jesucristo, tinatanggap natin Siya bilang ating Manunubos at ginagawa ang lahat sa abot ng ating makakaya na ipamuhay ang Kanyang mga turo.

Matapos ang maraming taon na ako ay nabubuhay at nagtuturo at naglilingkod, matapos ang milyun-milyong kilometro ng paglalakbay ko sa mundo, sa lahat ng aking naranasan, may isang dakilang katotohanan akong ibabahagi. Iyan ay ang aking pagsaksi sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Itinala nina Joseph Smith at Sidney Rigdon ang sumusunod matapos ang espirituwal na karanasan:

“At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

“Sapagkat siya ay aming nakita” (D at T 76:22–23).

Ang kanilang mga salita ay aking mga salita.

Ako ay naniniwala at ako ay nakatitiyak na si Jesucristo, ang Anak ng buhay na Diyos. Siya ang Bugtong ng Ama, at “na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos” (D at T 76:24).

Pinatototohanan ko na ang Tagapagligtas ay buhay. *Kilala* ko ang Panginoon. Ako ang Kanyang saksi. Alam ko ang Kanyang dakilang sakripisyo at walang hanggang pagmamahal para sa lahat ng anak ng Ama sa Langit. Ibinabahagi ko ang aking natatanging pagsaksi nang buong pagpapakumbaba ngunit may lubos na katiyakan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder William R. Walker**  
Ng Pitumpu

## Mamuhay nang Tapat sa Pananampalataya

*Bawat isa sa atin ay lubhang pagpapalain kung alam natin ang mga kuwento ng pananampalataya at sakripisyong humantong sa pagsapi ng ating mga ninuno sa Simbahan ng Panginoon.*

**G**ustung-gusto ko ang kasaysayan ng Simbahan. Marahil gaya ng marami sa inyo, tumitibay ang sarili kong pananampalataya kapag nalalaman ko ang pambihirang katapatan ng ating mga ninuno na tumanggap sa ebanghelyo at namuhay nang tapat sa pananampalataya.

Isang buwan na ang nakararaan, ipinagdiwang ng 12,000 mababait na kabataan mula sa Gilbert Arizona Temple District ang pagkatapos ng kanilang bagong templo sa masiglang pagtatanghal, na nagpamalas ng kanilang katapatang mamuhay nang matwid. Ang tema ng kanilang pagdiriwang ay “Mamuhay nang Tapat sa Pananampalataya.”

Tulad ng ginawa ng matatapat na kabataang iyon ng Arizona, bawat Banal sa mga Huling Araw ay dapat mangakong “mamuhay nang tapat sa pananampalataya.”

Sabi sa mga titik ng himno, “Sa katotohana’y may katapatan [ang ating magulang)” (“Tapat sa Pananampalataya,” *Mga Himno*, blg. 156).

Maidaragdag natin, “Sa katotohana’y may katapatan (ang ating mga ninuno).”

Inisip ko kung alam kaya ng bawat isa sa mga masigasig na kabataang iyon ng Arizona ang kasaysayan ng kanilang Simbahan—kung alam nila kung paano naging mga miyembro ng Simbahan ang *kanilang* pamilya. Maganda sana kung alam ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang mga kuwento ng pagsapi ng kanilang mga ninuno.

Inapo man kayo ng mga pioneer o hindi, ang pamana ng pananampalataya at sakripisyo ng Mormon pioneer ay inyong pamana. Ito ang marangal na pamana ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Isa sa pinakamagandang kabanata sa kasaysayan ng Simbahan ang naganap noong itinuro ni Wilford Woodruff, isang Apostol ng Panginoon, ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa buong Great Britain noong 1840–10 taon lang matapos itatag ang Simbahan.

Itinuon ni Wilford Woodruff at ng iba pang mga Apostol ang kanilang gawain sa Liverpool at Preston sa England, na naging malaking tagumpay. Si Elder Woodruff, na kalauna’y naging Pangulo ng Simbahan, ay palaging nagdarasal sa Diyos na gabayan siya sa napakahalagang gawaing ito. Ang kanyang mga dalangin ay humantong sa inspirasyong magpunta sa ibang lugar para ituro ang ebanghelyo.

Itinuro sa atin ni Pangulong Monson na kapag nagkaroon tayo ng inspirasyon mula sa langit na gawin ang isang bagay, ginagawa natin iyon agad—hindi tayo nagpapaliban. Iyan mismo ang ginawa ni Wilford Woodruff. Sa malinaw na patnubay ng Espiritu na “magpunta sa timog,” halos agad-agad na umalis si Elder Woodruff papunta sa isang bahagi ng England na tinatawag na Herefordshire—ang bayang sakahan sa timog ng England. Dito niya nakilala ang maunlad na magsasakang si John Benbow, at dito’y tinanggap

siya “nang may galak at pasasalamat” (Wilford Woodruff, sa Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors as Recorded in His Daily Journals* [1909], 117).

Isang grupo ng mahigit 600 katao, na ang tawag sa kanilang sarili ay United Brethren, ang matagal nang “nagdarasal . . . para sa liwanag at katotohanan” (Wilford Woodruff, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2005], 99). Ipinadala ng Panginoon si Wilford Woodruff bilang sagot sa kanilang mga dalangin.

Ang pagtuturo ni Elder Woodruff ay agad nagbunga, at marami ang nabinyagan. Sumunod sa kanya sina Brigham Young at Willard Richards sa Herefordshire, at kahanga-hanga ang tagumpay ng tatlong Apostol.

Sa loob lamang ng ilang buwan, nakabuo sila ng 33 mga branch para sa 541 na mga miyembrong sumapi sa Simbahan. Nagpatuloy ang kahanga-hanga nilang gawain, at sa huli halos bawat miyembro ng United Brethren

ay nagpabinyag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Isa ang aking lola-sa-talampakan na si Hannah Mariah Eagles Harris sa mga unang nakinig kay Wilford Woodruff. Ipinaalam niya sa kanyang asawang si Robert Harris Jr., na narinig na niya ang salita ng Diyos at balak niyang magpabinyag. Hindi nasiyahan si Robert sa ulat ng kanyang kabiyak. Sinabi niya rito na sasamahan niya ito sa susunod na sermon na ibibigay ng Mormon missionary, at itutuwid niya ito.

Nakaupo malapit sa harapan ng grupo, na may matibay na pasiyang hindi patatangay, at marahil ay para kantiyawan ang bisitang mangangaral, agad inantig ng Espiritu si Robert, na tulad ng nangyari sa kanyang kabiyak. Nalaman niya na ang mensahe ng Panunumbalik ay totoo, at nabinyagan silang mag-asawa.

Ang kuwento ng kanilang pananampalataya at debosyon ay kahalintulad ng libu-libo pang iba: nang marinig nila ang mensahe ng ebanghelyo, nalaman nila na ito’y totoo!

Gaya ng sabi ng Panginoon, “Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila’y aking nakikilala, at sila’y nagsisisunod sa akin” (Juan 10:27).

Nang marinig ang tinig ng Pastol, lubos nilang inilaan ang kanilang buhay sa pamumuhay ng ebanghelyo at pagsunod sa patnubay ng propeta ng Panginoon. Nang tumugon sa tawag na magtipon sa Sion, iniwan nila ang kanilang tahanan sa England, tinawid ang Atlantic, at nakipagtipon sa mga Banal sa Nauvoo, Illinois.

Tinanggap nila ang ebanghelyo nang buong puso. Habang sinisikap na maitatag ang bago nilang tahanan, tumulong sila sa pagtatayo ng Nauvoo Temple sa pamamagitan ng pagbibigay ng ikapu ng kanilang trabaho—na ginugugol ang bawat ika-10 araw sa pagtulog sa pagtatayo ng templo.

Labis silang nalungkot sa balita na namatay ang pinakamamahal nilang propetang si Joseph Smith, at ang kapatid nitong si Hyrum. Ngunit nagpatuloy sila! Nanatili silang tapat sa pananampalataya.



Nang usigin at palayasin ang mga Banal sa Nauvoo, nadama nina Robert at Maria na napakapalad nilang matanggap ang kanilang mga endowment sa templo bago sila tumawid ng Mississippi River at magpakanluran. Bagaman hindi nila tiyak kung ano ang magiging kinabukasan nila, natiyayak naman nila ang kanilang panampalataya at mga patotoo.

May anim na anak, mabagal silang umusad sa putik nang tawirin nila ang Iowa pakanluran. Nagtayo sila ng pansamantalang kanlungan sa tabi ng Missouri River na tinawag kalaunan na Winter Quarters.

Ang grupong ito ng matatapang na pioneer ay naghintay sa patnubay ng apostol kung paano at kailan sila hahayo sa banda pa roon ng kanluran. Nagbago ang mga plano ng lahat nang manawagan sa kalalakihan si Brigham Young, Pangulo ng Korum ng Labindalawa noon, na boluntaryong maglingkod sa United States Army sa kalauna'y nakilala bilang Mormon Battalion.

Si Robert Harris Jr. ang isa sa mahigit 500 kalalakihang Mormon pioneer na tumugon sa panawagang iyon ni Brigham Young. Nagpalista siya, kahit pa ibig sabihin niyon ay iiwanan niya ang buntis na asawa at anim na maliliit na anak.

Bakit niya gagawin iyon at ng iba pang mga lalaki?

Ang sagot ay maibibigay sa sariling mga salita ng aking lolo-sa-talampakan. Sa isang liham niya sa kanyang asawa nang tumigil sandali ang battalion malapit sa Santa Fe, isinulat niya, "Napakalakas ng aking panampalataya tulad ng dati [at kapag naiisip ko ang mga sinabi sa amin ni Brigham Young], naniniwala ako rito na para bang ang Dakilang Diyos ang nagsabi sa akin."

Sa madaling salita, alam niyang nakikinig siya sa isang propeta ng Diyos, tulad ng ibang mga lalaki. Kaya nila ginawa iyon! Alam nila na pinamumunuan sila ng isang propeta ng Diyos.

Sa liham ding iyon, ipinahayag niya ang kanyang pagmamahal sa kanyang asawa't mga anak at ikinuwento na



lagi niyang ipinagdarasal na mapagpala ito at ang kanilang mga anak.

Kalaunan sa liham, isinulat niya ang makapangyarihang pahayag na ito: "Huwag nating kalimutan ang mga bagay na ating narinig at [naranasan] sa Templo ng Panginoon."

Kasama ng kanyang naunang patotoo na "pinamumunuan tayo ng isang Propeta ng Diyos," ang dalawang sagradong payo na ito ay naging parang banal na kasulatan sa akin.

Labingwalong buwan matapos sumama sa battalion, ligtas na nakabalik si Robert Harris sa kanyang pinakamamahal na si Maria. Nanatili silang tapat at nananalig sa ipinangyarihang ebanghelyo habambuhay. Sila ay may 15 anak, at 13 ang nabuhay hanggang sa tumanda. Ang lola kong si Fannye Walker, ng Raymond, Alberta, Canada, ay isa sa kanilang 136 na mga apo.

Ipinagmamalaki ni Grandma Walker ang katotohanan na ang *kanyang* lolo ay naglingkod sa Mormon Battalion, at gusto niyang malaman ito ng lahat ng kanyang mga apo. Ngayong lolo na ako, nauunawaan ko na kung bakit ito mahalaga sa kanya. Gusto

niyang ibaling ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama. Gusto niyang malaman ng kanyang mga apo ang kanilang mabuting pamana—dahil alam niya na pagpapalain nito ang kanilang buhay.

Kapag lalo nating iniugnay ang ating nararamdaman sa ating mabubuting ninuno, mas malamang na makagawa tayo ng matatalino at mabubuting pasiya.

Totoo ito. Bawat isa sa atin ay lubhang pagpapalain kung alam natin ang mga kuwento ng panampalataya at sakripisyong humantong sa pagsapi ng ating mga ninuno sa Simbahan ng Panginoon.

Mula nang unang marinig nina Robert at Maria ang pagtuturo at patotoo ni Wilford Woodruff tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo, nalaman nila na ang ebanghelyo ay totoo.

Nalaman din nila na anumang mga pagsubok o paghihirap ang dumating sa kanila, pagpapalain sila sa panatiling tapat sa panampalataya. Halos parang narinig na nila ang mga salita ng ating propeta ngayon, na nagsabing, "Walang sakripisyong

napakalaki . . . upang matanggap [ang] mga pagpapala [ng templo]" (Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2011, 92).

Nakaukit sa gilid ng dalawang-librang barya ng United Kingdom ang mga katagang "Nakatuntong sa mga Balik at mga Higante." Kapag naiisip ko ang ating mga dakilang ninunong pioneer, nadarama ko na tayong *lahat* ay nakatuntong sa mga balik at mga higante.

Bagaman ang payo ay nagmula sa isang liham ni Robert Harris, naniniwala ako na napakaraming ninunong magpapadala ng mensahe ring iyon sa kanilang mga anak at apo: Una, huwag nating kalimutan ang mga naranasan natin sa templo, at huwag nating kalimutan ang mga pangako at pagpapalang dumarating sa bawat isa sa atin dahil sa templo. Ikalawa, huwag nating kalimutan na tayo ay pinamumunuan ng isang propeta ng Diyos.

Pinatotohanan ko na tayo ay pinamumunuan ng isang propeta ng Diyos. Ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, at huwag nating kalimutan na tuloy-tuloy ang pamumuno sa atin ng mga propeta ng Diyos mula kay Joseph hanggang kay Brigham at sa bawat sumunod na Pangulo ng Simbahan hanggang sa ating propeta ngayon—si Thomas S. Monson. Kilala ko siya, iginagalang ko siya, at mahal ko siya. Pinatotohanan ko na siya ang propeta ng Panginoon sa lupa ngayon.

Hangad ng puso ko, kasama ang aking mga anak at apo, na igo ang namin ang pamana ng aming mabubuting ninuno—yaong matatapat na Mormon pioneer na handang ilagak ang lahat sa altar upang magsakripisyo para sa at ipagtanggol ang kanilang Diyos at pananampalataya. Dalangin ko na bawat isa sa atin ay mamuhay nang tapat sa pananampalataya na itinangi o pinahalagahan ng ating mga magulang. Sa banal at sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder L. Tom Perry**

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## Pagsunod sa Pamamagitan ng Ating Katapatan

*Ang pagsunod ay tanda ng ating pananampalataya sa karunungan at kapangyarihan ng pinakamataas na awtoridad, maging ang Diyos.*

Ang mga family home evening na idinadaos namin ni Sister Perry tuwing gabi ng Lunes ay biglang lumaki. Ang kapatid kong lalaki, ang kanyang anak na babae, ang kapatid na lalaki ni Barbara, at isang pamangkin at kanyang asawa ay lumipat sa aming condominium complex. Ngayon lamang ako nabiyayaang muli na may makatabing kapamilya. Noon, ang pamilya ko'y nakatira sa iisang block na kasama ang ilang kamag-anakan ng aking ina. Ang tahanan ni Lolo Sonne ay nasa kabilang pinto sa hilaga, at ang tahanan ni Aunt Emma ay nasa kabilang pinto sa gawing timog ng aming tahanan. Sa gawing timog ng block ay nakatira si Aunt Josephine, at sa gawing silangan naman nakatira si Uncle Alma.

Noong bata pa ako, kasalamuha namin ang aming mga kamag-anak araw-araw at palagi kaming magkakasama sa pagtatrabaho, paglalaro, at pagkukuwentuhan. Lahat ng kapilyuhan namin ay hindi maaaring hindi

makarating agad sa aming mga ina. Iba na ang mundo natin ngayon—ang mga miyembro ng maraming pamilya ay nakatira sa iba't ibang lugar. Kahit na medyo magkakalapit lang ang bahay nila, kadalasan ay hindi sila magkakapitbahay. Hanggang ngayon, naniniwala ako na ang kabataan ko at ang kasalukuyan kong situwasyon ay parang langit, dahil magkakalapit lang kaming magpapamilya. Nagsisilbi itong paalala sa akin ng kawalang-hanggan ng mga pamilya.

Sa paglaki ko, naging napakalapit ko sa lolo ko. Ako ang panganay na anak na lalaki sa pamilya. Kapag taglamig ako ang nagtatanggal ng niyebe at kapag tag-init inaalagaan ko ang bakuran ng aming tahanan, ng bahay ng Lolo ko, at ng mga bahay ng dalawa kong tiya. Karaniwang nakaupo si Lolo sa kanyang balkonahe habang nagtatapas ako ng damo. Kapag tapos na ako, umuupo ako sa mga baitang sa harap ng bahay niya at nakikipagkuwentuhan sa kanya. Ang

mga sandaling iyon ay mga alaalang hinding-hindi ko malilimutan.

Isang araw tinanong ko ang lolo ko kung paano ko malalaman na tama palagi ang ginagawa ko, dahil sa dami ng mga pagpipilian. Gaya ng dating ginagawa ng lolo ko, sumagot siya gamit ang karanasan sa buhay sa bukid.

Tinuruan niya ako kung paano sanayin ang isang pares ng mga kabayo para magtulungan ang mga ito. Ipinaliwanag niya na dapat alam ng magkatuwang na kabayo kung sino ang amo. Ang isang mahalagang paraan ng pagkontrol at pag-uutos sa kabayo ay ang renda at preno nito. Kung ang isa sa magkatuwang na kabayo ay naniniwalang hindi niya kailangang sundin ang kagustuhan ng nagpapatakbo, ang mga ito ay hindi hahatak at magtutulungan para magawa nang mabuti ang trabaho.

Ngayon suriin natin ang aral na itinuro sa akin ng lolo ko gamit ang halimbawang ito. Sino ang nagpapatakbo sa magkatuwang na kabayo? Naniniwala ang lolo ko na ang Panginoon iyon. Siya ang may layunin at plano. Siya rin ang nagsasanay at bumubuo ng magkatuwang na kabayo at, gayundin sa bawat kabayo. Alam ng nagpapatakbo ang pinakamainam, at ang tanging paraan para malaman ng kabayo na palaging tama ang ginagawa niya ay sa pagiging masunurin sa utos ng nagpapatakbo.

Sa ano inihalalintulad ng aking lolo ang renda at preno? Naniwala ako noon, gaya ng paniniwala ko ngayon, na itinuturo sa akin ng lolo ko na sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Para sa kanya, ang renda at preno ay espirituwal. Ang masunuring kabayo na bahagi ng mahuhusay na magkatuwang na kabayo ay nangangailangan ng bahagyang pagbatak mula sa nagpapatakbo para magawa ang ipinagagawa niya rito. Ang bahagyang pagbatak na ito ay katumbas ng marahan at banayad na tinig na gamit sa atin ng Panginoon. Bilang paggalang sa ating kalayaan, hindi ito kailanman malakas, mapuwersang pagbatak.

Ang kalalakihan at kababaihan na nagbabalewala sa mga pahiwatig ng



Espiritu ay matututo gaya ng pagkatumo ng alibughang anak, sa pamamagitan ng likas na ibubunga ng pagsuway at magulong pamumuhay. Nang maranasan ng alibughang anak ang likas na bunga ng pagsuway ay noon siya “[n]akapagisip” at narinig ang mga pagbulong ng Espiritu na nagsasabing bumalik siya sa bahay ng kanyang ama (tingnan sa Lucas 15:11–32).

Kaya ang aral na itinuro sa akin ng lolo ko ay ang palaging maging handa sa pagtanggap ng magiliw na pahiwatig ng Espiritu. Itinuro niya na palagi akong makatatanggap ng gayong mga pahiwatig kung sakali mang lumihis ako sa landas. At hindi ako kailanman makagagawa ng mabibigat na pagkakamali kung hahayaan ko ang Espiritu na gabayan ang mga desisyon ko sa buhay.

Gaya ng nakasaad sa Santiago 3:3, “Kung atin ngang inilalagay ang mga preno ng kabayo sa kanilang mga bibig, upang tayo’y talimahin, ay ibinabaling din naman natin ang kanilang buong katawan.”

Kailangan tayong maging sensitibo sa ating mga espirituwal na preno. Kahit sa pinakamarahang paghatak ng

Panginoon, kailangang handa tayong baguhin ang landas na ating tinatahak. Para magtagumpay sa buhay, kailangan nating turuan ang ating espiritu at katawan na magtulungan sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Kung pakikingan natin ang magiliw na mga pahiwatig ng Espiritu Santo, mapag-iisa nito ang ating espiritu at katawan sa layunin at magagabayan tayo pabalik sa ating walang hanggang tahanan upang mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit.

Ang ating ikatlong saligan ng pananampalataya ay nagtuturo sa atin ng kahalagahan ng pagsunod: “Naniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.”

Ang uri ng pagsunod na inilarawan ng lolo ko sa kanyang analohiya ng magkatuwang na kabayo ay nangangailangan din ng espesyal na pagtitiwala—ibig sabihin, lubos na pananalig sa nagpapatakbo ng mga kabayo. Ang aral na itinuro sa akin ng lolo ko, kung gayon, ay may kaugnayan sa unang alituntunin ng ebanghelyo—pananampalataya kay Jesucristo.



Itinuro ni Apostol Pablo, “Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapa-natagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita” (Sa Mga Hebreo 11:1). At ginamit ni Pablo ang mga halimbawa nina Abel, Enoch, Noe, at Abraham para ituro ang tungkol sa pananam-palataya. Nagtuon siya sa kuwento ni Abraham, sapagkat si Abraham ang ama ng matatapat:

“Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay tumalima upang pu-maroon sa isang dakong kaniyang ta-tanggaping mana, at siya’y yumaon na di nalalaman kung saan siya paroroon.

“Sa pananampalataya siya’y naging manglalakbay sa lupang pangako, na gaya sa hindi niya sariling lupa. . . .

“Sa pananampalataya si Sara rin ay tumanggap ng lakas upang ipaglihi ang binhi, nang lipas na ang kaniyang gulang, palibhasa’y inari niyang tapat ang nangako” (Sa Mga Hebreo 11:8–9, 11).

Alam natin na sa pamamagitan ng anak nina Abraham at Sara, na si Isaac, isang pangako ang ibinigay

kay Abraham—ang pangako ng mga inapo na “kasing dami ng mga bituin sa langit sa karamihan, at di mabilang na gaya ng mga buhanging nasa tabi ng dagat” (tingnan sa talata 12; tingnan din sa Genesis 17:15–16). At ang pananampalataya ni Abraham ay sinubukan sa paraan na ituturing ng marami sa atin na hindi kapani-paniwala.

Maraming beses ko nang pinag-isipan ang kuwento tungkol kina Abraham at Isaac, at hindi pa rin ako makapaniwala na lubusan kong nauunawaan ang katapatan at pagkamasunurin ni Abraham. Marahil kaya kong makinita ang matapat niyang pag-iimpake para umalis nang maaga, ngunit paano kaya niya nakayang lumakad na kasama ang kanyang anak na si Isaac sa tatlong araw na paglalakbay papunta sa paanan ng Bundok ng Moria? Paano nila dinala ang pangatong na susunugin sa tuktok ng bundok? Paano niya itinayo ang altar? Paano niya iginapos si Isaac at inihiga sa altar? Paano niya ipinaliwanag sa kanya na siya ang iaalay? At paano siya nagkaroon ng lakas ng loob na

iangat ang patalim para patayin ang kanyang anak? Ang pananampalataya ni Abraham ang nagbigay sa kanya ng lakas na sundin ang tagubilin ng Diyos nang may katumpakan hanggang sa mahimalang pagtawag sa kanya ng anghel mula sa langit, na nagsabi kay Abraham na nakapasa siya sa matinding pagsubok. At pagkatapos ay inulit ng anghel ng Panginoon ang mga pangako ng tipang Abraham.

Alam kong may mga hamon na kaakibat ang pananampalataya kay Jesucristo at ang pagsunod ay magiging mas mahirap para sa ilan. May sapat akong karanasan para malaman na bagamat talagang magkakaiba ang pag-uugali ng mga kabayo at, dahil dito ay maaaring mas madali o mas mahirap silang turuan, at mas maraming pagkakaiba ang mga tao. Bawat isa sa atin ay anak ng Diyos, at kakaiba ang ating kuwento sa buhay noon bago tayo isinilang at sa buhay na ito. Dahil dito, hindi ganoon karami ang mga solusyon na lalapat sa lahat. At kinikilala ko nang lubos na sadyang may pagsubok at pagkabigo sa buhay at, ang pinakamahalaga, na lagi nating kailangan ay ang ikalawang alituntunin ng ebanghelyo, maging ang pagsisisi.

Totoo rin na ang kapanahunan ng lolo ko ay mas simpleng panahon, lalo na tungkol sa mga pagpili ng tama o mali. Bagamat ang ilang napakatatalino at marurunong na tao ay maaaring maniwala na ang mas kumplikado nating panahon ay nangangailangan ng mas kumplikadong mga solusyon, hindi ako kumbinsidong tama sila. Sa halip, naniniwala ako na ang kumplikadong panahon ngayon ay nangangailangan ng mas simpleng solusyon, gaya ng sagot ng lolo ko sa tapat kong tanong kung paano malalaman ang kaibhan ng tama at mali. Alam ko na ang mungkahi ko ngayon ay simpleng pormula, ngunit mapapatotohanan ko na napakapektibo nito sa akin. Inirerekomenda ko ito sa inyo at inaanyayahan ko kayo na subukin ito batay sa mga sinabi ko, at kung gagawin ninyo ito, nanga-ngako ako na magiging malinaw sa inyo kung alin ang dapat piliin kapag napakarami ninyong pagpipilian, at



simple ang magiging sagot ninyo sa mga tanong na nakalilito sa mga taong marurunong at sa mga nag-aakalang sila ay matalino.

Kadalasan iniisip natin na ang pagsunod ay pagiging sunud-sunuran at hindi na pinag-iisipang pagsunod sa mga utos o dikta ng isang taong mas mataas ang katungkulan. Sa katunayan, ang pagsunod ay tanda ng ating pananampalataya sa karunungan at kapangyarihan ng pinakamataas na awtoridad, maging ang Diyos. Nang magpakita si Abraham ng hindi natitinag na katapatan at pagsunod sa Diyos, maging nang utusan siyang ialay ang kanyang anak, siya ay sinagip ng Diyos. Gayundin, kapag ipinakita natin ang ating katapatan sa pagiging masunurin, palagi tayong sasagipin ng Diyos.

Ang mga umaasa lamang sa kanilang sarili at ang sinusunod ay ang sarili nilang mga hangarin at hilig ay masyadong limitado ang nagagawa kumpara sa mga sumusunod sa Diyos at umaasa sa Kanyang karunungan, kapangyarihan, at mga kaloob. Sabi nga nila, ang taong sarili lamang niya ang iniisip ay mababaw lang ang pagkatao. Ang tapat at patuloy na pagsunod ay hindi kahinaan o pagiging sunud-sunuran. Ito ang paraan ng pagpapahayag natin ng ating pananampalataya sa Diyos at pagiging karapat-dapat natin na tanggapin ang mga kapangyarihan ng langit. Ang pagsunod ay pagpili. Ito ay pagpili sa pagitan ng ating limitadong kaalaman at kakayahan at sa walang-hanggang karunungan at kapangyarihan ng Diyos. Sang-ayon sa aral na itinuro ng lolo ko, ito ay pagpili na mahiwatigan ang espirituwal na paramdam at pagsunod sa nais na pagdalhan sa atin ng nagpapatakbo.

Nawa maging mga tagapagmana tayo ng tipan at maging binhi ni Abraham sa pamamagitan ng ating katapatan at sa pagtanggap ng mga ordenansa ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Nangangako ako sa inyo na ang mga pagpapala ng buhay na walang-hanggang ay para sa lahat ng matatapat at masunurin. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Lawrence E. Corbridge**  
Ng Pitumpu

## Ang Propetang Joseph Smith

*Ang mga paghahayag na ibinuhos kay Joseph Smith ay nagpapatibay na isa siyang propeta ng Diyos.*

### Ang Unang Pangitain

Isang batang lalaki ang nagbasa ng Biblia, at napako ang kanyang mga mata sa isang talata. Ito ang sandaling magpapabago sa mundo.

Sabik siyang malaman kung aling simbahan ang aakay sa kanya sa katotohanan at kaligtasan. Halos lahat ay sinubukan na niya, at ngayon ay bumaling siya sa Biblia at binasa ang mga salitang ito: “Kung nagkukulang



ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.”<sup>1</sup>

Paulit-ulit niya itong pinagnilayan. Ang unang kislap ng liwanag ay tumagos sa kadiliman. Ito ba ang sagot, para makaalpas sa kaguluhan at kadiliman? Ganoon lang ba kadali iyon? Tanungin ang Diyos at sasagot Siya? Sa wakas ay ipinasiya niya na kailangan niyang tanungin ang Diyos o kaya’y manatili sa kadiliman at kaguluhan.

Bagamat nasasabik, hindi siya tumakbo sa isang tahimik na sulok at nagmadaling manalangin. Siya ay 14 anyos lang, at kahit gusto niyang masagot siya kaagad, hindi siya nagmadali. Hindi ito karaniwang panalangin. Nagpasiya siya kung saan pupunta at kailan niya ito gagawin. Naghanda siyang makipag-usap sa Diyos.

At dumating ang araw na iyon. Ito ay “sa umaga ng isang maganda, maa-liwalas na araw, sa tagsibol ng [1820].”<sup>2</sup> Mag-isa siyang naglakad sa katahimikan ng kalapit na kakahuyan, sa ilalim ng matataas na puno. Nakarating siya sa lugar na binalak niyang puntahan. Lumuhod siya at idinulog ang mga naisin ng kanyang puso.



Nang ilarawan niya ang sumunod na nangyari, sinabi niya:

“Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

“ . . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—[Joseph,] *Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*”<sup>3</sup>

Pagkaraan lamang ng 24 na taon, mamamatay si Joseph Smith at ang kapatid niyang si Hyrum dahil sa nangyari dito.

### Oposisyon

Sinabi ni Joseph na noong siya ay 17 anyos, isang anghel ang nagsabi sa kanya na ang kanyang “pangalan ay makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, . . . [sa] lahat ng tao.”<sup>4</sup> Ang kagila-gilalas na propesiyang ito ay patuloy na natutupad

ngayon dahil Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay laganap na sa iba’t ibang panig ng mundo.

Laging may oposisyon, pamimintas, at pagkalaban sa katotohanan. Tuwing ihahayag ang katotohanan hinggil sa layunin at tadhana ng tao, may puwersang sasalungat dito. Simula kina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, hanggang sa ministeryo ni Cristo, at hanggang ngayon, laging may manlilinlang, maninira, sasalungat, at hahadlang sa plano ng buhay.

Hanapin kung may taong tumanggap ng mas maraming di-makatarungang pang-uusig kaysa sa Tao na kinalaban, hinamon, at tinanggihan, binugbog, tinalikuran, at ipinako sa krus, Siya na nagpakababa-baba sa lahat ng bagay, at masusumpungan ninyo roon ang katotohanan, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng buong sanlibutan. Bakit hindi na lang nila Siya hayaan?

Bakit? Dahil Siya ang katotohanan, at ang katotohanan ay laging sasalungatin.

At pagkatapos ay hanapin ang taong naglabas ng isa pang tipan

ni Jesucristo at iba pang banal na kasulatan, hanapin ang naging kasangkapan upang maipanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo at ang Simbahan ni Jesucristo sa lupa, hanapin siya at asahang makita na inuusig siya ng mga tao. Bakit hindi na lang siya hayaan?

Bakit? Dahil itinuro niya ang katotohanan, at ang katotohanan ay laging sasalungatin.

### Ang Sunud-sunod na Paghahayag

Ang mga paghahayag na ibinuhos kay Joseph Smith ay nagpapatibay na isa siyang propeta ng Diyos. Tingnan lang natin ang ilan sa mga ito—tingnan ang ilan sa liwanag at katotohanang inihayag sa pamamagitan niya na ibang-iba sa mga karaniwang paniniwala ng kanyang panahon at ng sa atin:

- Ang Diyos ay isang personal, at dinakilang nilalang, isang Amang Walang Hanggan. Siya ang ating Ama.
- Ang Diyos Ama, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay na nilalang.<sup>5</sup>


- Higit pa kayo sa tao. Kayo ay anak ng Diyos Amang Walang Hanggan at maaaring maging katulad Niya<sup>6</sup> kung mananalig kayo sa Kanyang Anak, magsisisi, tatanggapin ang mga ordenansa at ang Espiritu Santo, at magtitiis hanggang wakas.<sup>7</sup>
- Ang Simbahan ni Jesucristo ngayon ay kapareho ng Simbahang itinatag Niya noong narito Siya sa lupa, na may mga propeta at apostol, Melchizedek at Levitical Priesthood, mga elder, high priest, deacon, teacher, bishop, at pitumpu, na naaayon lahat sa Biblia.
- Ang awtoridad ng priesthood ay ipinagkait sa lupa kasunod ng pagkamatay ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga Apostol at ipinanimbalik sa ating panahon.
- Hindi tumigil ang paghahayag, at hindi sarado ang kalangitan. Nangungusap ang Diyos sa mga propeta ngayon, at mangungusap din Siya sa inyo at sa akin.<sup>8</sup>
- Mayroon pang naghihintay pagkatapos ng buhay na ito bukod sa langit at impiyerno. May mga antas ng kaluwalhatian, at napakahalaga ng ginagawa natin sa buhay na ito.<sup>9</sup>
- Higit pa sa basta maniwala lang kay Cristo, dapat nating “isaalang-alang [Siya] sa bawat pag-iisip,”<sup>10</sup> “gawin . . . ang lahat ng [ating] ginagawa sa pangalan ng Anak,”<sup>11</sup> at “lagi siyang alalahanin at [sundin] ang kanyang mga kautusan . . . nang sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin].”<sup>12</sup>
- Ang bilyun-bilyong nabuhay at namatay nang walang ebanghelyo at mga ordenansang kailangan sa kaligtasan ay hindi nawawala. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan “ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo,”<sup>13</sup> na isinasagawa kapwa para sa mga buhay at mga patay.<sup>14</sup>
- Hindi sa pagsilang nagsimula ang lahat. Nabuhay na kayo sa piling ng Diyos bilang Kanyang anak na lalaki o babae at inihanda para sa mortal na buhay na ito.<sup>15</sup>

- Ang kasal at pamilya ay hindi mga tradisyon ng tao na hanggang kamatayan lamang. Nilayon itong maging walang hanggan sa pamamagitan ng mga pakikipagtipan natin sa Diyos. Ang pamilya ang huwaran ng langit.<sup>16</sup>

At bahagi lang ito ng sunud-sunod na paghahayag na ibinuhos kay Joseph Smith. Saan nanggaling ang lahat ng ito, ang mga paghahayag na ito na nagbibigay ng liwanag sa kadiliman, ng linaw sa pag-aalinlangan, at nagbigay ng inspirasyon, nagpala, at nakabuti sa milyun-milyong tao? Ano ang malamang na nangyari, na naisip lang niya iyon nang mag-isa o tinulungan siya ng langit? Ang inilabas ba niyang mga banal na kasulatan ay parang mga salita ng tao o mga salita ng Diyos?

#### Pagwawakas

Wala tayong pagtatalunan tungkol sa nagawa ni Joseph Smith, kundi kung paano niya ginawa ang ginawa niya at bakit. At walang gaanong pagpipilian. Maaaring nagpapanggap siya o isa siyang propeta. Maaaring ginawa niyang mag-isa ang ginawa niya, o tinulungan siya ng langit. Tingnan ninyo ang katibayan, ngunit tingnan ang lahat ng katibayan, lahat



ng nangyari sa buhay niya, hindi ang isang aspeto lang. Ang pinakama-halaga, gawin ninyo ang ginawa ng batang si Joseph at “humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa [inyo].”<sup>17</sup> Hindi lamang ito paraan ng pag-alam sa katotohanan tungkol sa Aklat ni Mormon at kay Joseph Smith, huwaran din ito ng pag-alam sa katotohanan ng lahat ng bagay.<sup>18</sup>

Si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos, tulad ni Thomas S. Monson ngayon. Sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay muling “ipinagkatiwala sa tao sa mundo, at . . . ang ebanghelyo ay lalaganap . . . gaya ng batong tinibag mula sa bundok, hindi ng mga kamay . . . , hanggang sa mapuno nito ang buong mundo.”<sup>19</sup>

Ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan, at si Jesus ang Cristo. Sinasamba natin Sila. Walang makahahambing sa Kanilang mga likha, sa plano ng kaligtasan, at sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Kordero ng Diyos. Sa dispensasyong ito, isinasakatuparan natin ang plano ng Ama at nakakahagi lang tayo sa mga bunga ng Pagbabayad-sala sa pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo, na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Pinatotohanan ko Sila—ang Diyos Amang Walang Hanggan at si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. At sinasabi ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Santiago 1:5.
2. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:24.
7. Tingnan sa 2 Nephi 31; 3 Nephi 27.
8. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76.
10. Doktrina at mga Tipan 6:36.
11. Moises 5:8.
12. Doktrina at mga Tipan 20:77.
13. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76; 128; 138.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 49:17; 138; Moises 3:5; 6:36.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–2; 132:5–33.
17. Santiago 1:5.
18. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
19. Doktrina at mga Tipan 65:2.



**Ni Elder Michael John U. Teh**  
Ng Pitumpu

# Kung Saan Naroon ang Iyong Kayamanan

*Kung hindi tayo maingat, magsisimula na tayong maghangad ng temporal kaysa espirituwal na bagay.*

Pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2007, sinabi sa akin ng isa sa mga kapatid na mga pitong taon pa bago ko maranasang muli ang nakakakabang karanasang ito. Natuwa ako at sinabi sa kanya na ituturing ko ito na “pitong taon ng kasaganaan.” Ngayon, heto na ako, ang aking pitong taon ng kasaganaan ay natapos na.

Nitong nakaraang Enero, kami ng aking asawang si Grace ay naatasan na bisitahin ang mga miyembro sa Pilipinas na sinalanta ng napakalakas na lindol at bagyo. Natuwa kami dahil ang assignment na ito ay sagot sa aming dalangin at katibayan ng awa at kabutihan ng mapagmahal na Ama sa Langit. Ito ay naging katuparan ng inaasam namin na personal na maipakita sa kanila ang aming pagmamahal at malasakit.

Karamihan sa mga miyembrong nakausap namin ay pansamantala pa ring nakatira sa mga tolda, sa mga community center, at mga meeting-house ng Simbahan. Ang mga bahay na binisita namin ay halos wala nang bubong o kaya’y wala na talagang bubong. Salat na sa kabuhatan ang mga tao bago pa man bumagyo, at ang

kaunting pag-aari nila ay nawala pa. Puno ng putik at nagkalat ang basura saan mang dako. Gayunman, puno pa rin sila ng pasasalamat sa kaunting tulong na natanggap nila at masaya at puno ng pag-asa sa kabila ng napakahirap na kalagayan. Nang kumustahin namin sila, lahat ay masiglang sumagot ng, “Okey lang kami.” Malinaw na

ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo ang nagbigay sa kanila ng pag-asa na sa huli ay magiging maayos ang lahat. Sa pagbisita namin sa mga bahay at mga tolda, naturuan kami ni Sister Teh ng matatapat na Banal na ito.

Sa panahon ng kalamidad o trahedya, may paraan ang Panginoon para baguhin tayo at ang ating mga priyoridad. Sa isang iglap, lahat ng materyal na bagay na pinaghirapan nating makamtan ay wala nang halaga. Ang tanging mahalaga ay ang ating pamilya at ang relasyon natin sa iba. Ganito ang sinabi ng isang butihing sister tungkol dito: “Nang humupa na ang tubig at oras na para maglinis, tiningnan ko ang paligid ng bahay ko at naisip: ‘Naku, ang dami kong naipong basura sa maraming taong ito.’”

Palagay ko ay nagkaroon ng mas magandang pananaw ang sister na ito at mag-iingat nang magpasiya kung aling bagay ang kailangan at kung alin ang hindi mahalaga.

Sa maraming taon naming paglilingkod kasama ang mga miyembro, natutuwa kaming makakita ng malakas na espirituwalidad. Nakakita rin kami ng kasaganaan at kakapusan sa materyal na bagay sa matatapat na miyembrong ito.

Dahil kailangan, karamihan sa atin ang nakatuon sa pagkita ng pera



at pagkakaroon ng mga bagay ng mundo para maitaguyod ang ating pamilya. Kailangan nito ng maraming panahon at atensyon. Hindi mauubusan ang mundo ng mga bagay na iaalok sa atin, kaya mahalagang matutuhan natin kung kailan malalaman na may sapat na tayo para sa kailangan natin. Kung hindi tayo maingat, magsisimula na tayong maghangad ng temporal kaysa espirituwal na bagay. Ang ating hangarin sa espirituwal at pangwalang-hangganang bagay ay ihuhuli na, sa halip na unahin. Nakakalungkot na tila lumalabis ang hilig nating magkaroon ng mas maraming gamit at ng pinakabago at pinakaso-pistikadong produkto.

Paano tayo makasisiguro na hindi tayo matutuksong magpaimpluwensya rito? Ipinayo ni Jacob: “Samakatwid, huwag gugulin ang salapi sa mga yaong walang kabuluhan, o ang inyong paggawa sa mga yaong hindi nakasisiya. Makinig kayo nang masigasig sa akin, at tandaan ang mga salitang aking sinabi; at lumapit sa Banal ng Israel, at magpakabusog doon sa hindi nawawala, ni nasisira, at hayaang ang inyong kaluluwa ay malugod sa katabaan.”<sup>1</sup>

Sana ay wala sa atin ang gumagastos nang walang kabuluhan, o ginagawa ang mga hindi nakasisiya.

Itinuro ng Tagapagligtas ang sumusunod sa mga Judio at mga Nephita:

“Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito’y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito’y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

“Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo’y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo’y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

“Sapagka’t kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doon ang iyong puso.”<sup>2</sup>

Sa ibang dako, ibinigay ng Tagapagligtas ang talinghagang ito:

“Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga ng sagana:

“At iniisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagka’t wala



akong mapaglalaman ng aking mga inaning bunga?

“At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: Igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pagaari.

“At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pagaaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka.

“Datapuwa’t sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya?

“Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kaniyang sarili, at hindi mayaman sa Dios.”<sup>3</sup>

Ibinigay ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang sumusunod na payo kamakailan lang:

“Nakikita ng ating Ama sa Langit ang ating tunay na potensyal. Ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa ating sarili ay alam Niya. Hinihikayat Niya tayo sa buhay na ito na abutin ang hangganan ng paglikha sa atin, mamuhay nang matwid, at bumalik sa Kanyang piling.

“Kung gayon, bakit natin pinagbubuhusan ng oras at lakas ang mga bagay na panandalian lang, walang halaga, at walang katuturan? Hindi ba natin nalalaman na kahangalan ang hangaring kamtin ang mga walang kabuluhan?”<sup>4</sup>

Alam nating lahat na kabilang sa

kayamanan ng mundo ang kapalaluan, kasaganaan, mga materyal na bagay, impluwensya, at mga papuri ng tao. Dahil hindi ito dapat pang pag-ukulan ng panahon at pansin, magtutuon na lang ako sa mga bagay na kabibilangan ng mga kayamanan natin sa langit.

Ano ang ilan sa mga kayamanan sa langit na maaari nating ipunin para sa ating sarili? Bilang panimula, makabubuti sa atin na taglayin ang mga katangian ni Cristo na puno ng pananampalataya, pag-asa, kapakumbabaan, at pag-ibig sa kapwa tao. Tayo ay paulit-ulit na pinayuhang “hubarin ang likas na tao at . . . maging tulad ng isang bata.”<sup>5</sup> Ipinaalala sa atin ng Tagapagligtas na sikapin nating maging sakdal na tulad Niya at ng ating Ama sa Langit.<sup>6</sup>

Pangalawa, kailangan nating magukol pa ng panahon at pagsisikap na palakasin ang samahan ng ating pamilya. Ang sabi nga, “ang pamilya ay inorden ng Diyos. Ito ang pinakamahalagang yunit sa panahon at sa kawalang-hanggan.”<sup>7</sup>

Pangatlo, ang paglilingkod sa iba ay katangian ng tunay na tagasunod ni Cristo. Sinabi niya, “Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”<sup>8</sup>

Pangapat, ang pag-unawa sa doktrina ni Cristo at pagpapalakas sa ating patotoo ay gawaing magdudulot ng tunay na galak at kasiyahan. Kailangan nating patuloy na pag-aralan ang mga

salita ni Cristo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta. “Sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin.”<sup>9</sup>

Magtatapos ako sa kuwento tungkol sa isang 73-taong-gulang na balo na nakilala namin noong pumunta kami sa Pilipinas:

Nang lumindol sa Bohol, ang bahay na pinaghirapan nilang itayo ng namatay niyang asawa ay nagiba, ito rin ang kumitil sa buhay ng kanyang anak at apong lalaki. Ngayong nag-iisa na, kailangan niyang magtrabaho para itaguyod ang sarili. Tumatanggap siya ng labada (na nilalabhan niya gamit ang kamay) at kailangang mag-akyat-baba sa mataas na burol maraming beses sa isang araw para umigib ng tubig. Nang bisitahin namin siya, nakatira pa rin siya sa tolda.

Heto ang sabi niya: “Elder, tinatanggap ko ang lahat ng gustong iparanas sa akin ng Panginoon. Wala akong hinanakit. Iniingatan ko ang aking temple recommend at itinatago ito sa ilalim ng unan ko. Gusto kong malaman mo na nagbabayad ako ng buong ikapu sa kaunting kita ko sa paglalabada. Kahit anong mangyari, magbabayad ako lagi ng ikapu.”

Pinatototohanan ko na ang ating mga priyoridad, gawi, hilig, hangad, nasa at mga kinahuhumalingan ay may malaking epekto sa ating susunod na kalagayan. Tandaan nating lagi ang mga salita ng Tagapagligtas: “Sapagka’t kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” Nawa ang ating mga puso ay nasa dapat nitong kalagayan ang siyang aking dalangin, sa pangalalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. 2 Nephi 9:51.
2. Mateo 6:19–21; tingnan din sa 3 Nephi 13:19–21.
3. Lucas 12:16–21.
4. Dieter F. Uchtdorf, “Mga Panghihinayang at Pagpapasiya,” *Liahona*, Nob. 2012, 22–23.
5. Mosias 3:19.
6. Tingnan sa 3 Nephi 12:48.
7. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.1.1.
8. Mateo 25:40.
9. 2 Nephi 32:3.



**Ni Elder Marcos A. Aidukaiitis**  
Ng Pitumpu

## Kung Kayo ay Nagkukulang ng Karunungan

*Ihahayag ng Diyos ang katotohanan sa mga yaong naghahangad nito tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan.*

Noong isang araw, pinag-aaralan ng aking 10-taong-gulang na anak ang tungkol sa utak ng tao sa Internet. Gusto niyang maging surgeon balang-araw. Madaling mapansin na mas matalino siya kaysa sa akin.

Natutuwa kami sa Internet. Sa bahay nakikipag-ugnayan kami sa pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng social media, e-mail, at iba pang mga paraan. Ginagawa ng mga anak ko ang karamihan sa kanilang homework gamit ang Internet.

Anuman ang tanong, kung kailangan namin ng mas maraming impormasyon, sinasaliksik namin ito online. Segundo lang ay marami na kaming nakukuhang impormasyon. Kahanga-hanga ito.

Ang Internet ay naglalaan ng maraming pagkakataong matuto. Gayunpaman, hangad ni Satanas na maging kaaba-aba tayo, at pinapasama niya ang tunay na layunin ng mga bagay-bagay. Ginagamit niya ang magandang

kasangkapang ito upang magdulot ng pag-aalinlangan at takot at wasakin ang pananampalataya at pag-asa.

Dahil maraming makukuha sa Internet, dapat nating isiping mabuti kung saan tayo magsasaliksik. Gagawin tayong abala ni Satanas, lilituhin, at dudumihan sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng impormasyon, na karamihan ay talagang basura.

Hindi dapat galugarin ang basura.

Makinig sa patnubay na ito na ibinigay ng mga banal na kasulatan: “Ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo . . . na iyon ay sa Diyos.”<sup>1</sup>

Ang totoo, nararanasan din natin ang naranasan ni Joseph Smith sa

kanyang kabataan. Madalas din nating matagpuan ang ating sarili na nagkukulang ng karunungan.

Sa kaharian ng Diyos, ang paghahanap ng katotohanan ay pinahahalahagan, hinihikayat, at hindi kailanman pinipigilan o kinatatakutan. Ang mga miyembro ng Simbahan ay mahigpit na pinayuhan ng Panginoon na maghanap ng kaalaman.<sup>2</sup> Sinabi Niya, “Masigasig na maghanap . . . ; oo, maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya.”<sup>3</sup> Gayunman, paano natin makikilala ang katotohanan sa daigdig na lalo pang nagiging hayagan sa pag-atake nito sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos?

Itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan ang paraan:

Una, malalaman natin ang katotohanan sa mga bunga nito.

Sa Kanyang dakilang Pangaral sa Bundok, sinabi ng Panginoon:

“Gayon din naman ang bawa’t mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa’t ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama. . . .

“Kaya’t sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila.”<sup>4</sup>

Itinuro ni Propetang Mormon ang ganito ring alituntunin nang sabihin niya, “Sa pamamagitan ng kanilang mga gawa inyo silang makikilala; sapagkat kung ang kanilang mga gawa ay mabubuti, kung gayon, sila ay mabubuti rin.”<sup>5</sup>

Inaanyayahan namin ang lahat na pag-aralan ang mga bunga at gawain ng Simbahang ito.

Yaong mga interesado sa katotohanan ay makikilala ang kaibhang nagawa ng Simbahan at ng mga miyembro nito sa mga komunidad kung saan sila naroroon. Mapapansin din nila ang pagbuti ng buhay ng mga tao na sumusunod sa mga turo nito. Matutuklasan ng mga sumusuri sa mga bungang ito na ang bunga ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay kalugud-lugod at kasiya-siya.

Pangalawa, mahahanap natin ang katotohanan sa pagsubok natin mismo sa salita.

Itinuro ni Propetang Alma:

“Ating ihahalintulad ang salita sa isang binhi. . . . Kung kayo ay magbibigay-puwang, na ang binhi ay maitanim sa inyong mga puso, masdan, kung iyon ay isang tunay na binhi, [at] . . . kung hindi ninyo ito itatapon dahil sa inyong kawalangpaniniwala, . . . masdan, ito ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib; at . . . kayo ay magsisimulang magsabi sa inyong sarili—Talagang ito ay mabuting binhi, . . . sapagkat sinisimulan nitong palakihin ang aking kaluluwa; oo, sinisimulan nitong liwanagin ang aking pang-unawa, oo, ito ay nagsisimulang maging masarap para sa akin. . . .

“ . . . At ngayon, . . . ito ba ay hindi makapagpapalakas sa inyong pananampalataya? Oo, ito ay makapagpapalakas sa inyong pananampalataya. . . .

“ . . . Sapagkat ang bawat binhi ay magbubunga ng kanyang katulad.”<sup>6</sup>

Ito ay napakagandang paanyaya ng isang propeta ng Panginoon! Maari itong ikumpara sa isang eksperimento sa siyensya. Inaanyayahan tayo na subukan ang salita, ibinigay na sa atin ang pamamaraan, at sinabi sa atin ang kalalabasan ng pagsubok kung susundin natin ang mga tagubilin.

Kaya nga itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na malalaman natin ang katotohanan sa pagsuri sa mga bunga nito o sa pagsubok nito mismo, nagbibigay ng puwang sa ating puso at pinangangalagaan ito tulad ng isang binhi.

Gayunman, may pangatlo pang paraan upang malaman ang katotohanan, at iyon ay sa pamamagitan ng personal na paghahayag.

Itinuturo sa Doktrina at mga Tipan bahagi 8 na ang paghahayag ay kaalaman—“kaalaman ng anumang bagay na [ating] hihilingin nang may pananampalataya, nang may tapat na puso, naniniwala na matatanggap [natin].”<sup>7</sup>

At sinabi ng Panginoon kung paano tayo tatanggap ng paghahayag. Sabi Niya, “Sasabihin ko sa iyo sa inyong isipan at sa inyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa inyong puso.”<sup>8</sup>

Sa ganitong paraan, itinuro sa atin na ang paghahayag ay matatamo lamang sa pamamagitan ng paghiling nang may pananampalataya, nang may tapat na puso, at naniniwalang matatanggap natin ito.

Ngunit pansinin na nilinaw ito nang lubos ng Panginoon nang magbabala Siya, “Tandaan na kung walang pananampalataya ay wala kang magagawa.”<sup>9</sup> Ang pananampalataya ay nangangailangan ng paggawa, tulad ng pag-aralan ito sa inyong isipan, at pagkatapos ay itanong sa panalangin kung ito ay tama.





**Pleasant Grove, Utah, USA**

Wika ng Panginoon:

“Kung ito ay tama aking papa-pangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama.

“Subalit kung ito ay hindi tama wala kang madaramang gayon, kundi ikaw ay magkakaroon ng pagkatuliro ng pag-iisip na magiging dahilan upang makalimutan mo ang bagay na mali.”<sup>10</sup>

Ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay.<sup>11</sup> Kung gayon, “humingi [nang] may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan.”<sup>12</sup>

May kaibigan ako, na hindi miyembro, na nagsabi sa akin na hindi siya espirituwal na tao. Hindi siya nag-aaral ng mga banal na kasulatan o nagdarasal dahil ayon sa kanya hindi niya nauunawaan ang mga salita ng Diyos, ni nakatitiyak kung may Diyos. Ang ugaling ito ay nagpapaliwanag ng kawalan niya ng espirituwalidad at hahantong sa kabaligtaran ng paghahayag, na ipinaliwanag ni Alma: Sabi niya, “At kaya nga, siya na magpapatigas ng kanyang puso, siya rin ang tatanggap ng higit na maliit na bahagi ng salita.”

Ngunit, idinagdag ni Alma, “siya na hindi magpapatigas ng kanyang puso, sa kanya ay ibibigay ang higit na malaking bahagi ng salita, hanggang

sa ibigay sa kanya na malaman ang hiwaga ng Diyos, hanggang sa kanyang malamang ganap ang mga ito.”<sup>13</sup>

Si Alma at mga anak ni Mosias ay mga halimbawa ng alituntunin na ang pananampalataya ay nangangailangan ng paggawa. Sa Aklat ni Mormon mababasa natin:

“Sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.

“Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag.”<sup>14</sup>

Ang paghiling nang may tapat na puso ay mahalaga rin sa paraang ito. Kung tapat nating hinahanap ang katotohanan, gagawin natin ang lahat upang mahanap ito, na maaaring kapaloban ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagsisimba, at lubos na pagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos. Ibig sabihin din nito ay handa tayong gawin ang kalooban ng Diyos kapag nalaman natin ito.

Ang ginawa ni Joseph Smith noong naghahanap siya ng karunungan ay perpektong halimbawa ng kahulugan ng pagkakaroon ng tapat na puso. Sinabi niya na gusto niyang malaman kung alin sa mga sekta ang totoo upang “malaman kung alin ang sasapian [niya].”<sup>15</sup> Bago pa man siya

manalangin, handa siyang kumilos sa sagot na matatanggap niya.

Dapat tayong humiling nang may pananampalataya at tapat na puso. Ngunit hindi lamang ito. Dapat din tayong maniwala na tatanggap tayo ng paghahayag. Dapat tayong magtiwala sa Panginoon at umasa sa Kanyang mga pangako. Alalahanin ang nasusulat: “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.”<sup>16</sup> Napakagandang pangako nito!

Inaanyayahan ko ang lahat na hanapin ang katotohanan sa alinman sa mga paraang ito ngunit lalo na sa Diyos sa pamamagitan ng personal na paghahayag. Ihahayag ng Diyos ang katotohanan sa mga yaong naghahangad nito tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan. Kailangan ang higit pang pagsisikap kaysa sa pagsasaliksik lamang sa Internet, at sulit ito.

Nagpapatotoo ako na ito ang totoong Simbahan ni Jesucristo. Nakita ko na ang mga bunga nito sa mga komunidad at sa buhay ng libu-libo, pati sa mga miyembro ng aming pamilya, kaya alam kong totoo ito. Sinubukan ko ang salita sa aking buhay sa loob ng maraming taon, at nadama ko ang epekto nito sa aking kaluluwa, kaya alam kong totoo ito. Ngunit higit sa lahat, nalaman ko ang katotohanan nito mismo sa aking sarili sa pamamagitan ng paghahayag na dala ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; kaya alam kong totoo ito. Inaanyayahan ko kayong lahat na gawin din ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### **MGA TALA**

1. Moroni 7:16.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:78.
3. Doktrina at mga Tipan 88:118.
4. Mateo 7:17, 20.
5. Moroni 7:5.
6. Alma 32:28, 30–31.
7. Doktrina at mga Tipan 8:1.
8. Doktrina at mga Tipan 8:2.
9. Doktrina at mga Tipan 8:10.
10. Doktrina at mga Tipan 9:8–9.
11. Tingnan sa Santiago 2:17.
12. Santiago 1:6.
13. Alma 12:10.
14. Alma 17:2–3.
15. Joseph Smith—Kasaysayan 1:18.
16. Santiago 1:5.





**Ni Elder D. Todd Christofferson**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo

*Si Jesus ng Nazaret ang nabuhay na mag-uling Manunubos, at pinatotohanan ko ang lahat ng iba pang bunga ng katotohanan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.*

**N**akadama ng matinding pan-lulumo at pagkagapi ang mga disipulo ni Jesus nang Siya ay mamatay sa krus at ihimlay ang Kanyang walang buhay na katawan sa libingan. Sa kabila ng paulit-ulit na sinabi ng Tagapagligtas na Siya ay mamamatay at muling babangon kalaunan, hindi nila ito naunawaan. Gayunman, ang lungkot na dulot ng Kanyang Pagkapako sa Krus noong hapong iyon ay sinundan kaagad ng masayang umaga ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Ngunit ang kagalakang iyon ay nadama lamang nang masaksihan mismo ng mga disipulo ang Pagkabuhay na Mag-uli, dahil kahit ang pahayag ng mga anghel na babangon Siyang muli ay hindi nila naunawaan noong una—hindi nila inakalang mangyayari ito.

Maagang dumating si Maria Magdalena at ang ilang tapat na kaba-baihan sa libingan ng Tagapagligtas noong umaga ng Linggong iyon, dala ang mga pabango at unguento para tapusin ang pagpapahid ng langis na sinimulan nang madaliang ihimlay ang katawan ng Tagapagligtas sa libingan bago mag-Sabbath. Sa napakaespesyal

na umagang ito, nakita nila pagdating doon ang bukas na libingan, na naigulong na ang takip na bato, at ang dalawang anghel na nagsabing:

“Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?”

“Wala siya rito, datapuwa’t nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya’y nasa Galilea pa,

“Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw.”<sup>1</sup>

“Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon.

“At magsiyaon kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo, Siya’y nagbangon sa mga patay.”<sup>2</sup>

Ayon sa utos ng mga anghel, tiningnan ni Maria Magdalena ang loob ng libingan, ngunit tila ang napansin lang niya ay wala roon ang katawan ng Panginoon. Dali-dali siyang nag-ulat sa mga Apostol, at nang matagpuan sina Pedro at Juan ay sinabi niya sa kanila, “Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan nila siya inilagay.”<sup>3</sup> Tumakbo sina Pedro at Juan sa lugar at natiyak nila na wala ngang laman ang libingan, nang makitang “nangakalatag ang mga kayong lino . . . at ang panyo na nasa kaniyang ulo, ay . . . bukod na natitiklop sa isang tabi.”<sup>4</sup> Tila si Juan ang unang nakaunawa sa maringal na mensahe ng pagkabuhay na mag-uli. Isinulat niya na “siya’y nakakita, at sumampalataya,” samantalang ang iba sa puntong iyon, ay “hindi pa nila napag-uunawa ang kasulatan, na kinakailangang [si Jesus ay] muling magbangon sa mga patay.”<sup>5</sup>



Umalis sina Pedro at Juan, ngunit nagpaiwan si Maria na nananangis pa rin. Samantala, nagbalik ang mga ang-hel at magiliw na nagtanong, “Babae, bakit ka umiiyak? Sinabi niya sa kani- nila, Sapagka’t kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay siya.”<sup>6</sup> Sa sandaling iyon nagsalita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, na nakatayo na sa likuran niya, “Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao’y maghaha- laman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin.”<sup>7</sup>

Isinulat ni Elder James E. Talmage: “Si Jesus ang kanyang kausap, ang pinakamamahal niyang Panginoon, ngunit hindi niya alam. Sa isang salitang namutawi sa Kanyang buhay na mga labi, nauwi sa kagalakan ang kanyang pagdadalamhati. ‘Sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria.’ Ang tinig, ang tono, ang magiliw na puntong narinig at minahal niya sa nagdaang mga pa- nahon ay inahon siya mula sa kalali- man ng kawalang-pag-asa na kanyang kinasadlakan. Lumingon siya, at nakita ang Panginoon. Sa kanyang kagalakan iniunat niya ang kanyang mga kamay para yakapin Siya, na ang tanging sinasambit ay ang mapagmahal at su- masambang salitang, ‘Raboni,’ na ibig sabih’y Mahal kong Panginoon.”<sup>8</sup>

Kaya nga ang mapalad na babaeng ito ang naging unang tao na nakita at nakausap ang nabuhay na mag-uling Cristo. Sa araw ding iyon kalaunan nagpakita Siya kay Pedro sa Jerusa- lem o sa malapit dito;<sup>9</sup> sa dalawang disipulo sa daan patungong Emaus;<sup>10</sup> at sa gabi sa 10 sa mga Apostol at iba pa ay bigla Siyang nagpakita sa kanila, na nagsasabing, “Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagka’t ang isang espiritu’y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin.”<sup>11</sup> Pagkatapos para makumbinsi pa sila “samantalang hindi pa sila nagsisi- sampalataya dahil sa galak, at nagsisi- panggilalas,”<sup>12</sup> kumain Siya ng inihaw na isda at pulot-pukyutan sa harapan



nila.<sup>13</sup> Kalaunan tinagubilinan Niya sila, “Kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuli- hang hangganan ng lupa.”<sup>14</sup>

Bukod pa sa tiyak na mga saksing ito sa Jerusalem, mayroon tayong walang-katulad na ministeryo ng nag- bangong Panginoon sa mga sinaunang nanirahan sa Kanluraning Hemi- sphere. Sa lupaing Masagana, bumaba Siya mula sa langit at inanyayahan ang mga 2,500 taong sama-samang nagtitipon, na isa-isang lumapit hang- gang sa lahat ay makalapit, at hipuin ng kanilang mga kamay ang Kanyang tagiliran at damhin ang mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay at paa.<sup>15</sup>

“At nang lahat sila ay makalapit at makasaksi para sa kanilang sarili, sila ay sumigaw sa iisang tinig, sinasabing:

“Hosana! Purihin ang pangalan ng Kataas-taasang Diyos! At sila ay nagsi- luhod sa paanan ni Jesus, at sinamba siya.”<sup>16</sup>

Ipinapakita ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo na ang buhay Niya ay sarili Niya at ito ay walang hanggan. “Sapagka’t kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili.”<sup>17</sup> Sinabi ni Jesus:

“Dahil dito’y sinisinta ako ng Ama, sapagka’t ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin kong muli.

“Sinoma’y hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay. May

kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan akong kumu- hang muli.”<sup>18</sup>

Ang Tagapagligtas ay hindi umaasa sa pagkain o tubig o oxygen o iba pang sustansya o kapangyarihan o tao para mabuhay. Kapwa bilang si Jehova at ang Mesiyas, Siya ang dakilang Ako Nga, ang Diyos na nabubuhay ayon sa Kanyang kagustuhan at kapangya- rihan.<sup>19</sup> Siya ay nabubuhay at patuloy na mabubuhay.

Sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, nadaig ni Jesucristo ang lahat ng aspeto ng Pagkahulog. Ang pisikal na kamatayan ay magiging pansamantala, at maging ang espirituwal na kamatayan ay may katapusan, dahil lahat ay babalik sa kinaroroonan ng Diyos, kahit pan- samantala lamang, para mahatulan. Lubos tayong makapagtitiwala sa Kanyang kapangyarihang daigin ang lahat ng iba pa at pagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan.

“Sapagka’t yamang sa pamamagitan ng tao’y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao’y dumating ang pagkabuhay na maguli sa mga patay.

“Sapagka’t kung paanong kay [Adan] ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin.”<sup>20</sup>

Sa mga salita ni Elder Neal A. Maxwell: “Winakasan ng pagtata- gumpay ni Cristo sa kamatayan ang mahirap na kalagayan ng tao. Nga- yo’y mayroon lamang kani-kanyang mahirap na kalagayan, at maliligtas din tayo mula rito sa pagsunod sa mga turo niya na sumagip sa atin mula sa pangkalahatang pagkalipol.”<sup>21</sup>

Dahil natugunan ang mga hinihingi ng katarungan, si Cristo ngayon ang lulugar sa katarungan; o masasabi nating Siya ang katarungan, tulad ng Siya ang pag-ibig.<sup>22</sup> Gayundin, maliban pa sa pagiging isang “ganap, makatarungang Diyos,” Siya ay isang ganap, maawaing Diyos.<sup>23</sup> Sa gayon, itinatama ng Tagapagligtas ang lahat. Ang kawalang-katarungan sa mortalidad ay pansamantala lamang, maging ang kamatayan, dahil muli Niyang ipinanunumbalik ang buhay. Walang

pinsala, kapansanan, pagkakanulo, o pag-abusong hindi pinagbabayaran sa huli dahil sa Kanyang lubos na katarungan at awa.

Gayundin, lahat tayo ay mananagot sa Kanya para sa ating buhay, mga pagpapasiya, at mga kilos, maging sa ating mga iniisip. Dahil tinubos Niya tayo mula sa Pagkahulog, ang ating buhay ay totoong sa Kanya. Ipinahayag Niya:

“Masdan, naibigay ko na sa inyo ang aking ebanghelyo, at ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

“At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matakpos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa.”<sup>24</sup>

Isipin sandali ang kahalagahan ng Pagkabuhay na Mag-uli sa pagpapasiya sa huli sa tunay na pagkatao ni Jesus ng Nazaret at sa mga pilosopikong argumento at mga tanong sa buhay. Kung totoong si Jesus ay literal na nabuhay na mag-uli, kung gayo’y isa Siyang banal na nilalang. Walang mortal ang may kapangyarihang buhayin ang kanyang sarili matapos mamatay. Dahil Siya ay nabuhay na mag-uli, hindi maaaring si Jesus ay naging isa lamang karpintero, guro, rabbi, o propeta. Dahil Siya ay nabuhay na mag-uli, si Jesus ay dapat maging Diyos, maging ang Bugtong na Anak ng Ama.

Samakatwid, ang itinuro Niya ay totoo; ang Diyos ay hindi maaaring magsinungaling.<sup>25</sup>

Samakatwid, Siya ang Lumikha ng daigdig, tulad ng sinabi Niya.<sup>26</sup>

Samakatwid, totoong may langit at impiyerno, tulad ng itinuro Niya.<sup>27</sup>

Samakatwid, may daigdig ng mga espiritu na pinuntahan Niya pagkamatay Niya.<sup>28</sup>


Samakatwid, paparito Siyang muli, tulad ng sabi ng mga anghel,<sup>29</sup> at “maghahari . . . sa mundo.”<sup>30</sup>

Samakatwid, may huling Paghuhukom at Pagkabuhay na Mag-uli para sa lahat.<sup>31</sup>

Dahil totoo ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, ang mga pag-aalinlangan tungkol sa lubos na kapangyarihan, kaalaman, at kabaitan ng Diyos Ama—na ibinigay ang Kanyang Bugtong na Anak para matubos ang sangkatauhan—ay walang katotohanan. Ang mga pag-aalinlangan tungkol sa kahulugan at layunin ng buhay ay walang batayan. Katunayan, pangalan ni Jesucristo lamang ang daan para maligtas ang sangkatauhan. Ang biyaya ni Cristo ay totoo, na kapwa nagpapatawad at naglilinis sa nagsisising makasalanan. Tunay ngang ang pananampalataya ay higit pa sa imahinasyon o kathang-isip. May

mahalagang katotohanan para sa lahat, at may layunin at di-nagbabagong mga pamantayang moral, tulad ng itinuro Niya.

Dahil totoo ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, ang pagsisipi sa anumang paglabag sa Kanyang batas at mga utos ay posible at dapat gawin agad. Ang mga himala ng Tagapagligtas ay totoo, tulad ng Kanyang pangako sa Kanyang mga disipulo upang gawin din nila iyon at ang mas dakila pang mga gawain.<sup>32</sup> Ang Kanyang priesthood ay talagang totoong kapangyarihan na “nangangasiwa ng ebanghelyo at humahawak ng susi ng mga hiwaga ng kaharian, maging ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos. Samakatwid, sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay





makikita.”<sup>33</sup> Dahil totoo ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, hindi kamatayan ang ating wakas, at bagaman “magibang ganito ang [ating] balat, [glayon ma’y makikita [natin] ang Dios sa [ating] laman.”<sup>34</sup>

Ikinuwento ni Pangulong Thomas S. Monson ang tungkol kay Robert Blatchford na, 100 taon na ang nakalilipas ay “tinuligsa nang husto sa kanyang aklat na *God and My Neighbor*, ang mga paniniwala ng mga Kristiyano, sa Diyos, kay Cristo, sa panalangin, at sa imortalidad. Hayagan niyang sinabi, ‘Ipinahahayag ko na napatunayan ko ang lahat ng bagay na gusto kong patunayan nang lubos at natitiyak ko na walang Kristiyano, marunong man o may kakayahan, na makasasagot o magpapahina sa aking paniniwala.’ Nilukuban niya ang kanyang sarili ng pag-aalinlangan. Pagkatapos ay may nangyaring nakakagulat. [Naglaho] ang kanyang [pag-aalinlangan]. . . . Unti-unti siyang bumalik sa panampalatayang kanyang nilait at hinamak. Ano ang sanhi ng malaking pagbabagong ito sa kanyang pananaw? *Namatay ang kanyang asawa*. Sa paghihinagpis, nagpunta siya sa silid na kinahihimlayan ng labi nito. Minasdan niyang muli ang mukhang minahal niya nang labis. Paglabas niya, sinabi niya sa isang kaibigan: ‘Siya nga iyon, subalit hindi na siya iyon. Lahat ay nabago. May isang bagay na dating naroon na nawala. Hindi na siya katulad ng dati. Ano pa

ang mawawala sa kanya kundi ang kaluluwa?’”<sup>35</sup>

Talaga bang namatay at muling nagbangon ang Panginoon? Oo. “Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito.”<sup>36</sup>

Habang palapit ang ipinropesiyang pagsilang ni Jesus, may ilang sinau-nang Nephita at Lamanita na naniwala, bagamat karamiha’y nag-alinlangan. Sa bandang huli, dumating ang tanda ng Kanyang pagsilang—isang araw at isang gabi at isang araw na hindi nagdilim—at lahat ay nakaalam.<sup>37</sup> Kahit ngayon, naniniwala ang ilan sa literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, at maraming nag-aalinlangan o hindi naniniwala. Ngunit alam ng ilan. Sa bandang huli, makikita at malalaman ng lahat; tunay ngang “ang bawat tuhod ay magsisiluhod, at ang bawat dila ay magtatapat sa kanyang harapan.”<sup>38</sup>

Hanggang sa sandaling iyon, naniniwala ako sa maraming saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas na ang mga karanasan at patotoo ay matatagpuan sa Bagong Tipan—si Pedro at ang kanyang mga kasama sa Labin-dalawa at ang minamahal at dalisay na si Maria ng Magdala, bukod pa sa iba. Naniniwala ako sa mga patotoong

matatagpuan sa Aklat ni Mormon—ni Nephi na Apostol at ng hindi pinangalanang mga tao sa lupaing Masagana, bukod pa sa iba. At naniniwala ako sa patotoo nina Joseph Smith at Sidney Rigdon na, matapos ang marami pang patotoo, ay nagpahayag ng dakilang pagsaksi sa huling dispensasyong ito “na siya ay buhay! Sapagkat siya ay aming nakita.”<sup>39</sup> Sa sulap ng Kanyang matang nakakakita sa lahat, sumasaksi ako na si Jesus ng Nazaret ang nabuhay na mag-uling Manunubos, at pinatotohanan ko ang lahat ng iba pang bunga ng *katotohanan* ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Nawa’y maniwala at mapanatag kayo sa patotoong iyan, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Lucas 24:5–7.
2. Mateo 28:6–7.
3. Juan 20:2.
4. Juan 20:5, 7.
5. Juan 20:8, 9.
6. Juan 20:13.
7. Juan 20:15.
8. James E. Talmage, *Jesus the Christ*, Ikatlong ed. (1916), 681.
9. Tingnan sa Lucas 24:34; I Mga Taga Corinto 15:5.
10. Tingnan sa Marcos 16:12; Lucas 24:13–35.
11. Lucas 24:39.
12. Lucas 24:41.
13. Tingnan sa Lucas 24:42–43.
14. Mga Gawa 1:8.
15. Tingnan sa 3 Nephi 11:14–15.
16. 3 Nephi 11:16–17.
17. Juan 5:26.
18. Juan 10:17–18.
19. Tingnan sa Exodo 3:14.
20. I Mga Taga Corinto 15:21–22.
21. *The Neal A. Maxwell Quote Book*, ed. Cory H. Maxwell (1997), 287.
22. Tingnan sa I Ni Juan 4:8.
23. Alma 42:15; Tingnan din sa Mosias 15:8–9.
24. 3 Nephi 27:13–14.
25. Tingnan sa Enos 1:6.
26. Tingnan, halimbawa ang 3 Nephi 9:15.
27. Tingnan, halimbawa ang Doktrina at mga Tipan 76.
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138.
29. Tingnan sa Mga Gawa 1:10–11.
30. Mga Saligan ng Panampalataya 1:10; tingnan din sa Topical Guide, “Jesus Christ, Millennial Reign.”
31. Tingnan, halimbawa ang 2 Nephi 9:15.
32. Tingnan sa Juan 14:12.
33. Doktrina at mga Tipan 84:19–20.
34. Job 19:26.
35. Thomas S. Monson, “Buhay ang Aking Manunubos!” *Liahona*, Mayo 2007, 23.
36. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.
37. Tingnan sa 3 Nephi 1:15–20.
38. Mosias 27:31.
39. Doktrina at mga Tipan 76:22–23.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

*Nawa'y sumaaatin ang Espiritung nadama natin nitong nakaraang dalawang araw at manatili sa atin habang ginagawa ang ating mga tungkulin sa araw-araw.*

Mga kapatid, napakagandang kumperensya nito. Nabusog ang ating espiritu sa paki-kinig sa inspiradong mga salita ng mga lalaki't babaeng nagsalita sa atin. Napakaganda ng musika, ang mga mensahe ay naihanda at naiparating ayon sa mga pahiwatig ng Banal na Espiritu, at ang mga dalangin ay naglapit sa atin sa langit. Napasigla tayo sa lahat ng paraan sa sama-sama nating pakikibahagi.

Umaasa ako na pag-uukulan natin ng oras na basahin ang mga mensahe sa kumperensya kapag nasa LDS.org na ito sa loob ng ilang araw at kapag nailimbag na ang mga ito sa mga magasing *Ensign* at *Liahona*, dahil

marapat basahin nating mabuti at pag-aralan ang mga ito.

Alam ko na kasama ko kayo sa taos na pasasalamat sa mga kapatid nating lalaki at babaeng na na-release sa kumperensyang ito. Nakapaglingkod sila nang maayos at nakapagbigay ng mahalagang kontribusyon sa gawain ng Panginoon. Naging lubos ang kaniyang dedikasyon.

Nasang-ayunan din natin, sa pagtaas ng mga kamay, ang mga kapatid na tinawag sa mga bagong katungkulan. Binabati namin sila at nais naming malaman nila na inaasam naming makasama sila sa paglilingkod sa gawain ng Panginoon.

Habang pinagninilayan natin ang

mga mensaheng ating narinig, nawa'y maging determinado tayong maging mas mabuti kaysa rati. Nawa'y maging mabait at mapagmahal tayo sa mga hindi natin katulad ang paniniwala at mga pamantayan. Nagdala ang Tagapagligtas sa daigdig na ito ng mensahe ng pagmamahal at kabutihang-loob sa lahat ng lalaki at babae. Nawa'y sundan natin ang Kanyang halimbawa.

Nahaharap tayo sa maraming matitinding hamon sa mundo ngayon, ngunit tinitiyak ko sa inyo na iniisip tayo ng ating Ama sa Langit. Gagabayan at bibiyayaan Niya tayo kapag sumampalataya at nagtiwala tayo sa Kanya at tutulungan tayo sa ating mga paghihirap.

Nawa'y mapasa bawat isa sa atin ang mga pagpapala ng langit. Nawa'y mapuspos ng pagmamahal at paggalang at ng Espiritu ng Panginoon ang ating mga tahanan. Nawa'y patuloy nating pangalagaan ang ating patotoo sa ebanghelyo, nang maging proteksyon ito sa atin laban sa mga pananakit ng kaaway. Nawa'y sumaaatin ang Espiritung nadama natin nitong nakaraang dalawang araw at manatili sa atin habang ginagawa ang ating mga tungkulin sa araw-araw, at nawa'y lagi tayong maging abala sa gawain ng Panginoon.

Pinatotohanan ko na ang gawain ito ay totoo, na ang ating Tagapagligtas ay buhay, at Siya ang gumagabay at pumapatnubay sa Kanyang Simbahan dito sa ibabaw ng lupa. Iniiwan ko sa inyo ang aking pagsaksi at patotoo na ang ating Diyos Amang Walang Hanggan ay buhay at mahal Niya tayo. Tunay na Siya ang ating Ama, at Siya ay personal at totoo. Nawa'y matanto natin kung gaano Siya kahandang mapalapit sa atin, kung gaano Niya tayo gustong tulungan, at kung gaano Niya tayo kamahal.

Mga kapatid, nawa'y pagpalain kayo ng Diyos. Nawa'y sumainyo ang Kanyang pangakong kapayapaan ngayon at magpakailanman.

Paalam hanggang sa muli nating pagkikita pagkaraan ng anim na buwan, at ginagawa ko ito sa pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas, amen. ■





**Ni Rosemary M. Wixom**  
Primary General President

# Ang Pagtupad sa mga Tipan ay Nangangalaga, Naghahanda, at Nagpapalakas sa Atin

*Tayo ay kababaihang iba't iba ang edad na gumagawa ng tipan at tumatahak sa landas ng buhay na ito pabalik sa piling Niya.*

Ah, mga kapatid, mahal namin kayo. Noong bumisita ako sa Mexico kamakailan, naranasan ko ang kapatirang nadarama natin ngayon. Isipin ang tagpong ito: Kata-tapos lang namin sa Primary sa Linggo ng umaga, at pumasok kami ng mga bata at guro sa pasilyong puno ng mga tao. Sa sandaling iyon bumukas ang pinto sa silid ng Young Women, at nakita ko ang mga kabataang babae at kanilang mga lider. Nagyakapan kaming lahat. Habang nakakapit sa palda ko ang mga bata at nakapaligid sa akin ang kababaihan, gusto kong ipahayag ang damdamin ko noong sandaling iyon mismo.

Hindi ako nagsasalita ng Espanyol,

kaya mga salitang Ingles lang ang naisip ko. Tinitigan ko ang mukha



**Mexico City, Mexico**

nilang lahat at sinabing, “[Tayo] ay mga anak na babae ng [ating] Ama sa Langit, na nagmamahal sa [atin] at mahal [natin] Siya.” Agad sumabay ang lahat, sa Espanyol. Naroon kami sa pasilyong puno ng mga tao, at sabay-sabay naming binibigkas ang tema ng Young Women sa pagsasabing, “Kami ay tatayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.”

Ngayong gabi ay nagtitipon tayo sa buong mundo bilang Kanyang mga disipulo, na may hangaring ipagtanggol at palakasin ang kaharian ng Diyos. Tayo ay mga anak na babae ng ating Ama sa Langit. Tayo ay kababaihang iba't iba ang edad na gumagawa ng tipan at tumatahak sa landas ng buhay na ito pabalik sa piling Niya. Ang pagtupad sa mga tipan ay nangangalaga, naghahanda, at nagpapalakas sa atin.

Kasama natin ngayong gabi ang mga batang Primary. Ilan sa inyo ay nasimulan na ang unang hakbang sa landas tungo sa buhay na walang hanggan sa ordenansa ng binyag.

Tumingin kayo sa paligid. Maningning ang bukas sa nakikita ninyong kababaihang gumawa rin ng mga tipan iyan at handang ipakita sa inyo ang tatahaking landas.

Kung kayo ay 8, 9, 10, o 11 taong gulang, kayo man ay nasa Conference Center, sa inyong tahanan, o sa isang meetinghouse sa buong mundo, maaari bang magsitayo kayo? Binabati namin kayo sa pangkalahatang pulong ng kababaihan. Ngayon, manatiling nakatayo dahil nais namin kayong

anyayahang lumahok ngayong gabi. Ihihimig ko ang isang awit sa Primary. At kapag nakilala ninyo ang tonong ito, puwede bang sabayan ninyo ako? Lakasan ninyo ang pagkanta para marinig ng lahat.

*Turuang lumakad sa liwanag;  
At manalangin sa 'king Diyos Ama;  
Turuang tama ay matutunan;  
Sa 'king buhay, ako'y turuan.*

Manatiling nakatayo, mga bata, habang kinakanta ngayon ng mga nasa edad 12 pataas ang pangalawang talata.

*Aking anak, halina't mag-aral  
Ng mga kautusan N'yang banal  
Nang S'ya'y makapiling nating muli—  
Sa liwanag, mananatili.*<sup>1</sup>

Ang ganda. Maaari na kayong umupo. Salamat.

Bilang kababaihang iba't iba ang edad, lumalakad tayo sa *Kanyang* liwanag. Ang pagtahak natin sa landas ay personal at tinatanglawan ng pagmamahal ng Tagapagligtas.

Pumapasok tayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan sa ordenansa at tipan ng binyag, at pagkatakapos ay tinatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo. Itinanong sa atin ni Elder Robert D. Hales, “Nauunawaan ba [natin] at nauunawaan ba ng [ating] mga anak na kapag nabinyagan [tayo] nabago na [tayo] magpakailanman?”

Ipinaliwanag din niya na “kapag naunawaan natin ang ating tipan sa binyag at ang kaloob na Espiritu Santo, babaguhin nito ang ating buhay at [patitibayin ang ganap na katapatan natin] sa kaharian ng Diyos. Kapag may mga tukso, kung makikinig tayo, ipapaalala sa atin ng Espiritu Santo na nangako tayong aalalahanin ang ating Tagapagligtas at sundin ang mga utos ng Diyos.”<sup>2</sup>

Bawat linggo kapag nakikibahagi tayo sa mga sagisag ng sakramento, nagpapanibago tayo ng ating tipan sa binyag. Sinabi ni Elder David A. Bednar: “Noong tayo ay nabinyagan, sinimulan natin ang paglalakbay patungo sa templo. Sa pakikibahagi natin



sa sakramento, ibinabaling natin ang isipan sa templo. Ipinangako natin na aalalahanin sa tuwina ang Tagapagligtas at susundin ang Kanyang mga utos bilang paghahanda para makibahagi sa mga sagradong ordenansa ng templo.”<sup>3</sup>

Ang mga ordenansa sa templo ay hahantong sa pinakadakilang mga pagpapala sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito ang mga ordenansang kailangan para sa ating kadakilaan sa kahariang selestiyal. Sa pagsisikap nating tuparin ang ating mga tipan, unti-unting naglalaho ang ating pag-aalinlangan at pagkukulang, habang ang mga ordenansa at tipan sa templo ay nagiging mas makabuluhan. Lahat ay inaanyayahang tumahak sa landas tungo sa buhay na walang hanggan.

Hanga ako sa katatagan ng mga batang babae, dalagita, at kababaihang nakilala ko sa iba't ibang panig ng mundo na namumuhay ayon sa kanilang mga tipan. Narito ang ilang halimbawa ng nakilala kong kababaihang gumawa ng tipan.

Si Luana ay 11 taong gulang nang bisitahin ko ang kanyang pamilya sa Buenos Aires, Argentina. Dahil sa

napakasakit na karanasan noong bata pa, hindi makapagsalita si Luana. Maraming taon na siyang hindi makapagsalita. Tahimik lang siyang nakaupo habang nag-uusap kaming lahat. Patuloy akong umasa na marinig man lang sana siyang bumulong. Nakatingin siya sa akin na para bang hindi na kailangang magsalita para malaman ko ang kanyang nadarama. Pagkatapos magdasal, tumayo na kami para umalis, at iniabot sa akin ni Luana ang isang drowing. Idinrowing niya si Jesucristo na nasa Halamanan ng Getsemani. Noon ko nadama nang malakas at malinaw ang kanyang patotoo. Gumawa ng tipan sa binyag si Luana na tumayo bilang saksi ng Diyos “sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.”<sup>4</sup> Naunawaan niya ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na ipinakita niya sa kanyang drowing. Nalaman kaya niya, sa pamamagitan ng nagpapalakas at nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, na maaari siyang gumaling at makapagsalita muli? Tatlong taon ang lumipas simula noon, unti-unting nakapagsalita si Luana. Nakikibahagi na siya ngayon sa Young Women kasama ang kanyang

mga kaibigan. Tapat sa tipang ginawa niya sa binyag, patuloy siyang nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas.

Ang mga kabataan sa iba't ibang dako ng mundo ay nais magpunta sa templo. Sa Lima, Peru, nakilala ko ang isang ama at tatlo sa kanyang mga anak na babae sa labas ng pasukan ng templo. Nakita ko ang saya sa kani- lang mga mukha. Dalawa sa mga anak ang may malubhang kapansanan at naka-wheelchair. Ipinaliwanag ng pangatlong anak, habang inaasikaso ang mga pangangailangan ng mga kapatid, na may dalawa pa siyang kapatid na babae sa bahay. Naka-wheel chair din sila. Hindi nila kayang magbiyahe nang 14 na oras papuntang templo. Napakahalaga ng templo sa mag- aamang ito kaya nagpunta silang apat sa templo nang araw na iyon—dalawa sa kanila para lamang panoorin ang kapatid na puwedeng magpabinyag

para sa mga patay at magsagawa ng sagradong ordenansa. Gaya ni Nephi, sila'y "[nalugod] sa mga tipan ng Panginoon."<sup>5</sup>

Mahalaga sa isang dalagang kaki- lala ko ang lingguhang ordenansa ng sakramento at ang sagradong pangako nito na "sa tuwina ay mapasa[kanya] ang kanyang Espiritu upang maka- sama [niya]."<sup>6</sup> Ang mapasakanya ito palagi ay isang pangakong pumapawi sa kanyang kalungkutan. Binibigyan siya nito ng lakas na magtuon sa pagpapahusay sa kanyang talento at sa hangaring paglingkuran ang Panginoon. Nakasumpong siya ng ma- tinding galak sa pagmamahal sa lahat ng mga bata sa buhay niya, at kapag gusto niyang mapayapa, makikita ninyo siya sa templo.

Ang huli, sinubaybayan ng isang matandang babaeng nasa 90s ang edad ang paglaki ng kanyang mga

anak at apo at pagsilang ng kanyang mga apo-sa-tuhod. Tulad ng marami sa atin, ang kanyang buhay ay puno ng lungkot, hirap, at di-mailarawang galak. Inamin niya na kung isusulat niyang muli ang kuwento ng kanyang buhay, tatanggalin niya ang ilang ka- banata roon. Subalit, sinabi niya nang nakangiti, "Kailangan lang akong ma- buhay pa nang mas matagal at makita ko ang mangyayari!" Patuloy niyang tinutupad ang kanyang mga tipan.

Itinuro ni Nephi:

"Matapos na kayo ay mapasamaki- pot at makitid na landas, itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi. . . .

"Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapa- kabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."<sup>7</sup>

Bawat isa sa atin ay nasa landas na iyan. Ngayong gabi inawit natin ang paglakad sa liwanag. Bilang indibidu- wal, malalakas tayo. Kapag kasama natin ang Diyos, walang makakahad- lang sa atin.

Sinabi ng Panginoon kay Emma Smith, "Dahil dito, pasiglahin ang iyong puso at magalak, at tuparin ang mga tipan na iyong ginawa."<sup>8</sup>

Talagang nagagalak tayo na sa pag- tupad natin sa ating mga tipan, mada- rama natin ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng ating Tagapaglig- tas na si Jesucristo. Pinatototohanan ko na Sila ay buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. "Turang Lumakad sa Liwanag," *Mga Himno*, blg. 192; o *Aklat ng mga Awit Pambata*, 70.
2. Robert D. Hales, "Ang Tipan ng Pagbibinyag: Ang Maging Nasa Kaharian at para sa Kaharian," *Liahona*, Ene. 2001, 8, 7.
3. David A. Bednar, "Marangal na Humawang Pangalan at Katayuan," *Liahona*, Mayo 2009, 98.
4. Mosias 18:9.
5. 2 Nephi 11:5.
6. Doktrina at mga Tipan 20:77.
7. 2 Nephi 31:19–20.
8. Doktrina at mga Tipan 25:13.







**Ni Bonnie L. Oscarson**  
Young Women General President

# Kapatiran ng Kababaihan: Ah, Kailangang-Kailangan Natin ang Isa't Isa

*Kailangan nating tumigil sa pagtutuon sa ating mga pagkakaiba at hanapin ang ating mga pagkakatulad.*

**S**a video na iyan nakita natin ang walong bansa at napakinggan ang siyam na iba't ibang wika. Isipin ninyo kung gaano karaming wika ang idinagdag sa huling taludtod. Nakatutuwang malaman na bilang pandaigdigang kapatiran naisatinig natin ang ating patotoo sa walang-hanggang katotohanan na tayo ay mga anak na babae ng isang mapagmahal na Ama sa Langit.

Napakalaking pribilehiyo ang maparito sa makasaysayang okasyong ito at magsalita sa lahat ng kababaihan ng Simbahan na edad walo pataas. Matindi ang lakas ng pagkakaisa natin ngayong gabi. Habang nakikita kong nakatipon tayong lahat sa Conference Center at iniisip ang libu-libo pang iba na nanonood sa brodkast na ito sa iba't ibang lugar sa mundo, ang pinagsamang lakas ng ating mga patotoo at pananampalataya kay Jesucristo ang tiyak na bumubuo sa isa sa mga pagtitipon

ng kababaihang puno ng pananampalataya at lakas sa kasaysayan ng Simbahan, kung hindi man ng mundo.

Ngayong gabi nagagalak tayo sa iba't ibang tungkulin natin bilang

kababaihan sa Simbahan. Bagama't sa maraming paraan ay magkakaiba tayo, kinikilala rin natin na tayong lahat ay anak ng iisang Ama sa Langit, kaya tayo'y magkakapatid. Nagkakaisa tayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos at sa mga tipang ginawa natin, anuman ang ating kalagayan. Ang pinagsamang pagtitipong ito, ay walang alinlangan na pinakadakilang kapatiran ng kababaihan sa balat ng lupa!<sup>1</sup>

Ang pagiging magkakapatid ay nagpapahiwatig na may nagbibigkis sa atin na hindi makakalag. Ang magkakapatid ay pinangangalaan ang isa't isa, iniingatan ang isa't isa, inaaliw ang isa't isa, at naroon para sa isa't isa anuman ang mangyari. Sinabi ng Panginoon, "Sinasabi ko sa inyo, maging isa, at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin."<sup>2</sup>

Gusto ng kaaway na pintasan o hugahan natin ang isa't isa. Gusto niyang magtuon tayo sa ating mga pagkakaiba at ikumpara ang ating sarili sa isa't isa. Maaaring gusto ninyo ng matinding ehersisyo isang oras bawat araw dahil gumaganda ang pakiramdam ninyo, samantalang matinding ehersisyo na para sa akin ang pumanik ng hagdan sa halip na sumakay sa elevator. Puwede pa rin tayong maging magkakaibigan, 'di ba?

Maaaring pinahihirapan nating mga babae ang ating sarili. Kapag ikinumpara natin ang ating sarili sa isa't isa, lagi tayong makakaramdam ng



**Sydney, Australia**

kakulangan o hinanakit sa iba. Sinabi minsan ni Sister Patricia T. Holland, “Ang totoo, hindi natin matatawag ang ating sarili na Kristiyano kung patuloy nating huhusgahan ang isa’t isa—o ang ating sarili—nang napakalupit.”<sup>3</sup> Sinabi pa niya na walang dahilan para mawala ang ating habag at kapatiran. Kailangan lang nating mapanatag at magalak sa mabubuting pagkakaiba natin. Kailangan nating matanto na hangad nating lahat na maglingkod sa kaharian, gamit ang ating kakaibang mga talento at kaloob sa sarili nating mga paraan. Sa gayon ay magagalak tayo sa ating kapatiran at sa ating pagsasamahan at magsisimula tayong maglingkod.

Ang totoo, talagang kailangan natin ang isa’t isa. Likas sa babae ang maghanap ng kaibigan, suporta, at kasama. Marami tayong matututuhan sa isa’t isa, at madalas ay tayo mismo ang pumipigil sa ating sarili na makisama sa iba na maaaring isa sana sa mga pinakamalaking pagpapala natin sa buhay. Halimbawa, kailangan naming mga nakatatanda ang maibabahagi ninyong mga bata sa Primary. Marami kaming matututuhan sa inyo tungkol sa paglilingkod at pagmamahal na tulad ni Cristo.

Napakinggan ko kamakailan ang magandang kuwento tungkol sa batang si Sarah, na ang ina ay nakatulong sa isa pang babae sa kanilang ward na si Brenda, na may multiple sclerosis. Gustung-gustong sumama ni Sarah sa kanyang ina sa pagtulong kay Brenda. Pinapahiran niya ng lotion ang mga kamay ni Brenda at minamasahe ang mga daliri at braso nito dahil madalas ay nasasaktan ito. Sa gayon ay natuto si Sarah na dahan-dahang itaas ang mga braso ni Brenda para iehersisyo ang mga kalamnan nito. Sinusuklayan ni Sarah ang buhok ni Brenda at kinakausap ito habang inasikaso ng kanyang ina ang iba pang mga pangangailangan nito. Natutuhan ni Sarah na mahalaga at masayang maglingkod sa iba at naunawaan niya na kahit ang isang bata ay makakagawa ng kaibhan sa buhay ng iba.

Gustung-gusto ko ang halimbawa sa unang kabanata ng Lucas na



naglalarawan ng magandang samahan ni Maria, ang ina ni Jesus, at ng kanyang pinsang si Elisabet. Dalagita pa lang si Maria nang ipaalam sa kanya ang natatangi niyang misyon na maging ina ng Anak ng Diyos. Noong una tila napakabigat na responsibilidad siguro niyon para pasanin niyang mag-isa. Ang Panginoon Mismo ang naglaan ng isang tao kay Maria na makakatulong sa kanya. Sa pamamagitan ni anghel Gabriel, ipinaalam kay Maria ang pangalan ng mapagkakatiwalaan at madamayng babae na mahihingan niya ng tulong—ang pinsan niyang si Elisabet.

Ang dalaga at pinsan niyang ito, na “may pataw ng maraming taon,”<sup>4</sup> ay mahimala ring nagdalantao, at naiisip ko kung gaano kahalaga sa kanilang dalawa ang tatlong buwang pinagsamahan nila dahil nakapag-usap sila, nagdamayan, at nagtutungan sa kakaiba nilang mga tungkulin. Kahanga-hanga silang huwaran ng pagkalinga ng mga babae sa magkakaibang henerasyon.

Tayong medyo mas husto ang kaisipan ay makakaimpluwensya nang malaki sa nakababatang henerasyon. Noong bata pa ang nanay ko, parehong di-aktibo sa Simbahan ang mga magulang niya. Kahit sa murang edad na limang taon, mag-isa siyang naglakad papunta sa simbahan at dumalo sa kanyang mga miting—Primary, Sunday School, at sacrament meeting—na iba-iba ang oras.

Kamakailan ay tinanong ko ang nanay ko kung bakit niya ginawa iyon linggu-linggo gayong hindi siya sinuportahan o hinikayat ng pamilya.

Ang sagot niya ay: “Minahal ako ng mga guro ko sa Primary.” Minahal siya ng mga gurong ito at itinuro sa kanya ang ebanghelyo. Itinuro nila sa kanya na mayroon siyang Ama sa Langit, na nagmamahal sa kanya, at ang pagmamalasakit nila sa kanya ang dahilan kaya siya nagpabalik-balik linggu-linggo. Sabi sa akin ng nanay ko, “Iyan ang isa sa pinakamahahalagang impluwensya sa buhay ko noong bata pa ako.” Sana mapasalamatan ko ang mababait na kapatid na ito balang-araw! Hindi hadlang ang edad sa paglilingkod nang tulad ni Cristo.

Ilang linggo na ang nakararaan, nakilala ko ang isang stake Young Women president sa California na nagsabi sa akin na ang kanyang 81-taong-gulang na ina ay tinawag kamakailan na maging Mia Maid adviser. Naintriga ako kaya tinawagan ko ang kanyang ina. Nang kausapin ng bishop si Sister Val Baker, inaasam niyang matawag bilang librarian o ward historian. Nang hilingin sa kanya ng bishop na maglingkod bilang Mia Maid adviser sa Young Women, ang reaksyon niya ay, “Sigurado ba kayo?”

Taos na sumagot ang kanyang bishop, “Sister Baker, huwag kang magkakamali; ang tawag na ito ay mula sa Panginoon.”

Wala raw siyang ibang naisagot kundi, “Oo naman.”

Natutuwa ako sa inspirasyong naramdama ng bishop na ito na maraming matututuhan ang apat na Mia Maid sa kanyang ward mula sa karunungan, karanasan, at habambuhay na halimbawa ng may edad na kapatid na ito. At hulaan ninyo kung kanino

pupunta si Sister Baker kapag kailangan niya ng tulong sa paglikha ng Facebook page?

Naiisip ko ang malaking tulong na maibibigay ng mga kapatid sa Relief Society sa pagtanggap sa mga kabataang babae na kagagaling lang sa Young Women. Madalas madama ng ating mga kabataang babae na parang hindi sila kabilang o wala silang pagkakatulad sa mga miyembro ng Relief Society. Bago sila tumuntong sa edad na 18 taon, kailangan nilang marinig ang mga lider ng Young Women at mga ina na masayang magpapatotoo sa malalaking pagpapala ng Relief Society. Kailangan nilang kasabikan ang mapabilang sa gayon kadakilang organisasyon. Kapag dumalo na ang mga kabataang babae sa Relief Society, ang kailangang-kailangan nila ay isang kaibigang makakatabi sa upuan, isang maghihikayat sa kanila, at isang pagkakataong magturo at maglingkod. Pagsikapan nating lahat na magtutulongan sa mga pagbabago at mahalagang pangyayari sa ating buhay.

Salamat sa lahat ng kababaihan ng Simbahan na nagtutulungan iba man ang kanilang henerasyon at kultura na pagpalain at paglingkuran ang iba. Pinaglilingkuran ng mga kabataang babae ang mga batang Primary at matatanda. Ang mga dalagang iba't iba ang edad ay naglalaan ng maraming oras sa pagtuon sa mga pangangailangan ng mga tao sa paligid nila. Pinasalamatan namin ang libu-libong dalaga na nag-uukol ng 18 buwan ng kanilang buhay para ibahagi ang ebanghelyo sa mundo. Lahat ng ito ay nagpapatunay sa isinasaad sa ating himno, "Sa kababaihan 'pinagkakatiwala, [dakilang gawain ng mga anghel]." <sup>5</sup>

Kung mayroong mga hadlang, tayo mismo ang lumikha niyon. Kailangan nating tumigil sa pagtutuo sa ating mga pagkakaiba at hanapin ang ating mga pagkakatulad; sa gayon ay maaabot natin ang ating pinakadakilang potensyal at makakamtan natin ang pinakamabuti sa buhay na ito. Minsan ay sinabi ni Sister Marjorie P. Hinckley, "Ah, kailangang-kailangan natin ang isa't isa. Kaming matatanda



**Vienna, Austria**

ay kailangan kayong mga bata. At, sana, kayong mga bata ay kailangan kaming matatanda. Sa pakikihalubilo sa lipunan totoong kailangan ng kababaihan ang isa't isa. Kailangan natin ng malalim at nakasisiya at tapat na pagkakaibigan."<sup>6</sup> Tama si Sister Hinckley; ah, kailangang-kailangan natin ang isa't isa!

Mga kapatid, wala nang ibang grupo ng kababaihan sa mundo na higit ang mga pagpapala kaysa sa ating kababaihang Banal sa mga Huling Araw. Tayo ay mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon, at anuman ang kani-kanya nating mga kalagayan, tayong lahat ay magtatamasa ng lubos na mga pagpapala ng kapangyarihan ng priesthood sa pagtupad sa mga tipang ginawa natin sa binyag at sa templo. Tayo ay may buhay na mga propeta para mamuno at magturo sa atin, at nasa atin ang dakilang kaloob na Espiritu Santo, na nagbibigay ng kapanatagan at gabay sa ating buhay. Pinagpala tayong makipagtutungan sa matwid na kalalakihan habang pinalalakas natin ang ating mga tahanan at pamilya. Makakamit natin ang lakas at kapangyarihan ng mga ordenansa sa templo at marami pang iba.

Bukod pa sa pagtatamasa ng lahat ng kamangha-manghang pagpapalang ito, narito tayo para sa isa't isa—magkakapatid sa ebanghelyo ni

Jesucristo. Biniyayaan tayo ng likas na mapagmahal at mapagkawangawang katangian kaya tulad ni Cristo ay minamahal at pinaglilingkuran natin ang mga nasa paligid natin. Kapag hindi natin pinansin ang pagkakaiba natin sa edad, kultura, at kalagayan upang kalingain at paglingkuran ang isa't isa, mapupuspos tayo ng dalisay na pagmamahal ni Cristo at ng inspirasyong magpapaalam sa atin kung kailan at kanino tayo maglilingkod.

Ipinapaabot ko sa inyo ang paanyayang sinabi noon ng isang general Relief Society president na nagsabing, "Inaanyayahan ko kayo na huwag lamang higit na mahalín ang isa't isa, kundi mahalín ang isa't isa nang *mas matindi pa*."<sup>7</sup> Nawa'y matanto natin kung gaano natin kailangan ang isa't isa, at nawa'y mas mahalín natin ang isa't isa, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### **MGA TALA**

1. Tingnan sa Barbara B. Smith, "The Bonds of Sisterhood," *Ensign*, Mar. 1983, 20–23.
2. Doktrina at mga Tipan 38:27.
3. Patricia T. Holland, "One Thing Needful: Becoming Women of Greater Faith in Christ," *Ensign*, Okt. 1987, 29.
4. Lucas 1:7.
5. "Bilang mga Magkakapatid sa Sion," *Mga Himno*, blg. 197.
6. *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley*, ed. Virginia H. Pearce (1999), 254–55.
7. Bonnie D. Parkin, "Piliing Ibigin ang Kapwa: Ang Magaling na Bahaging Iyon," *Liahona*, Nob. 2003, 105.



**Ni Linda K. Burton**  
Relief Society General President

# Wanted: Mga Kamay at mga Pusong Magpapabilis sa Gawain

*Maiaalok natin ang ating mga kamay para tumulong at mga puso para mapabilis ang dakilang gawain ng Ama sa Langit.*

Mga kapatid, mahal na mahal namin kayo! Habang pinapanood natin ang magandang video na iyon, nakita ba ninyo ang sarili ninyong kamay na tumutulong sa isang tao sa pagtahak sa landas ng tipan? Naisip ko ang batang babae sa Primary na si Brynn na iisa lamang ang kamay, subalit ginagamit niya ang kamay na iyon sa pagtulong na mapagpala ang kanyang pamilya at mga kaibigan—na mga Banal sa mga Huling Araw at di-miyembro ng Simbahan. Maganda siya, ‘di ba? At kayo rin! Mga kapatid, maiaalok natin ang ating mga kamay para tumulong at mga puso para mapabilis ang dakilang gawain ng Ama sa Langit.

Tulad ng alam ng matatapat na kapatid natin sa mga banal na kasulatan, na sina Eva, Sara, Maria, at marami pang iba, ang kanilang pagkatao at layunin, alam ni Brynn na siya ay anak

ng Diyos.<sup>1</sup> Maaari din nating malaman ang ating banal na pamana bilang minamahal na mga anak ng Diyos at ang mahalagang gawaing ipinagagawa Niya sa atin.



Itinuro ng Tagapagligtas, “Kung ang sinomang tao ay nagiiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo.”<sup>2</sup> Ano ang kailangan nating malaman at gawin “nang Siya’y makapiling?”<sup>3</sup> Maaari tayong matuto mula sa kuwento tungkol sa mayamang binata na nagtanong kay Jesus kung ano ang kailangan niyang gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Sinagot siya ni Jesus, “Kung ibig mong pumasok sa buhay, [sundin] mo ang mga utos.”

Tinanong Siya ng binata kung alin doon ang dapat niyang sundin. At ipinaalala ni Jesus sa kanya ang ilan sa Sampung Utos na pamilyar sa ating lahat.

Sumagot ang binata, “Ang lahat ng mga bagay na ito ay ginanap ko: ano pa ang kulang sa akin?”

Sinabi ni Jesus, “Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.”<sup>4</sup>

Tinawag siya ni Jesus na maging bahagi ng Kanyang gawain—ang gawain ng disipulo. Iisa ang ating gawain. Kailangan nating “isantabi muna ang mga bagay ng daigdig, . . . tuparin ang [ating] mga tipan,”<sup>5</sup> at lumapit kay Cristo at sundin Siya. Iyan ang ginagawa ng mga disipulo!

Ngayon, mga kapatid, huwag tayong malungkot sa sinabi ng Tagapagligtas sa mayamang binata tungkol sa pagiging sakdal. Ang salitang *sakdal* sa salaysay na ito ay isinalin mula sa salitang Griyego na ibig sabihin ay “ganap.” Kapag ginawa natin ang lahat para makasulong sa landas ng tipan, nagiging mas ganap at sakdal tayo sa buhay na ito.

Gaya ng mayamang binata sa panahon ni Jesus, kung minsang’y natutukso tayong sumuko o bumalik sa dating gawi dahil maaaring iniisip natin na hindi natin ito kayang gawing mag-isa. At tama tayo! Hindi natin magagawa ang mahihirap na bagay na ipinagagawa sa atin nang walang tulong. Dumarating ang tulong sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo,

sa patnubay ng Espiritu Santo, at sa pagtulog ng iba.

Nagpatotoo ang isang tapat na dalaga kamakailan na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, nagkaroon siya ng lakas na tumulong at buong-puso niyang pinalaki ang apat na batang naiwan ng kanyang kapatid na namatay sa kanser. Ipinaalala niyon sa akin ang sinabi ni Elder Neal A. Maxwell: “Lahat ng madadaling bagay na dapat gawin ng Simbahan ay nagawana. Mula ngayon, mas mahirap ang gawain, at ang pagsunod ay susubukan sa ilang nakatutuwang paraan.”<sup>6</sup> Ipinadala kayo sa mundo sa dispensasyong ito dahil sa inyong pagkatao at sa gawaing inihanda para sa inyo! Anuman ang sikaping ipaisip sa atin ni Satanas tungkol sa kung sino tayo, ang tunay nating pagkatao ay bilang disipulo ni Jesucristo!

Si Mormon ay isang tunay na disipulong nabuhay sa panahon na “bawat puso ay tumigas, . . . at hindi kailanman nagkaroon ng gayon kalaking kasamaan sa lahat ng anak ni Lehi.”<sup>7</sup> Gugustuhin ba ninyong mabuhay sa panahong iyon? Subalit matapang na ipinahayag ni Mormon, “Masdan, ako ay disipulo ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos.”<sup>8</sup>

Hindi ba kaibig-ibig si Mormon? Alam niya kung sino siya at kung ano ang kanyang misyon at hindi siya nalito sa kasamaang nakapalibot sa kanya. Katunayan, itinuring niyang kaloob ang pagtawag sa kanya.<sup>9</sup>

Isipin kung gaano kapalad tayong matawag upang ipagkaloob araw-araw ang ating pagkadisipulo sa Panginoon, na ipinapahayag sa salita at sa gawa, “Masdan, ako’y disipulo ni Jesucristo!”

Gusto ko ang kuwento ni Pangu-long Boyd K. Packer tungkol sa mabait na babaeng pinagtawanan dahil sinunod niya ang payo ng propeta na mag-imbak ng pagkain. Ipinahiwatig ng pumuna na kung sakaling dumating ang taghirap, hihilingin sa kanya ng kanyang mga lider na ibahagi ang imbak niyang pagkain sa iba. Ang simple at matigas niyang tugon bilang tunay na disipulo ay, “Kahit paano may madadala ako.”<sup>10</sup>



**Gilbert, Arizona, USA**

Mahal ko ang kababaihan ng Simbahan, mga bata at matanda. Nakita ko na ang inyong katatagan. Nakita ko na ang inyong pananampalataya. May maibibigay kayo at handa kayong ibigay ito. Ginagawa ninyo ito nang hindi ipinaaalang sa publiko, na nakatuon sa Diyos na ating sinasamba, hindi sa inyong sarili, at hindi iniisip kung ano ang kapalit nito.<sup>11</sup> Iyan ang ginagawa ng mga disipulo!

Kamakailan ay nakilala ko ang isang dalagita sa Pilipinas na ang pamilya’y naging di-gaanong aktibo sa Simbahan noong siya ay 7 taong gulang, at mag-isa siyang naglalakad



sa mapanganib na kalsada papunta sa Simbahan linggu-linggo. Sinabi niya na sa edad na 14 nagpasiya siyang manatiling tapat sa kanyang mga tipan para maging karapat-dapat siyang magkaroon ng sariling pamilya sa isang tahananang “pagkasaserdote ang gabay.”<sup>12</sup> Ang pinakamainam na paraan para mapatatag ang pamilya, ngayon o sa hinaharap, ay tuparin ang mga tipan, ang mga pangako natin sa isa’t isa at sa Diyos.

Iyan ang ginagawa ng mga disipulo!

Bumisita ang isang matapat na miyembrong Haponesa at kanyang asawa sa mission namin sa Korea. Hindi siya nagsasalita ng Korean at kakaunti ang alam niyang Ingles, ngunit kusang-loob niyang ginamit ang kanyang kakaibang mga talento at tumulong sa gawain ng Panginoon. Iyan ang ginagawa ng mga disipulo! Itinuro niya sa mga missionary namin kung paano gumawa ng simpleng origami—isang bibig na bukas-sara. Noon niya ginamit ang iilang salitang Ingles na alam niya para ituro sa mga missionary na “bukasan ang kanilang mga bibig” para ibahagi ang ebanghelyo—isang aral na hinding-hindi nila malilimutan, at hindi ko rin malilimutan.

Ilarawan sa isipan na sama-sama tayong nakatayo kasama ang



“Ang tanong ko’y, ‘Magiging isa ka ba sa mga babaing iyon?’”<sup>13</sup>

Umaasa ako na bawat isa sa atin ay makakasagot ng malakas na “Oo!” Magtatapos ako sa mga titik ng isang awit sa Primary:

*Nakipagtipan tayong [kababaihan na] ipamuhay,  
Ebanghelyo na sa ‘ti’y ibinigay.  
Sa gawa’t kilos magpapatotoo:  
Nananalig tayo kay Cristo.*<sup>14</sup>

Bilang tunay na mga disipulo, nawa’y kusang-loob tayong tumulong para mapabilis ang Kanyang gawain. Hindi mahalaga kung iisa lang, gaya ni Brynn, ang kamay natin. Hindi mahalaga kung hindi pa tayo sakdal at ganap. Tayo’y matatapat na disipulong nagtutulungan sa pagtahak sa landas ng buhay. Ang ating kapatiran ay umaabot sa mga henerasyon hanggang sa matatapat na kababaihang nauna sa atin. Sama-sama, bilang magkakapatid at nakikiisa sa buhay na mga propeta, tagakita, at tagapaghayag na may ipinanumbalik na mga susi ng priesthood, maaari tayong magkaisa, bilang mga disipulo, bilang mga lingkod na kusang-loob na tumutulong para mapabilis ang gawain ng kaligtasan. Sa paggawa nito, magiging katulad tayo ng Tagapagligtas. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa “Brynn,” [lds.org/media-library/video/2011-01-007-brynn](https://www.lds.org/media-library/video/2011-01-007-brynn).
2. Juan 7:17.
3. “Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189; o *Aklat ng mga Awit Pambata*, 2–3.
4. Tingnan sa Mateo 19:16–22.
5. Doktrina at mga Tipan 25:10, 13.
6. Neal A. Maxwell, “The Old Testament: Relevancy within Antiquity” (mensahe sa Church Educational System religious educators, Ago. 16, 1979), 4; [si.lds.org](https://www.lds.org).
7. Mormon 4:11–12.
8. 3 Nephi 5:13.
9. Tingnan sa Moroni 7:2.
10. Sa Boyd K. Packer, “The Circle of Sisters,” *Ensign*, Nob. 1980, 111.
11. Tingnan sa 2 Nephi 26:29–30.
12. “Dito ay May Pag-ibig,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 102–3.
13. M. Russell Ballard, “Kababaihan ng Kabutihan,” *Liahona*, Dis. 2002, 39.
14. “Magkahawak-kamay sa Ebanghelyo,” *Liahona*, Okt. 2003, K12–13.

milyun-milyon pang mga baba’e’t lalaki sa Kanyang Simbahan, na humahayo nang buong tapang, at ginagawa ang gawain ng mga disipulo—naglilingkod at nagmamahal na gaya ng Tagapagligtas. Ano ang kahulugan sa inyo ng maging disipulo ni Jesucristo?

Ang mga tsaleko at kamisetang may tatak na Mormon Helping Hands ay naisuot na ng libu-libong di-makasariling disipulo ni Jesucristo na sinamantala ang pagkakataong maglingkod. Ngunit may iba pang mga paraan ng paglilingkod bilang matatapat na disipulo. Wariin natin ang ilang posibleng espirituwal na mga karatulang “help wanted” na may kaugnayan sa gawain ng kaligtasan:

- Help wanted: mga magulang na palalakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan
- Help wanted: mga anak, kapatid, tita at tito, pinsan, lolo’t lola, at matatapat na kaibigang magtuturo at mag-aalok ng tulong sa pagtahak sa landas ng tipan
- Help wanted: mga nakikinig sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo at kumikilos ayon sa mga pahiwatig na natanggap

- Help wanted: mga namumuhay sa ebanghelyo araw-araw sa maliliit at mga simpleng paraan
- Help wanted: mga family history at temple worker na mag-uugnay sa mga pamilya sa kawalang-hanggan
- Help wanted: mga missionary at miyembro na magpapalaganap ng “mabuting balita”—ang ebanghelyo ni Jesucristo
- Help wanted: mga tagasagip na maghahanap sa mga naligaw ng landas
- Help wanted: mga tumutupad ng tipan na maninindigan para sa katotohanan at tama
- Help wanted: mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo

Ilang taon na ang nakalipas, malinaw ang panawagan ni Elder M. Russell Ballard sa kababaihan ng Simbahan nang sabihin niyang:

“Mula ngayon hanggang sa araw na muling pumarito ang Panginoon, kailangan Niya ng kababaihan sa bawat pamilya, sa bawat ward, sa bawat komunidad, sa bawat bansa na susulong sa kabutihan at sasabihin sa pamamagitan ng kanilang salita at kilos na, ‘Narito ako, isugo ako.’



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**  
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Mga Anak na Babae sa Tipan

*Ang landas . . . na kailangan nating tahakin pabalik sa ating Ama sa Langit . . . ay minarkahan ng mga sagradong pakikipagtipan sa Diyos.*

**N**aturuan tayo nang may espirituwal na kapangyarihan sa gabing ito. Dalangin ko na ang mga salitang binigkas ng mga dakilang babaing lider na ito ay tumimo sa inyong puso tulad sa akin.

Makasaysayan ang pulong na ito. Lahat ng kababaihan ng Simbahan na edad walo pataas ay naanyayahang makiisa sa atin sa gabing ito. Marami sa atin ang nanalangin na mapasaatin ang Espiritu Santo. Ipinagkaloob ang pagpapalang iyan nang marinig natin ang pagsasalita ng kababaihang ito at mapakinggan natin ang nakasisiglang musika. Dalangin ko na patuloy na mapasaatin ang Espiritu habang naghihikayat at nagpapatotoo ako bilang karagdagan sa nasabi na—at lalo na para magpatotoo na ang nasabi sa atin ay ang nais ng Panginoon na marinig natin.

Magsasalita ako ngayong gabi tungkol sa landas—na sa napakagandang paraan ay nailarawan ngayon—na tatahakin natin pabalik sa ating Ama sa Langit. Ang landas na iyan ay minarkahan ng mga sagradong pakikipagtipan sa Diyos. Magsasalita ako sa inyo tungkol sa kagalakan ng

paggawa at pagtupad ng mga tipang iyon at pagtulong sa iba na tuparin ang mga iyon.

Ang ilan sa inyo ay nabinyagan kamakailan at natanggap ang kaloob na Espiritu Santo sa pagpapatong ng mga kamay. Sa inyo ay sariwa pa ang alaalang iyon. Ang iba naman ay matagal nang nabinyagan, kaya't ang alaala ng nadama ninyo nang maki-pagtipan kayo ay maaaring hindi na ganoon kalinaw, ngunit bumabalik

ang damdaming iyon tuwing pinakikinggan ninyo ang mga panalangin sa sakramento.

Wala sa atin ang magkakapareho ang alaala tungkol sa araw na ginawa natin ang sagradong tipang iyon sa binyag at tinanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo. Ngunit nadama ng bawat isa sa atin ang pagsang-ayon ng Diyos. At nadama natin ang hangaring magpatawad at mapatawad at ang higit na determinasyong gawin ang tama.

Ang tindi ng epekto ng damdaming iyon sa puso ninyo ay batay sa paraan ng paghahanda sa inyo ng mapagmahal na mga tao. Sana kayong mga sumapi sa Simbahan kamakailan ay pinagpalang makatabi sa upuan ang inyong ina. Kung makatabi kayo, bigyan ninyo siya ng ngiti ng pasasalamat ngayon din. Naaalala ko na nakadama ako ng kagalakan at pasasalamat habang nakaupo ako sa likuran ng nanay ko pauwi mula sa binyag ko sa Philadelphia, Pennsylvania.

Ang nanay ko ang naghandang mabuti sa akin sa paggawa ng tipang iyon at sa lahat ng iba pang kasunod niyon. Naging tapat siya sa utos na ito ng Panginoon:

“At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na natatag, na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag



**Raymond, Alberta, Canada**



**Palmyra, New York, USA**

at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.

“Sapagkat ito ay magiging batas sa mga naninirahan sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag.

“At ang kanilang mga anak ay bibinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng walong taong gulang, at tatanggapin ang [Espiritu Santo].”<sup>1</sup>

Ginawa ni Inay ang kanyang bahagi. Naihanda niya ang kanyang mga anak sa mga salitang tulad ng kay Alma, na nakatala sa Aklat ni Mormon:

“At ito ay nangyari na, na kanyang sinabi sa kanila: Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon (sapagkat sa gayon ang mga yaon ay tinawag) at ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at naha-handang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos,

at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan—

“Ngayon, sinasabi ko sa inyo, kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?

“At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.”<sup>2</sup>

Maaaring hindi kayo pumalakpak nang una ninyong marinig ang paanyayang makipagtipan sa binyag, ngunit tiyak na nadama ninyo ang pagmamahal ng Tagapagligtas at mas nangako kayong pangalaan ang iba para sa Kanya. Masasabi ko na “tiyak” na dahil ang mga damdaming iyon ay nasa kaibuturan ng puso ng lahat ng mga anak na babae ng Ama sa Langit. Bahagi iyan ng inyong banal na pamana mula sa Kanya.

Tinuruan Niya kayo bago kayo pumarito sa buhay na ito. Tinulungan Niya kayong maunawaan at tanggapin

na magkakaroon kayo ng mga pagsubok at pagkakataon na pinili para lamang sa inyo. Nalaman ninyo na ang ating Ama ay may plano ng kaligayahan para malampasan ninyo ang mga pagsubok na iyon at na tutulungan ninyo ang iba na malampasan ang kanilang mga pagsubok. Ang planong ito ay minarkahan ng mga pakikipagtipan sa Diyos.

Malaya tayong pumili kung gagawin at tutuparin natin ang mga tipang iyon. Iilan lamang sa Kanyang mga anak na babae ang may pagkakataon sa buhay na ito na malaman ang tungkol sa mga tipang iyon. Kabilang kayo sa ilang mapapalad. Kayong minamahal na mga kapatid, bawat isa sa inyo ay anak sa tipan.

Tinuruan kayo ng Ama sa Langit bago kayo isinilang tungkol sa mga mararanasan ninyo sa paglisan ninyo sa Kanyang piling at pumarito kayo sa lupa. Itinuro sa inyo na ang landas pabalik sa Kanya ay hindi magiging madali. Alam Niya na lubha kayong mahihirapang maglakbay nang walang tulong.

Mapalad kayo na hindi lamang makita ang paraan para magawa ang mga tipang iyon sa buhay na ito kundi mapalibutan din kayo ng iba pang tulong—na, tulad ninyo, ay mga anak sa tipan ng Ama sa Langit.

Nadama ninyong lahat ang pagpapala na makasama ang mga anak na babae ng Diyos ngayong gabi na nakipagtipan din na tumulong at patnubayan kayo tulad ng ipinangako nilang gawin. Nakita ko na ang nakita ninyo habang tinutupad ng mga pinagtipang babae ang pangakong iyon na mang-alo at tumulong—at gawin ito nang nakangiti.

Naaalala ko ang ngiti ni Sister Ruby Haight. Siya ang asawa ni Elder David B. Haight, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol. Noong binata pa siya naglingkod siya bilang pangulo ng Palo Alto Stake sa California. Ipinagdasal niya, at nag-alala siya, tungkol sa mga batang babae sa Mia Maid class sa kanyang ward.

Kaya nabigyang-inspirasyon si Pangulong Haight na hilingin sa



bishop na tawagin si Ruby Haight para magturo sa mga batang babaing iyon. Alam niya na magiging saksi si Ruby ng Diyos na magpapasigla, aalo, at magmamahal sa mga batang babae sa klaseng iyon.

Mga 30 taon ang tanda ni Sister Haight sa mga batang babaing tinuruan niya. Subalit 40 taon matapos niya silang turuan, tuwing magkikita sila ng asawa ko, isa siya noon sa mga bata sa klase niya, ay iaabot niya ang kanyang kamay, ngingiti, at sasabihin kay Kathy, “Ah! Ang Mia Maid ko.” Hindi lang iyon magiliw na pagbati. Nadama ko rin ang matinding pagmamahal niya sa isang babaeng pinagmalasakitan pa niya na parang sarili niyang anak. Ang kanyang ngiti at mainit na pagbati ay dahil sa nakikita niya na ang isang kapatid at anak na babae ng Diyos ay nasa tamang landas pa rin pauwi.

Nginingitian din kayo ng Ama sa Langit tuwing makikita Niya na tinutulongan ninyo ang isa Niyang anak na babae na sumulong sa landas ng tipan tungo sa buhay na walang hanggan. At natutuwa Siya tuwing sisikapin ninyong piliin ang tama. Nakikita Niya hindi lamang kung ano kayo ngayon kundi ang maaari ninyong kahinatnan.

Maaaring inisip ng magulang ninyo ang lupa na higit pa sa inaakala ninyo ang kaya ninyong abutin. Ganyan ang nanay ko.

Ang hindi ko alam noong bata pa ako ay na nakikita ng aking Ama sa Langit, na inyong Ama sa Langit, ang mas malaking potensyal ng Kanyang mga anak kaysa nakikita natin o kahit ng ating mga ina sa lupa. At tuwing susulong kayo paakyat para maabot ang inyong potensyal, nagpapaligaya ito sa Kanya. At madarama ninyo ang Kanyang pagsang-ayon.

Nakikita Niya ang dakilang potensyal sa lahat ng Kanyang mga anak na babae, saanman sila naroon. Ngayon, malaking responsibilidad ang dulot niyan sa bawat isa sa inyo. Umaasa Siya na ituturing ninyong anak ng Diyos ang bawat taong makikilala ninyo. Iyan ang dahilan kaya Niya tayo inuutusang mahal in ang ating kapwa gaya ng pagmamahal natin



sa ating sarili at patawarin sila. Ang inyong kabaitan at pagpapatawad sa iba ay banal na pamana Niya sa inyo bilang Kanyang anak. Bawat taong makilala ninyo ay Kanyang minamahal na espiritung anak.

Kapag nadama ninyo ang dakilang kapatirang iyon ng kababaihan, naglalaho ang inaakala nating naghihiwalay sa atin. Halimbawa, ipinapalam ng nakababata at nakatatandang mga babae ang kanilang damdamin na umaasang sila ay mauunawaan at tatanggapin. Mas magkakatulad kayo kaysa magkakaiba bilang mga anak na babae ng Diyos.

Sa ganitong pananaw, dapat ituring ng mga dalagita ang pagpasok nila sa Relief Society na isang pagkakataon para dumami ang mga miyembrong babae na makikilala, hahangaan, at mamahalin nila.

Ang kakayahan ding iyon na makita ang maaari nating kahinatnan ay nag-iibayo sa mga pamilya at sa Primary. Nangyayari ito sa mga family home evening at programa sa Primary. Ang maliliit na bata ay

nabibigyang-inspirasyong magsabi ng dakila at kagila-gilalas na mga bagay, tulad noong kalagan ng Tagapagligtas ang kanilang mga dila nang turuan Niya sila matapos Siyang mabuhay na mag-uli.<sup>3</sup>

Bagama't maaaring sinasalakay ni Satanas ang mga babae sa murang edad, lalong higit na dinaragdagan ng Panginoon ang antas ng espirituwalidad ng kababaihan. Halimbawa, tinuturuan ng mga dalagita ang kanilang mga ina kung paano gamitin ang FamilySearch para hanapin at ilitas ang kanilang mga ninuno. Ang ilang dalagitang kakilala ko ay pinipiling umalis nang napakaaga para magsagawa ng mga proxy baptism sa mga templo nang walang naghihikayat maliban sa Espiritu ni Elijah.

Sa mga mission sa iba't ibang panig ng mundo, ang kababaihan ay tinatawag na maglingkod bilang mga lider. Nilikha ng Panginoon ang pangangailangan sa kanilang paglilingkod sa pamamagitan ng pag-antig sa puso ng maraming kababaihan na maglingkod. Hindi lang iilang mission president



ang nakakita na nagiging mas mabisa ang mga sister missionary bilang mga proselyter at lalo na bilang mapag-arugang mga lider.

Full-time missionary man kayo ngayon o hindi, magkakaroon din kayo ng kakayahang pagyamanin ang pagsasama ninyong mag-asawa at magpalaki ng mararangal na anak sa pagsunod sa mga halimbawa ng mga dakilang babae.

Tingnan ninyo si Eva, ang ina ng lahat ng nabubuhay. Ganito ang sabi ni Elder Russell M. Nelson tungkol kay Eva: “Tayo at ang buong sangkatauhan ay pinagpala magpakailanman dahil sa tapang at karunungan ni Eva. Dahil siya ang naunang kumain ng bunga, ginawa niya ang kailangang gawin. Sapat ang talino ni Adan para gawin din iyon.”<sup>4</sup>

Bawat anak ni Eva ay may potensiyal na ihatid ang pagpapala ring iyon sa kanyang pamilya gaya ng ginawa ni Eva. Napakahalaga niya sa pagbuo ng mga pamilya kaya’t narito ang ulat sa atin tungkol sa paglikha sa kanya: “At sinabi ng mga Diyos: Gumawa tayo ng makakatuwang ng lalaki, sapagkat hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa,

kaya nga, tayo ay huhubog ng makakatuwang niya.”<sup>5</sup>

Hindi natin alam ang lahat ng naitulong ni Eva kay Adan at sa kanilang pamilya. Ngunit alam natin ang isang dakilang kaloob na ibinigay niya, na maibibigay din ng bawat isa sa inyo: tinulungan niya ang kanyang pamilya na makita ang landas pauwi noong tila mahirap ang landas papunta roon. “At si Eva, na kanyang asawa, ay narinig ang lahat ng bagay na ito at natuwa, nagsasabing: Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin.”<sup>6</sup>

Nakita na ninyo ang kanyang halimbawang susundan ninyo.

Sa pamamagitan ng paghahayag, natanto ni Eva ang landas pauwi sa Diyos. Nalaman niya na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, naging posible ang buhay na walang hanggan sa mga pamilya. Natiyak niya, at matitiyak din ninyo, na kapag tinupad niya ang kanyang mga tipan sa

kanyang Ama sa Langit, ang Manunubos at Espiritu Santo ay papatnubayan siya at ang kanyang pamilya anumang mga kalungkutan at pighati ang dumating. Alam niyang mapagkakatiwalaan niya Sila.

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

“Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”<sup>7</sup>

Alam kong naharap si Eva sa mga kalungkutan at pighati, ngunit alam ko rin na nagalak siya sa kaalaman na siya at ang kanyang pamilya ay makababalik sa piling ng Diyos. Alam ko na marami sa inyo na narito ngayon ang dumaranas ng mga kalungkutan at pighati. Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas na nawa’y madama ninyo, gaya ni Eva, ang kagalakang nadama niya sa inyong paglalakbay pauwi.

Tiyak ang aking patotoo na binabantayan kayo ng Diyos Ama nang buong pagmamahal. Mahal Niya ang bawat isa sa inyo. Kayo ang Kanyang mga anak sa tipan. Dahil mahal Niya kayo, ibibigay Niya ang tulong na kailangan ninyo upang iangat ang inyong sarili at ang iba pabalik sa Kanyang kinaroroonan.

Alam ko na binayaran ng Tagapagligtas ang halaga ng lahat ng ating kasalanan at na sumasaksi ang Espiritu Santo sa katotohanan. Nadama ninyo ang kapanatagan na iyan sa pulong na ito. Pinatotohanan ko na lahat ng susing nagbibigkis sa mga sagradong tipan ay naipanumbalik na. Hawak at ginagamit ang mga ito ngayon ng ating buhay na propetang si Panguulong Thomas S. Monson. Iniiwan ko ang mga salitang ito ng kapanatagan at pag-asa sa inyo, na Kanyang pinakamamahal na pinagtipanang mga anak, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 68:25–27.
2. Mosias 18:8–11.
3. Tingnan sa 3 Nephi 26:14.
4. Russell M. Nelson, “Constancy amid Change,” *Ensign*, Nob. 1993, 34.
5. Abraham 5:14.
6. Moises 5:11.
7. Mga Kawikaan 3:5–6.

# Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

TAGAPAGSALITA	KUWENTO
Neil L. Andersen	(18) Ipinagtanggol ng isang Laurel ang tradisyonal na kasal kahit binatikos siya at binansagan ng kung anu-anong pangalan.
M. Russell Ballard	(78) Nag-follow up si M. Russell Ballard kay Barbara Bowen, na nakilala niya sa isang sayawan sa kolehiyo, nagsimula silang magdeyt, at kalaunan ay nagpakasal. Inanyayahan ng isang walong-taong-gulang na batang lalaki ang kanyang kaibigan at pamilya nito sa ward open house sa Buenos Aires.
David A. Bednar	(87) Nakabuwelo ang trak sa niyebe matapos itong mapuno ng mabigat na kargada ng panggatong.
Linda K. Burton	(122) Nanatiling tapat ang isang dalagita sa Pilipinas sa kanyang mga tipan. Tinuruan ng isang Haponesa ang mga missionary nang bumisita ito sa Korea.
Quentin L. Cook	(44) Sinulatan ni Vilate Kimball ang kanyang asawa tungkol sa “napakagandang doktrina” ng binyag para sa mga patay, na inihayag ni Joseph Smith.
Henry B. Eyring	(22) Nandayuhan si Heinrich Eyring sa Amerika, sumapi sa Simbahan, tapat na naglingkod sa tatlong misyon, at nag-iwan ng pamana ng pag-asa sa kanyang pamilya. (62) Hinubog si Henry B. Eyring ng mga idolo niya noong bata pa siya: ang kanyang ama, kanyang lider sa Aaronic Priesthood, isang sundalong Amerikano, at ang manlalaro ng baseball na si Joe DiMaggio. (125) Apatnapung taon matapos tawagin para turuan si Kathy Johnson (magiging asawa ni Henry B. Eyring), nagpakita pa rin si Ruby Haight ng pagmamahal at malasakit sa kanya.
Donald L. Hallstrom	(53) Sa kabila ng mga pisikal na limitasyon, isang matapat na lalaki sa India ang nagmisyon at naghanda siya at ang kanyang pamilya na mabuklod sa Hong Kong China Temple.
Jeffrey R. Holland	(6) Walang kibong lumayo ang dalawang sister missionary sa isang lalaking nagsalita sa kanila ng masama, nambato sa kanila ng pagkain, at tinangkang sampalin ang isa sa kanila.
Thomas S. Monson	(66) Nanalangin gabi-gabi ang isang 18-taong-gulang na marino sa kabila ng mga pangungutya ng ibang mga kasama niya sa pulutong. Nagpatotoo ang isang binatilyo sa sacrament meeting ngunit nakita siya kinalaunan sa araw na iyon na naninigarilyo. (91) Naging matalik na magkaibigan ang dalawang babae matapos tulungan ng isa ang isa pa na matutuhan ang kanyang trabaho bilang mananahi sa isang pagawaan ng damit. Hindi nagreklamo ang mga pasahero ng isang eroplano nang lumihis ang kanilang eroplano sa kanilang destinasyon para sunduin ang isang sugatang batang lalaki at ilipad ito patungo sa ospital. Nagsisi ang isang babae sa hindi pagpayag na makiraan ang isang kapitbahay sa kanyang lupain.
Russell M. Nelson	(29) Nagpakita ng tapang at pananampalataya ang anak ni Russell M. Nelson na si Emily habang malala ang lagay niya sa sakit na kanser.
Bonnie L. Oscarson	(119) Natutong magalak ang isang batang babae sa paglilingkod sa iba nang alagaan nila ng kanyang ina ang isang babaeng may multiple sclerosis. Tinawag ang 81-taong-gulang na miyembrong babae para ibahagi ang kanyang karunungan, karanasan, at halimbawa bilang Mia Maid adviser sa ward.
Boyd K. Packer	(94) Tumanggap si Boyd K. Packer ng espirituwal na pahiwatig ng katotohanan ng ebanghelyo habang nagdarasal sa isang bunker noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
Ronald A. Rasband	(9) Natangay ng buhawi ang isang batang babaeng mag-aaral na nasa ikalimang baitang at pinrotektahan siya ng mga anghel.
Linda S. Reeves	(15) Itinuro ni Linda S. Reeves sa kanyang anak na babae kung paano makadarama ng kapanatagan ng kalooban sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas matapos makakita ang anak ng nakagagambalang mga larawan sa telebisyon.
Randall L. Ridd	(56) Nagpasiyang magmisyon ang isang binata sa halip na mag-asawa matapos niyang maunawaan kung sino siya sa premortal na daigdig.
Richard G. Scott	(32) Ang pagmamahal at halimbawa ng lola at ng magiging asawa ni Richard G. Scott ay nakatulong sa kanyang espirituwal na pag-unlad.
Jean A. Stevens	(81) Nadama ni Jean A. Stevens na dapat niyang aluking sumakay sa sasakyan niya ang isang binatilyong pauwi na naiwan ng bus sa paaralan. Kumapit nang mahigpit ang mga miyembro ng pamilya Gatrell sa ebanghelyo nang masuring may malalang kanser si Brother Gatrell.
Gary E. Stevenson	(84) Nanalo ng medalyang pilak ang LDS Olympian na si Noelle Pikus-Pace sa larong skeleton pagkaraan ng maraming taon ng pagsasanay at paghahanda. Nagpakita ng pagmamahal na katulad ni Cristo ang LDS Olympian na si Torah Bright nang yakapin niya ang isang kinakabahang kalaban sa half-pipe.
Michael John U. Teh	(106) Nanatiling tapat sa ebanghelyo ang isang 73-taong-gulang na Pilipina pagkatapos ng lindol at bagyo na pumatay sa kanyang pamilya.
William R. Walker	(97) Sumapi sa Simbahan sina Robert at Maria Harris at nanatili silang totoo at tapat sa ebanghelyo sa kabila ng hirap at pagkawalay.
Claudio D. Zivic	(39) Nagkamali ng landas na tatahakin si Claudio D. Zivic nang sundan niya ang isa pang hiker.
W. Craig Zwick	(41) Nagpakita ng pagmamahal sa isa't isa si W. Craig Zwick at ang kanyang asawa matapos tumalon ang huli mula sa loob ng kanilang semitruck na puno ng usok kasama ang kanilang sanggol na anak.

# Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

*Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang panimula sa talakayan ng pamilya o personal na pagninilay.*

## Para sa mga Bata

- Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na mapipili nating magpasalamat anumang hirap ang maranasan natin sa buhay (pahina 70). Ang pagpapasalamat ay tutulong sa atin na maging mas maligaya at mabait at manampalataya at magtiwala sa Diyos. Ano ang pakiramdam ninyo kapag nagpapasalamat kayo? Ano ang magagawa ninyo para makadama ng pasasalamat sa araw-araw?
- Nagkuwento si Bonnie L. Oscarson, Young Women general president, tungkol kay Sarah, isang dalagita sumama sa kanyang ina para tulungan si Brenda, isang babaeng may multiple sclerosis. Sinusuklay ni Sarah ang buhok ni Brenda, pinapahiran ng lotion ang mga kamay nito, minamasahe ang mga daliri at braso nito, at tinutulungan itong mag-ehersisyo (pahina 119). Isipin ang mga paraan na makapag-lilingkod kayo. Kahit bata pa kayo, marami kayong magagawa.
- Itinuro ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol kung paano ginagamit ng nagpapatakbo ng kabayo ang mga renda at preno para mahinahong gabayan at akayin ang isang pares o magkatuwang na mga kabayo (pahina 100).

Ang nagpapatakbo ang higit na nakakaalam, at sinusunod ng kabayo ang nagpapatakbo, tulad ng alam Panginoon ang pinakamainam para sa atin, at magiging masaya tayo kapag sumusunod tayo sa Kanya. Ang mga renda at preno ay katulad ng mga paramdam ng Espiritu Santo. Kailan ninyo nadama na ginabayan kayo ng Espiritu Santo? Ano ang pakiramdam ninyo?

- Nagkuwento si Jean A. Stevens, unang tagapayo sa Primary general presidency, tungkol sa batang lalaking hindi umabot sa huling bus sa araw na iyon at naglakad



pauwi (pahina 81). Dahil sa layo ng lalakaran, natakot siya at lumuhod para manalangin. Makalipas ang ilang minuto, ipinadama ng Espiritu kay Sister Stevens na huminto at tulungan siya. May naiisip ba kayong mga pagkakataon na sinagot ng Ama sa Langit ang inyong mga dalangin? Paano kayo nakatulong sa pagsagot sa panalangin ng iba?

## Para sa mga Kabataan

- Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na kailangan natin “ng tapang na magsabi ng hindi kapag nararapat, ng tapang na magsabi ng oo kapag angkop, ng tapang na gawin ang tama dahil ito ay tama.” Habang pinag-aaralan ninyo ang kanyang mensahe (pahina 66), pag-isipan ang mga hamong kinakaharap ninyo. Anong plano ang magagawa ninyo para magkaroon ng ganitong uri ng katapangan?
- Ipinaalala sa atin ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na kung mahal natin ang Tagapagligtas, susundin natin ang Kanyang mga utos at mamahalin ang iba tulad ng ginawa Niya (pahina 6). Habang ginagawa natin ito, kailangang maging handa tayong ipagtanggol ang ating mga paniniwala “nang may paggalang at habag.” May kakilala ba kayo na hindi sumasang-ayon sa anumang mga paniniwala ninyo? Paano kayo magiging magalang sa pagtalakay at pagtatanggol ninyo sa mga paniniwalang iyon?
- Nagsalita nang tuwiran ang ilang tagapagsalita sa mga kabataan. Halimbawa, nagbigay ng ilang mungkahi si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga kabataan kung paano daigin ang “mga espirituwal na buhaw,” tulad ng pagkakaroon ng kapayapaan sa templo (pahina 18). Habang binabasa ninyo ang kanyang mensahe at ang iba pang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, isiping isulat ang mga ideya kung paano manatiling matatag.
- Isa sa matitinding kasamaan



ngayon ang pornograpiya. Sinabi ni Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, na ang pinakamagandang filter o pansala laban sa gayong kasamaan ay isang malalim at matibay na patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo (pahina 15). Gaano kalakas ang inyong personal na filter? Ano ang magagawa ninyo para mapalakas ito?

#### **Para sa Matatanda**


- Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na kapag naunawaan natin ang “walang-kapantay na kaloob” na Pagbabayad-sala, napupuspos tayo ng pagmamahal para sa Ama sa Langit, sa Tagapagligtas, at sa lahat ng anak ng Diyos (pahina 91). Paano mapagbubuti ng kaalamang ito ang pag-aaral ninyo tungkol sa buhay at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa personal at pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan at habang nasa klase kayo sa simbahan?
- Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na utang-na-loob niya

ang malaking bahagi ng kanyang kaligayahan sa isa niyang lolo-sa-tuhod na sumapi sa Simbahan, tapat na naglingkod, at nanatiling matatag hanggang wakas, at nag-iwan sa kanyang pamilya ng pamana ng pag-asa (pahina 22). Isiping ilista ang lahat ng tao sa inyong pamilya at isulat kung anong mga tipan at ordenansa ang kailangan nila para makapagpatuloy sa landas ng tipan. Magplanong tulungan ang mga miyembro ng inyong pamilya na matanggap ang

kanilang susunod na tipan. Maaari kayong humanap ng mga paraan para maging mas mahalaga sa buhay ninyo ang inyong mga tipan nang sa gayon ay mabigyan ninyo ang inyong pamilya ng pamana ng pag-asa.

- Ipinahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na sa paghihirap ay mahihikayat tayong umasa sa “kabutihan, awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas,” na “tutulong sa atin . . . na mabata ang ating mga pasanin nang may kagaanan” (pahina 87). Habang binabasa ninyo ang kanyang mensahe at ang mga mensahe simula sa mga pahina 9, 18, 70, 81, at 106, maghanap ng mga paraan na matutulungan kayo ng Tagapagligtas at ng Kanyang ebanghelyo sa pagharap sa mga hamon ng buhay.
- Ang kurikulum ng mga kabataan sa Mayo ay nakatuon sa mga propeta at paghahayag. Bilang bahagi ng mga pakikipagtalakayan ninyo tungkol sa ebanghelyo sa mga kabataan sa tahanan at sa simbahan, isiping pag-aralan ang mga mensahe nina Elder Lawrence E. Corbridge (pahina 103) at Elder Marcos A. Aidukaitis (pahina 108) ng Pitumpu, na hinahanap ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong: Bakit hindi na lang hinayaan ng mga maninira si Joseph Smith? Paano natin makikilala ang katotohanan sa isang mundong lalo pang tumutuligsa sa mga turo ng ebanghelyo? ■





## Pagdami ng mga Templo Ipinahayag, mga Bagong Pinuno Sinang-ayunan sa Pangkalahatang Kumperensya

**N**itong nakalipas na anim na buwan, “sumusulong nang walang balakid ang gawain ng Simbahan,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa kanyang pam-bungad na pananalita sa Ika-184 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan.

Sa paggunita sa paglalaan ng Gilbert Arizona Temple noong Marso 2, 2014, inaasam ang parating na paglalaan ng Fort Lauderdale Florida Temple, pati na ang pagtatapos at paglalaan ng mga templo sa maraming bahagi ng mundo sa taong 2014 at 2015, sinabi ni Pangulong Monson na kapag natapos ang lahat ng dating ibinalitang mga templo, 170 templo na ang magagamit ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo.

“Bagama’t nakatuon ngayon ang ating mga pagsisikap sa pagtapos sa mga dating ibinalita nang templo

at hindi na muna magbabalita ng anumang bagong templo sa malapit na hinaharap,” wika niya, “patuloy pa rin tayo sa proseso ng pag-alam sa mga pangangailangan at paghahanap ng mga lugar para sa mga templo na itatayo pa natin. Magbabalita tayo ng iba pa sa mga darating na pangkalahatang kumperensya. Tayo ay mga taong laging nagtatayo ng templo at mga taong mapagdalo sa templo.”

Sa kumperensya, isang bagong miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, apat na bagong General Authority, isang bagong Sunday School general presidency, at 42 Area Seventy ang sinang-ayunan.

Si Elder Lynn G. Robbins ay tinawag sa Panguluhan ng Pitumpu.

Sina Elder Jörg Klebingat ng Kyiv, Ukraine, at Elder Chi Hong (Sam) Wong ng Hong Kong, China, ay sinang-ayunan na maglingkod sa

Unang Korum ng Pitumpu. Sina Elder Larry S. Kacher ng Midway, Utah, at Elder Hugo E. Martinez ng Arecibo, Puerto Rico, ay sinang-ayunan bilang mga miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Si Elder Tad R. Callister, na matalagal nang naglilingkod sa Panguluhan ng Pitumpu at bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu, ay sinang-ayunan bilang Sunday School general president, kasama sina John S. Tanner at Devin G. Durrant bilang una at pangalawang tagapayo.

Tingnan ang kumpletong listahan ng mga sinang-ayunan at ini-release sa mga pahina 26–27, at makikita ninyo ang talambuhay ni Elder Robbins, ng bagong tawag na mga Seventy, at ng Sunday School general presidency simula sa pahina 141.

Isang linggo bago ang pangkalahatang kumperensya, ang unang pangkalahatang kumperensya ng kababaihan—para sa lahat ng babae, kabataang babae, at batang walong taong gulang pataas—ay ginanap sa Conference Center. Ang pulong na ito ang pumalit sa dating mga pangkalahatang pulong ng Relief Society at ng Young Women. Lahat ng mensahe mula sa pulong ng kababaihan ay matatagpuan sa mga pahina 116–28.

Bago ginanap ang kumperensya, ang Young Women general board ay muling inorganisa, na ang kababaihan ay tinawag sa unang pagkakataon mula sa mga lugar bukod pa sa Salt Lake City, kabilang na ang Peru; South Africa; Japan; Brazil; at Brooklyn, New York, USA. Basahin ang mga talambuhay at tingnan ang mga larawan sa [lds.org/callings/young-women](http://lds.org/callings/young-women).

“Nagdala ang Tagapagligtas sa daigdig na ito ng mensahe ng pagmamahal at kabutihang-loob sa lahat ng lalaki at babae,” sabi ni Pangulong Monson sa pagtatapos ng pangkalahatang kumperensya. “Nawa’y [tularan] natin ang Kanyang halimbawa.” Tiniyak niya sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pang nakikinig na “iniisip tayo ng ating Ama sa Langit. Gagabayan at bibiyayaan Niya tayo kapag sumampalataya at nagtiwala tayo sa Kanya.” ■

## MGA ARTIST INANYAYAHANG LUMAHOK SA KUMPETISYON

Inaanyayahan ng Church History Museum ang mga Latter-day Saint artist na lumikha ng mga bagong gawang-sining para sa Ika-10 International Art Competition. Ang mga artist ay hinihikayat na gamitin ang kanilang mga talento para lumikha ng mga sining na nagpapakita ng tema ng eksibisyon na, "Tell Me the Stories of Jesus." Para sa partikular na kumpetisyong ito, ang mga gawang-sining ay dapat lamang magtuon sa mga kuwento mula sa Bagong Tipan.

Ang mga detalye at pagrerehistro online ay makikita sa [lds.org/artcomp](http://lds.org/artcomp), at ang mga artist na nagrerehistro ay tatanggap ng mga information update. Ang mga entry ay tatanggapin mula Nobyembre 3, 2014, hanggang Pebrero 27, 2015. Lahat ng artistic media, estilo, at kultural na pamamaraan ay tatanggapin. Ang mga kalahok ay kailangang edad 18 pataas. Ang mga entry ay hahatulan, at ang mga gawang-sining na napili ay ididisplay sa Church History Museum at sa Internet simula Oktubre 2015.

## AUXILIARY LEADERSHIP TRAINING MAKUKUHA SA LDS.ORG

Para mas matugunan ang mga pangangailangan ng lumalagong Simbahan, layon ng mga general presidency ng Relief Society, Primary, Young Women, Young Men, at Sunday School na maglaan ng taunang pandaigdigang pagsasanay sa pamamagitan ng Internet. Inaasahan na ang pagsasanay na ito ay makukuha sa [LDS.org](http://LDS.org) sa kalagitnaan ng bawat taon sa maraming wika.

Itinigil na ang mga auxiliary leadership training meeting na idinaraos noon sa Salt Lake City kaugnay ng pangkalahatang kumperensya ng Abril. Ang mga general auxiliary presidency at kanilang mga board ay patuloy na magbibigay ng in-person training sa mga multistake meeting, kapag inatasan.

## Bagong Pelikula Lilikha ng Pagkakataon na Kilalanin ang mga Mormon

**P**inangarap ba ninyo kung minsan na sana'y may simpleng paraan para ipaalam sa iba na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga karaniwang tao lamang na nagkakaroon ng layunin at direksyon sa pagtutuon nila ng kanilang buhay kay Jesucristo? Tutulongan kayo ng documentary movie na malapit nang ilabas ng Simbahan na magawa iyon.

Ang *Meet the Mormons [Kilalanin ang mga Mormon]* ay nagsisimula sa masayang pagtingin sa kung paano madalas magkamali ang iba sa pag-aakala tungkol sa mga miyembro ng Simbahan. Pagkatapos ay ipapakilala nito ang anim na pamilya, na bawat isa ay nagbabahagi ng mga personal na karanasan at naglalarawan kung paano natutulungan ng ebanghelyo ang buhay nila. Kabilang sa mga tampok ay:

**Ang Bishop.** Sina Jermaine Sullivan at kanyang asawang si Kembe, mula sa Atlanta, Georgia, USA, ay nagtutulungan upang magkaisa ang isang komunidad na iba-iba ang pinagmulan habang pinalalaki ang kanilang tatlong anak na lalaki.

**Ang Coach.** Si Ken Niumatalolo, ang head coach ng US Naval Academy football team sa Annapolis, Maryland, USA, at ang kanyang asawang si Barbara, sa tulong ng kanilang mga anak at ng coaching staff, ay pinanatiling banal ang araw ng Sabbath.

**Ang Candy Bomber.** Si Gail Halvorsen, 93-taong-gulang na beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ang kanyang asawang si Lorraine, 90, mula sa Amado, Arizona, USA, ay nagpapaalala sa mga anak tungkol sa kahalagahan ng paglingkod. Piloto pa rin, naghuhulog si Brother Halvorsen ng kendi mula sa eroplano tulad ng ginawa niya noon sa Berlin Airlift pagkatapos ng digmaan.

**Ang Fighter.** Si Carolina Marin, isang kickboxer mula sa San José,



**Sa isang open house para sa mga miyembro ng cast, binati nina Pangulo at Sister Uchtdorf si Carolina Marin ng Costa Rica.**

Costa Rica, at ang kanyang trainer at asawang si Milton ay binabalanse ang kanilang mga tungkulin bilang asawa at magulang ng maliliit na anak sa kanilang hilig sa paligsahan.

**Ang Humanitarian.** Iginagalang nina Bishnu at Mangala Adhikari, ng Kathmandu, Nepal, ang mga paniniwala at pamana ng kanilang inang-bayan. Si Brother Adhikari ay isang inhinyero na gumawa ng mga kalye, paaralan, at daluyan ng malinis na tubig na nakatulong sa maraming maliliit na komunidad.

**Ang Missionary Mom.** Sina Craig at Dawn Armstrong at ang anak nilang si Anthony, mula sa Salt Lake City, Utah, USA, ay nagkuwento kung paano nakilala ni Sister Armstrong ang mga missionary noong siya ay walang tirahan at isang single mother. Ang ebanghelyong ibinahagi nila ay nakatulong sa kanya na baguhin ang kanyang buhay. Kalaunan ay ikinasal siya kay Craig, at nagtapos ang kuwento nang mag-full-time mission si Anthony sa South Africa upang ibahagi ang ebanghelyo na lubos na nagpala sa kanyang ina.

Ang *Meet the Mormons* ay ipapalabas sa Joseph Smith Memorial Building sa Salt Lake City, Utah, USA, at sa iba pang mga lugar na pagpapasiyahan pa. ■

# Pagtuturo sa Simbahan Dapat Sundan ang Halimbawa ni Cristo

"Sinisikap nating sundan ang mga yapak ng Tagapagligtas sa pagtuturo, sabi ng bagong Sunday School general president, na si Tad R. Callister, kasunod ng pangkalahatang kumperensya.

Ibig sabihin niyan ay mga pagtatanong na nagbibigay-inspirasyon na tumutulong sa mga tao na magbalik-loob, sabi niya. Ang mithiin ay "tulongan silang maunawaan at madama ang Diwa ng ebanghelyo sa kanilang buhay."

Hanga raw siya sa *Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]*, ang online curriculum para sa mga kabataan na kinapapalooban ng mga pinakahuling mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya gayundin sa media na gawa ng Simbahan. Napalitan na ng partisipasyon ang mga lektyur, sabi niya, at "talagang may pagbabago mula sa pagtuturo lamang ng isang lesson na hahantong sa pagsisikap na itugma ito sa pangangailangan

ng mga estudyante sa klase."

Idinagdag pa niya na ang *Come, Follow Me* ay tumutulong sa lubos na pagbabalik-loob at hindi lamang para magbigay ng impormasyon. "Palagay ko ay makapagpapalaki tayo ng henerasyon ng mga kabataan na magiging pinakamagagaling na guro sa mundo, pinakamabubuting magulang sa mundo," sabi niya, "dahil nararanasan nila ito ngayon sa kanilang kabataan at hindi na [nila] kailangang maging mga adult . . . upang malaman na nakatutulong ang mahusay na pagtuturo at pag-unawa."

Si Jesucristo ang Dalubhasang Guro, sabi ni Brother Callister, at ang pagtuturo natin sa simbahan ay dapat magdala ng mga tao kay Cristo. Binibigyang-diin ang pangangailangang magturo ng doktrina nang malinaw at wasto, sinabi niya na "sa tuwing sinisikap nating tularan ang Tagapagligtas, ginagawa natin ang ipinagagawa Niya." ■



## MANONOOD NG MORMON CHANNEL DUMARAMI

Milyun-milyong tagapakinig at manonood sa buong mundo ang nasisiyahan sa Mormon Channel, na ibinobroadcast sa Ingles at Espanyol 24-oras bawat araw, pitong araw sa isang linggo, mula sa Temple Square sa Salt Lake City, Utah, USA.

Ang opisyal na media channel na ito ng Simbahan ay inilunsad limang taon na ang nakararaan. Maraming Banal sa mga Huling Araw ang natutuwang ibahagi ang content nito sa mga kapwa miyembro at sa iba pa. Ang content ay walang patalastas at kinapapalooban ng tatlong talk-and-music radio stream at maiikling Mormon Message video.

Hanapin ang Mormon Channel sa mormonchannel.org at gayundin sa YouTube, iTunes, Roku, Tumblr, Facebook at Twitter. Makukuha rin nang libre ang mga mobile application para sa mga iOS at Android user.

## Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Mayo 2014 hanggang Oktubre 2014, ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay dapat ihanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014. Sa Oktubre 2014, maaaring pumili ng mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014 o kaya'y ng Oktubre 2014. Mga stake at district president ang dapat pumili ng mga mensaheng gagamitin sa kanilang lugar, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan ang mga piniling mensahe bago ang klase. Ang mga mensahe sa kumperensya ay makukuha sa maraming wika sa conference.lds.org. ■



# Teknolohiya at Social Media Inihatid ang Pangkalahatang Kumperensya sa Buong Mundo

**B**ukod sa mahigit 100,000 nakibahagi sa limang sesyon ng Ika-184 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, USA, milyun-milyon pa ang nanood o nakinig sa mga sesyon sa 95 wika sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, satellite, at mga Internet broadcast.

Habang 21,000 katao ang kasya sa Conference Center sa Salt Lake City, nakarating ang pangkalahatang kumperensya sa iba't ibang panig ng mundo nang milyun-milyong miyembro ng Simbahan at iba pa ang nanood at nakinig dito. Mahigit 50 taon nang ini-interpret ng Simbahan ang mga kaganapan sa maraming wika. Ngayon, nagawa ng teknolohiya na mapanood ito nang live sa mahigit 200 bansa sa buong mundo.

Bukod pa sa brodkast sa mga lokal na chapel, ipinalabas ng Simbahan ang kumperensya nang live sa LDS.org, BYUtv, BYUtv International, ang Mormon Channel, Roku, Facebook, at YouTube. Dumami nang mga 30 porsiyento ang mga nanonood ng pangkalahatang kumperensya online noong Oktubre 2013 kumpara sa nakaraang kumperensya.


Marami rin ang nakikibahagi sa pangkalahatang kumperensya sa pamamagitan ng social media. Maraming tweet gamit ang #ldsconf hashtag ang naka-post sa Twitter sa bawat isa sa limang sesyon ng kumperensya, na dahilan upang maging isa ang pangkalahatang kumperensya sa nangungunang mga paksang pinag-uusapan sa Twitter sa panahong iyon. Halimbawa, noong Oktubre 2013, 155,000 tweets

na may kinalaman sa pangkalahatang kumperensya ang nai-post. (Bawat tweet ay komentaryo ng isang tao na may hindi lalagpas sa 140 character.)

Sa pamamagitan ng mga opisyal na social media channel nito, ang Simbahan ay nag-post ng mga mensahe nang live mula sa kumperensya sa iba't ibang wika, at hinihikayat nito ang iba na ibahagi ang mga mensaheng iyon. Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2013, maraming nadagdag na manonood o tagapakinig sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya matapos makita ang isang post sa social media. Ang mga post ay naibahagi sa Ingles, Espanyol, at Portuges.

Mapapanood at mapapakinggan na ngayon ng mas maraming tao ang mga kaganapan sa kumperensya. ■

***Mapapanood at mapapakinggan na ngayon ng mas maraming tao ang mga kaganapan sa kumperensya, salamat sa teknolohiya at social media.***



# Mga Website Nagkukuwento Tungkol sa Paglilingkod, Pananampalataya

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay naglilingkod at nagbabahagi ng kanilang pananampalataya sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga ulat tungkol sa gayong mga aktibidad ay makikita sa mga newsroom website ng bansa, na regular na ibinubuod sa newsroom. lds.org, ang opisyal na pinagkukunan ng Simbahan para sa news media, mga komentaryo, at publiko.

Sa Pacific area, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbigay ng tubig, pagkain, mga chain saw, water filter, generator, at iba pang mga emergency supply para tulongan ang mga Tongan matapos silang mapinsala ng Tropical Cyclone Ian. Sa Samoa, sumali ang mga kabataang LDS sa dalawang-araw na kaganapang

dinaluhan ng iba't ibang relihiyon na may espirituwal na panghihikayat, musika, sayawan, at isports.

Sa Brazil, tumulong ang mga miyembro ng Simbahan na suot ang kamisetang Mormon Helping Hands sa paglilinis at pamamahagi ng mga suplay matapos sirain ng baha ang mga kapitbahayan at negosyo sa lugar, at marami ang nawalan ng tirahan. Sa ibang lugar, tumulong ang mga miyembro nang mamahagi ng 211 wheelchair ang Humanitarian Services ng Simbahan sa mga taong may espesyal na pangangailangan. Ang nagaganap na donasyon sa Brazil ay umaabot na ngayon sa halos 700 wheelchair.

Sa Africa, nakipagtulungan ang nasyonal at pandaigdigang mga organisasyon sa LDS Charities, ang

organisasyong pangkawanggawa ng Simbahan, sa unang pambansang kampanya ng Ghana para maalis ang tigdas at rubella sa pamamagitan ng pagbabakuna sa mga bata mula sa sanggol hanggang edad 14. Sa Nigeria at Ghana, nakatulong ang Helping Hands day sa libu-libong tao sa 100 komunidad nang tumulong ang mga Banal sa mga Huling Araw na iba't iba ang edad sa paggawa ng mga tulay, pagtanim ng mga puno, pagbubunot ng damo, pagpipintura ng mga gusali, at paglilinis at pagpapaganda ng mga komunidad. Sa Zimbabwe, mahigit 60 kabataang LDS ang nagboluntaryong magbigay ng dugo. At sa South Africa, nahalal ang Banal sa mga Huling Araw na si Nozibele Makanda, may anim na anak, bilang mayor ng Queenstown, isang lungsod na may 200,000 mamamayan.

Sa Central America, mahigit 500 kabataang LDS sa Guatemala ang nakipagtulungan sa lokal na pamahalaan sa pagtanim ng 1,944 na mga puno. Sa Costa Rica, mga LDS meetinghouse ang pinag-imbakan ng gatas, at 370 boluntaryo ng Simbahan ang tumulong na maihatid ito sa mga supermarket na nakibahagi sa pagtulong sa mga nangangailangan.

At sa Canada, nakipagtulungan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Christian-Jewish Dialogue ng Montreal (Quebec) sa paghahanda ng mga video interview bago ang mga pagding ng pamahalaan tungkol sa mga bagay na pinahalalagan. Sinuportahan ng mga nainterbyu ang pangako ng komunidad na igalang, unawain, payagan, at bigyang-laya ang relihiyon, na binibigyang-diin na ang relihiyon ay nananatiling mahalaga sa buhay ng maraming mamamayan ng Quebec.

Para sa listahan ng mga international country newsroom website sa iba't ibang wika, tingnan sa [mormonnewsroom.org/newsroom-country-sites](http://mormonnewsroom.org/newsroom-country-sites). ■

**Sa Guatemala, mahigit 500 kabataang Banal sa mga Huling Araw ang nagtipon para tumulong sa pagtanim ng 1,944 na puno.**



**Tampok sa Mexico City Temple Visitors' Center ang maraming display na nagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo para patatagin ang mga pamilya.**



## Mexico City Temple Visitors' Center Muling Binuksan

**S**a mga buwang kasunod ng muling pagbubukas nito, mahigit 30,000 mga panauhin ang bumisita sa Mexico City Temple Visitors' Center, na sumailalim sa dalawang taong pagre-remodel at pagpapalaki. Lahat ng eksibit ay nasa wikang Espanyol na ngayon at kinabibilangan ng orihinal na media na ginawa lalo na para sa mga Mexicano. Ang ini-remodel na center din ang unang visitors' center na may isang buong lugar para sa eksibit na dinisenyo lalo na para sa pagtuturo ng mga alituntunin

ng ebanghelyo sa mga bata.

Ang visitors' center na ito ang pangatlong pinakamalaki sa 17 gayon ding mga pasilidad, na karamihan ay malapit sa isang templo o sa makasaysayang lugar ng Simbahan. Isang visitors' center ang kasalukuyang itinatayo malapit sa templong itinatayo sa Rome, Italy, at may mga center na matatagpuan sa England, New Zealand, Hawaii, at sa siyam na estado sa continental U.S. Ang mga center, na dinisenyo upang tanggapin ang aktibo at di-gaanong aktibong mga Banal sa mga Huling

Araw gayon din ang mga miyembro ng ibang relihiyon, ay hindi lamang ipakikilala sa mga tao ang Simbahan kundi tutulungan din silang maunawaaan ang mga paniniwala nito at maghikayat ng hangaring matuto pa tungkol sa Tagapagligtas at sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Naglalaan din ang mga ito ng mga mensahe para patatagin ang mga pamilya.

Ang Mexico ay isang angkla sa Simbahan, na may mahigit 1.2 milyong mga miyembro, mahigit 200 mga stake, at 12 templo. ■



***Sa karanasan nila sa MTC, tumatanggap ng tagubilin ang mga missionary tungkol sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo.***

## Mga Missionary Training Center Tumutulong sa Pagpapabilis ng Gawain ng Kaligtasan

**S**a iba't ibang dako ng mundo, 15 mga missionary training center ang nagbibigay ng training sa mahigit 85,000 mga missionary mula sa 143 mga bansa. Ang mga missionary ay natututo ng 55 wika mula sa 1,600 mga tagapagturo, at saka naglilingkod nang hanggang dalawang taon sa 405 na mga mission sa mahigit 150 mga bansa.

Sa pagdami ng bilang ng mga missionary mula nang baguhin ang edad sa pagmimisyon noong Oktubre 2012, nagkaroon ng mas maraming missionary sa MTC kaysa rati. Sa pagkakaroon ng isa man lang na MTC sa bawat bahagi ng mundo, laging may training na ginagawa roon.

Karaniwang dumarating ang mga missionary sa MTC na may

espirituwal na kaalamang natamo mula sa pagtuturo sa tahanan at sa Simbahan. Ang mga center ang naglalaan ng karagdagang training kabilang na ang kung paano magturo sa paraan ni Jesucristo at paano aanyayahan ang mga tao na sumunod sa Kanya. Ang mga missionary ay nagpapraktis magturo, tumatanggap ng training sa wika kung naaangkop, nakikinig sa lingguhang mga mensahe sa debosyonal mula sa mga lider ng Simbahan at tauhan ng MTC, at nakikibahagi sa mga pagkakataong maglilingkod.

Ang pinakamalaking MTC ay nasa Provo, Utah, USA. Ito ay naglalaan ng training sa libu-libong missionary sa 55 mga wika. Ang ikalawang pinakamalaking MTC ay matatagpuan sa Mexico City,

Mexico. Noong Hunyo 2013 mula sa isang maliit na gusali ay inilipat ito sa isang 90-akreng kampus na dating ginagamit ng isang private high school ng Simbahan, ang Benemerito de las Americas. Kasya sa dating lokasyon ang 125 mga missionary nang sabay-sabay; kasya sa bagong lokasyon ang mahigit 1,000.

Ang karagdagang mga MTC ay nasa Buenos Aires, Argentina; São Paulo, Brazil; Santiago, Chile; Bogotá, Colombia; Santo Domingo, Dominican Republic; Preston, England; Accra, Ghana; Guatemala City, Guatemala; Auckland, New Zealand; Lima, Peru; Manila, Philippines; Johannesburg, South Africa; at sa Madrid, Spain. ■

# Simbahan Ginamit ang mga Alituntuning Pangkapakanan sa Pagbangon ng Pilipinas

**N**ang sumunod na mga buwan pagkaraang tumama ang Bagyong Haiyan [Yolanda] sa Pilipinas noong Nobyembre 2013, na winasak ang halos 1.2 milyong mga tahanan at pumatay sa mahigit 6,200 katao, ang Simbahan ay patuloy na naglalaan ng tulong, na mas nakatuon sa pangmatagalang tulong kaysa pagtugon sa kalamidad. Ang isang matagumpay na pagsisikap ay kinabibilangan ng mga boluntaryo na natutong magtayo ng mga bahay para sa mga taong wala pa ring makanlungan.

Ang mga sumusunod na miyembro ng komunidad na napinsala ng bagyo ay kabilang sa maraming taong nagpasalamat sa tulong na natanggap nila mula sa Simbahan, kahit hindi sila mga Banal sa mga Huling Araw:

- Natuklasan kalaunan ng isang babaeng kumanlong sa Mormon chapel noong bagyo na nawasak ang kanyang tahanan nang mabagsakan ito ng mga puno ng niyog. Siya at ang kanyang pamilya ay walang pera para ipagawa ito, ngunit tinulungan siya ng mga boluntaryo na magtayo ng bagong bahay, at tumutulong siya ngayon sa isa pang pamilya na makapagtayo ng bahay. “Natutuhan kong makipagtulungan sa mga taong nangangailangan din, upang muli silang makabangon mula sa [pinsala ng bagyo] nang magkakasama,” sabi niya.
- Isang taong nawalan ng trabaho nang mawasak ang pinagtatrabahuhan niya ang nag-aaral ngayong magtayo ng mga bahay para sa kanyang pamilya at sa iba. “Alam namin na kailangan naming



**Ipinapako ng mga boluntaryo ang plywood sa isang bagong bahay sa Tacloban, Philippines.**

tulungan ang isa't isa para matapos agad ang gawain,” sabi niya, at nagpapasalamat siya sa tulong ng Simbahan.

Sinabi ni Presiding Bishop Gary E. Stevenson na, kasama sa pangangailangan sa mga maralita at nangangailangan, “nakikita rin natin ang alituntunin ng pag-asa sa sariling kakayahan na isinasagawa ngayon, at kahanga-hanga ito.” Sabi niya, “Ang isa sa mga bagay na sinisikap naming gawin ay magbigay ng mga materyales at ang mga [tumatanggap] naman ang gumagawa. Sinumang tumatanggap ng tirahan ay siya mismong gumagawa sa tirhang iyon para sa kanilang sarili.”

Kinakausap ng mga lokal na lider ng Simbahan at humanitarian representatives ang mga lider ng komunidad sa lugar para magbigay ng vocational training at sertipiko sa mga taong natutong magkarpintero. Nagamit ang Perpetual Education Fund resources para maisama ang 20 dalubhasang karpintero na tutulong sa pagbibigay ng training, at 2,000 sa 3,000 proyektong bahay ang natapos na.

Ipinakita ng mga lokal na trainee ang kanilang natutuhan sa pagtatayo ng 10 tirahan upang makatanggap ng sertipiko mula sa gobyerno at isang toolbox mula sa Simbahan, para makahanap sila ng magandang trabaho. Napakaraming trabahador ang kailangan kaya nga ang Catholic Relief

Services ay sumang-ayon na upahan ang daan-daang karpintero na sinasanay ng Simbahang LDS.

Sinabi ni Bishop Stevenson na 500 miyembro ng Simbahan ang dumalo sa miting kung saan inilarawan ng mga ecclesiastical leader ang job training at sertipiko, “at nang ilarawan ito sa kanila, sila ay nagpalakpakan at napaiyak, batid na may paraan na . . . para matustusan ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya.”

Ang Simbahan ay nakipagtulungan din sa ilang iba pang organisasyon gayundin sa gobyerno ng Pilipinas sa pamimigay ng mga pagkain, tubig, medical supply, hygiene kit, generator, shelter kit, cooking kit, gamit sa pangi-ngisda, at mga binhing itatanim.

Nalaman ng Simbahan na ang pinakamabisang paraan para matugunan ang kalamidad ay makipagtulungan sa mga tao sa lugar, bumili ng kailangang mga suplay sa apektadong bansa, na pinakamalapit sa pinangyarihan ng kalamidad hangga't maaari. Hindi lamang nito tinitiyak na angkop ang mga suplay para sa area, kundi tinutulongan din nito na makabangon ang ekonomiya ng lugar.

Ang mga miyembro sa buong mundo ay hinihikayat na ipagdasal ang mga tao sa nasalantang lugar at pag-isipang dagdagan ang kanilang mga donasyon sa handog-ayuno o magbigay sa humanitarian fund ng Simbahan. ■

# Proyektong Malinis na Tubig Nakatulong sa Milyun-Milyon sa Africa

**S**a loob ng mahigit dalawang dekada, ang Simbahan ay naki-bahagi na sa mga proyekto ng malinis na tubig sa mahigit 100 bansa. Sa Africa lamang, ang mga proyektong ito ay nakatulong sa buhay ng mahigit apat na milyong tao sa pamamagitan ng paggawa ng mga balon, imbakan ng tubig at delivery system, at pagpapadalisay ng tubig.

Ang isa sa ganitong proyekto ay naganap sa Idugo Island, sa bay-bayin ng Mozambique. Karamihan sa mga 15,000 katao na nakatira sa pulo ay nagtatrabaho sa bukirin ng pamilya, nangingisda sa nakapalibot na mga tubig ng Indian Ocean, o sa evaporation ponds para magtipon ng asin mula sa tubig ng dagat. Walang dumadaloy na tubig, kuryente, mga kalye, o mga sasakyan sa pulo. Ang pulo ay mapupuntahan sa pamamagitan ng mga gawang-kamay na bangka o balsa.

Sa loob ng ilang siglo, ang tanging pinagkukunan ng maiinom na tubig sa Idugo ay mabababaw na balon na hinukay ng mga kamay. Ang mga balon ay laging puno ng putik at kalat. Ang mga ito ay nagbibigay ng maputik at kakaunting tubig. Kapag panahon ng tag-ulan, ang tubig ay narurumihan, na nagiging sanhi ng kolera, pagtatae, at iba pang sakit.

Nang marinig ng mga humanitarian missionary ng Simbahan ang kalagayan sa Idugo, nakipagkita sila sa mga lider ng komunidad doon. Magkasama silang nagplano para makapaglaan ang Church Humanitarian Services ng mga materyal, kagamitan, at mga tagubilin sa pagtatayo ng 10 balon na sementado at may takip na bakal, at bawat isa ay kayang silbihan ang 1,000 katao. Ang mga missionary ay



**Sa Idugo Island, Mozambique, dumalo ang mga taganayon at lokal na opisyal sa isang seremonya kung saan pinasimulan ang opisyal na paggamit ng isang balon.**

magbibigay ng training tungkol sa kalinisan at sanitasyon, at ang mga taganayon ang gagawa at mangangalaga sa mga balon.

Mula sa mainland, nagpadala ng apat na trak na puno ng graba, 300 bag ng semento, dalawang trak ng buhangin, suportang bakal, at custom-made na steel cement sa mga pulo. Pagkatapos ay binuhat o isinakay sa kariton ang mga suplay para madala sa iba't ibang panig ng pulo. Ilang miyembro ng Simbahan mula sa Quelimane, Mozambique, ang nagkampo sa pulo nang tatlong buwan para tumulong sa pagtuturo at pagtatayo.

Ang mga balon ay dinisenyo para may agusan ng tubig-ulan, at maalis ang kontaminasyon. Sa ilang komunidad, ang mga residente ay nagtayo ng bakod na yari sa kahoy at mga daan na gawa sa brick sa paligid ng mga balon, gamit ang brick na natutuhan nilang gawing mag-isa gamit ang mga materyal na bigay ng Simbahan.

Sa opisyal na mga seremonya, inilipat ang pagmamay-ari ng mga balon sa mga tao ng bawat nayon. Nagpasalamat ang ilang residenteng gumawa ng mga balon dahil makakatulong ang bago nilang kasanayan—paggawa ng mga brick, paghahalo ng semento at

pagpapatibay nito gamit ang bakal, at paggamit ng mga kasangkapan—para makahanap sila ng karagdagang trabaho. Nagpasalamat ang iba sa pagkakataong matuto ng mga kasanayan sa pamumuno.

Nang sumunod na tag-ulan, walang naiulat na sakit na dulot ng maruming tubig sa mga nayon na may mga balon.

Ayon sa World Health Organization, mahigit isang bilyong tao ang walang mapagkukunan ng malinis na tubig sa iba't ibang panig ng mundo. Salamat sa proyektong malinis na tubig ng Simbahan, ang bilang na iyon ay nabawasan sa pamamagitan ng pagsali sa mga miyembro ng komunidad sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga proyekto, pagbibigay ng trabaho para makapagtayo ng kinakailangang mga pasilidad, pagtanggap ng training, at pangangalaga sa natapos na mga proyekto.

Bukod pa sa mga proyektong malinis na tubig sa iba't ibang lugar sa Africa, tumutulong ang Simbahan sa mga proyektong malinis na tubig sa Asia, Central America, Eastern Europe, India, Indonesia, Pacific Islands, South America, Southeast Asia, at iba pang lugar sa buong mundo. ■



## Elder Lynn G. Robbins

*Panguluhan ng Pitumpu*

Mula nang tawagin siya bilang General Authority noong Abril 1997, natamasa na ni Elder Lynn G. Robbins ang “masayang pagpapala na makahalubilo ang mga Banal sa buong mundo.”

“Agad mong madarama na malapit ka sa mga tao saan ka man naroon,” wika niya.

Umaasa si Elder Robbins na patuloy niyang makaka-harap ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba’t ibang lugar sa mundo habang naglilingkod bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu.

Si Lynn Grant Robbins ay isinilang noong Oktubre 27, 1952, sa Payson, Utah, kina Josue Grant at Evelyn R. Robbins. Ginugol niya ang kanyang kabataan sa Springville, Utah, kung saan niya nakilala si Jan Nielson, na kilala na niya mula pagkabata. Ikinasal sila noong Hunyo 27, 1974, sa Manti Utah Temple at nagkaroon sila ng pitong anak; sila ay may 15 apo.

Si Elder Robbins ay tumanggap ng bachelor’s degree sa Spanish at political science mula sa Utah State University at MBA sa international management mula sa American Graduate School of International Management sa Glendale, Arizona, USA. Siya ang co-founder at senior vice president ng Franklin Quest.

Si Elder Robbins ay naglilingkod bilang pangulo ng Montevideo Uruguay Mission nang matanggap niya ang kanyang tungkulin sa Pangalawang Korum ng Pitumpu. Pagkaraan ng tatlong taon naging miyembro siya ng Unang Korum ng Pitumpu. Naglingkod siya bilang pangulo ng South America South Area, ng Central America Area at North America West Area. Naglingkod din siya sa North America Central Area.

Ang malaking pagpapala ng paglilingkod na ito ay ang pagkakataong makabalik sa Argentina, kung saan siya naglilingkod bilang full-time missionary. Habang nasa Argentina bilang binatang Elder, naglingkod siya sa Jujuy, isang area na may isang branch. Pagbalik niya sa area pagkaraan ng ilang taon, nakita niyang may isang stake na ng Simbahan na may labindalawang unit.

“Makikita ninyo iyan sa lahat ng dako ng mundo,” sabi niya. “Ito ay araw ng mga himala.” ■



## Elder Jörg Klebingat

*Unang Korum ng Pitumpu*

Si Elder Jörg Klebingat ay namuhay nang may tiyaga. Naniniwala siya sa pagiging masunurin, pagsunod sa mga kautusan, at pagsunod sa mga pahiwatig ng Espiritu.

Isinilang noong Disyembre 19, 1967, kina Klaus-Peter at Doris Elke Klebingat, lumaki si Elder Klebingat sa Zweibrücken, Germany, nang walang impluwensya ng ebanghelyo. Noong tinedyer na siya, nakilala niya ang isang miyembro ng Simbahan sa isang music concert, at naging magkaibigan sila.

“Nang bisitahin ko ang bago kong kaibigan, humanga ako sa kanyang pamilya,” paggunita niya. “Nadama ko ang Espiritu sa kanyang tahanan at ginusto kong magsimba.”

Iyon ang unang miting sa Simbahan na nakarinig siya ng tungkol sa Aklat ni Mormon. Binigyan siya ng kaibigan niya ng isang kopya na may nakasulat na patotoo na ito ay totoo, at nilisan ni Elder Klebingat ang mga miting na determinadong alamin ito para sa kanyang sarili.

“Binabasa ko ang 1 Nephi nang madama ko na ang aklat ay totoo,” sabi ni Elder Klebingat. “Ang pagkakaroon ng patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith ay mahalaga rin sa akin. Sa aking misyon, lagi kong tinatanong ang kompanyon ko kung maaari kong ikuwento iyon.”

Bago siya nag-full-time mission sa Colorado Denver Mission, naglingkod si Elder Klebingat sa German army nang 18 buwan. Ibinuklod siya kay Julia Poltorak sa Salt Lake Temple noong Disyembre 21, 1992. Sila ay may tatlong anak.

Si Elder Klebingat ay nagtapos ng Russian language studies sa Ricks College at kalaunan ng master’s degree sa organizational behavior mula sa Brigham Young University. Nagtrabaho siya bilang business management consultant para sa Price Waterhouse and Arthur Andersen at sa ilang tungkulin para sa Simbahan.

Bago siya tinawag sa tungkuling ito, si Elder Klebingat ay naglingkod bilang stake young single adult representative, elders quorum president, Young Men president, high councilor, branch president, at bishop. Matatapos siyang maglingkod bilang pangulo ng Ukraine Kyiv Mission sa Hunyo 2014. Sinang-ayunan siya bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu noong Abril 5, 2014. ■



## Elder Chi Hong (Sam) Wong

*Unang Korum ng Pitumpu*

**B**ilang bagong binyag at estudyante sa Brigham Young University-Hawaii, si Elder Chi Hong (Sam) Wong ay nagtamo ng higit pa sa edukasyon—nagtamo siya ng tiyak na kaalaman na may isang Diyos na nakakaalam sa “mga detalye ng ating buhay.”

Isinilang noong Mayo 25, 1962, sa Hong Kong, China, kina Ngan Kan at Fat Wong, si Elder Wong ay isa sa pitong anak na lumaki sa isang maliit na apartment.

Nakilala niya sa trabaho si Carol Lu, na siyang nagpakilala sa kanya sa ebanghelyo. Nabinyagan ang binatang investigator noong Pebrero 14, 1982.

Pagkaraan ng isang taon, noong Hulyo 9, 1983, pina-kasalan niya si Carol. Lumipat sila sa Laie, Hawaii, USA, para makapag-aral siya. Dahil student visa ang hawak niya, nakapagtrabaho lamang si Elder Wong nang 20 oras sa isang linggo. “Kailangan talaga naming manampalataya at manalangin,” sabi niya tungkol sa ginawa niya para matus-tusan ang kanyang pamilya.

Nagsipag siya para magkaroon ng scholarship, pagkatapos ay sinamantala niya ang maraming oras na maibibigay ng unibersidad. “Hindi iyon madali,” paggunita niya. “Nang maranasan namin iyon nalaman namin na lagi kaming makakaasa sa kapangyarihan ng langit.”

Ang mga Wong ay ibinuklod sa Laie Hawaii Temple noong Agosto 9, 1984, at isinilang ang una nilang anak; kalaunan ay tatlo pang anak ang nadagdag sa pamilya. “Ang mga taong iyon ay napaka-espesyal, napakasagrado,” sabi ni Elder Wong.

Si Elder Wong ay nagtapos ng bachelor of science degree sa accounting at associate of science degree sa computer science; pagkatapos ay nadama niya ang pangangailangang “bumalik sa Hong Kong para maglingkod.”

Kalaunan ay natanggap niya ang MBA mula sa Hong Kong Open University. Si Elder Wong ang nagtatag at kasosyo ng isang negosyo at consulting company at nagtrabaho rin siya sa isang materials testing and inspection group kung saan siya nagsimula bilang senior accountant at nilisan niya ang kumpanya noong siya ang deputy managing director.

Bago sinang-ayunan noong Abril 5, 2014, bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu, naglingkod siya bilang bishop, stake president, at Area Seventy. ■



## Elder Larry S. Kacher

*Pangalawang Korum ng  
Pitumpu*

**M**atapos ang maraming pahiwatig ng Espiritu noong kabinataan niya, nagsimula si Elder Larry S. Kacher na kilalanin ang malakas na kapangyarihang gumagabay sa kanyang buhay. Sa edad na 19, ang pagiging sensitibo niya sa Espiritu ang umakay sa kanya sa ebanghelyo ni Jesucristo—isang pagbabago na siyang nakagawa ng malaking kaibhan.

Ipinanganak siya noong Pebrero 12, 1952, ang pangalawang panganay sa limang anak na isinilang kina Albert at Elaine Kacher; lumaki siya sa Bloomington, Minnesota, USA.

Pagkatapos ng high school, pumunta siya sa Europa para mag-ski, at pagkaraan ng mahigit anim na buwan doon naramdaman niya na kailangan na niyang umuwi. Nang makauwi na siya, nadama niya na parang kailangan niyang umalis pero hindi niya alam kung saan siya pupunta. Isang kaibigang kababata ang nagplanong manirahan sa Utah, at nagpasiya si Elder Kacher na sumama sa kanya. Habang nasa Utah, si Elder Kacher ay nag-enrol sa Brigham Young University, nalaman ang tungkol sa Simbahan, at nabinyagan.

“Nang turuan kami ng mga missionary, nadama ko na ito ay totoo,” wika niya. “Nang manalangin ako, nadama ko na ang Simbahan ay totoo.”

Nagpasiya siyang magmisyon at natawag siya sa Tahiti Papeete Mission noong 1973. Nang makauwi, nag-aral siyang muli sa BYU, kung saan niya nakilala si Pauline Miller. Sila ay ikinasal sa Manti Utah Temple noong Oktubre 29, 1976, at nagkaroon sila ng anim na anak at 11 apo.

Si Elder Kacher ay nagtapos ng bachelor’s degree sa psychology at master’s degree sa organizational behavior—kapwa mula sa BYU. Kasama sa kanyang propesyon ang pagiging consultant sa malalaking kompanya roon at sa ibang bansa.

Bago sinang-ayunan noong Abril 5, 2014, bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu, naglingkod si Elder Kacher bilang branch president, elders quorum president, bishop, at tagapayo sa stake president. Pinamunuan niya ang Switzerland Geneva Mission mula 2000 hanggang 2003. Ilang taon matapos makabalik mula sa Switzerland, nagtrabaho siya sa Abu Dhabi, United Arab Emirates, kung saan siya tinawag na maglingkod bilang unang Area Seventy sa Middle East. ■





## Elder Hugo E. Martinez

*Pangalawang Korum ng Pitumpu*

Noong 1982, si Elder Hugo E. Martinez at kanyang asawang si Sister Nuria Alvarez de Martinez, ay kapwa nasa kanilang medical residency training sa Mississippi, USA, nang may di-inaasahang kumatok sa kanilang pintuan.

Naroon at nakatayo ang dalawang Mormon missionary.

“Binuksan namin ang aming tahanan sa kanila, ngunit wala kaming alam tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi rin namin alam ang tungkol sa Mormon Tabernacle Choir,” sabi ni Elder Martinez na nakangiti.

Gayunpaman, ang mga aral ng ebanghelyo na ibinahagi ng mga elder ay agad tumimo sa puso ng mag-asawa. Hindi nagtagal ay tinanggap nila ang paanyaya ng mga missionary na magpabinyag.

“At hindi namin iyon pinagsisihan kailanman.”

Noong Abril 5, 2014, tinawag si Elder Martinez sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, at naging unang General Authority mula sa Caribbean. Natural lang na “nag-alala” siya sa kanyang bagong tungkulin.

“Ngunit kapayapaan ang nadama ko at ipinabatid sa akin na ang Panginoon ang bahala,” sabi niya.

Isang taon at isang buwan matapos silang mabinyagan, sina Hugo at Nuria Martinez ay nabuklod sa Salt Lake Temple noong Oktubre 3, 1983. Sila ay may limang anak at limang apong babae.

Si Elder Martinez ay isinilang noong Enero 10, 1957, sa Mayagüez, Puerto Rico, kina Hugo E. Martinez-Sandin at Daly Morales-Alamo de Martinez. Noong binata siya, pinili niyang tularan ang propesyon ng kanyang ama at naging isang doktor. Nakamit niya ang kanyang medical degree mula sa University of Puerto Rico (1981) at natapos ang kanyang residency sa University of Mississippi (1984). Nanggagamot siya hanggang sa magretiro noong 2004.

Hindi nagtagal matapos siyang mabinyagan, tinawag siyang maging youth Sunday School teacher. Kalaunan siya ay maglilingkod bilang bishop, tagapayo sa stake presidency, district president, at tagapayo sa Puerto Rico San Juan Mission presidency. Pinamunuan din niya ang Guatemala Guatemala City Central Mission at naglilingkod bilang Area Seventy nang tawagin siyang maging General Authority. ■



## Tad R. Callister

*Sunday School General President*

Ilang dekada ang lumipas bago natawag kamakailan bilang Sunday School general president, mahalaga ang ginampanan ng Sunday School sa buhay ni Tad R. Callister.

Habang naglilingkod si Brother Callister bilang Sunday School president sa isang ward sa Brigham Young University, nakilala niya ang kanyang mapapangasawang si Kathryn L. Saporiti, na pinakasalan niya noong Disyembre 20, 1968, sa Los Angeles Temple.

Sila ay may dalawang anak na babae at apat na anak na lalaki; may 24 din silang apo. “Maraming mabubuting bagay na mangyayari kapag Sunday School president ka,” sabi ni Brother Callister.

Isinilang noong Disyembre 17, 1945, sa Glendale, California, kina Reed Eddington at Norinne Callister, ipinahayag niya na siya—gaya ni Nephi—ay isinilang sa “butihing mga magulang.”


“Ang aking ama ang bishop ko habang lumalaki ako,” sabi ni Brother Callister. “Madalas siyang magdala noon ng maliliit na kard, at nagsasaulo siya ng mga bokabularyo at talata sa banal na kasulatan at mga gawa ni Shakespeare.”

Tulad ng kanyang ama, si Brother Callister ay nag-aral ng abugasya. Nang makatapos sa accounting sa Brigham Young University, nag-aral siya ng abugasya sa University of California, Los Angeles, at nagtapos ng master’s degree sa tax law mula sa New York University. Nagtrabaho siya bilang abugado sa law firm ng Callister & Callister.

Nang tawagin siya, kare-release lang kay Brother Callister mula sa kanyang tungkulin sa Panguluhan ng Pitumpu at sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, kung saan siya naglingkod simula noong 2008.

Bago iyon, naglingkod siya bilang pangulo ng Canada Toronto East Mission, Area Seventy, regional representative, stake president, bishop, stake mission president, elders quorum president at, noong binata siya, bilang missionary sa Eastern Atlantic States Mission.

Tungkol sa mga darating na pagbabago sa adult Sunday School curriculum, sinabi ni Brother Callister, “Ang kurikulum, mangyari pa, ay napakahalaga, ngunit hindi kasinghalaga ng paraan ng pagtuturo ng mga tao. Ang pinakamahalaga ay nagtuturo tayo ayon sa paraan ng Tagapagligtas, na nagtuturo tayo sa pamamagitan ng Espiritu, at nagtuturo tayo para sa lubos na pagbabalik-loob.” ■



## John S. Tanner

*Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency*

Mula sa kanyang pagkabata, si John Sears Tanner ay nasisiyahan sa pag-aaral.

Ang kasiyahang iyan ay nagpatuloy hanggang sa kanyang pag-aaral, trabaho, at maraming pagkakataong magturo ng ebanghelyo: una bilang missionary sa Brazil South Mission at pagkatapos ay bilang bishop, stake president, high councilor, Gospel Doctrine teacher, pangulo ng Brazil São Paulo South Mission (na matatapos ngayong tag-init), at ngayon bilang unang tagapayo sa Sunday School general presidency.

“Kapag [ang pagtuturo] ay nangyayari nang tama, nariyan ang Espiritu Santo at nadarama ninyo ang kasabikang matuto; dama ninyong kayo ay nasa sagradong lugar,” sabi ni President Tanner.

Isinilang sa Salt Lake City, Utah, noong Hulyo 27, 1950, kina William Coat Tanner Jr. at Athelia Sears Tanner, si President Tanner ay lumaki sa South Pasadena, California, USA, bilang ikalima sa 13 anak. Ang kanyang mga magulang ay bumuo ng isang kapaligirang naghihikayat ng pag-aaral sa kanilang tahanan, kabilang na ang katatagan sa ebanghelyo. “Wala akong matandaan na anumang bagay na napag-aralan sa simbahan na hindi ko muna natutuhan sa tahanan,” sabi niya. Nagustuhan din niya ang literatura na lalo pang nag-ibayo nang mag-aral siya ng English degree sa Brigham Young University at doctorate sa English sa University of California, Berkeley.

Habang nasa BYU nakilala niya si Susan Winder. Naging matalik na magkaibigan ang dalawa na kalaunan ay nauwi sa pag-iibigan. Nagpakasal sila sa Salt Lake Temple noong 1974. Magkasama nilang pinalaki ang kanilang limang anak.

Sinimulan ni President Tanner ang kanyang propesyon bilang assistant professor sa Florida State University. Siya ay naging miyembro ng faculty sa BYU noong 1982; nagtrabaho na siya roon simula noon bilang assistant, associate, at propesor ng Ingles, at bilang department chairman at academic vice president.

Ang pinakamahalagang bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo, sabi niya, ay nagmumula sa isang bagay na natutuhan niya sa kanyang propesyon: ang pagtuturo ay kailangang magmula hindi sa takot o ambisyon kundi sa pagmamahal—mula sa pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. ■



## Devin G. Durrant

*Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency*

Nang tawagin si Devin G. Durrant bilang pangalawang tagapayo sa Sunday School general presidency, posibleng maraming miyembro ng Simbahan ang nakaalala sa kanyang kasikatan sa Brigham Young University basketball jersey.

Ang isports, mangyari pa, ay naging mahalagang bahagi sa buhay ni President Durrant. Sumali pa siya sa isang laro sa NBA laban sa mga nangungunang manlalaro sa Estados Unidos. Ngunit hindi lang siya isang sikat na atleta: isa rin siyang missionary sa Madrid, Spain, asawa, ama, lolo, awtor, negosyante, tapat na miyembro, at Texas Dallas Mission president sa nakaraang dalawa’t kalahating taon.

Sinabi ni President Durrant, na ipinanganak noong Oktubre 20, 1960, sa Brigham City, Utah, na mahalaga ang ginampanan ng tahananang kanyang kinalakhan sa paghahanda niya para sa bawat isa sa mga tungkuling iyon sa buhay. Ang kanyang mga magulang, sina George at Marilyn Durrant, ay magagaling na guro.

“Talagang nagturo sila sa salita—ngunit ang talagang dakilang mga turo na naranasan ko sa tahanan ay ang matatag matwid silang namumuhay.”

Batid ni President Durrant at ng kanyang asawang si Julie Mink Durrant ang kahalagahan ng mahuhusay na guro sa paghahanda sa mga magiging missionary.

“[Ang mga missionary sa hinaharap] ay mahusay na tinuturuan ng kanilang mga magulang sa tahanan at kanilang mga guro sa simbahan at sa magagandang programa ng seminary at institute.”

Ang programa sa Sunday School, dagdag pa niya, ay nagtutulot sa mga tagapagturo at estudyante anumang edad “na magturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas.”

Sina President at Sister Durrant ay ikinasal sa Salt Lake Temple noong Abril 23, 1983, at may anim na anak at anim na apo.

Bago siya tinawag bilang mission president, naglingkod siya bilang bishop, tagapayo sa stake presidency, miyembro ng stake Sunday School presidency, at institute instructor.

Natanggap niya ang undergraduate degree sa American Studies mula sa Brigham Young University at MBA mula sa University of Utah. Siya ay nagmamay-ari ng isang real estate investment company. ■



### *Nagniningning na Liwanag, ni Elspeth Young*

*Noong 1830, ipinahiram ni Isaac Morley sa 12 taong gulang na si Mary Elizabeth Rollins ang kanyang bagong kopya ng Aklat ni Mormon. Dahil ito lamang ang tanging kopya ng Aklat ni Mormon sa Kirtland, Ohio, noong panahong iyon, ang bagong binyag na si Mary Elizabeth at ang kanyang pamilya ay nagpalitan sa pagbabasa nito hanggang sa hatinggabi. Maagang-maaga kinabukasan, muli niyang binuklat ang aklat at isinaulo ang mga unang linya ng 1 Nephi. Ang liwanag sa ipinintang larawan ay sumasagisag sa liwanag na pumalibot kay Mary Elizabeth habang nagbabasa siya.*



“Habang pinagninilayan natin ang mga mensaheng ating narinig, nawa’y maging determinado tayong maging mas mabuti kaysa rati,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagtatapos ng Ika-184 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan.

“Nawa’y maging mabait at mapagmahal tayo sa mga hindi natin katulad ang paniniwala at mga pamantayan. Dinala ng Tagapagligtas sa mundong ito ang mensahe ng pagmamahal at kabutihan sa lahat ng kalalakihan at kababaihan. Nawa’y lagi nating tularan ang Kanyang halimbawa.”

ANG SIMBAHAN NI  
**JESUCRISTO**  
NG MGA BANAL  
SA MGA HULING ARAW